


DPH



Mga Akdang Pampanitikan Sa Tuluyan



RIZAL
(1880 - 1894)

MGA SINULAT
NI JOSE RIZAL

IKATLONG TOMO
(IKALAWANG AKLAT)

Mga Akdang Pampanitikan Sa Tuluyan



PANGMADLANG PALIMBAG

MGA LATHALAIN NG
PAMBANSANG KOMISYON NG IKASANDAANG TAON
NI JOSE RIZAL

M A Y N I L A

1961

T A L A T U N T U N A N

PAUNANG SALITA iii

MGA PAKSA:

Sanggunian ng mga Diyus-Diyusan	1
Pag-ibig Sa Tinubuang Lupa	17
Ang Mga Paglalakbay	24
Ang Damdamin Ng Kagandahan	32
Isang Makisig Na Gubernadorsilyo	36
Isang Malayang Palaisip	40
Kaugaliang Pilipino	51
Ang Mga Hayop Ni Suwan (Kuwento)	66
Ang Pangitain Ni Prayle Rodriguez	74
Sa Pamamagitan Ng Telepono	92
Si Mariang Makiling	100
Makamisa	109
Donya Geronima (Ang Enkantada)	119
Ang Pagong At Ang Matsing	121
Mga Gunita Ng Isang Manok	123
Isang Paerdalaw Ni Hesus Sa Pilipinas	125
Si Maligaya At Si Maria Sinagtala	162

MGA AKDANG PAMPANITIKAN SA TULUYAN

(Ikalawang Bahagi)

Sa mga akdang pampanitikan, si Rizal ay hindi lamang nabantog at kinilala ng buong daigdig sa panulaan kundi gayundin sa tuluyan. Kung si Rizal man, buhat sa kanyang gulang na walong taon ay nakasulat na ng isang tula sa wikang tagalog at sa tula rin niwakasan ang huling tibok ng kanyang hininga sa pagsulat ng kanyang walang kamatayang "Huling Paalam", gayon ma'y hindi mapag-aalinlanganang naging maningning ding tala sa panitikan ang di kakaunting akdang tuluyan na kanyang sinulat, maging sa ayos na parang nobela, kuwento, sanaysay, alamat at iba pang lathalaing naging mga dakilang palamuti ng mga pahayagan at mga rebista sa Espanya at sa Europa. Kung sa bagay, si Rizal, ayon kay Retana at sa ibang manunuri ay hindi maipaparis sa lalong magaling na nobelista, ni sa lalong magaling na makata, sa lalong pantas na mananalaysay, sa mga dakilang pintor, eskultor, manggagamot sa sakit ng mata, hindi nga, at ang tutoo'y walang sinumang naniniwalang siya'y naging gayon, ni si Rizal na rin ay hindi nag-angkin ng nasabing paniniwala palibhasa'y may iba siyang layunin sa buhay. Sinumang nakakakilala sa kaugalian ni Rizal ay hindi mangangahas na mag-alinlangan na kung sadyang hinarap niya at ibinuhos ang buong pagsisikap sa alinmang uri ng karunungan ng tao, walang alinlangan, inuulit namin, na siya sana'y naging isa sa lalong bantog at lalong dakila, na hindi maaring mapahuli sa mga kinikilalang pantas at dalubhasa sa alinmang sangay ng karunungan sa ibabaw ng lupa.

Sa ikalawang bahaging ito ng kanyang mga akdang pampanitikan sa tuluyan, gaya rin naman sa panulaan, ay mapapansing ang karamihan sa kanila'y hindi lamang namumukod sa inam at ganda ng pagkakasulat kundi mapupuna ang pangigingibabaw ng damdaming laging kinahihimalingan ng kanyang isip, na dili iba't ang pag-ibig sa kanyang lupang kinamulatan, kung minsa'y sa pamamagitan ng tiyakan at tandisang pagpapahayag at kung minsan nama'y sa pamamagitan ng mga patalinghagang pag-uulat. Maliwanag na mapagkikilala na ang isa niyang kuwento, sanaysay o talumpati ay hindi lamang kuwento, sanaysay o talumpati sa tunay na kahulugan ng salitang ito, kundi isang bungang-isip na sumasagisag ng kalagayan at kapalaran ng kanyang bayan at mga kababayan.

Ilan sa mga akdang itong tuluyan ay hindi tapos, gaya ng mapupuna ng mambabasa. Marahil, ang mga karugtong ng mga ito ay nangawala at maari rin namang sadyang hindi tinapos ni Rizal sa anumang kadahilanang siya lamang ang nakatatalos.

I. SANGGUNIAN NG MGA DIYUS-DIYUSAN (TALINGHAGA)

TANGING YUGTO

Kapulungan ng mga diyus-diyusan sa Olimpo

Si JUPITER¹ ay nakaupo sa kanyang tronong ginto na napapalamutihan ng mahahalagang mga bato, at hawak ang kanyang setrong yari sa kahoy na sipres; nasa kanyang paanan ang isang agilang ang mga balahibong patalim ay kumikinang ng iba't ibang kulay; ang mga lintik, na siya niyang kakilakilabot na mga sandata, ay nangasa sahi. Sa gawing kanan niya ay naroroon ang kanyang asawa, ang mapanibughuing si JUNO,² na may kumikinang na puto sa ulo at isang mapagparangyang "pabo real". Sa dakong kaliwa niya ay naroon si PALAS (Minerva),³ ang paham sa karunungan, anak niya at tagapagpayo ni JUPITER, napapalamutihan ng kanyang salakot at ng kakila-kilabot na kalasag, napuputungan ng kulay luntiang olibo at buong garang hawak ang kanyang magbigat na sibat. Kaibang-kaiba rito ay naroon si SATURNO,⁴ na nakatalungko at nakatingin mula sa malayo sa magandang pulutong. Sa isang maganda at walang kaayusang anyo ay naroroon ang maalindog na si VENUS,⁵ nakahilig sa isang higaang puno ng mga rosas, napapalamutihan ang ulo ng mababangong bulaklak ng mirto at malumanay na naglalambing sa pag-ibig;⁶ ang maladiyos na si APOLO, na malumanay na kumakalabit ng kanyang lirang

¹ Si Jupiter, ang pinaniniwalaan ng mga romano at mga griego noong unang panahong ang kinikilalang Diyos na tunay, na siyang Diyos sa isang Kalangitang tinatawag nilang Olimpo. Si Jupiter ang nakapangyayari sa lahat, doon sa Olimpo at dito man sa lupa sa lahat ng nilalang.

² Si Juno ay isang diyosa ng mga romano, na siya nilang pinaniniwalaang nakapangyayari at nag-iingat sa mga malalaki at maliliit na pintuan, durungawan at iba pa.

³ Si Palas ay si Minerva rin; ipinalalagay na diyosa ng karunungan at ng katalinuhan.

⁴ Si Saturno ang ipinalalagay ng mga romanong tagapag-ingat ng mga binhi, kaya siya na rin ang pinaka-ingat-yaman.

⁵ Si Venus, ang diyosa ng pag-ibig at ng kagandahan.

⁶ Cupido, ito ang diyos ng pag-ibig, kinakatawan ng isang batang may pakpak, maganda, maydalang pana, mga busog at napuputungan ng isa pang koronang pawang bulaklak na mahalimuyak. Kasabihang kapag itinudla niya sa puso ninuman ang isa sa mga busog niya ay hindi maaaring hindi umibig.

ginto at garing, ay nakikipaglaro sa walong PARALUMAN⁷, samantalang si MARTE, si BELONA, si ALCIDES at si MOMO ay pabilog na nakapaligid sa gayong katangi-tanging lipunan. Sa dakong likuran ni JUPITER at ni JUNO, ay naroroon sina HEBE at GANIMEDES. Sa dakong kanan ni JUPITER ay naroroon ang KATARUNGAN, na nakaupo sa kanyang trono, at hawak ang lahat ng kasangkapang nauukol sa kanyang kapangyarihang inaangkin.

UNANG TAGPO

Ang mga diyoses at mga diyosas at ang walong Paralumang nabanggit. Magsisirating na una-una ang Musa TERPSICORE* at pagkaraan ay ang mga NIMPAS, ang mga NAYADES at ang mga ONDINAS, na nangagsasayaw at nagsasabog ng mga bulaklak na sinasaliwan ng tugtugin sa lira ni APOLO at ni ERATO at ng plauta ni EUTERPE. Pagkaraan ng sayaw, ang lahat ay laglag sa magkabilang panig ng tanghalan.

IKALAWANG TAGPO

(Silang lahat at si MERCURIO)⁸

(Darating si Mercurio, aalisin sa ulo ang kanyang malambot na sambalilo, at magsasalita:)

MERCURIO — Natupad ko na ang iyong mga iniutos, makapangyarihang Ama; si *Neptuno*⁹ at ang kanyang pulutong ay hindi makaparirito, sapagka't dahil sa kapusukan ngayon ng mga tao ay natatakot na baka mawala sa kanila ang kaharian ng mga

7 Ang Paralumang tinatawag sa wikang tagalog ay siyang mga Musas sa wikang kastila. Ang mga Paralumang ito'y siyam na magkakapatid sa Olimpo, na anak ni Jupiter kay Mnemosina, Diyosa ng Alaala at ang mga pangalan nila ay gaya ng sumusunod: Caliope, paraluman ng mga tulaing maka-bayani; Melpomene, paraluman ng mga pangyayaring madugo o kahambal-hambal; Talia, paraluman ng mga dula o palabas na pangkatatawanan; Euterpe, paraluman ng mga awit at ng mga tugtugin; Polimnia, paraluman ng sining ng panunula; Erato, paraluman ng tulaing maka-damdamin; Urania, paraluman ng karunungan sa astronomia; at Clio, paraluman ng kasaysayan.

* Terpsicore, paraluman ng sayaw. Ito ang bunso sa siyam na magkakapatid na babaing paraluman.

8 Si Mercurio ay utusang kapalagayang-loob ni Jupiter, may paniwala ang mga pagano na ang sapatos nito ay may pakpak kaya mabilis utusan saanman.

9 Neptuno, ito ang pinaniniwalaan ng mga paganong diyos ng karagatan.

dagat. Hindi pa natatapos ni *Vulcano*¹⁰ ang mga lintik na ipinagbilin mo upang sandatahan ang buong Olimpo; at ang mga ito'y kanyang tinatapos. Tungkol naman kay *PLUTON*¹¹

...

JUPITER — (*Hahadlangan si MERCURIO*) Sukat na! Hindi ko naman sila kinakailangan. *HEBE*,¹² at ikaw, *GANIMEDES*,¹³ ipamahagi na ninyo ang nektar upang mainom ng mga walang kamatayan.

(*Samantalang tinutupad ni HEBE at ni GANIMEDES ang kanilang tungkulin, ay dumarating naman sina BACO*¹⁴ at *SILENO*¹⁵, itong huli ay naglalakad, at ang una ay nakasakay sa isang maliit at pandaking kabayong babae, may dalang isang "tirso" o tungkod na may mga sangang may bulaklak at napuputungan ng mga kulay-luntiang "pampano", at umaawit;

"Ang ibig mabuhay
at nais magsaya,
iwan si Minerva;
ang aking ubasa'y
siyang alagaan . . . "

MINERVA — (*Sa malakas na tinig.*) Manahimik ka! Hindi mo ba namamalas na ang makapangyarihang si *JUPITER* ay nagsasalita?

SILENO — At ano? Nagalit ba ang tumalo sa mga Titanes?¹⁶ Ang mga diyoses ay umiinom ng nektar: samakatuwid, ang kahit sino'y makapagpapahayag ng kanyang kaligayahan, sa kaparaanang maibigan niya; nguni't nakikita kong ang nag-aaral sa akin ay tila nakapoot sa iyo, at ang gayo'y dinadahilan mo...

10 *Vulcano*, ito ang diyus-diyusang tagagawa ni *Jupiter* ng mga kasangkapan niyang panumpa o pandigma, na gaya ng lintik, kidlat at iba pa.

11 Si *Pluton* ang pinaniniwalaan nilang hari o diyos ng impiyernong parusahan ng mga makasalanan.

12 Si *Hebe* ay isa sa mga pangalawang diyus-diyusan.

13 Si *Ganimedes* ay isa rin sa mga pangalawang diyus-diyusan na tagapag-alaga ng mga agila at iba pang mga hayop na may pakpak.

14 Si *Baco* ang ipinalalagay na diyus-diyusan ng walang-hanggang tag-sibol, kasariwaan, katuwaan at kasiyahang-loob.

15 Si *Sileno* ay isang pangalawang diyus-diyusan na nagagamit sa anuman ni *Jupiter*.

16 Ang mga Titanes — (kung iisa ay *Titan*) — ay mga kagilagilalas na mga tao noong di na maalaalang panahon, na nakagalitan ni *Jupiter*, sapagka't nagbunton ng suson-susong bundok upang makapanhik sa Olimpo (langit ni *Jupiter*).

MOMO¹⁷ — (*Sa tinig na parang nakakatuya*) Ipagtatanggol kita, Sileno, upang huwag nilang masabing ang iyong mga tinuturuan ay nakamumuhi.

MINERVA — (*Magtatangkang sumagot, nguni't pipigilin ni Jupiter, sa pamamagitan ng isang hudyat. Sa gayon ay ipakikilala ni Minerva ang kanyang paghamak sa isang ngiting lubhang mapanlibak na nakapagpapangit sa hubog ng kanyang magandang labi.*)

(*Matapos makasimsim ang mga diyoses ng inuming pangwalang kamatayan ay magsisimula ng pagsasalita, si.*)

JUPITER — Nagkaroon ng isang panahon, mga darakilang diyoses, na ang mga mapalalong anak ng Lupa ay nagtangkang makaakyat sa Olimpo, upang agawin sa akin ang kaharian sa pamamagitan ng pagpapatung-patong ng mga bundok, at natupad sana ang kanilang nasa, nang walang anumang alinlangan, kung sila'y hindi inihulog sa Tartaro ng inyong mga bisig at ng kakilakilabot kong mga lintik at nabaon ang iba naman sa pusod ng naglalagablab na Etna. Ang ganitong kalugod-lugod na pangyayari ay nais kong ipagdiwang nang buong dingal, na siyang nababagay sa mga walang kamatayan, ngayon, na, ang Lupa, sa kanyang pagpapatuloy sa pag-inog na walang katapuhan, ay nanumbalik sa kanyang dating iniikitang pinagmulan. Kaya nga, ako, ang Makapangyarihan sa mga diyoses, ay nagpapasiyang ang pagdiriwang na ito ay magsimula sa isang timpalak-panitik. Ako'y may isang mapalalong tambuli ng mandirigma, isang lira, at isang koronang laurel na pinaginam ang pagkakayari: ang pinakabunganga ng tambuli ay yari sa isang uring metal na si *Vulcano* lamang ang nakaaalam at may halagang higit sa ginto at pilak; ang lira, gaya ng kay Apolo, ay yari sa ginto at garing, na ang gumawa ay si *Vulcano* rin; nguni't ang kanyang kuwerdas o bagting, na ginawa ng mga Paraluman ay walang makakaagaw; at ang lalong pinakamabuting laurel na tumutubo sa aking korona, na ginawa ng mga "Gracias",¹⁸ ay yari sa lalong pinakamabuting laurel na tumutubo sa aking mga walang kamatayang halaman, maningning na higit sa lahat ng korona ng mga Hari sa buong

17 Si Momo ang diyos ng kasayahan, ng katatawanan, ng pagbibiro.

18 Ang mga "Gracias" ay tatlong magkakapatid na babaing magaganda, mapang-akit at mapagbiyaya ng kabutihan.

daigdig. Ang tatlong bagay na nasabi ay magkakasinghalaga, at ang makilalang higit ang pagkalinang sa panitikan at sa mga katangian ng puso't damdamin ay siyang magkakamit ng mga nasabing kahanga-hangang hiyas. Ipakilala nga ninyo sa akin ang taong-lupa na sang-ayon sa inyong pasiya ay siyang karapat-dapat na magtamo ng mga nasabing gantimpala.

JUNO¹⁹ — (*Titindig nang buong kapalaluan at pagmamataas*). Jupiter, ipahintulot mong ako ang maunang magsalita, yamang ako ang asawa mo at ina ng mga diyoses na lalong makapang-yarihan. Maliban sa akin ay wala nang makapaghaharap sa iyo ng isang taong taga-lupa na higit ang kaganapan at kadakilaan kaysa malabathalang si Homero.²⁰ At ang totoo'y sino ba ang mangangahas na umagaw ng kanyang kalakhan, gayon din ng kadakilaan ng kanyang *Iliadang*²¹ matapang at pangahas, at ng kanyang mahunos-dili at maingat na *Odisea*?²² Sino ang katulad niyang nakaawit ng iyong mga kadakilaan at ng sa ibang mga diyoses, nang buong inam at talino, na para bagang tayo'y nasubukang lahat sa Olimpo, sa pagdalo sa ating mga kapulungan? Sino ang nakatulong nang higit kaninuman upang ang mabangong kamanyang sa Arabya ay sunugin nang walang panghihinayang sa harap ng ating mga larawan, upang ihandog sa atin ang maraming sakripisiyo, na ang masamyong usok, ay pumapailanlang na animo'y nag-uuli-uli, na siya naman nating minamasarap at nakapagpapahupa ng ating mga kapootan? Sino ang gaya niyang nakapagsaysay at nakapagsiwalat ng mga kagila-gilalas na paghahamok sa pamamagitan ng magagandang tula? Siya ang umawit sa mga kadiyusan, sa karunungan, sa katiningan, sa katapangan, sa kabayanihan at sa kasawian, na tinahak ang lahat ng taginting ng kanyang lira. Siya ang nararapat bigyan ng gantimpala; sapagka't naniniwala ako, gayon din ang buong Olimpo, na higit sa kanya ay wala nang sinumang karapat-dapat magtamo ng ating pagkalugod.

19 Sa kabila ng mga palagay ng iba, si Juno man ay asawa rin ni Jupiter na gaya ni Memosina; talagang si Jupiter ay isang diyus-diyusang maraming babaing kasuyo.

20 Pinakapaham at bantog na makatang griego — taga-Gresya — na ang pangalan ay Homero. Namuhay ng mga limang daang taon bago sumilang si Kristo, at siyang may-akda ng dalawang aklat na pinamagatang *Iliada* at *Odisea*. Siya'y nabulag, nguni't patuloy ng pagtula hanggang mamatay.

21 *Iliada*, isa sa dalawang aklat ni Homero.

22 *Odisea*, ito ang ikalawang aklat ni Homero rin.

VENUS — Ipagpatawad mo, kapatid ko, at asawa ng makapang-yarihang si Hobe, kung hindi ako makasang-ayon sa kagalang-galang mong palagay. At ikaw, Jupiter, na walang nakakikita sa iyo kundi ang mga walang kamatayan lamang, makahiligan mo nawa ang aking pamanhik. Ipinakikiusap ko sa iyo, na ang umawit sa aking anak na si Eneas²³ ay huwag matalo ni Homero. Alalahanin mo na ang lira ni Virgilio²⁴ ay siyang isinaliw sa awit niya tungkol sa ating mga tagumpay, at siyang parang naging bulong ng mga hinaing ng pag-ibig sa sawi; ang kanyang matatamis at malungkot na tula ay siyang nakatitigatig sa kaluluwa: siya ang pumuri sa pagkaawa na sumakatawan ng anak ni Anchises: ang kanyang pakikidigma ay hindi nahuhuli sa ganda doon sa mga naganap sa paanan ng muog ng Troya. Si Eneas ay lalong dakila at maawain kaysa magaliting si Akiles.²⁵ Sa wakas, sa palagay ko'y lalong higit si Virgilio kaysa makata ng Chio.²⁶ Hindi ba totoong siya ang tumutugon sa lahat ng mga katangiang ibinibiyaya ng iyong mahal na isipan?

(Pagkasabi nito, ay puspos ng pang-akit na humilig sa kanyang highaan, katulad ng isang magandang Ondina, na nakahilig sa mga mapuputing bula ng bughaw na mga alon, at siyang pinakamahalagang hiyas ng isang maganda at matulaing dagat-dagatan).

JUNO — *(Pagalit)* Ano? Ano't ang makatang romano ay siyang mapipili sa halip na isang griyego? Si Virgilio na manghuhuwad lamang ay hihigit pa ba kay Homero? Kailan pa nangyaring ang huwad ay naging lalong mabuti kaysa hinuwaran? Ah, magandang Venus! (Sa tinig na parang nagpapawalangkabuluhan). Sa malas ko'y namamali ka, at hindi ko pinagtatakan; sapagka't kung hindi rin lamang tungkol sa pag-ibig ang pag-uusapan, ay walang wawa ang iyong kaisipan; tangi sa ang puso at ang mga simbuyo ng damdamin, kailanma'y hindi nangatututong magmuni-muni. Huwag ka nang makialam sa usaping ito, ipinamamanhik ko sa iyo, sa ngalan ng dimabilang na minamahal mo . . .

23 Eneas, ito ang isa sa mga aklat ng bantog at paham na makatang latino (taga-Italia) na si Virgilio.

24 Si Virgilio, ito ang paham na makatang latino na may-akda ng Eneas at Eglogas.

25 Akiles, bayani ng aklat ni Homero.

26 Chio, bayan sa Gresiya; tagaroon si Homero.

VENUS — (*Pabiglang sasabad na namumula*). Oh, napakagandang JUNO, na mapanibughuin at mapaghiganti! Sa kabila ng mabuti mong panggunita, na laging nakaaalaala ng mansanas na ginto, na walang matuwid na ikinit sa iyong masanghaya at hindi matapus-tapos purihing kagandahan, ikinamumuhi kong mamalas na nalilimutan mo ang magaspang na pagpalagay sa atin ng kinakatigan mong si HOMERO. Datapuwa't kung sa ganang iyo, si Homero'y makatuwiran at makatotohanan, maging gayon nga sana, at binabati kita dahil diyan; datapuwa't kung sa ganang akin, ang mga diyoses sa Olimpo ang siyang dapat magsalita

MOMO — (*Hahadlangan si Venus*.) Oo! Siyanga, sila nga ang magsabing pinupuri mo si Virgilio sapagka't naging mabuti ang pagpapalagay niya sa iyo; na kung kaya ipinagtanggol ni Juno si Homero, ay sapagka't ito ang mang-aawit ng mga paghihiganti; na kayo'y naglalambingan at nagpapalitan ng mabubuting pagpapalagay; nguni't ikaw, Jupiter, bakit hindi ka makialam sa ganitong pagtatalo, at naririyang kang parang isang hangal na nakikinig ng ganyang pagtatalakan sa ganitong mga pagdiriwang sa Olimpo?

JUNO — (*Pasigaw*) Asawa ko! Bakit mo pinababayaang laitin tayo ng mabangis na tau-tauhang itong pilantod at wbod ng pangit? Paalisin mo rito sa Olimpo iyan, sapagka't ang kanyang hininga'y nakapagkakasakit. Tangi sa rito ay . . .

MOMO — Purihin nawa si Juno na kailanma'y hindi nanlalait, sapagka't ako'y tinatawag lamang niyang pangit at pilantod!

(*Magtatawanan ang mga diyus-diyusan*).

JUNO — (*Namumutla, nangungunot ang noo at nagtutudla ng isang nag-aalab na tingin sa lahat, lalo na kay Momo*.)

—Magtahan ang diyos ng panunudyo! Alang alang sa dagat-dagatan ng Estihiya . . . Nguni't bayaan na natin iyan, at magsalita naman si Minerva, yamang ang kanyang mga palagay ay gaya rin ng akin sa mula't mula pa.

MOMO — Oo! Isa pang katulad mo, mga paham na mapagpakialam, na nangaroroon sa hindi dapat karoonan.

MINERVA — (*Parang hindi siya naririnig. Itataas ang kanyang salakot na bakal at ilalantad ang kanyang kagalang-galang at malinis na noo, himpilan ng talino, at sa tinig na mataginting at malinaw ay magsasaad*): Ipinakikiusap ko sa iyong pakinggan mo ako, makapangyarihang anak ni Saturno, na gumigimbal sa buong Olimpo pag ikinunot ang iyong noong kakila-kilabot; at kayo mahihinaho't kagalang-galang na mga diyoses, na nangungulo't namamahala sa mga tao, huwag ninyong mamasamain ang aking mga salita, na sa tuwi-tuwina'y ipina-iilalim sa kalooban ng nagbigay. Kung sakaling ang aking mga salita, na sa tuwi-tuwina'y ipinaiilalim sa kalooban ng nagbigay, kung sakaling ang aking mga katuwiran, ay walang halaga sa inyong mga mata ay mabutihin ninyong salungatin at timbangin sa timbangan ng katarungan. Mayroon sa matandang HESPERIA, na nasa kabila pa ng mga kabundukan ng Pirineos, na isang lalaking ang kanyang kabantugan ay naglagos sa himpapawid na namamagitan sa mundo ng mga taong may kamatayan at ng Olimpo, mabilis na katulad ng isang kidlat. Nang una, siya'y isang di-kilala at nasa-karimlan, nguni't naging laruan ng inggit at ng lalong imbing mga simbuyo ng kalooban, lugayak sa kasawiang-palad na siyang malungkot na hanggahan ng mga dakilang talino. Hindi maihambing sa ibang bagay, kundi tila бага hinango ng daigdig sa Tartaro ang lahat ng katiisan at mga pahirap upang ibunton sa taong itong sawimpalad. Nguni't sa kabila ng gayon karaming pagtitiis at kawalang matuwid ay hindi inibig na ibalik sa kanyang kapuwa-tao ang buong sakit na sa kanila'y natanggap, kundi dahil na rin sa kanyang pagkamaawain at higit na kalakhan upang maghiganti, ay sinikap niyang maiwasto at maturuan sila ng mabuting kaasalan sa pagluluwal sa liwanag ng kanyang walang kamatayang akda, na pinamagatang DON QUIJOTE. Ang tinutukoy ko'y si CERVANTES, iyang anak ng Espanya, na sa panahong darating ay siya niyang maipagmamalaki at ngayon ay namamatay sa gitna ng kasindak-sindak na karalitaan. Ang Quijote, ang kanyang kahanga-hangang anak, ay siyang pami-lantik na nagpaparusa at nagwawasto ng mga kamalian nang hindi nagbububo ng dugo, nguni't nakapag-uudyok sa pagtawwa; siyang nektar na kinatatagan ng mabisang katangian ng mabait na gamot; siyang kamay na umaalo at umaakay nang buong tigas sa mga kayayatan ng tao. Kung ang itatanong ninyo sa akin ay anu-ano ang mga salabid na kanyang naig-taran, ay mangyaring pakinggan ninyo ako sandali at inyong

malalaman. Ang daigdig noon ay parang nilusob ng isang wari'y kabaliwan, na lalo pang malungkot at nakagigimbal, sa dahilang ikinakalat ng mga walang tutong panulat ng mga isipang nilalagnat; sa lahat ng dako'y kumakalat ang masamang panlasa at walang kinahuhumalingan kundi ang walang kabuluhang mga babasahing nakasisira, nang sa walang anu-ano'y sumikat iyang napakakinang na liwanag na siyang humawi sa karimlan ng kaisipan: at katulad ng pagtakas ng mga ibong matakutin, pagkakita sa mamamaril, o kaya'y pagkarinig sa haginit ng isang palaso, ay gayon din ang nangyaring pagkapawi ng mga kamalian, ng masamang panlasa o hilig at ng mga balighong pananalig, na pawang nangabaon sa gabi ng paglimot. At kung totoo mang ang taga-awit ng *Iliad*, sa pamamagitan ng kanyang matatagiting na tula, ay siyang unang nakapagbukas ng templo ng mga paraluman, at nagdiwang sa kabayanihan ng mga tao at ng karunungan ng mga walang kamatayan; na ang sisne ng Mantua ang nagpuri sa kabaitan ng nagligtas sa mga diyoses sa sunog sa kanyang bayan, at nagtakwil ng kaligayahang alay ni VENUS, upang sumunod sa iyong niloloo; (ikaw na siyang pinakadakila sa tanang mga diyoses), at ang lalong pihikang damdamin ay bumukal sa kanyang kudyapi at ang kanyang malungkuting salamisim ay siyang naghahatid sa pag-iisip sa ibang dako; ay totoo rin naman na sinuman sa dalawang nasabi ay hindi nakapagpabuti sa mga kaugalian ng kanilang panahon, na gaya ng ginawa ni Cervantes. Sa kanyang pagsilang, ang katotohanan ay muling nupo sa kanyang likmuan, at ibinabala ang isang bagong Panahon sa daigdig, na noon ay nalulong sa kasamaan. Kung ang itanong ninyo sa akin ay ang kanyang mga kagandahan, bagama't nakikilala, ko ay ipadadala ko kayo kay APOLO, tanging hukom sa bagay na ito, at itanong ninyo sa kanya kung ang may-akda ng Quijote ay nagsunog ng kamanyang sa kanyang walang kamatayang dambana.

APOLO — Katulad din ng maligaya mong pagtanggap, kung gabing matahimik, sa mga hinaing ni FILOMENA, ang magiging kasiyahan mo sa pagtanggap sa aking mga katuwiran, ama ko. Binasa namin, ng siyam na magkakapatid na babae at ako, sa mga halamanan ng Parnaso ang aklat na sinasabi ng paham na si Minerva. Ang kanyang hawig na masaya at ang kanyang tinig na kaaya-aya ay tumatagiting sa aking pandinig na katulad ng aliw-iw ng bukal na dumadaloy sa may pagpasok ng aking malilim na yungib. (Ipinakikiusap ko sa

inyo na huwag ipalagay na ako'y mahilig kay Cervantes, sapagka't ako'y pinag-ukulan ng kanyang maraming magagandang pahina.) Kung sa malabis na karalitaan na siyang lumilikha ng gutom, ng kasalatan at ng maraming kasawian na sa kulangpalad na iyon ay siya nang laging nagpapahirap, ang isang abang anak ko ay matutong mag-ukol sa akin ng kanyang mga awit at mapag-akma-akma ang mga tinig nang ako'y handugan ng isang alay na lalong maganda at mahalaga kaysa aking saksyang nagniningning at sa di masupil na mga kabayo ko; kung sa mahabang bilangguan, malungkot na piitan ng kaluluwang nagnanais makalipad, ang kanyang mahayap na panulat ay natutong magbuhos ng daloy ng nakasisilaw na tulain, na higit ang ligaya't kayamanan kaysa tubig ng ginintuang Pactolo, bakit natin ikakait sa kanya ang kalamangan sa iba at hindi natin igagawad ang tagumpay sa kanya, na siyang pina-kadakilang katalinuhang namalas ng mga daigdig? Ang kanyang Quijote ay siyang aklat na lalong kinagigiliwan ng mga Paraluman, na samantalang masayang nagdudulot ng aliw sa mga nalulungkot at nahahapis, ay nagtuturo naman sa mang-mang, at isa ring kasaysayan, kasaysayang lalong tapat ng mga kaugaliang kastila. Kaya nga, ako'y kasang-ayon ng matalinong si Palas, at ipagpatawad sa akin ng ibang mga diyoses na hindi kasang-ayon ng aking palagay.

JUNO — Kung ang kanyang pinakamalaking kahalagahan ay nabatay sa mga pagtitiis ng maraming kasawian, pagka't sa ibang bagay ay hindi niya mahihigtan ang sinuman kung sakaling hindi siya matalo, ay sasabihin kong si Homero man naman, isang bulag at hikahos ay nagkaroon din ng isang panahong lumungoy at humingi ng habag sa mga tao (bagay na hindi ginawa ni Cervantes kailanman), sa paglalakbay sa mga bayan-bayan at mga lunsod na walang kasama kundi ang kanyang kudyapi, na tangi niyang kaibigan, at nabuhay sa lalong ganap na kasalatan. Ito'y maaalaala mo nang lubos, walang turing na Apolo.

VENUS — At ano? Si Virgilio ba'y hindi rin maralita? Hindi ba't siya'y nagdanas ng mahabang panahong walang ikinabuhay maliban sa isang tinapay na handog sa kanya ni Cesar? Ang kahapisang nalalanghap sa kanyang mga sinulat, hindi pa ba nagtuturing nang sapat na tiniis ng kanyang pusong maramdamin at maselan? Kakaunti ba ang kanyang tiniis, kaysa maningning na si Homero at sa mapagpasayang si Cervantes?

MINERVA — Walang alinlangang ang lahat nang iyan ay totoo; datapuwa't hindi ninyo dapat kaligtaan na si Cervantes ay nasugatan at napiit nang matagal na panahon sa di matirhang lupa ng Aprika, doon sa kanyang sinimsiman hanggang huling patak ng saro ng kapaitan, at kinabuhayan niyang laging nakabingit sa bala ng kamatayan.

(Si JUPITER, sa ayos at anyo ay nagpapakilala ng kanyang pagsang-ayon kay MINERVA)

MARTE²⁷ — (*Titindig at magsasalita na dumaragundong ang tinig na puno ng galit.*) Hindi, alang-alang sa aking sibat! Hindi! Kailanman! Samantalang may isang patak ng dugong walang kamatayan sa aking mga ugat, si CERVANTES ay hindi magtatagumpay. Paano ko mapapayagan na ang aklat na nagpagulong sa lupa ng aking kaluwalhatian at umuyam sa aking mga nagawa, ay siya ngayong tanghaling nagtagumpay? JUPITER, ikaw ay tinulungan ko nang nagdaang panahon; kaya dapat mong isaalang-alang ngayon ang aking mga katuwiran.

JUNO — (*Halos mapalukso*) Naririnig mo ba, makatarungang JOVE ang mga katuwiran ng matapang na si MARTE, na ang katalinuhan ay kapantay ng katapangan? Ang liwanag at ang katotohanan ay namamayani sa kanyang mga salita. Paano nga natin mapababayaan na ang taong ang tagumpay ay iginalang ng panahon, (at magsalita si SATURNO) ay tanghalin ngayong huli sa kung sinong kung saan nanggaling na iyan, na isang pingkaw, at katatawanan ng lipunan?

MARTE — At kung ikaw, ama ng mga diyoses at ng mga tao, ay nag-aalinlangan sa lakas ng aking katuwiran, itanong sa ibang nangariyan, kung mayroong isa mang nahahandang mangahas na magtaguyod ng kanyang katuwiran sa pamamagitan ng bisig.

(*Mapalalong tutunguhin ang gitna ng tanghalan at nanghahamon sa lahat sa pamamagitan ng kanyang paningin at ng pagwawasiwas ng kanyang patalim.*)

²⁷ Si Marte ay siyang diyos ng digma: mapanlaban, matapang, masigasig at matalik na tagahanga ni Venus.

MINERVA — (*Taas ang noong mapalalo at ang tingin ay nag-aalab, hahakbang nang minsan at magsasalita sa tinig na ma-banayad.*) Mapangahas na *MARTE* na nakalilimot sa mga kaparangan ng Troya,²⁸ nang ikaw ay masugatan doon ng isang pangkaraniwang tao; kung ang mga katuwiran mo'y nababatay sa iyong patalim, ang mga katuwiran ko naman ay hindi nata-takot sumagupa sa iyo sa larangan ng labanan. Nguni't upang huwag akong ipalagay na kulang sa pag-iingat, ay nais kong ipakita sa iyo na malaki ang iyong pagkakamali.

Pinanuntunan ni *CERVANTES* ang iyong mga bandila at ikaw ay buong kabayanihang pinaglingkuran sa mga dagat ng Lepanto, na sana'y ikinamatay niya, kung hindi siya inilaan ng tadhana, sa isang mithing lalong dakila. Kung itinapon ang sundang upang gamitin ang panulat, ay dahil din sa ka-looban ng mga walang kamatayan, at hindi dahil sa paglibak sa iyo, na katulad ng naiisip mo, dahil sa iyong kahibangan. (At sa lalong malambot na pananalita ay nagpatuloy:) Kaya nga, huwag kang maging walang-turing, ikaw na may isang mahabaging puso na hindi napapasok ng pag-iimbot at ng mga nakapupuot na damdamin. Tinawanan ang buhay ng mga tina-tawag na kabalyero, sapagka't hindi na iyan ang bagay sa kanyang panahon; at tangi sa rito, hindi iyan ang pakikihamok na makapagbibigay-dangal sa iyo, kundi yaong mga paglalaban sa parang; ito'y tiyak na nalalaman mo. Ito ang aking mga katuwiran, at kung hindi ka napahihinuhod ay tinatanggap ko ang iyong hamon.

(Ito ang sinabi, at katulad ng isang mainit na ulap, na puno ng lintik, na lumalapit sa isang ulap din sa gitna ng malawak na karagatan, kung ang langit ay nagdidilim, si MINERVA ay lumakad ng mahinahon, na kipkip sa bisig ang kiki-la-kilabot na kalasag at nakatuon ang sibat na tagapagbalita ng kalagim-lagim na pagkaluray. Mapanatag ang kanyang pa-ningin, nguni't nakapangingilabot; ang kanyang tinig ay nagbibigay simdak).

28 Isang bantog na bayan-lunsod sa Gresya, na kilala sa pangalang Troya dahil sa magandang akda ng makatang si Homero.

Si *BELONA*²⁹ ay sumutabi ng magagaliting si *MARTE*, at nakahandang tumulong.

Nang mapansin ni APOLO ang anyo at kilos ni BELONA, ay binitiwang ang kudyapi, kinuha ang pana, bumunot sa malagingtong suksukan ng isang palaso at tumabi kay MINERVA; isinabak ang busog, binanat ang pana, at humanda na sa pagtudla.

Ang Olimpo, na waring guguhong na, ay nagimbal; ang liwanag ng araw ay nangulimlim at ang mga diyoses ay nanginiginig.

JUPITER — (*Galit na iniwasiwas ang isang lintik at sumigaw*): Magsiupo kayo, *MINERVA*, *APOLO* at kayo, *MARTE* at *BELONA*, huwag ninyong pag-alabin ang makalangit kong kaputanan.

(Katulad ng mga maninila ng laman at kakilakilabot na mga halimaw na napipipilan sa isang kulungang bakal, na sumusunod nang mapakumbaba sa tinig ng makapangyarihang manunupil, gayon din ang mga diyos-diyosang nagsiupo sa kani-kanilang likmuan, sa takot sa bala ng anak ni CIBELES, na, nang mamalas ang kanilang pagsunod, ay mabanayad na nagpatuloy ng pagsasalita:)

Tatapusin ko ang pagtatalo: ang Katarungan³⁰ ang siyang titimbang sa mga aklat sa kanyang matuwid na di pagkiling kaninuman, at ang anumang sabihin niya ay susundin sa daig-digan, samantalang kayo'y susunod sa kanyang di mababaling pasiya.

KATARUNGAN — (*Ang Katarungan ay mananaog sa kanyang trono at lalagay sa kalagitnaan ng tanghalaan na dala ang kanyang walang kinikilalang timbangan; samantalang ilalagay naman ni MERCURIO sa mga pinggan ng timbangan ang ENEIDA ni Virgilio at ang QUIJOTE ni Cervantes. Matapos tumaas*

29 Belona, ito'y isang diyosang kaibigan at kakampi ni Marte, mandirigma rin at marunong bumasa ng mga guhit ng palad ng tao, upang malaman ang daratnin.

30 Katarungan, ito ay isang makapangyarihang diyosang may piring, may dalang timbangan at may hawak na isang espadang mahaba at matatim. Ang kanyang tungkulin ay magbigay ng hatol sa anumang usapin.

at bumaba ang mga pinggan ng timbangan, ang daliring taga-tyro ng timbangan ay hihinto sa gitnang-gitna, at ito'y mangangahulugan na ang dalawang aklat ay magkasimbigat.

Si VENUS ay magtataka, nguni't hindi magsasalita. Aalisin ni MERCURIO ang Eneida sa timbangan at papalitan ng Iliada ni Homero.

(Isang ngiti ang mababakas sa mga labi ni JUNO, ngiting biglang mapaparam kapag nakitang walang lubay ng pagtaas at pagbaba ang mga pinggang kinalalagyan ng Quijote at ng Iliada.)

Parang nabibitin ang pananabik ng lahat; walang sinumang nagsasalita; walang sinumang humihinga.

(Makikitang lumilipad ang isang ibong-himpapawid na kilala sa tawag na SEPIRO, na kapagdaka'y darapo sa sanga ng isang kahoy, upang hintayin din ang kapasiyahan ng TADHANA).

Sa wakas ay titigil na rin ang dalawang pinggang tanso, na pantay na pantay, at hindi na muling gagalaw.

JUPITER — (Sa isang tinig na kagalang-galang). Mga diyoses at mga diyosas: Nananalig ang Katarungang silang dalawa'y magkasimbigat: patas: magyukod nga kayo ng ulo at ibigay natin kay HOMERO ang Tambuli, kay VIRGILIO ang Kudyapi at kay CERVANTES ang Korona. Samantala, ang KABANTUGAN ay magsisiwalat sa buong daigdig ng pasiya ng KAPALARAN, at ang mang-aawit na si APOLO ay magpaparinig ng isang Imno sa bagong bituin, na mula ngayon ay magpapamalas na ng kanyang ningning sa langit ng mga tagumpay at magkakaroon ng isang likmuan sa templo ng pagkawalang-kamatayan.

APOLO — (Kakalabitin ni APOLO ang kanyang kudyapi, at sa taginting nito ay maglilawanag ang buong Olimpo, at kanyang tutugtugin ang isang Imno ng Kalangitan).

“Mabuhay ka, oh, ikaw na pinakadakila sa tanang mga tao, minumutyang anak ng mga Paraluman, katipunan ng matin-

ding liwanag na tatanglaw sa lahat ng daigdig; mabuhay ka! Ipagpuri ang iyong pangalan, magandang liwanag, na sa paligid-ligid mo'y magsisiligid na lahat sa darating na panahon ang libong katalinuhan, tagahangang lahat ng iyong kaluwahatian, Mabuhay, dakilang nilalang ng kamay ng Makapangyarihan, kapurihan ng mga ESPANYA, pinakamagandang bulaklak na nakaliligid sa aking noo, pinagpupugayan kita. Mapagdidilim mo ang mga tagumpay ng matandang panahon; ang iyong pangalan na nakasulat ng letrang ginto sa dambana ng walang hanggan ay makapagbibigay ng panggigipuspos at pagkawalang pag-asa sa ibang mga talino! kalakilakihang makapangyarihan, sa iyo ay walang tatalo! Sa gitna ng iyong dantaon ay nakatayo kang parang isang bantayog, ang lahat ng paningin ay sa iyo titimo. Ang makapangyarihan mong bisig ang tatalo sa iyong mga kalaban, na makakatulad ng isang mapamugnaw na sunog na tumutupok sa mga tuyong ginikan. Yumao kayo, masalamisim na mga Paraluman, pumupol kayo ng mababangong dahon ng laurel at bulaklak ng magaganda at mapupulang rosas, upang sa karangalan ni CERVANTES ay makagawa kayo ng mga koronang walang paglipas.

Si PAN³¹ at kayong mga SILENOS,³² PAUNOS³³ at masasayang SATIROS,³⁴ ay magsipagsayaw kayo sa ibabaw ng malilim na mga kagubatan, samantalang ang mga NEREIDAS,³⁵ ang mga NAYADES,³⁶ ang maingay na ONDINAS,³⁷ at ang mga mapaglarong NIMPA,³⁸ na nagsasabog ng mababangong bulaklak, ay magpapaganda sa pamamagitan ng kanilang mga awit ng pangungulila ng mga karagatan, ng mga malalaking

31 Si Pan ay isang makapangyarihang diyus-diyusan ng mga pagano, na may kinalaman sa buhay at sa ikabubuhay.

32 Ang mga Silenos ay mga pangalawang diyus-diyusan sa gubat o sa mga gubat at bukirin.

33 Ang mga Paunos ay mga diyus-diyusan ding mahaharot at maibigin sa mga babae.

34 Satiros (satiro lamang kung iisa) ay mapanghabol ng mga babae sa gubat at sa mga ilang. Ang karaniwan, gaya rin ng mga Pauno, magmula sa baywang hanggang sa mga paa ay katulad ng sa kambing pati mga kuko. May mga balbas at may sungay.

35 Adg mga Nereidas (o nereida) ay mga ipinalalagay na mga babaing singaw sa mga katubigan, sa mga dagat-dagatan, sa mga lawa at iba pa.

36 Ang Nayades ay mga babaing singaw rin sa mga tubigan.

37 Ang mga Ondinas ay mga babaing namumuhay rin at naglalaro at nagsasayaw sa mga tubigan.

38 Ang Nimpas (Ninfas) ay mga magagandang babaing tagagubat, nagsasayaw at naglalarong parang mga bata sa kabukiran, sa mga bulaos, sa mga palanas at iba pa. Nagkokorona sila ng mga mababangong bulaklak.

lawa, ng mga talon ng tubig at ng mga ilog, at panginginigin ang malinaw na ibabaw ng mga bukal sa pamamagitan ng iba't iba nilang laro.

(Magsisipagsayaw ang mga Paraluman, ang mga Nimpas, ang Nayades at iba pa, gayon din sina BAKO, MOMO, SILENO at GANIMEDES, na ang pinakatampok na mananayaw ay ang Paralumang si TERPSIKORE; si APOLO at si ERATO ay tutugtog ng kudyapi, si EUTERPE naman ay ng plauta; si KLIO ay ng Tambuli, at si KALIOPE ay ng matunog na korneta. Samantala ang mga diyoses at ang mga diyosas ay mangagsisitabi sa magkabilang panig ng dulaan, at ang kanilang mga luklukan at mga trono ay ililipat din naman sa isang panig; tutugtugin ang "*Marcha Filipina*". Mabubuksan ang isang pangalawang tabing sa kalagitnaang dakong loob, at makikita sa gitnang-gitna, natataglawan ng mga ilaw na hindi pangkarniwan, ang isang busto ni CERVANTES, at sa dakong kaliwa niya ay makikita ang isang estatuwa ng buong katawan ni Rizal na nagpuputong ng korona kay CERVANTES. Sa gayon ay hahalinhan ang "*Marcha Filipina*" ng "*Marcha Real Española*")

T A B I N G

2: PAG-IBIG SA TINUBUANG LUPA *

Naito ang isang magandang paksa; at dahil din sa kanyang kagandahan ay napakadalas nang talakayin. Ang pantas, makata, makasining, manggagawa, mangangalakal, o mandirigma, matanda o bata, hari o alipin — ang lahat ay nakapag-isip na tungkol sa kanya, at nakapaghandog ng pinakamahalagang bunga ng kanilang isip o ng kanilang puso. Buhat sa taga Europang mulat, malaya't mapagmalaki sa kanyang maluwalhating kasaysayan, hanggang sa negro sa Aprika, na hinango sa kanyang mga kagubatan at ipinagbili sa hamak na halaga; buhat sa matatandang bayang ang mga anino'y aali-aligid pa sa kanilang mga mapapanglaw ng guho, libingan ng kanilang mga kaluwalhatia't pagdurusa, hanggang sa mga bansang makabago't lagi nang kumikilos at puno, ng buhay, ay nagkaroon at mayroong isang pinakamamahal na dilag, maningning, dakila, nguni't walang habag at malupit, na tinatawag na Inang-Bayan. Libu-libong dila ang sa kanya'y umawit, libu-libong kud-yapi ang naghandog sa kanya ng kanilang mga makatang lalong matataas ang pangarap, ang naghain sa kanyang harap o sa kanyang alaala ng kanilang pinakamaningning na katha. Siya ang naging sigaw ng kapayapaan ng pag-ibig at ng kaluwalhatian. palibhasa'y siya ang laman ng lahat ng pag-iisip, at katulad ng liwanag na nakukulong sa isang malinis na bubog, siya'y tumatagos hanggang sa labas, na parang mga sinag na buhay na buhay.

At ito ba'y magiging sagwil upang siya'y pag-ukulan natin ng panahon? At tayo ba'y hindi maaaring mag-ukol sa kanya ng anumang bagay, tayong walang ibang kasalanan kundi ang pagkakahuli ng pagsilang sa maliwanag? Nagbibigay ba ang dantaong ika-labinsiyam ng karapatang huwag kumilala ng utang na loob?

* Ito ang unang artikulong sinulat ni Rizal nang siya'y dumating sa ibang lupain. Noo'y nasa-Barselona siya, Espanya, nang mga unang araw ng panahon ng Tag-araw ng taong 1882. Halos dadalawampu't isang taon pa lamang ang kanyang gulang noon.

Ang artikulong ito'y nalathala sa *Diarong Tagalog* sa Maynila ng ika-20 ng Agosto ng 1882. sa wikang kastila at wikang tagalog, sa ilalim ng sagisag na LAONG-LAAN. Ang salin sa Tagalog ay ginawa ni Marcelo H. del Pilar. Ang lathalang ito'y nakatawag ng kalooban ng marami sanhi sa pagtataglay ng uring makabayan, kaya't ang patnugot ng pahayagang *Diarong Tagalog*, na si G. Francisco Calvo ay di nagsayang ng panahon at nagpahatid agad kay Rizal ng isang malugod na pagbati, bukod pa sa pakiusap na siya'y padalhan ng iba pang mga lathalaing buhat sa panulat ni Rizal.

Hindi. Hindi pa nasasaid ang mayamang mina ng puso; sagana pa tuwina ang kanyang alaala, at bahagya man ang pagkakatukaw ng kanyang alaala, at bahagya man ang pagkakatukaw ng ating kalooban, ay makakasumpong tayo sa kaibuturan ng ating kaluluwa ng kung di man isang masaganang kayamanan, ay abuloy na bagaman dahop ay puspos naman ng kasiglahan. Katulad ng mga matatandang ebreong nangag-alay sa templo ng mga kauna-unahang bunga ng kanilang pag-ibig, tayong nangingibang lupain ay nag-uukol ng mga kauna-unahang tinig sa ating Inang-Bayang nababalot ng mga panginorin at mga ulap ng umaga, lagi nang maganda at matulain, at sa tuwi-tuwina'y lalong sinasamba habang sa kanya'y nawawalay at nalalayo.

At ito'y hindi nararapat pagtakhan sa dahilang ang pag-ibig sa inang-baya'y isang damdaming tunay na katutubo; sapagka't naroroon ang mga kauna-unahang alaala ng kamusmusan, isang masamang tulang awitin na ang kabataan lamang ang nakakikilala at sa mga bakas nito'y sumisibol ang bulaklak ng kawalang-malay at ng kaligayahan; sapagka't doo'y nahihimbing ang buong nakaraan at nababanaagan ang isang hinaharap; sapagka't sa kanyang mga kagubatan at sa kanyang mga kaparangan, sa bawa't punung-kahoy, sa bawa't halaman, sa bawa't bulaklak, ay nakikita ninyong nakaukit ang gunita ng isang nilikhang minamahal ninyo, gaya ng hininga niya sa mahalimuyak na simoy ng hangin, ng kanyang awit sa bulong ng mga bukal, ng ngiti niya sa bahaghari ng langit, o ng mga buntung-hininga niya sa magulong halinghing ng hangin sa gabi. Ang sanhi nito'y sapagka't doo'y nakakikita kayo, sa pamamagitan ng mga mata ng inyong gunita, sa ilalim ng tahimik na bubong ng matandang tahanan, ng isang angkang nag-alaala at naghihintay sa inyo, nag-uukol sa inyo ng mga isipan at mga pagkabalisa nila; sa wakas, sapagka't sa kanyang langit, sa kanyang araw, sa kanyang mga karagatan at sa kanyang mga kagubatan ay nakakatagpo kayo ng tulain, ng paggiliw at ng pag-ibig, at hanggang sa libingan na ring pinaghihintayan sa inyo ng isang abang puntod upang kayo'y isaui sa sinapupunan ng lupa. Mayroon kanyang isang kadiyusang nagtatali ng ating mga puso sa lupa ng ating inang-bayan, na nagpapaganda't nagpaparilag sa lahat, naghahandog sa atin ng lahat ng bagay sa ilalim ng isang anyong matulain at malambing, at nakararahuyo sa ating mga puso? Sapagka't sa papaano mang anyo humarap siya, maging nararamtan ng matingkad na pula, napuputungan ng mga bulaklak at laurel, makapangyarihan, at mayaman; maging malungkot at nag-iisa, nababalot ng basahan, at alipin, nagmamakaawa sa kanyang mga anak na alipin

din; maging anaki'y diwata sa isang halamanang maalindog, naliligid ng mga bughaw na alon ng karagatan, nakahahalina at marikit, gaya ng pangarap ng napaglalalangang kabataan; maging natatakpan ng isang lambong ng yelo, nakaupong malungkot sa mga dulo ng daigdig, sa silong ng isang langit na walang araw at walang tala; maging anuman ang kanyang ngalan, ang kanyang gulang o ang kanyang kapalaran, siya'y lagi na nating minamahal, gaya ng pagmamahal ng anak sa kanyang ina sa gitna ng gutom at ng karalitaan.

At bagay na kataka-taka! Habang siya'y lalong aba't kulangpalad, habang lalong nagdurusa nang dahil sa kanya, ay lalo naman siyang sinasamba at hanggang sa nagtatamo ng kaligayahan sa pagtitiis nang dahil sa kanya. Napansing ang mga naninirahan sa mga bundok at sa mga di-linang na kaparangan, at yaong mga isinilang sa lupang tigang o mapanglaw, ay siyang nag-aangkin ng lalong buhay na alaala ng kanilang bansa, at walang nasusumpungan sa mga lunsod maliban sa malabis na pakainip na siyang pumipilit sa kanilang magbalik sa kanilang tinubuang lupa. Ito kaya'y dahil sa ang pag-ibig sa inang baya'y siyang pinakawagas, pinakamagiting at pinakadakila? Ang pagkilala kaya ng utang na loob, ang pagkalugod sa lahat ng nakapagpanagunita ng ating mga kauna-unahang araw, ang lupa kawang kinahihimlayan ng ating mga nuno, ang templong kinadoroonan ng sinasamba nating Diyos sa pamamagitan ng katapatan ng walang malay na kamusmusan; ang tunog ng batingaw na nakaaaliw sa atin buhat sa pagkabata, ang mga malalawak na kaparangan, ang lawang bughaw, na may mga kaakit-akit na pasigan at pinamangkaan nating lulan ng matuling bangka; ang malinis kayang saluysoy na humahalik sa masayang dampang natatago sa pagitan ng mga bulaklak na parang pugad ng pag-ibig; o ang ganitong matamis na damdamin? Ang sigwa kaya, na kumakawala, humahagupit at naghahapay, sa pamamagitan ng kanyang kakilakilabot na haginit, ng tanang nasasagasaan sa dinaraan niya; ang lintik kayang nakatakas sa kamay ng nakapangyayari at pumupuksa sa bawa't taman; ang agos kaya o ang talon ng tubig, mga bagay na walang tantan ng paggalaw at walang tugot ng pagbabala? Ang lahat kayang ito ang sa ati'y nakaaakit, nakararahuyo't nakahahalina?

Marahil, ang mga kariktang ito o ang mga sariwang gunita ang siyang nagpapatibay sa taling bumigkis sa atin sa lupang sinilangan at nagbubunga ng matamis na katiwasayan kapag tayoc'y nasa-ating bayan, o kaya'y ng matinding kapanglawan kapag ta-

yo'y nalalayo sa kanya, simula ng isang malupit na karamdamang tinatawag na "nostalgia" (matinding pag-aalaala sa sariling tahanan o bayan).

O! Kailanma'y huwag ninyong pasakitang-loob ang tagaibang lupa, ang umaahon sa inyong mga dalampasigan; huwag ninyong gisingin sa kanya ang buhay na gunita ng kanyang bayan, ng mga ligaya sa kanyang tahanan, sapagka't kung magkakagayon, sila'y mga sawimpalad ng gigisingin ninyo sa kanila ang karamdamang yaon, masugid na multong hindi hihiwalay sa kanila hanggang hindi masilayan ang tinubuang lupa, o hanggang sa tumugpa sa bingit ng hukay.

Huwag kayong magbuhos kailanman ng isang patak ng kapaitan sa kanyang puso, palibhasa'y sa ganitong mga pagkakataon ay nag-iibayo ang mga dalamhati kung ihahambing sa mga kaligayahan sa nawalang tahanan.

Tayo nga'y ipinanganganak, lumalaki, tumatanda, at namamatay na nagsisimpan ng banal na damdaming ito. Ito kaipala'y siyang lalong nananatili, kung mayroon mang kapanatilihan sa puso ng tao, at tila hindi siya humihiwalay sa atin kahit na sa libingan na rin. Si Napoleon, nang nakikinikinita na niya ang madilim na kailaliman ng libingan, ay nakagunita sa kanyang Pransiya, na labis niyang pinakamahal, at sa pagkakatapo'y pinaghabilinan niya ng kanyang mga labi, sa pananalig na sa sinapupunan ng kanyang inang-bayan ay makakasumpong ng lalong matamis na pagpapahingalay.

Si Ovidio, na lalong kulang-palad, sa pagguguniguning kahit na ang mga abo niya'y hindi na makababalik sa Roma, ay naghihingalo sa Ponto Euxino, at inaaliw ang sarili sa pag-aalaalang kung hindi man siya, ang mga tula man lamang niya'y makamamalas sa kapitolyo.

Noong bata pa tayo'y nawili tayo sa mga laro; nang magbibinata na'y nalimot na natin ang mga yaon; nang magbinata na'y humanap tayo ng ating pangarap; nang mabigo naman tayo'y tinangisan natin ito; at tayo'y humanap ng lalong tunay at lalong kapaki-pakinabang; nang tayo'y maging ama na'y namatayan tayo ng mga anak at pinapawi ng panahon ang ating hapis, gaya ng pagpawi ng hangin sa dagat sa mga baybayin habang nalalayo sa mga ito ang sasakyan.

Datapuwa't, sa kabilang dako, ang pag-ibig sa inang-bayan ay hindi napaparam kailanman kapag nakapasok na sa puso, palibhasa'y nagtataglay sa kanyang sarili ng tatak na maka-Diyos na ikinapagigug walang kamataya't walang hanggan.

Sinasabing ang pag-ibig kailanman ay siyang pinakamakapang-yarihang tagapagbunsod ng mga gawang lalong magiting; kung gayon, sa lahat ng mga pag-ibig, ang pag-ibig sa inang-bayan ay siyang nakalikha ng mga gawang lalong dakila, lalong magiting at lalong walang halong pag-iimbot. Kung hindi'y bumasa kayo ng kasaysayan ng mga uat ng mga pangyayari taun-taon, ng mga alamat; pumasok kayo sa sinapupunan ng mga mag-anak; anong mga pagpapakasakit, pagbabata at mga luha ang ibinubuhos sa kabanal-banang dambana ng inang-bayan! Buhat kay Bruto, na nagparusa sa kanyang mga anak na pinaratangan ng pagtataksil hanggang kay Guzman, ang mabuti, na pumayag na patayin ang kanyang anak, huwag lamang siyang magkuwang sa tungkulin; anong mga dula, mga sakuna, mga pagpapakasakit ang hindi naisagawa alang-alang sa kagalingan ng hindi mapalubay na kadiyusang iyong walang maipapalit sa mga anak nila, maliban sa pasasalamat at mga pagpapala! At gayunman, sa pamamagitan ng mga bahagi ng kanilang puso'y nagtatayo sila ng mga maluwalhating bantayog sa inang-bayan; sa pamamagitan ng mga gawa ng kanilang mga kamay, sa pamamagitan ng pawis ng kanilang mga noo ay dinilig at napamunga ang banal na punong-kahoy, at hindi sila naghintay ni nagkaroon ng anumang gantimpala!

Masdan ninyo roon ang isang taong nagkukulong sa kanyang silid; sa kanya'y lumilipas ang lalong mahahalagang araw, ang mga mata niya'y lumalabo, ang buhok niya'y nangangabo at nalalagas na kasama ng mga pangarap niya; ang katawan niya'y nakukuba. Sinasaliksik niya sa loob ng maraming taon ang isang katotohanan, nalutas niya ang isang suliranin: ang pagkagutom at pagkauhaw, ang ginaw at alinsangan, ang mga karamdama't kasawian ay humarap na sunod-sunod sa kanya. Papanao siya sa libingan, at sinamantala ang kanyang paghihingalo upang ihandog sa inang-bayan ang isang pumpon ng bulaklak para sa korona nito, isang katotohanan, bukal at simula ng libong pakinabang.

Ibaling ninyo ang tingin sa ibang dako; isang taong dinarang ng araw ang nagbubungkal ng lupa upang paglagakan ng isang binhi; siya'y isang magbubukid. Siya'y umaabuloy din sa pamamagitan ng maliit bagama't makabuluhang paggawa, sa kaluwalhatian ng kanyang bansa.

Ang inang-baya'y nasa panganib! Sumusulpot sa lupa, na parang malikmata, ang mga manoirigma't mga pangunanin. Iniiwan ng ama ang mga anak, ng mga anak ang ama, at lanat sila'y dumadaluhong upang magtanggol sa ina ng lanat. Nagpapaalam sila sa tahimik na pakikibaka sa tahanan at inililingid sa ilalim ng taukap ng mga mata ang mga luhang pinadaloy ng kalamoutaw ng loob. Sila'y nagsiyao, at lahat ay namatay. Marahil, siya'y ama ng maraming anak na mapupula't kulay sagang katulad ng mga kerubin, marahil siya'y isang binatang may pag-asang nakangiti; anak man o mangingibig ay hindi nakasasalabid! Ipinagtatanggol niya ang sa kanya'y nagbigay ng buhay, natupad niya ang kanyang tungkulin. Si Codro man o si Leonidas, kahit na sino siya, ang inang-baya'y matututong umalaala sa kanya.

Ipinara ng ilan ang kanilang kabataan, ang kanilang kaligayahan; ang iba'y naghandog sa kanya ng kaningningan ng kanilang kadalubhasaan; ang mga ito'y nagbubo ng kanilang dugo; ang lahat ay namatay at nagpamana sa kanilang inang-bayan ng isang malaking kayamanan; ng kalayaan at ng kaluwalhatian.

At siya, ano ang nagawa niya para sa kanila? Sila'y tinatanggisan niya at buong pagmamalaking inihanarap sa daigdig, sa mga ipanganganak pa at magiging anak ng mga ito upang maging halimbawa.

Datapuwa't ay! Kung sa kababalaghan ng iyong ngalan, o Inang bayan! ay nagniningning ang mga kabatang lalong makabayani, kung sa iyong ngala'y naisasagawa ang mga pagpapakasakit na higit sa kakayahan ng tao, sa kabilang dako nama'y gaanong pang-aapi ...!

Buhat kay Hesukristong puspos ng pag-ibig, na pumanaog sa lupa sa ikagagaling ng sangkatauhan, at namatay alang alang sa kanya sa ngalan ng mga batas ng kanyang bayan, hanggang sa mga lalong di-kilalang sinawi ng mga makabagong paghihimagsik, ilan, ay! ang hindi nagtiis at namatay sa iyong ngalang kinamkam ng iba! Ilang mga sinawi ng pagtatanim, ng pag-iimbot o ng kamangmangan, ang hindi namatay, na nagpapala sa iyo, at nagnanais para sa iyo ng lahat ng uri ng kapalaran!

Maganda at dakila ang inang-bayan, kapag ang mga anak niya, sa sigaw ng pakikipaglaban, ay gumayak sa pagtatanggol sa matandang lupa ng kanilang mga ninuno; malupit at mapagmalaki, kapag, buhat sa mataas niyang luklukan ay nakikita ang dayuhang

tumatakas sa sindak sa harap ng hukbong hindi magapi ng kanyang mga anak. Datapuwa't kapag ang kanyang mga anak, na nagkakahatihati sa magkakalabang pangkatin ay nagpapatayán; kapag ang poet at ang pagtatanim sa kalooban ay nagwawasak ng mga parang, mga bayan at mga lunsod, sa gayon, ay niluluray niya sa kahihyan ang kanyang balabal, at matapos itapon ang setro, ay nagluluksa dahil sa mga anak niyang namatay.

Maging anuman nga ang kalagayan natin, ay nararapat nating mahalín siya at walang ibang bagay na dapat naisin tayo kundi ang kagalingan niya. Sa gayo'y gagawa tayo, alinsunod sa tadhana ng sangkatauhang itinakda ng Diyos, na dili iba kundi ang pagkakasundo't kapayapaang pandaigdig ng mga nilikha niya.

Kayong nawalan ng mithiin ng inyong kaluluwa; kayong sa pagkakasugat ng inyong puso'y nakita ninyong naglahong isa-isa ang inyong mga pangarap at katulad ng mga punongkahoy sa tag-ulan, ay nasumpungan ninyo ang inyong sariling walang bulaklak at walang dahon at gayong nananabik na magmahal ay wala naman kayong makitang karapat-dapat sa inyo, nariyan ang inang-bayan, mahalín ninyo siya.

Kayong nawalan ng isang ama, ng isang ina, ng isang kapatid, ng isang asawa, ng isang anak, ng isang kasintahan, sa wakas, na siyang pinagbatayan ng inyong pangarap, at sa inyong sarili'y nakakatagpo kayo ng isang malalim at kasindak-sindak na kawalan. nariyan ang inang-bayan; mahalín ninyo siyang gaya ng nararapat.

Mahalín ninyo siya, oo nga, nguni't hindi gaya ng pagmamahal sa kanya nang nakaraang panahon, sa paggawa ng mga malulupit na kabanalang itinakwil at sinumpa ng tunay na kabaitang-asal at ng inang kalikasan; hindi sa pagpaparangalan ng pananampalatayang bulag, ng pagwawasak at ng pagkamalupit, hindi nga. Lalong kaayaayang buwang-liwayway ng kristiyanismo, sagisag ng mga araw na maligaya at matahimik. Kautangan nating manunton sa matigas nguni't payapa't mabungang landas ng agham na humahantong sa pag-unlad, at buhat doo'y sa pagkakaisang nilunggati't hiningi ni Hesukristo sa gabi ng kanyang pagpapakasakit.

LAONG-LAAN

BARCELONA, HUNYO, 1882.

(Sa kagandahang-loob ni Dr. Lopez-Rizal, ika-24 ng^o Hunyo, 1957.)

3. ANG MGA PAGLALAKBAY

(Sipi sa *La Solidaridad*, pahayagang makademokrasyang lumalabas tuw.ng ikalabinlimang araw. Taon I, Bilang 7, Barselona, ika-15 ng Mayo, 1889.)

Sino ang hindi nakapaglakbay? Sino ang hindi nawiwili sa mga paglalakbay sa ang mga ito'y siyang pangarap ng kabataan sa unang pagkaalam niya ng kahalagahan ng bunay, sa ang mga paglalakbay ay isang aklat para sa mga may sapat na gulang, kapag ang paglulungati ng karununga'y siyang kinaabalahan ng diwa, at sa wakas, ang mga paglalakbay ay siyang huling pahimakas ng matatanda kapag nagpapaalam sa daigdig upang tumahak sa lalong pinakamahiwaang landas!¹

Ang paglalakbay ay isang humaling ng kamusmusan, isang simbuyo ng kabataan, isang pangangailangan ng mga tao at isang malungkot na tula ng katandaan.

Huwag ninyong basahin sa mga bata ang Robinson ni ang Gulliver,² kung hindi ninyo nais na malingaw sa mga tanong hinggil sa mga bayang iyong ang mga panghalina'y ipinagiging maramdamin ng kanilang kaisipan; huwag ninyong ilarawan sa mga bata ang mga damdamin, ang mga biglang pagbabagu bago, pakikipagsapalaran sa mga bansang banyaga o kaya'y di-kilala; alisin ninyo sa mga mata nila sina Julio Verne, Mayne Reid,³ sapagka't kung hindi, ay pupukawin ninyo ang mga gabi nila, at maida-ragdag pa ninyo sa sumisilang nilang hangarin, na balabalaki't mapupusok, ang isa pang magpapasakit sa kanila sa pagkapailalim sa iba o sa kanilang kakapusan ng salapi. May napakalaking pangganyak sa mga kababalaghang di-kilala, napakalaking panghalina sa pagmamasiid sa kalikasan!

Katutubo na sa tao ang pagnanasa sa paglalakbay gaya ng pagnanasa sa karunungan, na tila бага yao'y inilagay ng Lumikha sa baw't isa sa atin, upang sa udyok niya'y pag-aralan at kamanghaan natin ang kanyang mga gawa, makipagtalastasan at makipag-

1 Ang tinutukoy sa pangungusap na "pinakamahiwaang landas" ay ang kamatayan.

2 Tumutukoy ito sa mga akdang sinulat nina Daniel Defoe na pinamagatang Robinson Crusoe at ni Jonathan Swift na pinamagatang Gulliver's Travels.

3 Si Julio Verne ay siyang may-katha ng "20 Legwa sa Ilalim ng Dagat," at si Mayne Reid ay isang nobelistang irlandes.

kapatiran tayong pinapaghiwalay ng kalayaan, at kapag nagkaka- isa na'y bumubuo ng iisang angkang siyang lunggati ng tanang mga palaisip.

Sa dahilang ito, kaya ang tao'y ginawang mamamayan ng daig- dig, nilikha ang mga dagat upang sa ibabaw ng nahahawing ka- tawan nito'y makapagpadulas ang mga sasakyang-dagat; ang ha- ngin, upang siyang makapagtulak at makapagpatakbo ng mga yaon; at ang mga bituin, upang siyang makapamatnugot kahit sa gabing lalong madilim; at ang ilog na bumabagtas sa iba't ibang dako. Siya'y nagbukas sa mga batong malalaki ng mga lulusuta't dara- anan, nagtayo ng mga tulay, nagbigay sa arabe ng mga kamelyong gagamitin sa mga malalawak na ilang, at ng reno at aso sa mga naninirahan sa mga napakalamig na kadulu-duluhan ng lupa, u- pang humila ng mga sasakyan nilang walang gulong na ginagamit sa yelo.

Ang buong pagkakasulong ng mga lipunang makabago ay utang na lahat halos sa mga paglalakbay. At sa katunayan, buhat pa sa kauna-unahang panahon, ay naglalakbay na ang mga tao sa paghanap ng karunungan, na para bagang ito'y nakasulat sa mga lupi ng dagat, sa mga dahon ng mga punong-kahoy, sa mga bato ng lansangan, sa mga bantayog at mga libingan.

Ang mga griyego'y nagsadya sa Ehipto upang humingi sa mga pare nito ng aral; nagbasa sila ng mga papiro at natilihan sa pa- nonood ng napakalaking libingang makulimlim na kinatawan ng kaisipang pambansa; sila'y sumimsim ng sigla sa kanilang luksang kadakilaan, gaya ng ginagawa ngayon ng mga pantas sa Europa sa mga heroglipiko o di-madalumat na titik; at buhat doo'y nag- siuwing mga dalubhasang pilosopo, gaya ni Pitagoras, mga mana- nalaysay, gaya ni Herodato, mga mambabatas, gaya nina Likurgo at Solon, at mga makatang gaya nina Orfeo at Homero. At ang relihiyon, ang kabihasanan, ang mga agham, ang mga batas at mga kaugalian ay nanggagaling noon sa Ehipto, bagaman sa pagsadsad nila sa mga nakangiting baybayin ng Elade,⁴ ay naghuhubad ng kanilang mga mahiwagang bihis upang magsuot ng pangkaraniwan at kaakit-akit na kasuutan ng mga anak na babae ng Gresya.

4 Ito ang mithiin ng mga Nagkakaisang mga Bansa.

Pagkatapos, buhat sa tudling na iginuhit ng isang araro'y gumitaw ang isang bayang malakas, masipag, dakila, palalo, at kahanga-hanga. Buhat sa kanyang kapitolyo ay pinagala ang tingin sa daigdig, na naging karapat-dapat na pakay ng isang kasakimang walang hanggan, at nagpalagablab sa kanyang mga hangarin. Pinawalan ang kanyang mga limbas at pinalakad ang kanyang mga kawal. Sa pagbalik ng mga ito'y nakasingkaw na sa karwahe ang lahat ng mga bansa. Ang Gresyang napakaliit ay nahigop ng Roman lalong mapagwagi, datapuwa't ginawa ng Gresya sa Roma ang ginawa rin ng Ehipto sa Gresya: tinuruan ng Gresya ang mga anak ng Roma, pinalamutihan ng mga gawa ng kanyang mga anak ang mga lansangan at liwasan nito; at ang lahat niyang karunungan, agham, pilosopiya, mga sining ukol sa kariktan at panitikan, ay inilipat sa Roma, at bagama't ang mga yao'y nahawahan ng angking panghalina't kariktan, ay naragdagan naman sa kadakilaa't kamaharlikaan sa pagpapakilala ng wani (*genio*) ng bayang palalo. Sa gayo'y nasaksihan sa Roma ang nangyayari ngayon sa mga bayang bihasa hinggil sa pagpapahalaga't paggaya sa mga bagay-bagay na galing sa Pransiya; ang kabihasnang griyego ay nakapasok sa lahat ng dako, ang mga tula't mga salita niya'y nagpalipat-lipat sa mga bibig, ang mga kaugalia't pilosopiya niya'y tinularan at isinagawa. Ang agham nga at ang kabihasan na hanggang sa mga araw na yao'y naging pagaari ng Silangan, sa pagtulad sa katutubong takbo ng mga buntala, ay nagtungo sa Kanluran, bagaman nang dumating na sa puso ng daigdig ay tumigil na para bagang ibig magturo sa lahat ng mga bansa't mga lahi. Nang panahong yaon, ang Iberya,⁵ Galya,⁶ Germany,⁷ Bretanya⁸ at pati na ang Aprika ay nagpapadala ng mga anak nila sa lunsod na siyang tagpuan ng kapangyarihan, ng karunungan at ng kayamanan, upang makita, hangaan at mapag-aralan nila sa maluwang na pook na nakukubkob ng mga pader, ang tanang nahaka ng isip ng tao hanggang sa panahong iyon. Palabas na itinanghal sa lahat ng panahon ng sangkatauhan ang pagtungo nito sa liwanag upang ang lupa'y matanglawan. Ang sanhi nito ay sapagka't kalakip ng kalikasan ng tao ang pag-

5 Ang Iberya, ay siya ring ngalan ng Espanya.

6 Ito ay siya ring Italya.

7 Ang Germany ay siya ring Alemanya.

8 Ang Bretanya ay siya ring Inglatera ngayon.

kahilig sa kaganapan, gaya ng kalakip ng pinakabuod ng mga katawan ang kabigatan, gaya rin ng kalakip ang diwa ng kaliwanagan sa pagkilala sa araw.

At habang tumatanda ang mga bayan ay nawawalan ng katas na nagpapalusog sa kanila noong unang panahon, at isinisilang naman ang ibang bayang lalong bata upang maging tagapagmana niyaong mahalagang kayamanang natipon ng malaking angkan ng sangkatauhan sa pamumuhunan ng ranahon at mga pagpapakasakit.

Nabigo ang pagpapakawala ng Hilaga ng mga sigwa upang maghatid ng kamatayan sa masasayang lunsod ng Europa; walang napala ang kamangmangan at kabuktutan sa pagkapagsimsim sa ibabaw ng libingan ng Romang panginoon ng daigdig; kung ang agham ay tumakas na nasisindak, ang gayo'y upang magpalakas lamang sa pagkakaligpit sa mga klaustro at nang buhat dito'y muling makalabas na hindi nahuhutok at matatag, at inaakay ng kakristiyanuhan upang imulat ang mga mata ng mga pulutong ng mga taong walang tutol na nagtangkang sumakal sa kanya.

Sa gayo'y itinatag ang mga Pamantasan. Maraming nangag-sidayo bunat sa lahat ng dako upang pumasok sa mga pamantasan, at ginawa nila ang ginawa ng mga griyego sa Ehipto, ng mga romano sa Gresiya, at ng buong sandaigdig sa Roma at Bisansiyo. Sa lahat ng panahon at sa lahat ng mga kapanahunan ng kasaysayan, ang mga paglalakbay ay siyang naging matibay na suhay ng kabihasan, palibhasa sa paglalakbay lamang nahuhulog, naaaralan at namumulat ang puso't ang diwa, sa dahilang sa paglalakbay lamang nakikita at napag-aaralan ang lahat ng pagkaká-unlad, ang mga karunungan gaya ng Heolohiyang nauukol sa anyo't pagkakabuo ng lupa, ang Heograpiyang naglalarawan ng iba't ibang panig ng lupa, ang Politikang natutungod sa pamamahala, ang Etnolohiyang nauukol sa iba't ibang lahi ng tao, ang Lingguwistikang nauukol sa iba't ibang wika, ang Meteorolohiyang tumatalakay sa mga pangyayari sa papawirin, ang kasaysayan, ang mga hayop, ang mga halaman, ang Estadistika, Eskultura, Arkitektura at Pintura at iba pa; lahat ng nasasangkap sa kaalaman ng tao ay dumaraan at nabubunyag sa mga mata ng manlalakbay.

Sinumang nakakakilala ng lahat ng lupa, ng topograpiya ng isang bansa, sa pamamagitan ng mga mapa at planong sinusuri sa loob ng isang tanggapan ay magkakaroon ng isang kaalaman, hindi ko sasabihing hindi, datapuwa't isang kaalamang kawangis

ng kaalamang maaaring makamit ng nakakakilala, sa pamamagitan ng mga lathalain ng mga pahayagan, ng mga opera ni Meyerber o Rossini. Maaaring makitang nakaukit o nakalarawan ang isang buong lupain, at ang pagkakakilala ng naglarawan sa lupaing iyon ay maaaring napakaliwanag na naari niyang ilipat sa kayo ang isang silahis ng araw ng lupain, ang kalamigan ng kanyang langit, ang kasariwaan ng kanyang mga parang, ang kamaharlikaan ng kanyang mga masaganang daloy ng tubig at mga bulubundukin, ang mga mamamayan at mga hayop at sampung paggalaw na ikinikintal sa damo ng magaang na paghampas ng pakpak ng hanging banayad at palay-palay — ang lahat nang ito'y pawang maisasagawa ng pinsel ng isang tagapaglarawan ng mga bansa, gaya nina Claudio Lorena, Ruysdael, o Calame at maaaring higit pa sa ryan marahil, datapuwa't hindi maaaring agawin sa kalikasan at ilipat sa kayo yaong buhay na pagkikintal sa alaala na siya lamang ang nakaalam at maaaring magongay, yaong paggalaw, yaong bunay na nasusumpungan sa awit ng mga ibon at mga punung-kahoy, sa halimuyak o bangong sarili ng pook, sa aywan ko ba kung anong hindi maaaring maipaliwanag na nadarama nguni't hindi natitiyak ng manlalakbay at tila gumigising ng mga matatandang gunita ng mga maalindog na araw, mga kalungkutan, mga katuwaang nagsiyao upang hindi na magbalik; isang pag-ibig na nalimot, isang larawang minahal sa kanyang kabataang pumanaw sa gitna ng ipu-ipo ng daigdig, mga nalikhang nagsiyao na, mga kakilala . . . aywan ko ba kung ano pa! Mga damdaming malulungkot na nilikha ng anyo, pagmumukha o singaw ng bansa o kaya'y ng wani, nimpa o Diyos, gaya ng sinasabi ng matatanda. Maaari ninyong makita sa larawan na sinasalpok ng dagat, halimbawa, ang baybayin ng Italya nang isang hapong sakdal ganda, kapag ginigintuan ng mga nakahahalinang silahis ng araw ang mapuputing dampang nakatayo sa mga batong nababalot ng mga luntia't kulay esmeraldang putong na mga bulaklak; ang tubig at bulang sumasalpok sa mga nakakubling sinapupunan ng mga batong malalaki, kaakibat ng nadaramang katotohanang kapanga-pangarap ng mga pook na yaon, kung maaaring gamitin ang ganitong pangungusap; datapuwa't hindi ninyo napapansin at panghihinayangan ninyo ang kawalan ng halimuyak, ng buhay, ng galaw, ng kadakilaan; hindi ninyo mahahagap ang buong panghalina ng mga itinanging bagay na yaon, na ginawang walang kamatayan ng napakaraming makata, hindi ninyo malilibot ng tingin ang panooring yaong nakatawa't matulain, gaya ng pagkakatawa buhat sa isang sasakyang-dagat ng isang taong magiliw na

hinahagkan-hagkan ng simoy ng hanging nagpapaumbok sa mga layag, at nakikitang napakarahang tumatalilis na walang iniwan sa pagtalilis ng mga pakpak ng panaginip sa noo ng sanggol, ng unang kataga ng pag-ibig sa mga labi ng isang birhen, ng magkakaayos na tunog ng isang malayong orkesta sa katahimikan ng gabi. Anong mga simbuyo, anong mga damdaming totoong bala-balaki ang sa bawa't hakbang ay tumitigatig sa puso kapag naglalakbay sa isang bansang banyaga't di-kilala? Doo'y bago ang lahat: mga kaugalian, wika, pagmumukha, gusali at marami pang iba ... lahat ay pawang karapat-dapat matyagan at bulaybulayin.

Katulad ng sinabing ang tao'y dumarami habang dumarami ang mga wikang nalalaman at sinasalita niya, gayon din naman, ang buhay niya'y lumalawig at nababago habang dumarami ang iba't ibang bansang nadadalaw niya. Lalo siyang nabubuhay sa dahi-lang siya'y nakakakita, nakararamdam, nagpapasasa, nakapag-aaral nang higit kaysa hindi nakakita liban sa iyu't iyon ding mga parang at iyu't iyon ding langit. Sa taong ito, ang mga araw ng kahapon ay siya ring mga araw ngayon at siya ring magiging araw bukas, alalaong baga'y nagkakasiya ang kanyang buong buhay, ang buong nakaraan, ang kasalukuyan at ang kanyang hinaharap, sa kauna-unahang buking liwayway at sa kauna-unahang dapit hapon.

Anong pagbabago ang hindi nagagawa sa kaisipan ng isang dayo lamang na umaalis sa kanyang lupang tinubuan, at naglilibot sa iba't ibang bayan? Maliit na ibong datirati'y walang ibong nakikita maliban sa tuyong damong kawad-kawaran ng kanyang pugad, at ngayo'y nanonood ng mga tanawin, malalawak na dagat, mga talon ng tubig, mga ilog, mga bulubundukin at mga kagubatan at lahat ng maaaring makapagbigay-sigla sa isang mapangaraping gunamgunam. Naitutuwid ang kanyang mga pasiya't kaisipan; napaparam ang maraming pagkabagabag; napagsusuri sa malapit ang noong una'y hinatulan nang hindi man lamang nakikita; nasusumpungan ang mga bagong bagay-bagay na pumupukaw ng mga bagong pagkukuro; kinamamanghaan ang tao dahil sa kadakilaan nito, gaya ng ito'y bulag na pagkamakanyahin ay nahahalinhan ng pandaigdig at pangmagkakapatid na pagpapahalaga sa lahat ng ibang tao sa daigdig at nawawakasan ang kanyang pagiging alingawngaw lamang ng mga kuru-kuro ng iba upang magpahayag ng mga sariling palagay, ng mga pasiyang napukaw ng mga tuwira't sariling kaalaman. Ang pakikisalamuha sa mga tao,

ang kahinahunan at matinong pagkukuro sa lahat ng gawain, ang malalim na pagmumuni, isang kaalamang nagbuhat sa karanasan tungkol sa lahat ng mga sining at agham, na kung hindi man malalim at ganap, ay wala namang pagkapawi at tiyak — naito ang mga pakinabang na maaaring matamo sa paglalakbay ng isang diwang mapagmatyag at palaaral.

Maaaring ilarawan ng isang aklat ang mga mamamayan, ang kasaysayan, ang mga bantayog, ang mga gawa, ang relihiyon — lahat ng may kaugnayan sa isang bayani; ang kaalamang ito bagama't kapaki-pakinabang at sapat ay hindi nakasisiya sa mapaghinalang mambabasa na lagi nang naghahangad na siya rin ang makakita sa mga bagay-bagay; at malao't madali ay nalilimutan ang mga kaalamang palibhasa'y hindi natatanim sa alaala, gaya ng sa isang taong nakapaglibot, nakakita, nakadama at nakapagsuri, sapagka't ang mga ito'y nag-iiwan ng mga kaisipang ikinikintal ng mga pangyayari sa isang paraang hindi mangyayaring malimutan.

Ang mga makabagong bansa'y nakakikilala ng pakinabang na natatamo sa ganitong uri ng mga pag-aaral at ang lahat ng mga hilig ay nauuwi sa pagpapaarmi ng mga sangkap ng pakikipagtalastasan.

Sa ganitong kaparaan'y nauuwi ng manlalakbay sa kanyang bayan ang mabubuting paggamit na nakita niya sa mga iba at tinatangkang ang mga yao'y gamiting taglay ng mga kinakailangang pagbabago; ang iba ay mga kayamana't mga kalakal na wala sa kanyang bayan; ito naman ay ang pananampalataya, ang mga batas at ang mga kaugalian; at yaong isa pa ay ang mga kaugaliang panlipunan at ang mga nababagong pagsasaayos; at sa ganito'y naipapasok ang lahat ng ikabubuti ng lipunan, pananampalataya't pulitika. Magiging tanda, samakatuwid, ng pagkakaunlad ng isang bayan ang mabuting kalagayan ng kanyang mga kagamitan sa pakikipagtalastasan at pangangalakal, gaya ng pagiging tanda ng kalusugan ng tao ang mahinusay na pagtakbo ng dugo sa lahat ng ugat ng buong katawan; sa dahilang kung wala ng mga kagamitang ito ay walang pakikipagtalastasan, kung walang pakikipagtalastasan ay hindi mauunawaan ang mga pagkakabigkis, at kung walang pagkakabigkis ay hindi maaaring magkaroon ni ng pagkakaisa ni ng lakas, at kung walang lakas ni pagkakaisa'y hindi makararating kailanman sa kaganapan ni sa pagkakaunlad.

Sa gayo'y nahuhulo ang pagsusumakit sa pagbubukas ng mga lansangan, mga tunel o daan sa ilalim ng lupa, mga landas; ang paggawa ng mga tulay, sasakyang-dagat, tren at daang-bakal, at dahil sa tila ang lupa'y nagiging maliit para sa gayon karaming pagkilos ay nilulusob pati ng himpapawid na hindi pa natatagalang isang kahariang sarili lamang ng mga ibon at mga ulap.

Dahil dito'y naglalakbay, nandarayuhang payao't dito ang lahat ng mga nilikha sa lupa, buhat sa kulisap na may pakpak na nagpapalipat-lipat sa mga bulaklak, sa mga halaman at sa mga pastulan hanggang sa daigdig, iyang maliit na manlalakbay sa kalawakang walang hangga, gaya ng langay-langayan kapag humahanap ng lalong mabubuting singaw, ng binhing tinatangay ng hangin, ng isda sa mga di-kilalang kailaliman ng mga dagat, o ng taong tumutuklas at kumikilala ng malalawak niyang mga nasa-sakupan.

Binuksan na ng Indiya ang kanyang mga dakilang templo at ipinakikita ang mga diyus-diyusan niyang pagkalalaki gaya ng Tsina, na nagbukas ng mga pinto ng kanyang mga kuta at ibinubunyang ang mga likha at ani niyang pambihira't kahanga-hanga. Binubuksan ng Aprika at ng Polo Norte ang malalawak nilang ilang at sa loob ng maikling panaho'y uupo sila sa piging ng pagkakaunlad, at ang mga pinagkakautangan nila ng kanilang pagkakasulong at kaligayaha'y sina Livingstone, Stanley at Nordens Kjolo.⁹

LAONG-LAAN¹⁰

⁹ Sina Livingstone, Stanley at Nordens Kjolo, ay mga pantog na manunuklas ng mga di-kilalang mga lupain na nakarating sa Aprika at sa Polo Norte.

¹⁰ Ito'y pamagat sa panunulat ni Rizal.

4. — ANG DAMDAMIN NG KAGANDAHAN

Ang diwa ng tao'y naaaniag sa lahat ng mga kilos niya, gaya rin ng ang sa isang lipunan ay sa mga diwa ng mga tauhan, at ang sa isang bansa'y sa pangkalahatang pagpapakilala ng mga mamamayan. May mga barometrong nakapagpapakilala ng kalagayan ng kagandahang asal, pag-iisip at agham, walang iniwan sa mga barometrong ukol sa pagbabagu-bago ng panahon, bagaman ang mga barometrong iyon ay lalo pang mapagkakatiwalaan, kung masasabi ang ganito, lalo pang marami at nananatili. Ang mga pag-uurong-sulong na panlipunang dinaranas ng sangkatauhan, ang mga pagbabago, iyang mga pagdakila, pagkalupaypay, ang mga kagipitang humihingi ng masikap na paggawa, sapagka't paulit-ulit at hali haliling dumaraan ang tanang ikinapapatangi at itinatakda ng tang'ng kabuuran ng pagkatao sang-ayon sa maaaring gawing ganap, mapapagbago, mapalilipas at mabuway, ang kanyang pagsulong, ang kanyang panlulupaypay, ang kanyang pagkabimbin, ang lalong pinakamaliit na hakbang, ang kilos na hindi namalayan halos, — ang lahat ay para-parang ipinakikilala at lahat ay ibinubunyag at ipinahahayag ng damdaming laganap sa kalikasan, na ipinagkaloob ng Diyos sa tao, at ipinapaging ganap ng tao. Datapuwa't iyo'y nakahihig't sa mga kasangkapang nadarama, sapagka't ang mga bakas niya'y nakikintal, ang mga ibinubunga'y karaniwang nananatili, at nakikitalamitam sa mga nagkakasalin-saling lahi ng tao. Yao'y hindi ang ibong lumilipad na ang mga bakas ay ang hangin, hindi isang sasakvang-dagat na nag-iiwan ng isang malapad at malawak na bakas kung minsan, datapuwa't madali ring napapawi gaya ng mga pag-iibig na pahilako; hindi iyon ang biglang sinag ng liwanag sa mga lupaing tuwirang tinatamaan ng araw, na kumikislap kung gabi na parang kidlat sa lupa; ang lubhang mabagsik at kahanga-hanga datapuwa't maselang na manlilikha: nakapagbubuwal ng mga punong-kahoy, nakababaak sa bato, at nakapagpapabitak sa lupa hanggang sa kalilaliman ng pusod nito. Ang damdaming ito ay siyang damdamin ng kagandahan.

Sa daigdig na nadarama, ang hangin ay pumupuno sa alangang at nananaos sa lahat ng puwang: sa madilim na kailaliman ng yungib, sa magagarang bulwagan ng mga palasyo, sa kaputol na paraisong sa pamamagitan ng isang makulimlim na kakahuyan ay nagkakanlong sa ilalim ng kawing-kawing na mga sanga ng luntiang tanghalan ng isang halaman, sa di-karaniwan at ma-

bangong kioskong silanganin, sa madilim na bilangguan, sa ilalim ng lupa, sa butas-butas na dampa, sa tanggapan ng pantas, sa lungga, sa tangkay ng isang bulaklak, sa nguso ng isang kulisap, sa lalong maliit na butas na pinagpipitaganan ng mga atomo, lahat-lahat ay kinaroroonan ng hangin; lahat ay pag-aari at palasyo ng hangin, kumikilos o nakatigil, dalisay, kasiya-siya o hindi. Sa daigdig ng mga kaisipan ay may isang hanging pumupuno rin sa lahat, at sa loob nito'y nagsasalimbayan ang tanang mga bagay na nililiha ng Diyos; iya'y ang damdamin ng kagandahan. Iya'y dalisay at makalangit sa pagkakadiit sa tulain at sa walang hanggan, gaya ng hangin sa mga dagat at mga gubat; iyon ay hindi dalisay at nakapipinsala sa mga lipunang hamak at sumama ang asal gaya ng hangin sa mga lubak at mga pusalian; nakabibighani, nakapag-uudyok at nakababagbag sa mga sandali ng pagkislap at pagyugyog, gaya ng hangin sa malalakas na sigwa; gaya ng hanging marumi kapag humihilahod sa lupa, datapuwa't malinis at nanganganinag kapag pumapailanlang sa langit. Iyan ang buhay ng mga kaisipan, panghalinang nakalilibid sa mga layon ng pang-unawa at ng puso at siyang bumubuo ng kanyang pananaw at ng iba't-ibang uring maririkit; nagkaloob ng liwanag, ng liwanag na hindi nakasisilaw sa kaluluwa, ng mga tunog ng tugtuging hindi nawawala sa tono, at siyang tagapagsaysay ng wikang lalong dakila at lalong laganap na sinasalita ng mga talining at ng mga pusong maramdamin. Lumilikha ng kariktan, humuhula sa kaselanan; sa kadakilaa'y pumupuri at umaawit ng mga imno, at sa landas ng buhay, sa kasawiang palad ay siyang tanging halamang nagbibigay ng mga bulaklak na walang katinik-tinik.

Ang unang nakamalas ng di pagkakapantay-pantay at pagka-kaiba-iba ng kapalaran ng mga tao ay nagkaloob sa kanila ng matamis na damdaming ito, upang kung sila'y nahahapo na sa pakikipagbaka sa lupa ay makapailanlang na kasama niyon sa ibang danay at sa ganito'y maibsan ng hirap: iyon ay isang bulaklak na inaalagaan ng bilango sa mga kuwentong Indiyano. Iyan ay nauunawaan din ng tao, kaya kanya ring nilinang.

Sinabi na nating iyo'y pumupuno sa kaibuturan ng kaluluwa at siyang tunay. Tila buhat doon ay ibig tumakas kaya nga sumasama sa lahat ng kanyang nilikha at sa tanang pagpapahayag ng kaluluwa. Marahil, sa biglang malas ito'y aakalaing hindi tumpak, datapuwa't hindi ang dili tumpak sa paano mang paraan kung wawariing mabuti. Maliligaw tayo marahil ng landas, hindi magkakatugon ang ating mga palagay, datapuwa't tiyak na uusigin

natin ang isang bagay na nakahahalina at marikit, na makasisiya sa ating parang anino ng kaligayahan, isang sandaling walang ipagtitiis, isang bagay na dakila, isang bagay na nakapagdudulot sa atin ng isang kabutihang nakababagbag ng ating kalooban.

Sa pagnanasang yao'y mabigyan ng anyo, maipahayag, malapatan ng sagisag, ng isang damit, ay nilikha ng tao ang magagandang sining. Marahil ang unang isinilang ay ang musika sapagka't ang tao, sa mula't mula pa'y tatangis at maghihirap (nakakarandam ng unang pag-ibig) at sa pagnanais na maipahayag ang kanyang mga sakit at mga hangarin ay bumigkas ng mga tunog sa kawalan ng wikang magagamit. Datapuwa't pagkatapos, habang ang mga mata niya'y nahihirati sa panonood sa kalikasan, habang ang kagandahan nito, na hinulaan lamang noong una, dinamdang pagkatapos at naunawaan nang dakong huli, ay nagpapakilos sa kanyang diwa at nagpapasigla sa kanyang puso, ang tao, na hindi iba kundi isang salamin lamang na sumisipi at gumagaya sa lahat ng bagay na nakaliligid sa kanya, ang tao, inuulit namin ay nagnais na gumaya ng mga bagay-bagay na nasa labas at tinuklas ang Pintura, ang tanging sining na nagbibigay ng karapatan sa tao upang siya'y tawaging kalarawan at kawangis ng Diyos.

At sa katotohanan, ang pintura'y nakasisipi ng tanang nilikha ng Diyos, lumilikha ring gaya ng Diyos, may pagkakaiba nga lamang ang likha ng isang *may hangganan* sa likha ng *walang hangganan*, sa likha ng Diyos at sa gawa ng tao. Iniharap sa inyong mga mata ang dagat kahit sa isang ilang na ang hangin ay hindi nakapagpapalamig; ang pinakamaliit na alon ay naglalahad sa inyo ng mga tanawing nakangiti, mga kagubatang makulimlim, mga langit na masaya na may mga ulap na makislap at may iba't ibang anyo, malalawak na abot-tanaw na batbat ng malalim na kalungkutan, mararangal na simbuoy ng kalooban, kagitingan, kadakilaan at matatamis na damdamin. Kung sapul sa inyong kamusmusa'y wala kayong nakita kundi panginorin at nabilang ninyo ang mga taon sa pamamagitan ng yelo o pag-ulan ng yelo, ang pintura'y makapagpapatamasa sa inyo ng paraisong inyong pinapangarap: ang maalindog na halamanan sa mga lupaing maiinit, ang hanging napakadalisay at nanganganinag, isang liwanag na makapagpaparamdaman sa inyo ng maligamgam na init ng tagsibol na sa pakikipaglaro sa matataas na dahon ng mga punong-kahoy, sa ibabaw ng bubog ng mga ilog at mga look, ay bumubuo ng kaaya-ayang mga lilim na puno ng pag-ibig at ng hiwaga, mga talon ng tubig na parang pilak at brilyante, na makapagpapagunita sa inyo ng mga

pangarap ng silanganan at ng mga kadiyusan ng paganismo. Kung kayo nama'y nasusuya na sa buhay, nalilingaw at nagsasawa sa kainingningang saan mang dako'y nakaliligid sa inyo, at ninanais nin-yong ang kaluluwa'y makaramdam ng malamig na yanig, mga ba-gong damdaming nakapagpapasigabo upang maihanda sa mga ma-titimyas na damdamin, ang mahiwagang kapangyarihan niya'y maghahatid sa inyo sa kaharian ng kamatayan: mapuputing bunton ng yelo, mapapanglaw na abot-tanaw, isang langit na diwa'y tingga at kaparis ng tingga'y malamig at hindi mararating, wala ni isang dahon, ni isang bulaklak na nakapagpapasaya sa diwa, at sa magka-bi-kabila'y ang kabagutan ng kamatayan, ang kadakilaan ng paghihi-ngalo. Ililipat niya kayo sa mga panahong nakaraan ng inyong mga nuno, ipaaalaala sa inyo ang mga pagpapakasakit nila, ang mga dula ng panahong nakaraan, ang mga luhang itinigis sa inyong duyan upang mamulaklak ang banal na halaman ng kalayaan at ng kaun-laran. Isang alaalang mahal, isang tulang yayat at maselan, isang awit ng puso, ang lahat ng mumunting bagay na itong bumubuo ng kakaunting mga sandaling maligaya ng buhay, ang lahat ng ito'y para-parang iniingatan, ang lahat ay pinananatili ng sining na itong siyang lalong laganap sa mga naisip ng mga tao.

Sa mga magagandang sining, ang pintura ay siyang tanging nauukol sa tao. Ang ibon ay humuhuni ng hindi magagayang awit sa ilalim ng mga dahon ng punung-kahoy o kaya'y nagpaparinig ng isang panambitan sa ibabaw ng isang sangang tuyo; ang ma-lumanay na bulung-bulungan ng mga dahon ay hindi lamang isang tinig, manapa'y isang tugtuging gaya rin ng aliw-iw ng batis. Ang anasan ng mga alon at haginit ng hangin. Ang *kastor* ay guma-gawa ng kanyang lungga, na parang isang bihasang arkitekto, at ang gagamba'y gumagawa ng marupok niyang bahay sa hangin sa pamamagitan ng mahinang hibla.

5. — ISANG MAKISIG NA GUBERNADORSILYO*

Lahat ng maginoo sa Binundok ay inanyayahan: ang Kura, ang Alkalde, ang taga-usig, ang Tinyente ng Guwardiya Sibil Betterana na katatatag pa lamang, isang prayleng pransiskanong kaibigang matalik ni Kapitang Pepe, ang kura sa Tundo, dalawa o tatlong mangangalakal na taga-ibang bansa at ilan pang tao. Ang pistang ito'y inihandog ni Kapitang Pepe sa taunang pag-aalaala sa kamatayan ng ina ng kura, na nangyari sa Kalahora, at dahil dito'y sinasabi niya sa mga inanyayahan: Pumaroon kayo sa aming bahay; ipagpipista natin ang kamatayan ni Ginang Kalora, ang ina ng kura.

Doo'y maaari rin tayong dumalo kahit hindi tayo inanyayahan. Gawin natin ang ginagawa ng kadete, mga paruparong tumutungo kung saan may liwanag, tugtugan o hapunan, hanging sumisingit sa lahat ng dako, na sukat nang ang isa'y nakakakilala o hindi sa may-ari ng bahay upang silang lahat ay maipakilala o hindi.

Si Kapitang Pepe'y may apatnapu o apatnapu't limang taong gulang, pandak, mataba, malinaw nang bahagya ang kulay, maha-ba ang buhok sa harap at panot sa likod, may kakitiran ang noo, bilog at maliit ang ulo, at liig na maikli at mataba. Siya'y isang taong marunong mag-anyong manlulupig o sultan kapag nakikitungo sa kanyang mga kababayan o nasasakupan, at kumilos na parang isang bubong pormal kapag nakikipag-usap sa kura at sa iba't ibang may kapangyarihan. Siya'y mayaman, may limang bahay sa daang Rosario at Anloague, at maraming pakikipagkasunduan sa Pamahalaan. Siya'y nagpapalit ng relihiyon huwag lamang makagalit ng kura, makalawang nagpapamisa sa isang linggo para sa ikagagaling ng mga kaluluwa sa Purgatoryo; kung linggo't pistang pangilin ay nakikinig ng misa ng ikasampu, at pagkatapos ay nagtutungo sa sabungan; dito'y asentista siyang nakikipagkayari sa mga pustahan. Madalas siyang nakikitang nangunguna sa orkesta upang bumati sa kura, sa Tinyente ng Guwardiya Sibil, sa Alkalde, at hanggang, kung ako'y hindi namamali, sa isang insik na kaibigang-kaibigan ng Gobernador Sibil. Pinalalabukan niya ang kanyang mga pagtatalumpati, kinakanta ang mga awit na sadyang kinatha para sa pagkakataon upang nasain ang tagumpay at ang korona para sa mabait na pari. Kilala siya sa Maynila dahil sa kanyang mga pasayaw at papiging; tinatangkilik siya ng mga kawani sa pamahalaan at minamahal nang labis ng mga sak-

ristan. Siya'y naghandog ng isang bastong yari sa ginto at mahahalagang hiyas sa Birhen sa Antipolo nang siya'y mahirang na gubernadorsilyo; yao'y isinama ng loob ng kura sa Binundok, na isang paring dominiko. Ang nasabing sama ng loob ay pinawi ni Kapitang Pepe sa isang paraang makadiplomatiko, sa paghandog sa Birhen sa Binundok ng isang balabal na binurdahan ng ginto at nagkakahalaga ng 8,000 piso. Siya'y ginantimpalaan ng Diyos sa kanyang pagka-makarelihiyon; minarapat ng Diyos na kusing-loob na ibuhos ng maraming angkan sa mga kamay ni Kapitang Pepe ang naimpok nila nang mahabang panahon. Dahil dito'y bumayad siya nang taong iyon sa simbahan ng Antipolo ng apat na misang "solemne" na nagkakahalaga ng dalawang daang piso bawa't isa, at may mga kasamang kwitis, paputok, musiko, at maraming dupikal ng mga batingaw. Kailan ma'y hindi nataas sa gayong kaluwalhatian ang isang tao. Marami siyang kaagang na mga matatandang manong at sinasabing sa pagpapalaluang ito'y hindi miminsan siyang tinalo ng isang balong babaeng tagapagmana ng kanyang mga anak, mga kapatid, at mga pamangkin at nang panahong yao'y nagtatamasa rin ng malaking kabanugan sa mga sakristiya at kumpisalan.

Si Kapitang Pepe, tapat sa kanyang pamumulitika, ay nakikitungo sa Diyos, gaya ng pakikitungo niya sa mga tao. Kung gaano ang pagpapaulan niya ng mga regalo kapag may ninanais na makamit sa Kura, sa Alkalde, o sa Pamahalaang Sibil, gayon din naman kapag ninanasa niyang manalo ng malaking halaga sa sabungan ay naghahanda siya ng mga misa "solemne" sa sinusundang tatlo o apat na araw. Kapag nanalo siya ay nagdaragdag ng mga pamisa, namumudmod ng salapi sa mga sakristan, nagkakaloob sa Kura ng mga kapon at pabo; kapag siya'y natalo ay sinisisi naman ang sarili sa karamutan sa mga kandila, sa pagpapabawas ng bilang ng mahahabang dupikal ng mga batingaw, sa masamang tinig ng paring nagmimisa at dinadagukan ang kanyang dibdib nang makalawa o makaitlo at pagkatapos ay idinudukot ang kamay sa bulsa para sa ibang pamisang lalong maingay at lalong maraming pailaw, kaya't muling sumisilang ang kanyang pag-asa.

Ang taong ito, sapagka't sa wakas ay tao rin siya, ay walang kagalit na sinuman. Ang kanyang kabaita't kagandahang asal ay pinupuri ng mga manang maliban sa isa: siya'y pinupuri ng kura sa harap ng lahat at iniharap na uliran sa mga mayayaman at

makapangyarihan. Ang biyaya ng langit, sa katunayan, ay umulan sa kanya; ang kasunduan tungkol sa apiyan ay pinagtutubuan niya ng malaki; ang mga tinali niya'y halos lagi nang nananalo, at ang mga lupain niya'y lalong bumubuti.

Isang araw ay sinabi sa kanya ng isang uldog ng Orden Tersera na winika umano ni Hesukristo na lalo pang madaling makapasok sa butas ng isang karayom ang isang kalabaw kaysa isang mayamang makapasok sa langit; at dahil sa ito'y sinabi ng uldog sa isang paraang nakababagbag ng loob at tiniyak na nabasa niya sa isang nobena, si Kapitang Pepe ay nabalisa ng gayon na lamang at nagsadya upang sumangguni sa Kura Paroko. Inaliw siya ng kura sa pamamagitan ng mga salitang sumusunod, na sinabi nang buong kapormalan at sa napakasamang pananalag:

— Nararapat kang matutong magpakahulugan sa mga pangungusap ng ating Panginoong Hesukristo. Tinutukoy niya ang mga mayayamang hindi nagbibigay ng anuman sa Iglesia, hindi nakaalalang magpamisa, maglimos, magregalo. Nakita mo na, Pepe (dito'y nabagbag ang loob ng Kapitan) Sina Abraham, David at Solomon, Hob at iba pang banal ay ubod ng yaman, datapuwa't palibhasa'y hindi sila nakalilimot sa Diyos at nagpapamisa sa ikagagaling ng mga kaluluwa sa Purgatoryo, ay minahal sila ng Panginoon. Magpatuloy ka, Pepe (dito'y nagliligid ang isang patak ng luha ng pagkamairugin kay Kapitang Pepe) — magpatuloy ka sa iyong mabuting landas at huwag kang tumulad sa ilang tampalasan sa Diyos na hindi nagbibigay kailan man sa Iglesia. Tingnan mo, sasabihin ko sa iyo ang isang lihim na huwag mong ibubunyag kaninuman; ingatan mo sa kaibuturan ng iyong puso; ito'y sinasabi ko sa iyo sapagka't totoong minamahal kita (si Kapitang Pepe ay naiyak nang totoo) — Kagabi ay napanaginip kong ikaw ay dinadala ng mga anghel sa langit sa gitna ng mga kuwitis at paputok at ang mga masasama'y nahuhulog na pabalintuwad sa impiyerno at nakataas sa iyo ang kanilang mga bisig na anaki'y nagmamakaawa.

Ito'y sinagot ni Kapitang Pepe ng mga hibik, nag-iwan siya ng sampung tig-aapat na piso para sa isang pamisa ng pasasalamat, hinagkan ang kamay ng kura, at umalis.

Ang araw na siya'y gawing gubernadorsilyo! Ang simbang-baras ay naging araw na napakasaya para sa lahat ng mga sak-

ristan, mga kawani, mga natiwalag sa pamahalaan, mga karabintero, mga alguwasil at ... Kay raming mga papel de bangko. kay raming mga pabalsa!

Ang buong panahon ng kanyang pagkagubernadorsilyo ay isang pagdiriwang na walang tantan. Ang pamistang kasuutang tinabas ni Alberto Reyes ay nakikita sa lahat ng dako, sa araw at gabi, sa mga prusisyon, sa sabungan, sa pangungulo sa mga mamamayang taga-Binundok o sa mga insik na mamamasan, tagapaghatid ng hamon, pabo, mansanas, mangga, manok at iba pang maraming-marami. Ang mga ito'y mga palagiang kasa-kasama ni Kapitang Pepe, walang iniwan sa mga liktor ng matandang Roma, upang dumalaw sa maykapangyarihan sa Intramuros o sa Kapitan Heneral sa Malakanyang. Dahil sa mga ito'y naging matalik siya sa mga diyus-diyusan sa Olimpo, walang pagpapalagayang-loob, sa ilang may kadakilaan.

Sa loob ng panahon ng kanyang mga pagreregalo't paninikluhod, alalaong baga'y samantalang namamahala siya sa isang maliit na paraan, sa Binundok ay hindi nawala ang mga kahatulang lalong napabantog, mga kahatulang lalong katangi-tangi at iba't iba. Sakaling ang aming mambabasa'y hindi taga-Maynila, tatalakayin namin dito ang dalawa sa lalong hindi napabantog na makapagpapatangi at magpapakilala sa kanya.

May dalawang taong nagtatalo kung ang isa sa kanila'y nakapagpahiram sa ikalawa ng gayon karaming kuwalta. Ang ikalawa'y nagpapatunay na hindi umabot sa gayong halaga, at kapuwa nila pinagbabatayan ang mga kasulatan, katibayan, mga sulat, at iba pa, at sila'y nagkakainitan na.

* Ang "Makisig na Gubernadorsilyong" inilarawan dito ni Rizal ay nagpapaalaala sa atin ng asta, ugali, anyo at asal ni Kapitan Tiyago sa Noli Me Tangere. Ito, gaya ng sukat magunita, ay katulad din ng makisig na gubernadorsilyong tinawag sa lathalang ito na Kapitan Pepe, na isang ganap na alipin ng mga prayle at nagtatambak ng salapi sa mga pamisa, pista, hiyas at palamuti sa mga simbahan. Maliwanag na si Kapitan Pepe rito ay siya ring Kapitan Tiyago sa Noli.

6. — ISANG MALAYANG PALAISIP*

Sa boong buhay ko'y hindi pa ako nakakakita ng isang taong napakakamuhi-muhi na gaya ng isang malayang palaisip.

Sapul sa aking kamusmusa'y kinatakutan ko na siya at sa pagbibinata ko'y nakapanghilakbot sa akin. Ngayon, hindi ko malaman kung ano ang iisipin ko sa kanya.

Nang kami'y bata pa, kami'y nahirating pagpakitaan sa ilalim ng ngalang ito ng isang taong sinumpa ng aming banal na Relihyon o kung hindi man, ay ng aming mga pari, isang kaluluwang inaalihan ng demonyo, sa dahilang hindi umiisip ng gaya namin, ni gaya ng mga kinatawan ng aming Diyos. Nang nagbibinata na, nang katatalikod pa lamang namin halos sa mga larong pambata at sa kandungan ng aming ina, at iwan namin ang mga saranggola at mga kabayong kahoy, upang pakipagtalunan ang mga simulaing walang hanggan ng malinis na kaugalian, upang arukin ang kailaliman ng kaluluwa, upang maglahad at magpasinungaling sa iba't ibang pamamaraan ng pilosopiya, upang makapasok sa mga di-madalumat na dawag, na marahil ay maligoy, ng metapisika at pinangungunahan ng mga bihasang kamay, ay nakarating kami hanggang sa paglutas ng lahat ng kahiwagaang nakalatag sa landas ng buhay; nang, taglay ang pananampalataya sa kaluluwa, ang pag-ibig sa puso at ang pagtitiwala sa aming buong pagkatao, ay tinatanggap namin nang walang katutol-tutol ni pag-aalinlangan, nang walang sapat na pakikipagtalos ni pasubali, ang lahat ng sinasabi sa amin ng mga dakilang guro namin, ang lahat nang ipinakikilala sa aming bilang aral na dapat sampalayanan at di-namamali; sa gayon, puno ng liwanag at sigasig na makarelihiyon, ay dinapuan kami ng panghihilakbot sa mga tupang yaong naliligaw, na nakikilala sa tawag na *malayang palaisip* o *may malayang kaisipan*.

Mga palalo! — ang wika namin sa kanila; — mga kaluluwang walang laman at walang kapararakan, na walang tinatanggap maliban sa ipinakikilala ng inyong katuwiran; na nagmamatuwid nang hindi nanghahawak sa mga banal at nakapagpapalakas na

*Sa kuwentong itong sinulat marahil ni Rizal sa Madrid noong 1884, ayon kay G. Mariano Ponce, ay di malayang isinaalang-alang niya ang kaisipang naghahari noon sa Pilipinas na ipalagay ang mga malayang palaisip na mga taong karimarimarim, ang mga kaluluwa'y ipinagkanulo sa demonyo, at bilang mga kaaway ng Diyos ay tuloy-tuloy na nahuhulog sa impierno at pinarusahan magpasa walang hanggan, alinsunod sa sabi ng mga pari.

simulain namin; kayong mga hamak ang pang-unawa, maikli ang isip, hindi ninyo nababatid ang aming mga nagniningning na pananalig, ay! sa aba ninyo!

At sa ganyang napakalaking pagkaawa at pagmamatuwid ay nakikita namin silang pinarurusahan nang walang katapusan. Palibhasa'y wala kaming minamagaling kundi ang sarili lamang, gaya ng nararapat, sa lahat ng kasang-ayon ng katotohanan, na hindi maaari kundi iisa lamang, at ang lahat ng iba pa'y pawang kasinungalingan, kami'y lumalayo sa pagkahawa sa kanila, kami'y umiilag sa pakikiharap sa kanila, kami'y nagpipikit ng mata at nagtatakip ng tainga sa mga katha at mga salita nila.

Hindi ko tinutukoy dito yaong mga malayang palaisip dahil sa pagkahawa, sa pagsunod sa panahon, sa panggagaya o sa hawig; hindi; ang mga pagtutol at pagmamatuwid ng mga ito'y masisira namin sa dalawa o tatlong pagtatangi-tanging hindi nila karaniwang nasasakyan, at sila'y aming mapababalik na parang maaamong tupa sa aming bakuran, at sila'y mga kaibigan ding gaya ng dati. Ano ba ang magagawa nila sa amin, sa kami'y pinasuso ng katas ng pilosopiyang eskolastiko. Mga katoliko sapul sa ikalimang taong gulang, mga pilosopo sa ikalabing-apat, metapisiko sa ikalabinlima, at mga teologo sa ikalabing-anim, mga bagong David kaming nakapagpapabuwal ng mga Goliat na iyan nang napakadali, na ikinapapatunganga ng mga matatandang babae sa karunungan namin.

Hindi; hindi ko tinutukoy ang mga gayong malayang palaisip; hindi sila nararapat pagkaabalang pakipagtalunan ninuman. Ang tinutukoy ko'y yaong mga taong binitawan ng kamay ng Diyos, na nagmamatigas sa kasamaan, na nagpipikit ng mga mata sa liwanag, yaong mga nananalig sa kanilang sinasabi, na matamang nakapagwawari-wari at namamatay sa kahuli-hulihang dipagsisisi, gaya ng sabi ng aking guro. Ay! may mga mata sila'y hindi nakakakita; may mga pandinig sila'y hindi nakakarinig; ang puso nila'y parang batong hindi maaaring tamnan ni tubuan ng anuman.

Nagkaroon ako ng malungkot na kapalarang makakilala ng isa sa mga sawimpalad na ito, at bagaman sinikap kong lubos na siya'y mapagbalik-loob, ito'y hindi ko natamo.

Ang aking bantug na manggagamot, na tinatawag na dalubhasa ng kanyang mga kasama, ay isang taong malalim at malawak ang kaalaman sa iba't ibang sangay na bumubuo ng agham ng sangkatauhan. Habang wala siyang ginagawa kundi ang ipa-

liwanag sa akin ang araling itinuturo niya, siya'y hinangaa't pinagyukuan ko ng ulo; datapuwa't buhat nang sandaling siya'y manghimasok sa lupain ng pilosopiya at relihiyon ay hindi ko na siya pinakinggan at tinawanan ko na lamang ang mga pagpapaliwanag niya.

Gayon ma'y tiha may katuwiran siya: napakaliliwanag ng kanyang mga pagpapatunay at napakabibigat ng kanyang mga pagmamatuwid. Datapuwa't palibhasa'y nasanay ako sapul pa nang aking kamusmusan, hindi ako nahulog kailanman sa gayong mga mapanlinlang na anyo ng diyablo, at inilalaban ko sa pangyayari ang pananampalataya, sa pagmamatuwid ang aral ng simbahan, at kailan ma'y hindi ako kinulang ng pagkakataong makapagsingit ng isang pagtatangi na lubos kong ikinasisiya.

Bukod sa lahat ng ito, ang manggagamot na si L. ay may kaugaliang walang pagmamarangya nguni't hindi magaspang, mga kilos na likas at karaniwan, nguni't hindi kulang sa pagpipitagan, at ikinalulugod niya ang pakikipag-usap sa amin, ang pakikipagtalo maging sa pilosopiya nguni't kailan man ay hindi niya dinala ang panunuligsa sa aming pananampalataya; manakana-ka'y ipinaliliwanag ang sariling kuru-kuro niya, nguni't lagi namang pinakukundanganan ang mga pala-palagay ng iba. Kaya nga, kung siya lamang ay hindi natagpuan naming lalo pang makakalayaan kaysa inaakala naming nararapat, siya'y napamahal sana sa amin; datapuwa't palibhasa'y kaaway siya ng aking Diyos, siya'y nararapat ding maging kaaway ko.

Sa pagkamalas kong ang kaluluwang yaong lubhang mahalaga at mulat ay mapapahamak na walang pagsala kung sa pagkukulang ko ng pag-ibig kristiyano, ay hindi ko marapating turuan siya tungkol sa tunay na relihiyon, papaglagusin sa kanyang nahirimlang pag-iisip ang ilang sinag ng liwanag, nagtika akong matibay na siya'y papagbalikin ng loob, siya'y bahaginan ng mga katotohanang nag-uumapaw sa aking isip at sa aking puso.

At sa gayo'y sinamantala ko, isang araw na siya'y lubhang namamanglaw, na siya'y lapitan ko upang makipagtalo sa kanya at nang mapabalik sa mabuting landas. Kapag ang mga sakit ay tumataos sa kaluluwa, ito'y tandang ninanais ng Diyos na ang kaluluwang yao'y mahanda para sa mabubuting bagay. O gaya ng sinasabi ng isang dakilang mangangaral na dominiko na kinalulugdan ko nang ako'y bata pa: "Kapag ang malamig na ulan ng mga luhang makalangit ay pumapatak sa lupang tigang ng baog na puso't kaluluwa, ang mga patak ng biyaya'y nagpapataba

sa lupang tinigang ng init ng impiyerno, at sa gayon, ang tagahasik ng Simbahan ay maaaring makapagtanim sa mga nadilig na linang na yaon ng binhing maka-Diyos ng mga kautusan ng ating Banal na Inang Simbahan."

Ako'y naaalih na ng kaisipang makapagpapabalik-loob ako sa isang dakilang tao, at dahil dito'y magiging marapat akong mapatawad sa mga kasalanan ko; kaya nga, nang siya'y matagpuan ko, isang araw na nag-iisip nang malalim, sa kanyang halamanan, ay nilapitan ko siyang taglay ang balak na kayagin ko siya sa isang pagtatalo hinggil sa mga bagay na nauukol sa Diyos.

— Aba!—ang naibulalas niyang angkin ang katutubong katamis sa pakikipag-usap, nang ako'y makita niya—napapanahon ang pagkakaparito ninyo; tingnan ninyo ang sangang itong idinugtong sa ibang punungkahoy kung paano ang ginawa ng kalikasan . . . ka-hanga-hanga halos.

At siya'y nag-isip nang malalim.

— Ang Diyos ang ibig ninyong sabihin — ang nagmamadali kong pagwawasto sa kanyang sinabi.

— Maging ang Diyos o maging ang kalikasan, kaibigan, sa akin ay iyon din — ang itinugon niyang may malungkot na ngiti — Nababatid ninyong mabuti na isa sa maraming pagpapakahulugan ng mga pilosopong eskolastiko sa salitang lateng *natura* (kalikasan) ay *Deus* (Diyos). Sa anu't anuman, hindi ako nanghihimasok na makialam kung ang Diyos din ang gumagawa diyan o ang kalikasang itinalaga ng Diyos. Datapuwa't iwan natin ito, na isang suliraning tigang at walang anuman tayong makukuhang maliwanag; ang pag-usapan natin ay kayo.

— Huwag, huwag — aniko — bagkus pa nga'y ito ang dapat nating pag-usapan: ito'y isang pag-uusap na lubha kong ikinalulugod sapagka't marami akong natututuhan at pinatitibay ako sa aking mga pananalig.

Malungkot siyang ngumiti at sumagot:

— Isaysay ninyo sa akin ang anumang bagay na may kinalaman sa inyong bansa, na ibig na ibig kong makita, at gayon man, sa palagay ko'y mamamatay ako nang hindi ko makikita. Sa aking gulang . . .

— Sa inyong gulang — ang salo ko — ay hindi na kayo narapat mag-isip pa ng mga paglalakbay; may isang paglalakbay na nararapat ninyong pagkaabalang lalo, at ito ang ating pag-usapan.

— Ang paglalakbay 'bang iya'y nagawa na ninyo kailan man? — ang tanong niya na nahulaan ang ibig kong tukuyin.

— Hindi pa, nguni't ang iba'y nakagawa na niyaon, gaya rin ng gagawin nating dalawa.

— Natitiyak ba ninyo?

— Lubhang natitiyak ko.

— Nguni't paano ninyo nalalamang ang paglalakbay na iya'y ginagawa? Sino ang nagsabi sa inyo?

— Paano? sino? ... sino pa kundi ang ating banal na Inang Simbahan.

— At sa simbahan, sino ang nagsabi ng gayon?

— Si Hesukristo, sa kanyang mga Ebanghelyo.

— Sino ang maykatha ng mga Ebanghelyo?

— Ang mga apostoles.

— Natitiyak ba ninyo?

— Mangyari pa! Bukod dito ...

— Magaling, binabati ko kayo kung natitiyak ninyo; higit pa sa riyon ay hindi na makahihingi sa inyo ang Diyos, sa dahilang kayo'y gumagawa alinsunod sa inyong iniisip; kayo'y umiisip alinsunod sa inyong pananampalataya, at kayo'y sumasampalataya alinsunod sa inyong budhi. Ang Diyos ay hindi humihingi ng di-mangyari. — At matapos tingnan ang kanyang orasan ay inanyayahan akong sumalo sa kanya, sapagka't oras na noon ng pagkain.

— Napagkilala kong siya'y umiiwas sa lahat ng pakikipagtalos. Sa pagnanasa kong siya'y huwag mayamot, ay ipinagpaliban ko para sa ibang araw ang pagpapabalik-loob at inaasam-asam ko ang lalong mabuting kapalaran.

Ang lalong nakapagpapalakas ng aking loob sa gawaing isinabalikat ko'y ang pagkapansin ko na siya, bukod sa matuwid na patakaran hinggil sa kagandahang-asal, ay mayroon pang katutubong pagkakahilig o isang uri ng pagkakabuhos ng loob sa aming

banal na relihiyon. Ang kanyang asawa at anak na babae'y mga katoliko, nakikinig ng misa, nagkukumpisal, nakikinabang, at nangingilin tuwing ito'y iniutos ng Simbahan. Sa ganang kanya, bagama't siya'y hindi tumatanggap ng mga sakramento, ang pamumuhay naman niya'y sapat na uliran, wala siya ng anumang bisyo; gumagamot siya nang walang bayad sa mga mahihirap na binibigyan pa niya ng mga gamot, namumudmod siya ng mga limos, at hindi siya narinig na umupasala kailan man sa kaninuman, kahit na sa pamahalaang maaaring siyang lahat ng bagay na maaaring masabi.

— Totoong kahina-hinayang — ang nasasabi kong madalas sa aking sarili — na ang gayon karaming kabutihan ay mawalan ng kabuluhan at ang gayon kalawak na karunungan at gayon kalaking pagpapakahirap ay humantong sa impierno! — Sa katunayan, siya'y hindi ko nalilimutan sa aking mga panalangin, bagay na marahil ay nakatutulong pa sa pananatili niya sa gayong kalagayan.

Gaya ng aking sinabi, siya'y may isang anak na dalagang napakabait, maganda at napakamagiliwin.

Palibhasa'y nabuo na sa aking loob ang pagiging anino niya, ipinasiya kong lumigaw sa kanyang anak na dalaga upang sa ganitong paraa'y magkaroon ako ng lalong maraming pagkakataong makipag-usap at makipagkita sa kanya sa kanyang tahanan, at baka kung magkatuwang kami ng kanyang anak ay maakay namin siya sa mabuting landas.

Sasabihin ninyo sa aking ang landas na pinili ko ay may kahabaan; marahil ay may katuwiran kayo, nguni't yao'y siyang lalong tiyak. Ang lahat ng ito'y alang-alang sa pag-ibig sa Diyos!

Lumigaw nga ako sa kanyang anak na babae; datapuwa't itinadhana ng Diyos, upang ako'y subukin, marahil, na ang pag-ibig ko'y huwag niyang tanggapin, bagama't madalas kong iginiit sa kanya ang aking pag-ibig, madalas ko siyang dalawin, at madalas kausapin tungkol sa kalangitan at sa aking mga pag-asa. Dumating ang isang sandaling inakala kong ang diyablo, sa takot nitong matupad ang aking balak, ay humadlang, sa pamamagitan ng lahat ng kaparaanang maaaring gawin sa aking mga banal na hangarin, nguni't sa sandaling pagwawari-wari'y naunawaan kong hindi maaari ang gayon dahil sa katuwirang sumusunod. Ang diyablo, na napakamapaglalang, napakamanunukso, ay dapat sanang tumulong sa pag-iibigan namin, upang pagkatapos ay libangin ako, ilayo sa aking landas at patahakin ng ibang daan.

Sa pananalig ko, samakatuwid, na ang lahat ay kalooban ng Diyos, lalo't lalo akong sumigla sa paniniwalang ang bagay na yao'y tandang nagpapakilala na ang lahat ng aking ginagawa ay kalugod-lugod sa kanyang mga mata.

Sinamantala ko ang lahat ng pagkakataon upang makipagtalo sa kanya, at dahil sa siya'y lubhang maalam ng mga Banal na Kasulatan, ng mga Ebanghelyo at ng iba't ibang kinatha ng mga "santos padres," ay kinailangan ko ring mag-aral ng mga batayang ito ng ating Relihiyon upang huwag akong maiwan sa huli.

Hindi niya tinatanggap ang aral-kristiyano. Kinausap ko siya tungkol sa apat na impiyernong nasa gitna ng lupa sang-ayon kay Pari Astete at ako'y nginitian niya bilang katugunan. Tungkol sa mga ibang bagay, walang anuman siyang itinatanggi, datapuwa't hindi naman niya sinasang-ayunan ang lahat ng sinasabi ko.

Isang araw ay tinanong ko siya kung tayo'y may kaluluwa at kung ito'y kanyang pinaniniwalaan. Sinagot niya ako — Iyan ba'y pinaniniwalaan ninyo?

— Opo, ako'y naniniwalang may kaluluwa at kung paanong ito'y nabubuhay at kung bakit nabubuhay.

— Napakabuti, kung gayon — anya, at ako'y kinausap hinggil sa mga ibang bagay.

Datapuwa't minsan ay sinabi niya sa silid aralan na palibhasa tayo'y walang tiyak na kaalaman kung anong talaga ang bagay na nadarama (materia), hindi natin nasasaklawan ang mga katangian nito, kaya hindi natin maaaring itanggi sa kanya ang mga katangiang hindi natin nalalaman kung sa anong uri ng nilikha lamang maiuukol.

Sa ibang pagkakataon ay sinabi niyang ang tao'y nakauunawa ng mga kaisipan sa isang paraang nadarama at lagi nang sa ilalim ng isang kaanyuan, at ang tao'y walang tiyak na pagkaunawa kung ano ang kawalang katapusan ni kung ano ang kawalang hangga, at ang lahat nang kanyang nagugunita o nabubuo sa pang-unawa ay may pagkakatulad sa mga bagay na nasa labas.

Minsan, dahilan sa isang dakilang pangyayari ay sinabi niya sa gitna ng malaking kasiglahan na ang tao, upang mapanagot sa kanyang mga gawa, upang maging karapat-dapat sa gantimpala o sa parusa, ay nararapat gumawa, alinsunod lamang sa kanyang budhi't pagkaunawa, nang hindi napatatangay sa kuru-kuro ng iba,

sa dahilang sapul sa sandaling siya'y gumawa dahil sa lakas ng iba, ay nawawala sa kanya ang katangiang pagkamalaya at siya'y hindi gumagawa alinsunod sa kanyang sarili bagkus pa nga'y alinsunod sa iba. Datapuwa't pinaninindigan niyang ang budhi'y nararapat maging mulat, at maligtas sa anumang sukat makapilit sa kanya. Sinabi rin niyang ang Diyos ay hindi humihingi sa tao ng isang di-mangyayari, at sa dahilang ito'y hindi siya nag-utos na makitang puti ang itim o itim ang puti. Kung sinasabi ng aking pagkaunawa na ang isang bagay ay nararapat maging gayon, hindi ako dapat maniwalang yaon ay kailangang maging kaiba; ang ako'y mangatuwiran nang higit o kulang sa kaliwanagan, ay hindi nauukol sa akin; ako'y walang tungkuling maging pantas kundi isang taong may budhi at may pananalig; gayon ma'y hindi ko iniwawaksi ang liwanag kailan ma't ito'y makatatanglaw sa akin.

Napapansin kong bahagya nang nakaiisod ako sa dalawa kong nilalayan. Maging ang ama't maging ang anak na dalaga'y nanatiling nakatayo at hindi sumusuko. Datapuwa't napansin kong ang ama'y lalung lalong nagmamatigas sa kanyang mga kuru-kuro at ang anak na dalaga nama'y lumalambot araw-araw bagama't bahagyang-bahagya lamang.

Doo'y nakikita kong maliwanag na maliwanag ang kamay ng Diyos at naaabot ko na halos ang bunga ng gayon kalaking pagpapagod, nang isang araw ay nagkasakit ang ama upang hindi na makabangong muli. Isang binatang manggagamot, na madalas sa bahay na yaon, ang siyang pinagkatiwalaang gumamot sa maysakit; siya'y nag-aangkin ng malaking kabantugan at pinakukundanganan siya ng maysakit bilang manggagamot at bilang kaibigan. Ipagtaumanhin ninyong sabihin kong ako'y nagpuyat sa tabi ng hihigan ng maysakit ng dalawa o tatlong gabi, akong nag-aabang ng lahat ng sandali upang siya'y kausapin tungkol sa Diyos, maging sa pakikipag-usap sa kanyang anak, na lalong nagiging mapag-isip araw-araw, at lalong magiliwin din sa akin. Ako'y nagmamalasakit nang gayon na lamang dahil sa kanya, sapagka't nakikita ko sa kanya marahil ang pinaka-kasangkapan ng Diyos para sa mga kapuri-puring hangarin; at maaari kong tiyakin sa inyo ang kalinisan ng aking mga kaisipan. Hanggang ako'y nakahandang pakasal sa kanya kung ito'y naging kailangan, at lahat nang iya'y alang-alang sa pag-ibig ko sa Diyos.

Gayunma'y nakikini-kinita ng maysakit na nalalapit na siya sa hukay at ito'y madalas niyang ipahayag. Nagugunita ko pa

ang gabing sinundan ng kanyang pagkamatay. Noo'y nagkakati-pon kami sa silid-tulugan, siya na nasa kama, ang kanyang may-bahay, ang kanyang anak at ako.

Ang maysakit ay maputla, payat, ang pagmumukha'y malungkot at di-sukat malirip, Mahirap ang kanyang paghinga, nguni't kinamamasdan ng isang wari'y himig ng katiwasayang nagbibigay sa kanyang mukha ng katangi-tanging panghalina.

Ang may-bahay niyang nakaupo sa isang lukluka'y taimtim na nananalangin sa katahimikan; ang tingin niya'y nakapako sa kanyang asawa, nguni't anong tingin! . . . Namamalas ditong nagugunita niya ang buong kahapong maligaya . . . Ni isa mang kurus ay wala.

Ang anak na dalagang dalawang gabi nang hindi nakakatulog ay nakaupong walang kakilus-kilos sa isang malaking silya; pinagagalagala ang paningin nang walang anumang bagay na minamalas. Kay ganda niya sa aking paningin, sa kanyang pamumutla at mga matang nagmamakaawa. Kung ang maysakit ay naging katoliko lamang, marahil ay napagkamalan ko siyang anghel na tagatanod, na nagpupuyat sa dakong ulunan ng maysakit upang ipailanlang ang kaluluwa nito sa langit, datapuwa't sa kasawiang palad ay hindi maaaring gayon.

— Hali kayo — anang maysakit sa mahina nguni't magiliw na ting — magsilapit kayo: mahahalaga sa akin ang mga sandali . . . Nalalaman kong nalalapit na ang aking oras at sa loob ng ilang sandali'y makikita ko na marahil ang Diyos at makapapasok sa hindi ko naunawaan kailan man . . .

— Tunay — ang nagmamadali kong isinagot — kayo'y haharap sa Diyos kaya tumanggap kayo ng mga sakramento.

— Kaibigan ko — ang itinugon niyang kasabay ang bahagyang pagkilos at ako'y tinitigang may pasasalamat — salamat sa inyong mabubuting hangarin; nguni't huwag nating pag-usapan ang bagay na iyan . . . ako'y mamamatay at kinakailangan ko ang panahong ito upang maiukol sa aking pamilya.

Ang mga hibik ng ina't anak na kinuyom nang mahabang panahon ay hindi na napigilan.

— Bakit? Tumatangis ba kayong nangagsisipaniwala sa kabilang buhay? — ang naibulalas niya — ako ang nararapat tumangis palibhasa'y hindi ko nalalaman kung ano ang mangyayari sa inyo ...

— O! sa bagay na iya'y huwag kayong mabahala — ang maliksi kong ipinutol.

— Ano ang mangyayari sa inyo? — ang patuloy niya — Halika, anak ko, lumapit ka; idaop mo ang iyong mga kamay sa aking mga kamay ... nanlalamig ... sapagka't nalalapit na ang kamatayan ... hindi ko na nararamdamang mabuti ang init ng iyong mga palad.

— Tatay ... tatay! — ang tumatangis na sigaw ng kanyang anak na nanikluhod.

Ang asawa'y nakaluhod din sa paanan ng hihigan.

— Huwag kayong umiyak ... bagkus makinig kayo sa akin ... Sa malawak na pag-aalinlangan tungkol sa hinaharap ... ngayong kayo'y aking lilisanin, walang ibang bagay na bumabagabag sa akin kundi ang iyong kabuhayan ... dinggin mo, anak ko: natatalos kong ikaw ay umiibig, bagama't ito'y hindi mo sinabi sa akin kailan man, nguni't yao'y alam ko ... hindi ba totoo? ... kung gayon ...

— O, huwag ninyong pagkaabalahan ang bagay na iyan, ama ko ... kung siya'y hindi ninyo gusto, hindi ko siya iibigin.

Pumitlag ang aking puso at ako'y lalo pang lumapit upang makarinig na mabuti.

— Hindi, sa paano't paano ma'y hindi — anang maysakit — Ikinagagalak ko ang iyong pagkapili at ninanais kong ikaw ay pakasal sa kanya.

Maninikluhod na sana ako upang magpasalamat sa kanya, nang sa-bubukas ang pinto at sa-papasok ang manggagamot na balisang-balisa. Ang anyo ng silid ay ikinataka niya.

— Hinihintay kita, anak ko — anang maysakit sa kanya — halika, lumuhod ka ... sa ganya'y ipinagkakaloob ko sa iyo ang aking anak na dalaga ... siya'y gawin mong isang butihing maybahay ... binabasbasan ko ang inyong pag-iibigan.

At siya'y namatay.

Aywan ko kung ano ang nangyari sa akin; hindi ko na namalayan ang nangyari pagkatapos.

Tuwing ginugunita ko na ang kaluluwang yao'y napariwara magpasawalang hanggan at hindi ko siya nailigtas ... ako, na lubhang nagpagod ... ay! ang huli nang di-pagsisisi!

Ang parusang iginagawad ng Diyos sa mga malayang palaisip na yaon . . . Nakapangingilabot!

Buhat noon, sa pagkamalas kong ipinagkakait ng Diyos ang kanyang kamay sa mga sawimpalad na ito'y hindi na ako nangatangkang magpabalik-loob sa kaninuman. Mapahamak na sila!

At dahil diya'y kinailangan ko pang lumigaw sa kanyang anak na dalaga!

7. — KAUGALIANG PILIPINO*

ISANG ALAALA

May isang lunan sa malapad na kalawakang kinamamasdan ng araw, ng maririkit na panginorin, mga dagat, lupalop, pulo, batang-buhay, yungib, ibon, bukal, at bulaklak; sa isang kataga'y ang sandaigdigang nakangiti, malaki, masigla at dakila. Ang limbas ay tumatawid sa maraming magagandang pook at humahamon sa pagngangalit ng dagat na katulad ng isang napakalaking libingan o kaya'y ng isang dambuhalang may sanlibong bunganga, na nakangangang nag-aabang ng kanyang masisila. Ang mga abang ibong maliliit ay tumatalikod sa gayong maririlag na tanawin at nasisiyahan na sa mga kagubatang malililim at nagpapalipat-lipat sa mga sanga at mga bulaklak sa paligid ng kanilang mga pugad sa kaparangan.

Hayo, kung gayon, ibong may malakas na lipad upang pumailanglang sa matataas at bilog na mga alangaang ng langit at ng liwanag; kami'y nasisiyahan na sa pagpapasyal sa mga parang ng kamusmusan at ng kabataan at sa pagtawag sa mga mahal na anino ng nakaraan: ang mga alaala. Oo, tatawagan namin ang mga alaala; tatawagan namin ang mga nilikhang naiidlip doon sa malungkot na guhit-sudlungan¹ ng alaala, nababalot ng mahiwagang kayong manipis ng panahong nagpaparami ng mga kagandahan at nagpapaunti ng mga kapintasan, at parang isang kadiyusang masakim at mapanibughuin, inuudyukan niyang kapootan natin ang kasalukuyan upang walang pakalunggatiin kundi ang nakalipas; tatawagan namin yaong mga nilikhang may kalikasang pampapawirin, pagbibigay-anyo sa bagay na di-maliwanag, matamis at maramdamin na katulad ng mga sirena² ng dagat-dagatan at ng mga "silpide"³ ng hangin, na sumisilang at dumarami habang dumarami ang mga taon natin, mga pagbabagung-anyo marahil ng

* Ito'y salin sa tagalog ng artikulong "Las Costumbres Filipinas — Un Recuerdo". Hindi nalathala sa alin mang pahayagan, at hindi tapos. Ayon kay Mariano Ponce, iyon ay sinulat marahil sa Madrid. Hindi alam kung kailan. Marahil daw ay sa pagitan ng mga taong 1884-1886. — *Vida y Escritos del Dr. Jose Rizal*.

1 Guhit-sudlungan — horizon.

2 Ito ang ipinalalagay na nimpa o malina sa dagat. Sinasabing sa dagat ay may tumitirang isang uri ng lamandagat na ang mukha at katawan mula sa baywang-paitaas ay mukhang babae, at mula naman sa baywang-paibaba ay mukhang isda.

3 Silpide — (sylph) — katumbas ng nimfa o malina sa lupa; isang batang dalaga, payat at marikit.

ating mga yumaong hiraya;⁴ sa biglang sabi'y yaong mga bagay-bagay na kapag tayo'y tinatakasan na ng lahat ng bagay — lakas, pananalig at sigla — ang mga mahabaging kaibigan ay magdaratingan upang umaliw sa atin sa mga pangungulila sa buhay.

Ah! datapuwa't kami'y naghahanap ng mga bagay na walang halo at ang natatagpuan nami'y isang daigdig na napakalaki at patuloy pang lumalaki't umiikot sa paligid, doon sa isa pang alangalang na walang hanggan ng alaala. Anong daigdig ito na nagwangis sa sarili ng lahat ng mga guho ng kasalukuyan at ng mga haka-haka tungkol sa panahong darating! Naroroon ang daigdig na panlabas nguni't lalong kamithi-mithi, lalong mababa, lalong malungkot o lalong dakila kaya, alinsunod sa salaming ginagamit sa pagtingin o sa pagkilala. At makakaya kaya naming saklawin ang lahat, at kaming mahinang Atlas,⁵ hindi kaya matiris sa ilalim ng kanyang malaking bigat?

Kung gayo'y tutukoy kami ng ilang gunita lamang o kaya'y kahit na isa lamang. At ngayong kami'y inilalayo ng panaho't kalawakan sa pook at sa mga tauhan, kami'y malulugod sa paglalarawan ng mga yaon at sa pagbibigay ng buhay sa kanila, at sila'y magsisilbing kababayan namin sa malalayong bansa. Ang mga yao'y kalugud-lugod na sinag ng umaga, ng isang araw: sa paggunita sa kanila'y maaaring sadyang masiyahan ang isang tao, kapag sa pagdadapit-hapon ay nagdidilim ang langit at ang sigwa'y nagbabala sa malayo.

II

Noon ay buwan ng Abril ng 187 . . . May ilang araw pa lamang akong nakalalabas sa Dalubhasaan. Gaya ng lupa't katulad ng mga parang, ako noo'y nasa tagsibol ng buhay; ako'y may labing-anim na taong gulang at nangangarap sa mga hirayang pinakamimithi. Sa akin ay parang mabuti ang lahat, marikit at makalangit gaya ng mga simoy ng hangin sa umaga, gaya ng mga ngiti ng sanggol, o kaya'y gaya ng mga mahiwagang pag-aanasan ng mga bulaklak. Ang mga alaala ng Dalubhasaan, ng aking mga guro, mga kaibigan at mga kasama, ng mga aralin, mga paglililiwaliw at pamamasyal ay hindi pa nakakatkat sa aking gunita at siyang lagi

4 hiraya — illusion.

5 Si Atlas, ayon sa katha-katha, ay isang hari sa Mauritaniya na pinarusahan ni Perseo na maging isang bundok at siyang papasan ng daigdig.

nang umuukilkil sa lahat halos ng mga kaisipan ko. Anong mga pangarap at anong mga balak ang binabalangkas ko noon! Naki-kita ko ang daigdig sa pamamagitan ng isang salaming nagpapaganda't nagpapamatulain sa lahat ng bagay; yao'y nakikita ko sa pamamagitan ng aking guniguning hindi pa nasusugatan ng kahit na kaunting kabiguan, at sa wari ko ang tanang mga tagpo at mga tauhan niya'y pawang karapat-dapat sa pag-ibig, pamimintuho at pagpapakasakit. Palibhasa'y bata, ako'y nananalig na sa aking landas ay hindi ako makasusumpong ng mga kalunus-lunos na dula't trahedya, bagkus pa nga'y mga tula tungkol sa buhay sa bukid at pagsisintahan, nananalig ako sa kabutihan at kung mahina man ang loob ko, kung ako'y may katutubong pagkamatakutin kapag nagmumuni-muni tungkol sa kasamaan, na sa akala ko'y kinakatha lamang upang may maihambing sa kabutihan, ang sanhi nito'y sapagka't may dalawang pagkatao sa akin: isang katutubo na mapagtiwala, masaya at nakahandang padala't parahuyo sa unang kasintahan, at isa pang di-likas, hinubog, kung matatawag ngang ganito, mapaghinala, mainggitin, na siyang naging bungang walang pagsala ng pagtuturo at ng mga haka-haka. Ito'y siyang pinagbubuhatan ng mga pakikibaka, at pagkatapos, ng mga pag-aalinlanga't pag-uurung-sulong, at kung magkataong manaig ang kalikasan, ang natatamo lamang ay isang bulaang tagumpay at ang nakukuha sa pakikibaka, bilang mga tandang di-mapapawi, ay isang pagngingitngit, isang kalumbayang supling ng di-matiyak na mga hangaring hindi nasiyahan. Kung nang panahong yao'y may isang malikmatang napamalas sa akin at sa paghula sa aking mga hangarin (na ako man ay hindi nakauunawang mabuti), ay nangakong bibigyan ng kasiyahan ang mga yaon, walang pagsalang ako marahil ay nagpabayang akayin niya kahit na ito'y nalalaban sa lahat kong pala-palagay at sa aking mga pag-iingat.

Sa ganitong kalagayan ng damdamin na siyasatin man kung nasa-harap ay walang mapapala at nakikilala lamang kapag nakalipas na, katulad ng mga diyosa ni Virgilio na nakikilala lamang sa pamamagitan ng liwanag at halimuyak na iniwan, ay pinaraan ko ang mga araw ng pagpapahinga sa piling ng aking angka sa aming magandang bayan. Ang aking mga paglilibang ay karaniwan at katulad ng kinamulatan: paliligo sa mga bukal at batisan, pangingsda sa ilog o sa lawa o paggala sa mga bukirin na nakasakay sa isang makisig na kabayo.

Sa gayon, isa sa mga unang araw ng buwan ng Abril na ito, ako'y naligo sa isang bantog na batisan ng isang kanugnog na bayang nasa baybay-dagat na gaya ng bayan ko. Lulan ng isang matuli't bagong karumatang hinihila ng isang kabayo ay tinunton ko ang makitid na daang patungo roon. Ang mga bukiring natatamanan ng tubo, na noo'y pinagyayamungmungan ng magagaan, nahuhutok, at mayayabong na kawayan, ng luntia't mataas na Makiling, ng magara't masangang kupang, ng mga kubo, mga bukal — lahat ay pawang lumulunod sa akin, hindi ng pagninilay-nilay ni ng mga pagkukuru-kuro kundi ng isang parang pangangarap ng di-madalumat na kagalakang nadarama at ikinasisiya at nawawala sa sandaling ito'y tumataas at nagsasabog sa lahat ng dako ng liwanag at iba't ibang kulay, ay nangangako ng isang araw na maningning at maalinsangan. Ninais ko sanang pigilin ang araw sa kanyang umaga hindi dahil sa dakilang layuning maigupo ang limang hari, kundi dahil lamang sa pagnanasang makapagtamasa ng lugod at ng liwanag. Datapuwa't ni ang araw ni ang mga taon ay hindi na maaaring pigilin gaya ng sa mga kapanahunan ng bibliya, at tayo'y dapat sumunod, kahit na ito'y mapait sa ating pagkaka-wili sa lugod, sa di mababagong takbo ng Tadhana.

Pagkalampas sa mapanganib na daang makipot na naghihiwailay at humahangga sa bayan ko't sa bayan ng M⁶ . . . ay tumatambad sa paningin ang isang kaiga-igayang tanawin. Ang simbahan ng bayan at ang bahay-pari sa malayo ay nasa gitna ng mga puno ng niyog at kawayan; sa dakong kanan ang dahilig ng bundok; at sa dakong kaliwa ay malawak na lawa, tahimik at payapa, nagsusugo sa baybayayin ng kanyang mabibilis na along namamatay na bumubulung-bulong sa magandang buhangin. Isang malamig na simcy ang nagpapagalaw sa mga nagniningning na dahon ng mga punung-kahoy, malalaki at mumunti, na nasa tabi ng nag iisa't ilang na daan. Ilang kambing at tupa ang nanginginain sa masaganang damong malapit sa baybayin.

Matapos na malakbay ko ang sapat na agwat ay tumigil ako sa isang maliit na bahay sa tabi ng daan. Ang bahay na iyon ay malinis at malamig na tulad ng babaing tagalog sa mga dalampasigan ng Pasig, naliligid ng mga puno ng langka at bayabas, sa pagitan ng mga palmerang nagtatangkara't nagtataasan, at para-parang nághi-

6 M . . . — Mainit, ito ang karaniwang tawag sa Los Baños, Laguna noong panahong iyon. (Dr. L. Lopez-Rizal.)

hintay sa maliligong nananabik sumisid sa malamig na tubig ng batisang kanugnog. Sa mga paligid niyon ay nalalanghap ang isang kapayapaa't isang katahimikang lalo pang pinagiging kawili-wili ng lagitik ng mga kawayan, iyang musika ng mga kagubatan sa Pilipinas, na nagdudulot, ang wika nga, ng isang tugtuging matahimik.

Bumaba ako't gumayak upang maligo.

May isang landas na nagsisimula sa daang nasa-harap ng kubo, at nangingilid sa Dampalit,⁷ at sa agwat-agwat ay may mga sangang dinaraan upang lumusong sa tubig. Sa magkabilang pagisan ng batis na hindi naman gaanong matataas ay tumutubo at yumayamungmong ang lahat ng mga supling ng malalago't pangmainit na halaman doon. Ang mga puno ng kawayan, saging at papaya na nangagkakakabit-kabit sa pamamagitan ng kanilang mga sanga o kaya'y maraming iba't ibang baging, dapo at punungkahoy ay bumubuo ng isang luntiing bilog na pinakabubong na nagbibigay ng nakalulugod na lilim sa batis at nagkukupkop dito laban sa araw at hanging. Sa paanan ng mga punung-kahoy na ito, ay nakaduklay na humahalik sa tubig na anaki'y bubog at nagpapa-giwang-giwang ang napakaraming halaman at maliliit na puno na sinasalitan ng mga maliliit na bulaklak na dilaw, pula't bughaw. Sa ilalim ng malilim na habong na yaong yari sa mga sanga ng halaman ay umaagos na paliku-liko sa pagitan ng mga batong nasasabugan ng tanak na buhangin ang bahagya nguni't malamig at malinaw na daloy ng tubig.

Tatlong babaing nagkakaumpok at nakaupo sa malalaking bato ang naglalaba ng mga damit at gumagambala sa katahimikan sa pamamagitan ng mga magkakasabay na lagapak ng kanilang mga pamalu-palo. Lumayo ako sa gayong ingay; sumalunga ako sa agos ng tubig upang humanap ng lalong mabuting pook. Habang ako'y sumusuba, napapansin kong nagiging lalong mapanglaw at lalong malamig ang saluysoy; ang mga halamang bu-laklak ay nagiging lalong magaganda't sari-sari; at lumilipad nang dala-dalawa o kaya'y naghahabulan ang mga nag-iibigang paruparong may iba't ibang kulay, mga tutubing bughaw, pula, ubi, at iba pa, at iba't ibang kulisap, na pawang nangagsasaya sa gitna ng mabulaklak na Edeng yaon. Sa pagmamasid sa mga bulaklak ng hangin na nagsisipailanlang sa ibabaw ng mga bu-

⁷ Dampalit — isang ilog o sapa sa nayon o pook na may ganitong pangalan sa Los Baños. (Dr. L. Lopez-Rizal)

lalak-parang, sa pagkarinig sa kanilang nakababagot at naka-pagkakasakit na huni ng lugod at awit ng kagalakan, ng kagalakang marahil ay sanhi sa kaiklian ng kanilang buhay, ang tao'y maaaring magkaroon tuloy ng matuwid na sila'y kainggitan kung ang tao'y walang ibang layon.

Sa gayon ako naligo at sumalunga sa agos ng batis. Nakaramdam na ako ng pagkapagod nang sumapit sa aking mga pandinig ang isang sariwa't matinis na tinig na humuhuni ng isang masayang awit. Ang liko ng batis sa dakong yao'y mabagsik, bagay na sa aki'y nag-udyok na magpalagay na ang umaawit ay lubhang malapit. Sa nais kong siya'y makilala ay ipinagpatuloy ko ang pamamasyal sa tubig at anong kasiyahang pagkamangha ang noo'y natambad sa aking mga mata.

Siya'y isang dalagitang sa malas ay may labing-apat hanggang labing-anim na Abril, maputi ang kulay, balangkinitan para sa kanyang gulang, nakalugay ang maitim na buhok na umaabot halos sa kanyang sakong. Ang suot niya'y isang pulang saya na nakapulupot sa ibaba ng balikat. Isang tapis na itim na nasa-ibabaw ng saya ang siyang lalong nagpapalitaw ng hubog ng kanyang katawang-dalaga; isang puting tuwalyang mahimulmol ang nakabalabal at nagtatago ng kanyang bilugang balikat. Ang kabataan, iyang katha-kathang kaibigan ng babae't ng pag-ibig, ay nagdudulot sa kanya ng di-madalumat na panghalina.

Sa malas ay tinutugis niya ang isang paruparo.

Sa layong ilang hakbang sa kanya ay may isang matandang babaing may pitumpung taon ang gulang na nagpapabula ng gugo sa isang palanggana. Sa paligid niya'y may isang buslo ng bungang-kahoy, mga damit, at iba pa.

Dahil sa ingay ng aking paglakad ay kapuwa sila napalingson sa akin: ang matanda'y parang nagtatanong at nagtataka, ang dalaga'y nagitla't namumula. Ang una'y nagpatuloy ng kanyang ginagawa at ang huli'y tumigil ng pag-awit. Nagpugay ako sa kanila nang kimi at pipi. Malamig na tinugon ako ng matanda at magiliw naman ang dalaga. Nang mapansin ng dalagang walang katagang namumulas sa aking mga labi. siva'v nagpatulov sa nag-huli sa paruparo.

Napatda ako't nagulumihan sa harap ng dalagang iyong kung wala lamang kasama'y napagkamalan ko sanang siya'y "Nayada"⁸ ng batisan.

Tinangka kong umurong, nguni't parang may pumipigil sa aking pagbabalik; nais kong magpatuloy nguni't aywan ko kung bakit ako'y pinapanawan ng lakas ng loob. Ako'y nalito sa gayong alanganing katayuan. Sa wakas, ako'y nagpasiya; at may kasamang pagpupunyagi, ay sinubok kong lumakad.

Halos nakadalawang hakbang lamang ako nang ang dalaga'y magtanong sa matanda:

— Mayroon na kayang ikasampu, impo? — ang tanong niya.

— Marahil, Minang⁹ — sagot ng impo pagkatapos na tumingin sa puwang ng makapal at bilog na bubong, na binubuo ng mga sanga, upang tanawin ang araw — kaya halika na't maggugo nang tayo'y makauwi.

— Sandali lamang, impo. Huhulihin ko lamang ang paruparong ito at pagkatapos ay uuwi na tayo.

At lumayo siya, sinundan niya ang paruparo. Nagkaroon ako ng panahon upang siya'y pagmasdan at suriin. Ang mukha niya'y kahali-halina at magiliw. Sa kanyang mukhang hugis-itlog ay namumukod, sa biglang malas, ang dalawang malalaki't maiitim na matang nayuyungyungan ng mahahabang pilikmata; ang noo niya'y makinis at malinis; ang bibig ay nakararahuyo at parang lagi nang nagpapahayag ng isang samo o isang nasa.

Bukod diyan, tila pinaglalaruan ng paruparo ang pananabik at pag-iingat niya. Dumarapo sa isang bulaklak na parang nag-aantabay sa kanya, pagkatapos ay lumilipad at lumalayo nang buong tulin; pagkatapos pa, waring nag-aanyaya sa kanya, iyon ay lumalapit at dumaraang halos nakikiskis sa kanyang maalindog na mga labi; kung minsa'y pumapailanglang, kung minsan nama'y tinutunton ang mga bilog sa kanyang paligid, mamaya'y sumasa-

⁸ Nayada — ayon sa mga taga-Gresya, ang "Nayada" ay nabibilang sa uri ng mga malina, tumatahan sa mga bukal ng tubig, batis at ilog, at sinasamba ng mga di-binyagan.

⁹ Minang — palayaw ng isang binibini. Walang tala ni nakaalam kung sino siya. Malamang na isang katha lamang.

sayad sa tubig, mamaya'y tumitigil kayang sandali sa isang sanga upang sa isang kisapmata'y lumipat sa iba; lagi nang mapaglaro at sumpunging walang iniwan kay Galatea ni Virgilio. Ang lahat ng pag-babagu-bagong kilos na ito'y pawang nakahuhugot sa dibdib ni Minang ng iba't ibang bulalas.

Sa ganang aki'y hinagad ko rin naman at sundan ang ibang paruparo at sa maiingat na hakbang ay nilibot ko ang batisan.

Sa wakas ay dumapo ang bulaklak ng papawirin sa isang maliit na bulaklak na umuuguy-ugoy sa pampang ng batis. Nakahilig na paharap, siya'y maingat na lumapit na ang kanang kamay ay nakaakmang sumunggab sa malikot na kulisap, samantalang ang kaliwang kamay ay may anyong parang nagsasabi ng: hintay ka. Marami nang taon ang nakararaan ay tila nakikita ko pa siya sa gayong katayuang kaakit-akit sa gitna ng gayon karaming mga bulaklak. Halos naaabot na niya ang maningning na mga pakpak at siya'y nag-uukol ng gayon na lamang na pag-iingat, at nagpipigil ng paghinga; kaya ang mga hubog-kandilang daliri niya'y nakikitang nangiginginig, na para bagang maaaring kuyumusin ang mga kulay na iyong parang tersiyopelo.

Datapuwa't aywan kung sa anong kahangalan ko'y nadupilas ako, at ang napakalakas na ingay na ibinunga'y ikinagulat ng paruparong kapagdaka'y humagibis ng paglipad.

— Naku! — ang bulalas niyang sa mga mata'y nalalarawan ang hapis at panghihinayang. At ako'y inirapang puno ng pagsisi at paratang. Pagkatapos, nakahinto at nakalaylay ang mga bisig, siya'y nagbulay-bulay kung paanong nawala sa pagitan ng mga likawlikaw na sanga ang layon ng kanyang pagtugis, at sa kanyang magandang mga labi'y sumungaw ang isang malungkot na ngiti.

Ako'y nalito at napahiya at tinatanaw ko rin ang paruparo. Ibig kong magbigay ng mga pagdadahilan at humingi ng paumahan, ngunit wala akong mahagilap sa sandaling iyon. Siya'y bumalik at nagbubuntung-hiningang lumapit nang marahan sa kanyang impo.

Sa gayon, yumari ako ng isang pasiya at lumayo. Sa layong ilang hakbang ay nakakita ako ng dalawang paruparong lumilipad na nanginginig sa tuwa't pag-ibig. Nang mamalas kong sila'y napakaririkit, nagsisintahan, napakasasaya sa paglilibot at pagka-

katagpo sa kanila sa alangaang, ako'y nahabag na ipahamak sila, ang kanilang mga araw at kaligayahan dahil sa pag-ibig ko sa sarili. Sila'y lumipad na nagpapahayag marahil ng kanilang pag-ibig.

Sa malabis na pagtingin sa sariling kagalingan, ay tinugis ko sila, at sa loob ng ilang sandali ay nahuli ko ang isa. Ang puso ko'y sumikdo sa tuwa, gayunma'y nagpatuloy ako ng pagtugis sa ikalawa; hindi nagtagal ay nahulog din ito sa aking mga kamay.

Ang nagtamo sa mga palarong olimpiko ng walang-kamatayang laurel at umuwing lulan ng isang lumalangitngit na karwahe sa kanyang tinubuang bayang naghihintay sa kanya, ay hindi hihigit sa kasayahan ko na may taglay na dalawang sawing walang kasalanan. Binabalangkas ko kung ano ang aking sasabihin at inihahanda ang mga magigilas na pangungusap. Namatyagan ko siyang nagpipilit na bumiyak ng isang buko. Walang pag-aalinlangang ako'y napansin niya sa dahilang ibinaling ang mukha sa akin. Nang makita niya ang dalawang paruparong maingat kong hawak sa dalawang kamay, ay napasigaw nang bahagya, nginitian akong puno ng pasasalamat at tumindig.

Lahat ng binalak kong sasabihin sa kanya'y nalimutan ko at wala akong nasabi kundi ang sumusunod:

— Binibini — aniko sa wikang Tagalog. — Kayo'y makahuhuli na sana ng isang paruparong matagal na ninyong tinutugis; isang kahangalan ko ang umagaw sa inyo ng gayong katuwaan. Kung mamarapatin ninyong tanggapin ang mga paruparong iniaalay ko sa inyo, kayo'y makagagawa ng isang dakilang biyaya sa akin. Tanggapin ninyo ang mga ito, na bagama't hindi lubhang maririkit ay dalawa naman.

— O, lalo pa ngang maririkit ang mga ito — anya at kinuha ang mga paruparo't kanyang sinuri — kayo'y pinapasalamanan ko nang marami sa pagpapagod na inyong ginawa ... Dinaramdam kong tinotoo pala ninyo ang isang nakahumalingan ng isang batang babae at ako'y magpapasalamat pa sana sa inyo dahil sa ako'y sinansala ninyo sa paggawa ng isang kalupitan; at maniniwala na sana, na ako'y inyong pinatawad. Neuni't — ang patuloy niyang nagbago ng himig at nakangiti nang bahagya — napansin kong kayo'y sanay manghuli.

— Binibini — ang tugon kong taglay ang mahigit sa kaunting pagtitiwala — ang kasanayan ko'y nababatay sa maningas kong nasang makapagbigay-lugod sa inyo.

— Ako man ay may napakaningas na pagnanasa, nguni't gayunma'y nakita ninyong ang pagnanasang yao'y nawalang-saysay. Ay, nguni't ako'y lubhang natulig na yata. Matagal nang nasa-akin ang mga paruparo'y hindi ko pa kayo napasalamatan. Nalalaman ba ninyong ang mga ito'y totoong napakaririt?

— Hindi ninyo mahahaka ang aking kasiyahan sa pagkakamalas na sila'y nakalulugod sa inyo.

Ako'y pinasalamatan niya sa pamamagitan ng isang sulyap at humandang ipagpatuloy ang kanyang ginagawa matapos na mabalot sa kapisang papel ang dalawang paruparo.

— Baka kayo masugatan — aniko, at kinuha ko ang kutsilyo at ang bukong nagtataglay sa balat ng mga tanda ng walang kabuluhang pagsubok.

— Maraming salamat, nguni't kung bayaan ko kayo, hindi kaya ito maging pagmamalabis sa inyong kagandahang loob?

— Sa ano mang paraa'y hindi — ang pakli ko.

— Mag-ingat ka, Minang, — ang sigaw ng impo — sa paglalaro ng mga paruparo.

— Binalot ko sila, impo. — At bumaling siya sa akin: — Tootoo ba — ang dugtong niya — na ang napakaririlag na mga pakpak na ito'y nakabubulag dahil sa kanilang bulo?

— Maaari ngang maging gayon; datapuwa't tayo'y sinangkapan ng kalikasan ng mga pilikmatang humahadlang sa mga napakaliliit na bagay na makasasama. At lalo't higit kapag ang mga pilik-mata'y totoong mahahaba, ay maaaring pumanatag ang sinuman laban sa ano mang kapinsalaan.

At iniabot ko sa kanya ang buko, o sa lalong tumpak na sabi, ang dalisay na tubig na nalalaman sa basong iyong ginawa ng kalikasan.

Ito'y inihandog niya sa kanyang impo, na nagpasalamat naman. Pinakiusapan niya akong uminom, nguni't ako'y tumanggi at hindi ako uminom hanggang hindi muna siya nakainom.

Kami'y nagkakaniig, na kung di man nang may kapalagayang-loob, ay may malaking kaluwagan at katapatan. Dahil dito, ang impo niya'y madalas na napapatingin sa amin, at may anyong parang nagsasabing: Kay daling naging magkaibigan ng mga batang ito!

At may katuwiran siya! Walang gaya ng kamusmusan o ng kabataan sa paghigpit ng pagkamagkaibigan. Sinuma'y makapag-sasabing sa gulang na iyan, ang mga puso'y totoong puno ng pagtitiwala't damdaming masintahin, kaya sa bahagyang pagkakadaiti'y kagyat na kumakalat. Kung hindi kayo naniniwala ay sumakay kayo sa malalaking sasakyang-dagat na gumagawa ng mahahabang paglalakbay at dumadaong sa iba't ibang pook. Doo'y makakikita kayo ng mga lalaki't babae ng lahat ng lahi't bansa, maririnig ninyong sinasalita sa lahat ng dako ang pranses, ingles, kastila, aleman, italyano at iba pa. Sapul sa unang araw, ang mga batang hindi nag-aakalang sila'y nasasailalim ng isang watawat bagkus pa nga'y nag-aakalang sila'y mamamayan ng daigdig ay nagtitipun-tipon, naglalarong magkakasama, nagtatakbuhan, nagsisigawa't nagkakaguluhan, at kung sila'y nagtataka dahil sa hindi sila nagkakaunawaan sa sariling wika, ang ginagamit nila'y ibang wikang pandaigdig gaya ng wika ng katuwaan at ng puso. Ang mga dalaga't binata, ay! sila'y gumagaya na sa mga taong magugulang, nagpaparaan ng ilang araw, at ang pagkakaibigan nila'y nagiging matalik, humigit-kumulang, sang-ayon sa kung sila'y nagkakaunawaan o kaya'y nagkakagaan ng dugo. Sa kabilang dako, upang ang mga lalaking may ganap na gulang ay mag-usap ay kinakailangan ng isang pangyayaring hindi sinasadya o sila'y pagkilalanin ng ibang taong nagiging parang tagapanagot ng pagkamarangal ng ipinakilala niya. Sila'y mga taong ganap sa gulang at may karapatang maghinala sa isa't isa!

Pagbalikan natin ang matigatig na sulyap ng impo. Sinasabi kong wari'y aking nararamdaman na iyon ay patama sa akin, lalung-lalo na nang siya'y tila tumingin sa araw na noo'y nagpapalagos ng ilang sinag sa pagitan ng mga dahon, at bumulalas:

— Mag-iikalabing dalawa na pala ng tanghali, Minang; tanghali na at kailangan nang tayo'y umuwi. Tipunin mo ang iyong mga damit at magbibihis tayo doon sa dampa sa harap.

Sinimulan niyang tipunin ang kanyang mga hiyas at iba pang gamit, isinuot ang magarang bakyang yari sa Binyang, ibinalot

sa nakasuot na damit na pampaligo ang isang balabal na yari sa Iloko, at gumayak sa pag-alis.

— Kami'y nakatira sa bayan; kahit na dadalawang araw pa lamang kaming dumarating dito, kahit na walang ayos ang aming bahay, ay inihahandog namin sa inyo.

— Gayon din po naman, binibini. Sa kalapit-bayan, at saan man ako mapadako, kayo'y mayroon at may maibibilang na lalong abang lingkod.

— A, kayo pala'y taga K¹⁰? Buhat dito'y natatanaw ang simbahan ninyo at iba't ibang gusali.

At binuksan niya ang isang magarang payong at iniabot sa akin ang kamay upang magpaalam.

— Ako man ay uuwi na rin — ang tugon kong nagpugay — at kung ako'y inyong pahihintulutang sumama, ikararangal kong maghawahak ng inyong payong.

Tinipon ng matandang babae ang palanggana at ang damit, nguni't siya'y hindi pinayagan ng dalaga. Dinala nito ang buslo ng bungang-kahoy at sa pamanhik ko'y ipinagkalooob sa akin ang iba.

Tinunton namin ang landas na sinabi kong namamaybay sa saluysoy at lumabas kami sa daan at lumakad hanggang sa kubong nasa-harap. Malugod silang pinatuloy ng may-ari ng kubo, na nararapat makakilala sa kanila.

Pinasingkawan ko ang kalesa upang sila'y ihatid sa bahay nila, sa dahilang ipinanggagara ng araw ang isang nakasisilaw na liwanag at di-matitiis na init.

Sa loob ng madaling panahon ay lumabas siyang nakabitin ng pangkaraniwan. Isang sayang yari sa pulang perkal, isang tapis na seda, isang puting barong yari sa kayong manipis at isang panyong may kulay ang bumubuo sa kanyang gayak. Sa kanyang mga taingang maliliit ay nakabitin ang dalawang malalaking perlas na parang mga butil ng mais. Ang buhok niyang nakalugay at nakabuhol sa dulo'y tumatakip sa balikat niya.

10 K . . . — bayan ng Kalamba, Laguna.

Inialok ko ang karumata upang sila'y ihatid sa kanilang bahay. Tumanggi siyang nagpapasalamat.

— Huwag ninyong akalaing yao'y makaaabala kahit na bahagya sa akin — ang idinugtong ko. Dahil sa mahigpit na pangangailanga'y nararapat akong pumaroon sa bayan at maaari ko kayong itigil kung saan ninyo nais. Isa pa'y ipinaaala-ala ko sa inyo na hindi mabuti ang mabilad sa araw

— May katuwiran ang ginoo — ang salo ng impo. Sasaman-talain natin ang pagkakataong ito upang ihandog sa kanya ang ating bahay.

Pumanhik sila sa karumata at ako'y umupo sa tabi ng kutsero.

At kami'y pumasok ng bayan.

III

Malapit sa baybayin at sa gitna ng matataas at makikisig na puno ng niyog, saging, bunga at kawayan ay may isang bahay na pawid na ang pagkakayari ay walang-walang karangyaan. Isang halamanan ang naghihiwalay sa bahay at sa daan kung yao'y matatawag na halamanan. Tumutubo rito, — hindi dahil sa masikap na pag-aalaga kundi dahil sa katabaan ng lupa, — ang dalawa o tatlong rosal ng alehandriya, mga asusena, margarita, at mirasol na nakatanim sa mga pasong yari sa luwad, nasusuhayan ng mga putol ng tinilad na kawayang may putong na balat ng itlog ng manok. Ang damo'y malago sa lahat ng panig, bagama't sa isang dulo'y mapapansing sinisimulan na ang paggawa o ang pangangalaga. Isang matanda't bukbuking bakod na yari sa kawayan na nasusuhayan ng mga punong maliliit ng gumamela, adelpa at sampaguita ang nagkukubli sa mga naninirahan at sa halamanan sa mga mata ng naglalakad. Isang landas na makitid at mabato ang tumungo sa maliit na bahay na pinapanhik sa pamamagitan ng isang hagdang kalahati'y bato, kalahati'y tabla na may mga sampung baitang.

Isang utusang babae at isang aso ang sumalubong sa amin.

Inanyayahan akong pumanhik. Ito'y malugod kong pinaunlakan.

Ang anyo ng loob ng bahay ay kapana-panabik.

Mapapansin ang kalinisan at mabuting panlasa sa lahat ng dako, tila may isang mapag-alagang kamay na nag-ayos ng iba't ibang mga kasangkapan. Ito'y binubuo ng mga upuang kawayan na nakakabit sa dingding, makikintab na hapag na binarnisan na may mga magagarang kagamitang panggitnang puno ng bulaklak, mga magagaang luklukang yari sa yantok, isang napakatandang aparador na nagsisilbing dambanang pinagpapatungan ng maraming larawan ng Birhen sa Antipolo at isang krusipihong yari ayon sa matandang paraan ng paglilok sa Paete. Sa isang sulok ng bulwagan ay maayos na nagkakapatung-patong ang apat na maletang balat at isang kahong pinaglalagyan ng mga kagamitan sa pag-aayos at pagpapaganda at nakakalupkupan ng nikel.

— Dadalawang araw pa lamang kaming dumarating sa bayang ito — ang sabi ng matanda sa akin. Nakikita ninyong ang lahat ay pawang magulo; ang bahay ay kamukhang-kamukha rin halos nito nang aming maratnan nang unang araw. Gayon pa ma'y inihahandog namin sa inyo na kalakip ang boong kagandahang-loob.

Nagpasalamat ako; itinuro sa akin ang silid-kainan at ipinaunawa sa aking may tatlong pinggang nakahanda. Sa katunayan, ang hapag na kainan ay nakaayos na. Ang hapag ay nataktapan ng isang puti't pinong mantel na yari sa kanyamo, ang mga kasangkapan ay porselanang ginintuan at sa bawa't isa'y may titik na ginintuan din. Ang mga kubyertos ay yari sa pilak at natatatakan din ng titik na gaya ng nasa mga pinggan.

— Ang utusa'y naghanda ng tatlong pinggan — ang sabi ng matanda sa akin — sa pag-asang pararangalan ninyo ang aming dukhang hain.

— Libong pasasalamat po — ang tugon ko — datapuwa't ako'y inaantay sa aming bahay kaya't hindi ko po mapauunlakan ang kalugud-lugod na anyaya ninyo.

— Lubha naming dinaramdam ang gayon. Kung sa pagkaka-taong ito'y hindi ninyo maaaring paunlakan, inaasahan naming hindi magiging ganyan sa ibang pagkakataon.

Nagpaalam ako sa kanila at naukit sa aking guni-guni ang mga maliliit na bagay na nauukol sa bahay. Si Minang ay kumakaway sa akin buhat sa durungawan.

Umuwi akong nag-iisip-isip ng mga sumusunod: Sino kaya ang dalawang babaing iyon? Saang bayan sila nanggaling at ano kayang angkan ang kanilang kinabibilangan?

Ang matandang babaing yaon, na halos napapanis ang laway, at ang dalagang yaong mapag-isip at tapat, ano ang ginagawa nila roon, at bakit sila nag-iisa?

Na sila'y galing sa isang kilalang angkan, ito'y hindi mapag-aalinlanganan: ang mga gawi nila'y nagpapahiwatig niyaon.

Sabik na malaman at naghahangad na maliwanagan ang suliraning itinatago ng dalawang babaing nabanggit ay dumating ako sa bahay na nangngakong dumalaw uli sa kanila.

8. — ANG MGA HAYOP NI SUWAN (KUWENTO)

Sapagka't ako'y isinilang sa kaarawan ni San Salomon¹ sa ganap na hatinggabi, at kabilugan ng buwan, ay nag-aangkin ako ng tanging biyayang makaunawa ng wika ng mga hayop. Sakaling may taong hindi naniniwala sa akin, ay kinakailangang siya'y ipanganak sa gayon ding mga kabagayang katulad ng pagkakasilang sa akin, at siya'y mapaniniwala kapagdaka.

Kami'y may isang napakalaking bakuran² at doo'y sama-samang naninirahan ang mga tandang, inahin, bibi, pabo, gansa, at baboy, bumababa rin doon ang mga kalapati upang manginain ng mga butil na isinasabog tuwing umaga ni Suwan, isang utusang napakamangmang datapuwa't bihasa nang gayon na lamang sa ilang pagtistis, at sa pamamagitan nito, ang mga hayop na lalong mailap ay nagiging maamó at madaling tumataba.

May ilang panahon nang napapansin ng aking ama na ang mga hayop na may pakpak ay namamay at nagkakamatayan nang walang naiwan kundi buto't balahibo, ang mga itlog ay umuunti gayong kami'y may mga limampung inahin, nawawala sa mga kapon at pati sa mga pabo ang nakasisilaw na kintab ng kanilang balahibo, at ang mga pitson ng kalapatihan ay nagiging bihira at ang mangilan-ngilang natatagpuan doon ay parang mga pipitong-arawin lamang. Hindi maunawaan ang pangyayaring ito ng aking ama at ni Suwan; wala namang sakit na lumalaganap ni salot o sipon; ang palay at mais na ipinatutuka ay siyang pinakamabubuti; ang pusa nami'y lagi nang binubusog na mabuti upang huwag manginain ng pitson; walang naglilibot na alamid sa mga kapitbakuran, at walang balitang may bayawak na dumadalaw, hayop na bantog sa katakawan sa itlog, at ang kabaitan ng aming si Suwan ay halos humahantong sa pagkahangal kung magkaminsan.

Bagaman hindi ako gaanong nakikialam sa mga bagay-bagay sa aming bahay at walang kailangan sa akin kung ang mga inahin o mga kapon ay nangangayayat o hindi, gayunma'y lubha akong pinabik ng pangyayari, sapagka't ang mga tandang na hinuhuli ko

1 Mapanudyong pagbanggit sa Haring Salomon, na bantog sa pagiging pinakamarunong sa lahat ng hari.

2 Ipinagugunita sa atin ang bakuran ng angkan ni Rizal sa Kalamba, na may isang pabong napita ng Kura.

upang isabong sa mga tandang ng mga pinsan ko (ang mga tandang ay tinatarian namin ng tinik ng suha) ay lagi nang natatalo at tumatakbo sa isang paraang kahiya-hiya. Kaya binalak kong siyasatin kung ano ang nangyayari sa aming mga hayop at ninais kong kasangkapanin ang biyayang tinataglay ko na makaunawa ng wika ng mga hayop, biyayang inilingid ko sa lahat ng tao sa takot na baka ako'y abalahin nila, at hindi ko nilinang gaya rin ng maraming ibang kakayahang ipinagkaloob sa akin ng Diyos nang ako'y isilang sa kaarawan ni San Salomon, nang ika-12 ganap ng hating-gabi at kabilugan ng buwan.

Kaya isang magandang tanghali, isa sa mga tanghaling nakalalamuyot sa pagtulog o sa paninimbang sa isang duyang nakabitin sa mga sanga ng punong-kahoy, samantalang ang lahat ay nagpapahinga, ay tumungo ako sa aming bakuran, umakyat ako sa isang puno ng makupa, umupo sa isang sanga at humandang makinig ng usapan ng mga hayop. Sa malapit, nakahilata sa alikabok o sa lusak ng isang pusalian ay may ilang baboy, na ang ilan ay natutulog at ang ilan ay nag-aantok; sa dako pa roon nang bahagya sa ilalim ng isang puno ng kape at nakatapak sa ibabaw ng isang pilong basag ay nagpapahingang nag-aantok ang mga pabo, bibi at gansa, samantalang payao't ditong walang imik at malungkot ang ilang inahin, sisiw at tandang, na nag-iingat nang gayon na lamang na huwag mapalapit sa pulutong ng mga baboy.

Sang-ayon sa aking namatyagan at naunawaan sa ilang anasan at kilos ng mga tuka ng mga hayop na may pakpak, ang mga hayop namin ay namumuhay, sa ganang kanila, katulad ng pamumuhay ng mga mabubuting kristiyano at mga taong may mabubuting kalooban sa lupa; sila'y may sariling mga pulis, may paghihinalaan, pagsusumbungan, paggagambalaan, pagsusuplungan, paninirang-puri panggagahasa, bulung-bulungan, daing, pagbabala, bilangguan, bibitayan, kanyon, batas, kumpisalan, pangaralan, guwardiya sibil, karabinero at marami pang iba; naghahari ang lalong ganap na kaayusan at lalong maalindog na pagkakapatiran, liban sa ganito o gayong ngalngal ng isang baboy, ang ganito o gayong away, tukaan at iba pa.³ Sa kanila ay nalalagay sa kauna-unahang antas bilang mga nilalang na karapat-dapat sa tanang uri ng paggalang, ang mga baboy: una, sapagka't napakatataba at ang katabaan ay lagi nang naging katangian ng mabuting kalagayan; ikalawa, sapagka't

³ Ito'y isang makinis na panunudyo o panunuya laban sa kaayusan ng bayan.

ang mga iyon ay tulog nang tulog at ang pagtulog nang madalas ay nangangahulugan ng katahimikan ng budhi at mapagsariling kabuhayan; ikatlo, sapagka't ngalngalin at unguin, at nababatid ng lahat na sa bakuran ng aming bahay, gaya rin ng sa daigdig, ang lalong masalita at lalong malakas sumigaw ay siyang nagtatamo ng lalong marami at hinahangaan, datapuwa't ang bagay na lalong nakapagpapasaalang-alang sa kanila sa mga mata ng madla, alin-sunod sa nawatasan ko sa bulung-bulungan ng matatandang inahin, ay ang kasuklam-suklam na karumhang tinitirhan nila: sa mga hayop, ang karumhan at kasalulaan ay inaaring kabanalang asal, kaya ang mga baboy ay ipinalalagay na banal ng mga gansa at inilalathala ng mga ito sa lahat ng dako ang mga kilalang palatandaan ng kabanalan ng mga iyon, gaya ng hindi pagpaligo kailanman, ang pagpasok at pamamalagi sa mga pook na hindi na dapat banggitin, ang nakasusuklam na amoy, at marami pang iba.⁴

Ipinalagay kong hindi matatapos doon ang aking mga mamamatyagan at gumayak na akong bumaba, nang sa-lilitaw si Suwan upang ihanda ang pagkain ng mga baboy. Nangagising ang mga ito, itinaas ang mga nguso, nagpawala ng dalawa o tatlong ngalngal na nangangahulugan ng taimtim na pagpupugay, iginalaw ang malalapad na tainga, at isa sa kanila, isang baboy na payat at lubhang pangit ay sumigaw:

— Lumapit kayong lahat at makinig! Ang dakilang baboy ay nagsasalita!

Sa malaking pagkamangha ko'y namalas kong masunuring nagsilapit ang mga hayop; ang mga nauna'y ang mga pabo na pabilog na pinangalisag ang balahibo sa buntot at lumakad nang hinay-hinay; pagkatapos ay sumunod ang mga gansa't bibi; sa likod ay dumating ang mga tandang, inahin, at mga sisiw, at sa huli ay ang mga kalapating nagpapakilala ng malaking takot at agam-agam.

— Manainga kayo! ang dakilang baboy ay magsasalita! — ang ulit na kasabay ang isang malakas na ngalngal ng gumaganap ng tungkuling tagatawag.

Nilingus-lingos ko ang dakilang baboy at napansin kong ang ipinalalagay palang gayon ay si Botyok, isang baboy na bininyagan ng gayon ni Suwan sapagka't siyang pinakamataba sa lahat. May

⁴ Isa ito sa lalong kahanga-hanga at katangi-tanging panunuya ni Rizal. Ito ang sinasabi nating "hampas sa kalabaw, sa kabayo ang latay."

dalawang taon na ang nakararaan buhat nang siya'y kapunin at sadyang ikukulong na sana ng aking ama upang katayin sa loob ng isang taon. Siya'y isang hayop na kapita-pitagan; sayad sa lupa ang tiyan, nakalawlaw ang mga pisngi, nakalubog ang mga mata na natitiyak kong hindi na niya pakikinabangan. Nakahiga at naghihilik.

— Sumasambulat ang kanyang diwa! — ang dugtong ng mga inahin.

Samantala, sa tainga niya'y ibinubulong ng baboy na taga-pagpahayag:

— Dakilang Botyok, bumangon ka, kinakailangang ngumalngal ka sapagka't malapit na ang oras ng pagkain.

Dumilat si Botyok at tumugon, sa pamamagitan ng isang ngalngal.

— Kinakailangang ngumalngal ka, ang ulit ng tagapagpahayag sa isang mahinang angal; nakapansin kami ng di-kasiyahan sa mga sisiw at maraming tandang ang nagsisimulang bumulungbulong; malapit nang kumain: bangon na at ngumalngal ka na.

— At ano ang sasabihin ko sa kanila? — ang usisa ni Botyok na humihikab:

— Kahit ano, ipayo mo sa kanila ang kababaang-loob, ang pagtalima, ang pagsunod ...

Nanabik ako nang gayon na lamang sa nangyayari, kaya ako'y nagpakabuti sa pagmamasid at pakikinig.

Si Botyok, bagaman bugnot nang bahagya, ay nagpilit bumangon, iniwasiwas ang buntot, at pagkatapos na ibukang makailan ang bibig at pagalaw-galawin ang mga tainga ay ngumalngal sa gitna ng paghihintay ng madla.

— Mga kapatid ko kay Suwan! Kaming mga baboy ay may lahing lalong mataas, kayo'y may lahing aba. Sino ang makapahihindi sa inyo? Wala sa inyong may ngusong mahaba at nai-gagalaw na gaya ng sa amin ...

Tikatokatokkatok! ang putol ng isang pabo. (Ang ibig sabihin nito sa wika ng mga pabo ay: kami rin ay may tukang mahaba, nakabitin, at pula. Gaya ng mamamalas ninyo — ang wika ng mga pabo — ay maikli at makahulugan.)

— Totoo, mga kapatid na pabo — ang tugon ni Botyok — kayo'y may tukang mahaba at pula, siyanga, datapuwa't wala kayo ng aming mga taingang malalapad.

— Datapuwa't mayroon naman kaming balbas — ang salo ng isa pang pabo na may mahahabang balahibo sa dibdib.

At pinabilog ang plumahe sa puwit at maharlikang lumakad-lakad.

— Tama, ang lahat nang iyan ay totoo, kapatid na pabo — ang patuloy ni Botyok na sa wari'y ayaw makipagkagalit sa mapagmataas na korporasyon ng mga pabo; — totoo ngang kayo'y may tuka at balbas at kami'y wala, datapuwa't wala kayo ng mataas na karangalang mahaplos ng kamay ni Suwan, ang ating Diyos at Panginoon, hindi kayo kinapong gaya namin, at sa bagay na ito'y lalo kayong mababa.

— Mayroon ding mga tandang na kapon! — ang pangahas na piyok ng isang inahing malaki na ang pagkayamot.

— Totoo — ang may pag-aglahing sabi ni Botyok.

(Ibang Kuwento)

Ang aming utusang si Siloy ay inaaring Diyos: sa katonayan, siya ang nagpapakain sa kanila, kumakapon, kumakausap at manakana-kanang humahaplas-haplos sa kanila. Sinabi kong ang mga baboy ay nagmamataas dahil sa sila'y mga kapon, at bagaman totoo ngang may mga tandang na kapon din naman, ang mga ito'y hindi nila pinapansin at sinisikap na siraan ng puri sapagka't iba ang lahing kinauukulan, at mapalad na kung sila'y payagang gumanap ng tungkulin ng alila o katulong. Ang palagay nila sa kanilang sarili ay pinakapaham; walang anumang bagay na mapaniniwalaan ni masasabi sa bakuran kung di muna isasangguni sa kanila; ang hindi nalalaman ng isang baboy ay walang sinumang maaaring makaalam; nagpapanggap silang magpaliwanag ng lahat ng bagay sa pamamagitan ng mahihiwagang ngalang na ako mang ito, kahit anong pagmamatyag ang aking kasangkapanin, ay madalas na hindi makaunawa ng ibig nilang sabihin. Bihira silang gumalaw, at kapag lumalakad, ay ginagawa iyon nang buong tining na di mimsang ako'y natuksong manikluhod.

Gayunman, sa mga iyon ay may isang kilalang-kilala, na nginalanang Botyok ni Siloy; iyon ang pinakamataba sa lahat at itinalagang katayin ng aking ama sa Pasko. Limang taon nang kinapon iyon, ang tiyan ay sayad sa lupa, lawlaw ang mga pisngi, at lubog na lubog ang mga mata na hindi na nakikita halos at dahil dito'y laging nakahiga at naghihilik.

Siya'y nagninilay-nilay! ang sabi ng mga kapatid niya sa mga gansa at mga manok, at inulit at ipinahayag ng mga ito: nagninilay-nilay, sumasambulat ang diwa!

Ang tanging iginagalaw at niyuyugyog ay ang baluktot na buntot, lalung-lalo na kung kinakamot ni Siloy ang kanyang katad sa pamamagitan ng isang kawayan, bagay itong nakapagdaragdang nang malaki sa kanyang puri at nagiging dahilan upang siya'y ariing kinatawan ni Siloy sa bakuran.

Huwag ninyong uubusin ang lahat ng butil na isinasabog sa inyo ni Siloy tuwing umaga — ang sabi niya sa mga manok — mag-iwan kayo ng kalahati para sa mga baboy at sa gayo'y lalo kayong magiging kalugud-lugod sa kanila.

At ang mga tandang at inahin namin ay sumusunod sa ini-utos niya sa kanila, at nagsisitungo na sa ibang dako upang humanap ng makakain.

— Namamalas ba ninyo ang malaking bahay na iyan, mataas at punung-puno ng mga pinturang bughaw at puti? — ang sabi isang hapon sa ilang hayop na nakikinig sa kanya — Diyan tumitira si Siloy, na siyang gumawa ng bakurang ito, at siyang nagtanim ng palay at mais, at gumawa ng palikuran at darak na kinakain naming mga baboy, ng pusalian, ng saha ng mga saging at ng hugas-bigas; si Siloy, na aking kinakatawan ay siyang tumitira at naghahari sa bahay na iyan.

— Kung kayo'y masunurin at tumatalima sa mga utos ko, akong hinirang na kinatawan ni Siloy, ay siyang magdadala sa inyo sa itaas at doo'y mamumuhay kayo sa gitna ng mga butil ng palay ng mga dakilang baboy na nagsitungo na roon, bilang gantimpala sa kanilang katabaan at kasalulaan. Doo'y may malalawak na pusalian, mga balat ng lahat ng uri ng bungang kahoy, malalaking labangan.

— Piyok! — ang putol ng isang sisiw na hinuli ko noong una upang isabong sa mga pinsan ko; — kung gayon ay naroroon ako kahapon, dinala ako roon ni Dimas at wala akong nakitang anuman sa sinabi mo.

Nguuuuu! — ang angil ng baboy; si Dimas ay siyang diwang masama at sa halip na ikaw ay dalhin sa bahay na iyan ay sa ibang dako ka dinala upang ikaw ay linlangin.

Gaya ng si Siloy ay ipinalalagay na Ahuramazda ng bakuran, akong si Dimas ay siya namang Ahriman, ang diwa ng kasamaan. Sapagka't napakalikot at halos kasamang lagi ang aking mga aso, na siyang mga katutubong kaaway ng mga baboy, ay hindi dapat pagtakhang siya'y minamasama ng mga hayop na ito.

— Ang nakita ko ay ibang mga nilikhang lalo pang mabubuti kaysa kay Siloy, at may lalong mabubuting bagwis.

— Kasinungalingan! tagasamba ng mga diyus-diyosan, eks-komunyon! — ang sigaw na sabay-sabay ng ilang baboy. — Gumawa ka ng pagpapakasakit, pagsisihan mo ang iyong kamalian, sapagka't kung hindi ay parurusahan ka ni Siloy, na tumira sa tangke ng tubig!

Sapagka't ang mga manok ay malaki ang takot sa tubig, ay tumigil ng pagsasalita ang aking maliit na manok.

9. ANG PANGITAIN NI PRAYLE RODRIGUEZ

Nakahilata isang gabi sa isang maginhawa't malaking luklukan, si Prayle Rodriguez, na nasisiyahan sa kanyang sarili at sa kanyang kinaing hapunan, ay nangangarap sa mga kuwaltang nalilikom buhat sa mga bulsang pilipino, sa pamamagitan ng pagbibili ng kanyang maliliit na aklat. Kaginsa-ginsa'y parang malikmatang naging puting napakaningning ang dati'y manilaw-nilaw na liwanag ng kingke, napuno ang hangin ng mahinhing bango, at sa-lilitaw ang isang taong hindi malaman kung saan nanggaling o paano dumating.

Ang taong ito'y isang matanda, katamtaman ang taas, kayumanggi at payat; maputi ang balbas, na lalong nagpapatingkad sa kanyang mga matang buhay na buhay at nagniningning, bagay na nagbibigay sa kanyang mukha ng isang kasiglahang hindi pangkaraniwan. Natatakpan ang kanyang mga balikat ng isang magarang balabal, sa kanyang ulo'y nakasuot ang "mitra" at may hawak na isang tungkod na tinatawag na "bakulo." Ang mga bagay na ito'y nagpapakilalang siya'y isang obispo.

Nang siya'y mamataan ni Prayle Rodriguez ay naghihikab na bumulong-bulong ito:

— Mga guniguni ng aking malusog na gunamgu ...

Hindi siya tinulutan ng pangitain na tapusin ang pagsasalita; sapagka't pinalo siya sa batok ng bakulo.

— Hoy! masakit namang biro ito! — ang naibulalas ng prayle, samantalang hinahagud-hagod ng isang kamay ang nasaktang batok, at kinukusot naman ang isang mata ng kabilang kamay; ito pala'y hindi isang panagimpan, datapuwa't, kumpare!

Ikinagalit ng nababagong tauhan ang pagkakasalita sa kanya ng parang siya'y isang kapalagayang-loob, kaya't hinampas na nang malakas ng bakulo ang tiyan ng prayle. Ito'y ikinalundag ni Prayle Rodriguez buhat sa kanyang luklukan nang mamalas na iyon pala'y sadyang totohanan.

— Hoy! Prayle Pedro! Bakit mo ginawa ito? Ganyan ba ang paniningil mo sa mga indulhensiya? Hindi ganyan ang ating kasunduan! Aray! aray!, patawarin po ninyo-ako!

Ang nababagong obispo, na lalo pang nagalit, ay hindi na nagkasiya sa paghambalos sa tiyan, kundi pinalo na nang totohanan ang ulo ng prayle sa pag-aakalang ang bahaging ito'y siyang lalong maramdamin. Nguni't siya'y nagkamali, Ang ulo ni Prayle Rodriguez ay ubod ng tigas, kaya nabakli ang bakulo. Sa wakas ay nawatasan na ni Prayle Rodriguez kung ano ang tunay na nangyayari. Ang kahabag-habag na prayle, na maputla pa kaysa kanyang abitong pambahay, at nanginginig at takot, ay nahandusay, at umusad-usad nang pagapang sapagka't hindi na makatayo.

Nang makita ng nababagong tao ang kahabag-habag na kalagayan ng prayle, ay naglubag ang kanyang galit. Tinigilan, ang pagpalo at inilagay sa ibabaw ng isang hapag ang naputol na bakulo, at buong paghamak na nagbulalas:

— *Homo sine homine membra sine spiritu! Et iste appellatur filius meus.* ("Tao ka, na wala namang pagkatao, katawan kang walang kaluluwa! At ang taong ito'y tinataguriang anak ko!")

Nang marinig ni prayle Rodriguez ang tinig na itong tumatagingting at ang mga pangungusap na yaong hindi niya nauunawa, ay lalo pa siyang nagulumihanan. At ang taong yao'y hindi maaaring maging si prayle Pedro, ni sinumang kasama niyang nagbabalat-kayo! Aba, talagang hindi maaari!

Et tamen — ang patuloy ng naiiba — *tanta est vanitas vestra, ut ante me, Patrem vestrum ... sed video, loquor et non audis!* ("Gayon man, ay kay laki ng iyong pagmamangyahan kahit na ikaw ay nasa aking harap ... nguni't napapansin kong ako'y nagsasalita at hindi mo nawawatasan ang aking sinasabi.")

At nayayamot na umiling-iling. Makaraan ang ilang saglit ay nagsalita sa wikang kastila na may himig na tagaibang-lupa:

— Kayo ba ang tumatawag sa inyong sarili na mga anak ko? At dumating na ba sa sukdulan ang inyong kapalaluan na hindi lamang ninyo hinahangad na kayo'y katakutan at sambahin ng mga namamahala at pinamamahalaan, kundi pati ako ay hindi na ninyo pinagpipitaganan? Hindi ba ninyo pinagpapahamakan ang aking pangalan, at pinagmamalabisan ang aking mga karapatan? Sa anong kalagayan natagpuan ko kayo? Mga tampalasan sa mga sawimpalad, at mga duwag sa mga hindi natatakot sa inyo. *Surge et audi!* ("Tindig at makinig!")

Gayon na lamang ang kapangyarihan ng tinig sa pag-uutos at gayon na lamang ang kahulugan ng kumpas ng kamay kaya't nawatasan ito ni prayle Rodriguez. Buong panginginig na tumindig, nagtangkang iunat ang katawan, at paurong na nagsiksik sa isang sulok.

Humupa ang galit ng pangitain nang mamalas ang gayong katunayan ng pagsunod, bagay na sa kasalukuyan ay napakabihi-rang matagpuan sa mga taong namamanata ng pagsunod. Ang paghamak na nakikintal sa pagmumukha ng pangitain ay napalitan ng pagkahabag. Pinigil ang isang buntung-hininga, at nagpatuloy ng pagsasalita sa isang himig na lalong marahan, bagama't hindi nawawalan ng kadakilaan:

— Dahil sa iyo, dahil sa iyong mga kahangalan, ay napilitan akong lumisan sa pook na yaon upang parito! At lubha akong napagal bago kita natagpuan at makilala sa karamihan! Lahat ay nakakaparis mo, kahit na may kaunting pagkakaiba. Kayong lahat ay may ulong walang laman, at mga sikmurang sandat! *Doon* ay hindi ako tinitigilang biru-biruin dahil sa kagagawan niyong lahat, at lalo na dahil sa iyo. Wala akong nahita sa pagpapanggap na hindi ko sila naririnig. Hindi lamang si Lopez de Recaldo o Ignacio de Loyola ang umuuyam sa akin sa pamamagitan ng kanyang walang tugot na ngiti at mapagpakumbabang kilos. Hindi lamang si Domingo ang tumatawa sa akin — oo, si Domingo na may hangaring magsamahal-na-tao at sa noo ay may mga bituing yari sa puwit ng baso. Pati ba naman si Francisco, ang lubhang hangal na si Francisco, naiintindihan mo ba? ay lumilibak sa akin; binibiru-biro nila ako — oo, ako, na kahit na pagsama-samahin silang lahat, ay mahigit pa rin ako sa pagkapalaisip, sa pagmamatuwid at sa pagsusulat kaysa kanila!

— Ang samahang itinatag mo ay dakila at makapangyarihan— ang wika sa akin ni Ignacio, kasabay ng pagtutungo ng kanyang ulo, — katulad ng mga piramide sa Ehipto; malaking-malaki sa paanan (at ikaw ang paanan), datapuwa't habang tumataas ay lalong lumiliit . . . ! At siya'y lumayo na bumubulong nang buong kababaang loob: “Anong laking pagkakaiba ng paanan sa tuktok!”

— Doktor — ani Domingo — bakit hindi ninyo ginamit ang inyong karunungan, gaya ng pagkakagamit ko sa kamahalang-asal, na ipinamana ko sa aking mga anak! Sana'y pinakinabangan nating lahat!

— Mon ami, katoto ko, ang may pagdaramdam na salo ni Francisco o ni Giovanni Bernardone — kung mamarapatin ng Diyos na ako'y makabalik sa lupa upang mangaral, gaya noong una, sa mga hayop at mga ibon ay mangangaral ako sa iyong mga kumbento ...”

At humalakhak siya nang gayon na lamang, na bagama't parang tinting kapayot ay tila ba siya puputok.

Nawalang kabuluhan ang pagsagot ko sa kanila na ang kani-lang mga anak ay hindi naman hihigit pa sa kabutihan kaysa inyo at kung kami'y maghahalukay ng mga basahan ay kailangang kaming lahat ay magtakip ng ilong. Ba! Sino ba ang makalalaban sa tatlo, lalo na kung ikaw ang kailangan ko pang ipagtanggol? Tatlo ba ang sinabi ko? Ano bang tatlo! Si Pedro, yaong matandang mangingisda, na parang nahalina ng halakhakan, ay lumisan sa pintuang binabantayan at isinumbat sa akin ang mga pakanang isinagawa ninyo sa kanyang mga pari, na inagawan ninyo ng mga parokiya, gayong sila'y nangauna sa inyo ng pagdating sa mga pulong ito nang hindi kukulangin sa dalawampung taon, at gayong sila rin ang mga kauna-unahang nagsipagbinyag, hindi lamang sa Sebu, kundi sa Luzon man.

— Alam ko na, — ang idinugtong ni Pedro, — palibhasa'y mga tamad ang aking mga anak at nangagkakalaban-laban, samantalang ang iyong mga anak ay mga sinungaling, mabunganga, at lalong makislot kaysa aking mga anak ay napapaniwala nila ang mga mangmang at kaya sila nangagtagumpay. Datapuwa't nagalak ako; harinangang maubos ang aking angkan!

— Iyan din ang aking ninanais tungkol sa aking angkan.

— At ako rin.

— Harinawang mangyari rin iyan sa aking lipi — ang sabay-sabay na bulalas ng maraming tinig.

Datapuwa't hindi tumugot si Pedro hanggang hindi siya napaghiganti. Kahapon ay ginawan niya ako ng isang masakit na biro. Hindi niya sinamsam ang isang balutang kahina-hinala na kipkip ng isang indiyong kararating lamang noon. Bukod pa sa riyay hindi niya itinuro sa indiyong kinalalagyan ng mga tulala, bagkus isinama pa niya sa pook na aming kinaroroonan. Ang dala-dalang baon ng sawimpalad na iyon ay isang balutang punung-puno ng maliliit na aklat na sinulat mo, at ibinigay sa kan-

ya ng kanyang kura, na nangako ng mga indulhensiya para sa kabalang buhay. Ang pagkakarating niya, ang pagkalat ng balitang siya'y may dalang maliliit na aklat na katha ng mga paring agustino, at ang pag-aagawan sa mga aklat ang lahat nang iya'y sabay-sabay na nangyari sa isang kisap-mata. Tinangka kong magtago, datapuwa't hindi ko nagawa. Nagdatingan ang langkay-langkay na mga anghel; nawala sa kumpas ang mga aklat sa halip na tunghan ang mga papel na inaawit at dahil dito'y pumipiyok sila sa pag-awit, at pati ng baboy ng matandang si Antonio ay nagsimulang ngumalngal at magpagalaw-galaw ng kanyang buntot.

Ako'y tutoong napahiya. Nakikita kong itinuturo ako ng lahat at pagkatapos ay nangaghahalakhakan. Datapuwa't si Zarathustra, ang pormal na si Zarathustra ay hindi tumatawa. Angkin ang isang pagmamataas na ikinaaba ko, ay pinangusapan niya ako ng ganito.

— At anak mo baga iyang nagsasabing ang aking relihiyon ay *pagano* at ako ay *pagano rin*? Sumama na bang lubha ang iyong mga anak? Hindi ba nila kayang ibukod sa pagsamba sa mga anito at sa relihiyong nangangaral na maraming diyos, ang itinuro kong wagas na relihiyon, ang relihiyong ina, ang ibang mga relihiyong lalong ganap? Hindi na ba nila nalalaman na ang salitang paganismo ay nagbuhat sa katagang *pagani*, na ang kahulugan ay mga “naninirahan sa mga parang,” palibhasa ang mga ito'y siyang lalong namalagi sa pananampalataya sa politeismo o maraming diyos, na iniaral ng mga griyego at ng mga romano? Ipapakli mo sa aking hindi sila marunong ng wikang latin, kung gayon ay huwag silang napakapangahas sa kanilang pagsasalita! Sabihin mo nga sa kanila na ang salitang *Paganus* ay nanggaling sa salitang *Pagus* na pinagkunan din ng mga salitang *pages*, *payes*, *paien*, *paese*, *pais*, at iba pang gangganitong salita. Sabihin mo sa mga sawimpalad na iyan na ang relihiyon ng Zend-Avesta ay hindi sinampalatayanan kailanman ng mga taong-bukid sa mga bayan-bayang romano. Sabihin mo sa kanila na ang aking relihiyon ay *monoteista* at nagtuturong iisa lamang ang Diyos, at ito'y lalo pang *monoteista* kaysa relihiyong katoliko apostoliko romano, na tumanggap, hindi lamang ng aking *dualismo* o pagkakaroon ng dalawang basal na simula, kundi ginawa pa nilang diyos ang maraming ibang nilalang. Sabihin mo sa kanila na ang salitang *Paganismo*, kung ang malawak at sinirang kahulugan nito ang isasalang-alang, ay walang ibang katuturan kundi *politeismo*; at dahil dito, ni ang re-

lihiyon ni Moises, ni ang relihiyon ni Mahoma ay hindi kailan man naging mga relihiyong *pagano*. Pangaralan mo silang basahin ang iyong mga sinulat at doo'y masusumpungan nila sa bawa't hakbang ang sinabi mo tungkol sa mga *pagani*. Ulitin mo sa kanila yaong sinabi mo noong talakayin mo ang relihiyon ng mga Manikeo, na hinango lamang sa aking mga aral at pinasukan ng ilang pagbabago, na iyo ring sinampalatayanan at nakapangyari sa iyong mga sinulat, at hangga ngayon ay nakapangyayari sa iyong relihiyon at minsang nakapagpaalinlangan sa simbahang romano. Totoo ngang inilagay ko ang simula ng kasamaan sa harap ng simula ng kabutihang, na dili iba kundi si Ahura-Mazda, ang Diyos; datapuwa't ito'y hindi nangangahulugan na tinatanggap kong may dalawang diyos, gaya ng iyong sinabing: ang pagsasalita tungkol sa kalusugan at sa karamdaman, ang wika mo, ay hindi nangangahulugan ng pagtanggap na may dalawang *kalusugan*. At ano? Hindi ba nila sinipi sa akin ang aking simula ng kasamaan na tinatawag nilang *Satanas*, ang simula ng karimlan? Pangusapan mo sila na kung hindi man sila marunong ng wikang latin, ay pag-aralan man lamang nila ang iba't ibang relihiyon, yamang hindi rin lamang nila maaaring mapag-alaman kung alin ang tunay na relihiyon!

Ganyan ang pangungusap ni Zarathustra o Zoroastro; datapuwa't si Voltaire, ano ang kanyang sinabi? Si Voltaire na nakababatid ng mga isinasaysay mo tungkol sa kanyang kamatayan ay lumapit sa akin, at nakangiting hinigpit ang aking kamay, at nagpapasalamat sa akin.

— Bakit? — ang tanong ko sa kanya.

— Ang mga anak mo, *mon cher Docteur de l'Eglise*, mahal kong doktor ng Iglesiya, — ang kanyang tugon, — ay nangagpapatibay at patuloy ang kanilang pagpapatibay, sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, ng aking mga paninindigan sa pamamagitan ng salita ...

— At ano ba ang iyong pinaninindigan?

— Na bukod sa sila'y mga hangal, ay mga magdaraya pa.

Wala akong naisagot kundi magsawalang-imik, sapagka't may katuwiran siya. Dapat mong malamang siya'y namatay sa gulang na walumpu't apat na taon at hanggang sa mga sandali ng kanyang kamatayan ay nanatiling maliwanag ang kanyang isip, kaya noong siya'y gambalain upang siya'y pagkumpisalin ay wa-

lang itinugon kundi: “Bayaan ninyo akong mamatay nang payapa,” at pagkawika nito’y nalagutan ng hininga. Datapuwa’t hindi kita kinagagalitan tungkol sa bagay na ito, sapagka’t bagaman ikaw ay nagkamali ay inulit mo lamang ang iyong mga narinig. Ang lalong masama ay hiniling ni Voltaire sa Diyos na ikaw ay dalhin sa langit na buhay at nakaabito. Nang siya’y tanungin kung bakit, itinugon niya ay: “upang tayo’y maaliw”.

Si Pedro, nang makita niya ang mga indulhensiyang inilagay ng Arsobispo sa iyong aklat upang makahuli ng mga mami-mili, ay nagwika:

— Bakit hindi ko naisipan, — anya, sabay ng pagtapik sa kanyang ulong upaw, — bakit hindi ko nga naisipang payamanin sa mga indulhensiya ang mga isdang ipinagbibili ko noong ako’y nangingisda pa? Sana’y yumaman tayo, at si Judas, sa halip na ipagbili ang Guro, ay nakapaglako sana ng tamban at tinapa! Hindi ko na rin sana naitatuwa ang Guro, at hindi na rin sana ako pinasakitan pagkatapos ... Sa katotohana’y sinasabi ko sa inyo na ang aking kalagyo ay lalo pang tuso kaysa akin sa bagay na ito ng pagkakamal ng salapi, at gayong ako’y isang hudyo.

— Iyan ang katotohanan! Hindi mo ba alam na ang iyong kalagyo ay isang galyego? — ang sabad ng isang tinig.

Ang tinig na yaon ay nagbuhat sa isang matandang dumating doon nang may ilan taon lamang ang nakararaan. Ang pangalan niya ay Tasyo. Ito’y lumapit sa akin at nagwika:

— Kayo’y isang dakilang Doktor, at bagama’t madalas din kayong nagkakasalu-salungat sa inyong mga kinatha gaya ng sa mga aklat na *RETRACTATIONUM* at sa inyong *CONFESSIONES*, ay inaari ko kayong isang talinong katangi-tangi at napakalawak na karunungan. Yamang wala kayong pagkakahawig na anuman sa inyong mga anak, na kung ipinagtatanggol ang kanilang sarili ay ginagawang itim ang puti at ang puti naman ay ginagawang lungtian, ay ihihinga ko sa inyo ang aking mga daing upang sila’y maituwid ninyo yamang kayo’y ama nila.

“Doon sa lupa ay may isang kasapi sa inyong samahan na nakagawa, bukod sa maraming kahangalan, nitong mga sumusunod:

Una. Na ibig niyang ipasarili sa isang indiyoy, na nagngalang Rizal, ang aking mga sinabi noong ako’y nabubuhay pa

sa lupa sa dahilang sinulat ng Rizal na ito sa isang aklat na kanyang ginawa ang aking mga sinabi. Gaya ng inyong nakikita, kung pagsusumundan ang ganyang pangangatuwiran, nararapat d'ng maging sarili ni Rizal at nararapat na siya'y maging kasang-ayon ng mga kaisipang isinisiwalat ng mga prayle, mga guwardiya sibil, mga gubernadorsilyo at iba pa. Kayo mang iyan, banal na Pantas, ay nararapat ding masarili ninyo at maging kasang-ayon ng mga pangungusap na inyong isinasabibig ng mga erehe, pagano, at lalo na ng mga manikeo.

Ikalawa. Ninanais niyang ako ay magkuru-kuro at magsasalita ng katulad niya, sapagka't pinupulaan niya ako dahil sa pagbanggit ko sa "*Bibliya at mga santo Ebangheliyo.*" Hindi ko iniaalis na maniwala siya, kagaya ng lahat ng bulag ang pananampalataya, na ang bibliya at ang mga santo ebangheliyo ay bumubuo ng iisang bagay lamang; datapuwa't ako, na nag-aral naman ng Bibliyang orihinal na nasusulat sa wikang ebreo, ay nakabatid na ito'y hindi naglalaman ng mga Ebangheliyo. Sapagka't ang Bibliya ay gawa, kasaysayan, kayamanan at pag-aari ng bayang hudiyo, ang may kahuli-hulihang kapangyarihan sa bagay na ito ay ang mga hudiyo, na hindi kumikilala sa mga ebangheliyo. Sa dahilang ang salin niyaon sa latin ay hindi tumpak sa ilang bahagi, kaya hindi matuwid na sa bagay na ito'y ang mga katoliko ang magpasiya kung ano ang kautusan, bagaman may kaugalian ang mga katoliko na umangkin sa hindi kanila, at magpakahulugan sa salin alinsunod sa kanilang kagustuhan at sa kanilang ikinalulugod, kahit na mabago ang diwa ng mga nasusulat. Isa pa, ang mga Ebangheliyo, bukod tangi ang kay Mateo, ay sinulat sa wikang griyego, at nahuli sa Bibliya. Sa katunayan, sa kanilang pinakabuod, ay kanilang iginuguho ang mga kautusan ni Moises. Bilang katunayan nito ay ang alitan ng mga hudiyo at mga kristiyano. Kaya nga, palibhasa'y nababatid ko ang bagay na ito, ay bakit ako magsasalitang tulad ng isang bulag ang pananampalataya o tulad ng isang walang muwang na prayle? Hindi ko hinihingi sa kanino mang prayle na magsalita nang parang isang may malayang pagkukuro; kaya naman hindi nararapat na ako'y piliting magsalita nang parang isang prayle. Bakit nagsusumakit ang mga prayle na pagkamalang parang iisa lamang ang dalawang bagay na nagkakaiba at manakana'y nagkakasalungatan? Mapararaan nang ganyan ang gawin ng karaniwang kristiyano, datapuwa't hindi ko nararapat gawin ang ganyan, at hindi ko naman magagawa. Bukod dito, ang pagbang-

git nang magkahiwalay sa dalawang aklat na iyan ay iniaatas ng katuwiran, sapagka't ang mga iyan ay tunay na dalawang aklat, dalawang mambabatas, at dalawang pananampalatayang ibig pagbatayan ng relihiyong katoliko.

Ang inyo ring anak ay nangangatuwiran, na parang isang diyos, nang sabihin niyang *hindi ko nalalaman na ang mga santo Ebangheliyo ay iba sa Bibliya at hindi isang mahalagang bahagi ng Bibliya*. Sabihin mo sa kanya, banal na Pantas, na sa lahat ng bansa, ang isang bahagi, kahit na ito pa'y pinakamahalagang bahagi, ay lagi nang naiiba sa kabuuan. Bilang halimbawa: ang lalong mahalaga kay Pray Rodriguez ay ang abito nguni't ang abito ay iba kay Pray Rodriguez, sapagka't kung hindi magiging ganito ay magkakaroon ng isang prayle Rodriguez na marungis, isang prayle Rodriguez na magara, isang prayle Rodriguez na gugusin, isang prayle Rodriguez na maluwang, isang prayle Rodriguez na maikli, isang prayle Rodriguez na mahaba, isa pang prayle Rodriguez na malibag, isa pang unat na unat, at isa pang bagung-bago *lamquam tabula rasa*, na walang iniwan sa sulatang walang anumang nasusulat, at iba pa. Ang abito at ang prayle ay hindi nararapat na ariing iisang bagay lamang sapagka't ang isang putol na kayo kahit na pagkarumi-rumi, ay hindi maaaring maging pangahas, ni mapaghari-harian, ni walang muwang, ni maging kaaway ng pagkatuto ng bayan.

Ikatlo. Upang mapatunayang may purgatoriyo ay binabanggit niya si *San Mateo*, anya, *ikalabindalawang kabanata, talataang ikatatlumpu't anim*. Datapuwa't namamali ang kanyang banggit, sapagka't sa talataang ito'y hindi mahihinuha na mayroong purgatoriyo o anumang bagay na nawawangki sa purgatoriyo. At kung hindi, ay tingnan natin. Ang aklat sa wikang ebreo ay nagsasaad: *Wa 'ebiji' 'omar lakam kij' al kal dbar reg aschar idabbru-'abaschim yittbu heschboun biom hammischphat*. Ang nasulat naman sa aklat sa wikang griyego ay: *Lego de nymin hoti pan rema argon ho ean lalesosin hoi anthropoi apodosousi peri autou logon en hemera kriseos*. Ang pagkasalin nito sa latin ay nagsasaad: *Dico autem vobis quoniam omne verbum otiosum quod lucuti fuerint homines, reddent rationem de eo in die iudicii*, at sa kastila: *Y digoos que toda palabra ociosa que dijeren los hombres daran cuenta de ella en el Dia del Juicio*. (At sinasabi ko sa inyo na bawa't salitang walang kabuluhan na wikain ng mga tao ay ipagsusulit nila sa araw ng paghuhukom.) Gaya ng inyong makikita, Doktor, na sa pagsasalaysay sa apat na wikang binanggit ko, ay walang ibang bagay na mahuhulo kundi ito: na si

prayle Rodriguez ay magbibigay, sa araw ng paghuhukom, ng isang pagtutuos na totoong napakahaba, na marahil ay tatagal hangang kinabukasan ang pag-uulat, yamang napakarami na ang mga kahangalang kanyang nawika. Datapuwa't ang inyong anak na walang iniwan sa isang tulig, ay nagtangkang bumanggit ng talataang ikatatlumpu't dalawa na nagsasaad ng ganito: *At sinu-mang magsalita laban sa anak ng tao, ay ipatatawad sa kanya; nguni't ang magsalita laban sa Espiritu Santo ay hindi ipatatawad sa kanya maging sa dantaong ito, maging sa susunod.* Buhat sa talataang ito'y ibig na naman niyang hinuhain ang purgatoriyo: anong paghihinuha!

Ikapat. Sa dahilang sina San Irineo, San Clemente ng Alehandriya, at Origenes, tatlo silang lahat — na hindi nga naman kabilang sa mga kauna-unahang kristiyano, ay may isang hinagap na nahahawig, bagama't malayo, tungkol sa purgatoriyo, ay hindi ibig sabihin nito na ang mga kristiyano nang mga unang dantaon ay nangagsisisampalataya sa purgatoriyo, tuwing hindi mapagti-tibay na ang tatlo katao ay bumubuo sa kalahatan, at kahit na sa kabuuan ay may mga kuru-kurong lubhang nangagkakalaban. At ang katunayang hindi nga gayon na rin, santo Doktor, na ama ng prayleng yaon, kayong nabuhay noong mga dantaong ikapat at ikalima, kayo na pinakadakila sa mga Ama ng Iglesia, ay *nagpasì-nungaling nang tiyakan sa maraming sinulat ninyo* sa pagkakaroon ng purgatoriyo. Kayo ang nagsabi sa inyong pangaral bilang CCXCV na nagsimula ng *Frequenter Charitatem Vestram*, ng mga sumusunod na pangungusap na sukat makalutas sa bagay na ito: *Nemo se decipiat, fratres; DUO enim LOCA sunt et TERTIUS non est ullus; Qui cum Christo regnare non meruerit, cum diabolo ABSQUE DUBITATIONE ULLA perebit.* (“Huwag magkamali ang sinuman, mga kapatid; dalawa lamang ang luan, at walang ikatlo. Ang sinumang hindi naging marapat na magharing kasama ni Kristo ay walang anumang pag-aalalangang mapapahamak na kasama ng diyablo.” At pagkatapos ay inyong sinabi sa *De Consolatione Nortuorum* ang mga sumusunod na pangungusap: *Sed anima quae carnalibus oculis non videtur, ab angelis suscipitur et collocatur, aut in sinu Abrahae, si fidelis est, aut in carceris inferni custodie si peccatrix est.* Alalaong baga'y: “Bagkus sa pagyao ng kaluluwa na hindi nakikita ng mga mata ng katawan, ay tinatang-gap iyon at inihahatid ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham kung yaon ay tapat, o sa bilangguan ng impiyerno kung yaon ay makasalanan,” Makababanggit ako sa inyo ng marami pang nakasulat na mga pangungusap ninyo, palibhasa para sa inyo, ang pur-

gatoriyo ay isang bagay lamang na dili ang hindi maaari, *impossibile non est*, at ito, kahit na itinanggi ninyo nang tiyakan nang inyong wikaing: *Tertius non est ullus*, alalaong baga ay: *Walang ikatlong lunan*. Idagdag ninyo rito ang sinabi ni San Fulgencio, na nabuhay pagkatapos ninyo noong mga dantaong ikalima at ikaanim. Sinabi niya sa kabanatang ikalabing-apat ng *incarnatione et gratia* ang sumusunod: *Quicumque regnum Dei non ingreditur, poenis eternis cruciatur*. Ang ibig sabihin ay: “Ang sinumang hindi makapasok sa kaharian ng Diyos, ay pasasakitan ng parusang walang hanggan.”

Ikalima. Ang inyong anak ay alin sa dalawa: o hindi maalam bumasa o may buktot na kalooban kung gumawa. Akalain ba naman ninyo na sa aking pangungusap na ang sinasabi ay ganito: “Ang mga protestante ay hindi SUMASAMPALATAYA sa bagay na ito, at ang mga ama ng simbahang griyego ay hindi rin, sapagka’t kanilang winawalang kabuluhan . . .” at iba pa, ay kanyang nahulo ang ganito: Ang mga ama ng simbahang griyego ay hindi NA-NGAGSISAMPALATAYA sa purgatoriyo. Paano niyang nagawang pampanahunang *pangnagdaan* ang panahunang *pangkasalukuyan* upang kanyang mabaluktot lamang ang pangungusap at mahinuha dito ang mga *santong* ama ng simbahang griyego? Ang ginamit ko’y *pangkasalukuyan* at sa kapanahunan ko’y wala na ng mga *santong* ama ng simbahang griyego at wala na kundi mga ama lamang na kaanib sa simbahang griyego. Bukod dito, sa dahilang sinusunod ko ang halayhay na pangkasaysayan, kaya hindi ako maaaring makapagsalita tungkol sa mga protestante muna at pagkatapos ay sa mga santong ama ng simbahang griyego, na *nagsisampalataya* sa mga bagay-bagay na maaari nilang sampalatayanan noong ka nilang kapanahunan at noong ako’y nabubuhay pa sa lupa ay pangwang *nakaraan* na para sa akin. Sa ngayon, sila, na lalo pang maalam at mulat ay sumasampalataya sa sinasampalatayanan nating lahat. At angkin ang kabuktutang-asal na ito, ay tinatawag, pagkatapos, na mapanirang-puri, mapanlinlang, at mangmang ang taong sumulat ng aking mga sinabi.

Datapuwa’t ang ganyang pamamaraan ay naging katangian na ni prayle Rodriguez. Sa ibang aklat, at sa pagtalima sa tuntunin niya na ang isang bahagi ay ariing kabuuan ay pinakahuluganan niya ng *araw* ang pariralang *sinag ng araw*, at ito’y kanyang ginawa upang libakin ang may-katha ng aklat at matawag na mason. Sabihin nga ninyo, sino ang mapanlinlang dito, ang mapanirang-puri, o ang mangmang?

Ikaanim. Sa halip na tawagin niyang mangmang ang iba at magpanggap siyang palabasa, ay marapat siyang mag-ingat na lalo. Siya ang hindi man lamang nakabasa sa inyo gayong kayo ang kanyang Ama, at tungkulin niyang malaman kung ano ang inyong sinabi. Kung ito lamang ay kanyang ginawa, ay hindi sana siya nakapagsabi ng napakaraming kahangalan, at hindi sana siya nabunyag at napakilalang kakaunti ang kanyang kaalaman. Natatalos ko kung saan niya kinukuha ang kanyang sinusulat: sa ilang maninipis na aklat na inilathala sa Katalunya nina Sarda at Salvani upang panatilihin ang kamangmangan sa bayan.

Nguni't ang matandang lalaki ay hindi nakapagpatuloy sa-pagka't tinawag ako ng tinig ng Kataas-taasan sa harap ng kanyang karurukan. Nanginginig akong lumapit at nangayupapa.

— Pumanaog ka sa daigdig, — ang utos ng makapangyarihang tinig, — at sabihin mo sa mga taong yaon na tinatagurian ang kanilang sariling mga anak mo, na Ako, na lumalang sa angaw-angaw na araw na nililigiran ng angaw-angaw na daigdig, at baw't isa sa mga ito'y tinitirhan ng angaw-angaw na bagay-bagay na nilikha ko dahil sa aking walang hanggang kabutihan, ay ayokong maging kasangkapan ng mga imbing simbuho ng ilang hindi naman siyang pinakamagaling sa mga nilikha, isang dakot na alabok na tinatangay ng hangin, maliit na bahagi ng mga naninirahan sa isa sa mga lalong maliit na daigdig ko! Sabihin mo sa kanilang hindi ko ibig, na sa ngalan ko'y pagsamantalahan nila ang kaabaan at kamangmangan ng kanilang mga kapatid. Ayokong sa ngalan ko'y tangkaing pilitin ang pag-iisip at ang pagkukurong ginawa kong malalaya. Ayokong sa aking ngalan, ay gumawa ng anumang pagmamalabis, o humugot kahit na isang buntong-hininga, malaglag kahit na isang patak na luha o mabubo kahit na isang patak ng dugo. Hindi ko rin nais na Ako'y ilarawan nilang malupit, mapaghiganti, tagasunod sa kanilang mga pita at tagaganap ng kanilang kalooban. Ako ang kabutihan, kaya huwag nila akong gawing isang mapaghari-harian at isang mabangis na Ama. Huwag silang magpanggap na sila lamang ang tanging may hawak ng liwanag at ng buhay na walang katapusan. Paanong magkakaganito? Hindi baga ako ang nagkaloob sa baw't nilikha ng hangin, liwanag, buhay, pag-ibig at pagkain upang mabuhay at lumigaya? Kung gayon, itatanggi ko ba ang lalong pinakakailangan, ang lalong pinakamahalaga, na dili iba kundi ang walang hanggang kaligayahan, dahil lamang sa kapakinabangan ng iilang taong hindi naman siyang pinakamabuti sa lahat?

Iya'y isang kalapastanganan, kabalighuan at kabaliwan! Ipatalastas mo sa kanilang Ako ang lahat, at maliban sa akin ay wala nang iba pa, at walang maaaring mabuhay kung hindi ko nilolooob at pinahihintulutan. Wala Akong kaaway at hindi maaaring magkaroon; walang makapapantay sa akin, at walang sinumang makasasalansang sa aking kalooban! Ipamukha mo sa kanila, na ang kanilang mga kaaway ay hindi ko kaaway, na kailan man ay hindi ako nakiisa sa kanila at ang kanilang ginagawi ay walang kabuluhan, kundi kahangalan at kalapastanganan. Ipabatid mo sa kanila na pinatatawad ko ang kamalian, datapuwa't pinarurusahan ko ang kasamaan; nililimot ko ang isang pagkukulang sa akin, nguni't pinag-uusig ko ang pagduhagi sa isang kulang-palad, palibhasa Ako'y makapangyarihang walang hanggan, at ang lahat ng kalapastanganan ng tanang naninirahan sa buong daigdig, kahit na pag-iba-ibayuhin nang libu-libo ay hindi makapipinsala kahit na katiting sa aking kaluwalhatian; datapuwa't ang kaliitliitang pagduhagi sa maralita at sa inaapi ay aking parurusahan, sapagka't wala akong nilalang na anuman, wala akong binuhay na alinman upang maging sawimpalad at maging laruan ng kanilang mga kapatid. Ako ang Ama ng tanang bagay-bagay na nasa sangmaliwanag. Nababatid ko ang hanggahan ng bawa't pinakamaliit na bagay. Bayaan nilang mahalín ko ang aking mga nilikha, na ang kaabaan at mga pangangailangan ay nalalaman ko. Bawa't isa sa kanila'y nararapat tumupad sa kani-kanyang tungkulin at Ako, ang butihing Diyos, ay nakaaalam kung ano ang aking gagawin!"

Ganyan ang pangungusap ng Makapangyarihan sa lahat, at ako'y naparito upang sundin ang kanyang kalooban. At sinasabi ko sa inyo:

"Ang mga kaabaan ng sawimpalad na indiyo na inyong pinaghirap at pinakitunguhang para bagang sila'y mga hayop, ay nakarating hanggang sa luklukan ng Kataas-taasan. Nakarating doon ang napakaraming pag-iisip na pinapagdilim ninyo at niluray, ang maraming malilinis na babaing inyong ginahasa. Nakarating doon ang sigaw ng napakaraming ipinatapon, pinahirapan at pinatay dahil sa inyong pag-uudyok. Nakaabot na roon ang mga luha ng napakaraming ina, ang kasawiang-palad ng napakaraming ulila. Lahat nang mga yaon ay may kasamang alingasngas ng inyong mahalay na pagsasaya.

Alamin ninyo na may isang Diyos. (Marahil ay pinag-aalinlanganan ninyo ito at kung sinasambit man ninyo ang ngalan ng Diyos

ay upang matamo lamang ang inyong pinipithaya.) Ang Diyos na iyan ay maaaring humingi sa inyo balang araw ng pagtutuos sa lahat ninyong kasalanan. Alamin ninyong hindi niya kinakailangan ang salapi ng dukha. Ang pagsamba sa kanya'y hindi nagkakasiya lamang sa pagsisindi ng mga kandila, sa pagsunog ng kamanyang, sa pagmimisa, sa pagsampalatayang pikit ang mata sa sinasabi ng iba sukdang ito'y nalalaban sa katuwiran; hindi, sapagka't siya'y may mga tanglaw na lalo pang maliwanag kaysa araw ninyo, may mga bulaklak na lalo pang mahahalimuyak kaysa lahat ng bulaklak sa balat ng lupa, at may tugtugin siya sa magkakatangmang tunog ng mga bituin. Siya'y nakasisiya sa kanyang sarili. Nilalang niya ang pag-iisip, hindi upang ito'y busabusin, kundi upang sa tulong ng mga pakpak nito ay maging maligaya ang tao at makapailanlang sa Kanya. Hindi siya nangangailangan ng sinuman; nilalang Niya ang tao, hindi para sa kanyang sarili, kundi para sa tao rin. Hindi Niya kinailangan ang tao ni hindi niya kinakailangan: maligaya Siya buhat sa kawalang-hanggan.

“Mahigpit kayong nananangan sa isipang nauukol sa purgatoriy. Ito'y ibig ninyong ipagtanggol at para sa bagay na ito'y ginagamit ninyo ang lahat ng sandata, kahit na ang lalong imbi. Bakit sa halip na sayangin ang panahon sa paninindigan sa hindi ninyo nakita kailan man, ay hindi ninyo ipangaral ang pag-ibig sa kapuwa, ang pagmamahalan? Bakit sa halip ng mga parusa sa purgatoriy, ay hindi ninyo ipangaral ang aliw at pag-asa upang patamisin nang bahagya ang mga kasamaan sa buhay? Bakit? Sapagka't ang tunay na aral ni Kristo ay hindi makapagdudulot sa inyo ng salapi, at ang hinahangad ninyo'y ginto, ginto, maraming ginto, at upang magkamal nito ay kinakasangkapan ninyo ang Purgatoriy upang makunan ninyo ang ulila at ang balong babae sa pamamagitan ng mga kakila-kilabot na kuwento tungkol sa kabilang buhay, upang sila'y makunan lamang ninyo ng ilang kuwalta? Nalimot na ba ninyo ang sinabi ng Apostol: *Nolo vos ignorare, fratres, de dormientibus, ut non contristemini, sicut qui spem non habent?* (“Ayokong hindi ninyo malaman, mga kapatid, ang nauukol sa mga nangakakatulog, upang huwag kayong mahapis na tulad ng mga walang pag-asa.”) Nalimot na rin ba ninyo itong aking sinabi na: *Haec enim est christianae fidei suma: vitam aeternam expectare post mortem?* Alalaong baga'y “Heto ang kabuuan ng pananampalatayang kristiyano: umasa sa buhay na walang hanggan pagkatapos ng kamatayan.” Datapuwa't kayo'y nagkukulang sa pag-ibig sa kapuwa. Gumaga-

wa kayo ng nalalaban kay Kristo, at dahil sa imbing pakinabang ay nanghihimasok kayo sa mga kahatulan ng Diyos. Ang buong lakas ng inyong pagmamatuwid ay nasasandig dito, na may mga kaluluwang hindi sapat na makasalanang upang mapasama magpasawalang hanggan, ni hindi naman sapat na malinis upang makapasok sa langit. Sino ang nagpahintulot sa inyo na pangunahan ang mga kahatulan ng Diyos na tumitimbang at nagsasa-alang-alang kahit na ng pinakamaliit na kaisipan, at nakababatid na hindi maaaring mahingan ng kaganapang maka-Diyos ang mga nilikhang yari sa putik, na napapailalim sa mga kaabaan dito, mga pangangailangan, at mga kaapihan? Sino ang nagsabi sa inyo na hahatol Siya gaya ng paghatol ninyo, kayong mga taong may makitid na kaalaman? Sino ang nagsabi sa inyong hindi natin napagbabayaran dito ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng mga pagdurusang ating dinaranas sa buhay na ito? Kung noong una'y maaari kong matanggap ang anino ng pagka-maaaring mangyaring bagay na yaon, ngayon, sa dahilang lalo ko nang nasasaklawan ang kabutihan ng Diyos at ang kaabaan ng tao, ay mayroon akong buong-buong pananalig sa Kanya at natitiyak ko nang ang Kanyang pamamaraan at kahatulan ay magiging walang-hanggan na lalo pang matuwid at mabuti kaysa akin, Kaya nga, iwaksi na ninyo ang pagsusumakit sa pagkakamal ng kayamanan; mayroon na kayong sapat. Huwag kayong humatol sa mga kaluluwa ng iba upang agawin ang kahuli-hulihang subo ng kanin sa mga dukha. Ipaubaya ninyo sila sa mga kamay ng sa kanila'y lumikha at huwag ninyong pamagitanin ang inyong mga sumbong upang maagaw lamang ang kaunting salaping iniwan ninyo sa kanila. Pakatandaan ninyo yaong winika ni Fulgencio: *Et si mettetur in stagnum ignis et sulphuris qui nudum vestimento non tegit, quid passurus est qui vestimento crudelis expoliat? Et si rerum suarum avarus possessor requiem non habebit, quomodo alienarum rerum insatiabilis raptor?* ("At kung inihuhulog sa tangke ng apoy at asupre ang hindi nagpadamit sa hubad, ano kaya ang dadalitin ng isang malupit na sa kanya'y naghubad? At kung hindi matatahimik ang nagmamaramot sa mga ari-arian niya, paanong matatahimik ang magnanakaw sa ari-arian ng iba?") Bulay-bulayin ninyo na sa kaarawan ng paghuhukom ay maaari kayong ipagsumbong ni Satanas kay Kristo ng ganito: *Tui autem christiani, pro quibus crucifixus et mortuus es, ut morti ipsi non timerent, sed essent de resurrectione securi, non solun lugent mortuos voce et habitu, sed etiam ad ecclesiam procedere confunduntur; aliquanti etiam ipsi clerici tui et pastores ministerium suum intermittunt, vacantes, luctui quasi insultantes tuae voluntati.* ("Datapuwa't ang iyong mga

kristiyano, na dahil sa kanila'y ipinako ka sa kurus at namatay, upang sila man ay huwag matakot sa kamatayan bagkus buong tibay na manalig sa pagkabuhay na mag-uli, ay hindi lamang tinatangisan ang mga namatay sa pamamagitan ng tinig at pananamit, kundi nagkakasagasaan pa sa pagparoon sa simbahan. Marami rin naman sa iyong mga klerigo at tagapastol ang nagsisitigil sa pagganap ng kanilang katungkulan at inaatupag ang paghihinagpis, na para bagang nilalait ang iyong kalooban.”)

“Kaya nga, ipangaral ninyo ang relihiyon ng mga pag-asa at ng mga pangako, sapagka't kayo'y lalong nangangailangan ng kapatawaran kaysa sinuman. Huwag kayong magsalita tungkol sa mga kahigpitan at huwag ninyong hatulan ang sinuman; baka kayo'y dinggin ng Diyos at hatulan nang alinsunod sa mga kautusang inyong pinagtahi-tahi. Ikintal ninyong lagi sa inyong alaala ang sinabi ni Kristo: *Vae vovis Scribae et Phariseai hypocritae qui clauditis regnum caelorum ante homines; vos non intratis, nec introeuntes sinitis intrare.* — (“Sa aba ninyo, mga eskribas at pariseos na mapagbalatkayo, at nangagpipinid ng kaharian ng langit sa mga tao; hindi na kayo makapapasok ay hindi pa ninyo pinababayaang makapasok ang iba.”) Bawasan ninyo ang kasakiman, at dagdagan ang inyong pag-ibig sa kapuwa.

“Ngayon, ang tangi kong sasabihin ukol sa iyo ay ito: Ikaw ay isang hangal na sawimpalad. Marami kang sinasabing mga kahangalan, nguni't halos hindi kita masisi, sapagka't ano pang ibang bagay ang dapat kong hintin sa iyo, at hindi ko nais na parusahan ka dahilan sa iyong mga kahangalan. Datapuwa't nagkaroon ka ng kapangahasan, hindi lamang sa paglait sa iba, at sa bagay na ito'y nagkasala ka sa pag-ibig sa kapuwa, kundi nanga-has ka rin namang purihin ang iyong sarili at isulat ang papuring iyan sa naglalakihang titik upang mapansin ng lahat. Noong ikaw ay nagsasalita tungkol sa iyong sarili ay sinabi mong: “*Ang paring ito ay nakikilala kong mabuti.* O ikaw ay nagsisinungaling o si Don Pepe mo na hindi pala nakakikilala sa iyo. Sa ganang naukol sa iyo, tinitiyak kong hindi mo nakikilala ang iyong sarili — *bagaman tila may bahagyang katigasan ang iyong ulo.* (Ano bang bahagya?) Hindi mo ba nakitang nabakli ang aking bakulo sa iyong ulo, na tila isang bato? Nguni't hindi mo na kailangan pang ipahayag iyon, sapagka't nalalaman ng buong daigdig na ang katigasan ng ulo ay katangian ng mga taong magaspang at walang pinag-aralan. *Ganoon man, ay hindi mo nakaugaliang magsalita nang walang kapararakan,* — ito'y tutoo sa isang dako: palibhasa'y

bawa't katagang sabihin mo ay nagiging sanhi ng tawanan, maging dito sa lupa at maging sa langit. *Hindi ka rin nahirati sa pagsasabi ng mga bagay-bagay nang hindi mo pinag-iisip muna; kaipala'y totoo yaon; dangan nga lamang at talagang makitid ang iyong isip.* Dahil sa hangal sa pagmamangyong ito, ay marapat kitang atangan ng isang pasakit, isang parusa, minsan lamang nguni't panghabang panahon, sapagka't hindi mo na ako pipiliting bumalik pa upang pangusapan kita tuwing magsasabi ka ng mga kahangalan. Hindi magsasayang ng panahon ang aking buhay sa pagsasaayos ng iyong mga kaugalian.

At ang Obispo'y nagbulay-bulay nang malalim:

— Kung ikaw ay aking hahatulan alinsunod sa paraan ng iyong pag-iisip, ay walang agam-agam na nararapat kang mahulog sa impierno o iyong purgatoriyo man lamang; datapuwa't hindi, hindi panununtunan ng Diyos ang iyon mga kapasalahan... Isa pa'y mayroon ka rin namang nagagawang bahagyang kabutihan bagama't hindi mo kinukusa, at ito'y dili iba kundi ang pagpapatawa mo sa maraming bihasang tao, at upang maisagawa ito'y kinakailangan din ang pagtitiis. Nararapat ko bang gawing huwag mag-alis ng sambalilo ang mga indiyo o huwag humalik sa iyong kamay, kung ikaw ay makasalubong nila? Yao'y magaling upang maparusahan ang iyong kapalaluan, nguni't kung ito'y aking gagawin ay ipatatapon, pagkatapos, ang mga kahabag-habag na indiyo o ipabilanggo kaya at hindi tumpak na dagdagan ko pa ang samang inyong ginagawa. Nararapat bang pagdusahan ang iniuukol mo kay Voltaire, kung yaon ay pakakahuluganang isang kaparusahan? Tila nararapat sa iyo ang gayon, sapagka't waring minamabuti mo ang kasamaang iyon. Datapuwa't maaaring may ilang paniwalaing nagsisipaniwala sa iyo, at kapag nakita nila, pagkatapos, na ikaw ay nagtitiis ng gayon ding parusa ay baka akalain nilang ikaw ay katulad ng taong iyang lubhang matalino; kaya, hindi, hindi iyan ang dapat iparusa sa iyo. Ikaw ba'y gagawin kong kimaw at pipi? Iyan sana ang pinakamagaling na parusa, datapuwa't baka naman akalain ng iyong mga kapatid na ang gayo'y isang pagsubok na ipinadala sa iyo ng Diyos hindi, hindi mo ako masisilo ngayon. Ano nga ba ang nararapat kong gawin sa iyo?

— A, alam ko na, — ang kanyang idinugtong pagkatapos na makapagdili-dili. — Masusumpungan mo ang iyong parusa sa iyong kasalanan. Heto ang parusa ko sa iyo: Sa buong buhay mo'y wala kang ibang sasabihin o isusulat liban sa kahangalan, upang

pagtawanan ka ng madla, palibhasa'y walang ibang kapararakan ang iyong sinasabi kundi iyan lamang. At sa araw ng paghuhukom, ay hahatulan ka, alinsunod sa nararapat sa iyo!

— Siya nawa! ang itinugon ni Prayle Rodriguez.

Pagkawika nito'y nawala ang pangitain. Ang liwanag na nagbubuhay sa kingke ay naging dilaw uli. Napawi ang mahinhang bango. At nang sumunod na araw, ay nag-ibayong sigla si Prayle Rodriguez sa pagsulat ng lalo pang malalaking kahangalan.

— Siya nawa!

10. — SA PAMAMAGITAN NG TELEPONO

Noong taong 1900 ay kauna-unahang ikinabit ang Filipinas sa Madrid sa pamamagitan ng kawad ng telepono. Ito'y inilagay ng isang samahang pinamumunuan ng mga Ingles at mga Katalan. Ang samahang ito'y tinawag na *The Trans-Oceanic Telephone Co.* na noong kanyang kapanahunan ay lubhang napabantog sanhi sa mga kaisipang totoong pangahas.

Salamat sa lubos na kagalingan ng mga kasangkapan, ay maaring mapakinggan buhat sa Madrid ang mga mahiwagang buntong-hininga ng mga prayle na nangagdarasal sa harap ng mga banal na larawan. Maririnig ang kanilang mga panalanging batbat ng pagmamakaawa, ang kanilang mga pangungusap na nagtataglay ng pagpapakumbaba at pagsang-ayon sa kalooban ng Diyos. Maririnig sampu ng kanilang pasasalamat tuwing sila'y tumatanggap ng mga limos na bigas at tunsoy na ipinagkakaloob ng mga mamamayang habag na habag sa kanila sapagka't walang tigil ang kanilang pangingilin at pag-aayuno. Gayon na lamang kainan ng telepono na pati ng katahimikang naghahari sa mga silid-kainan, at ang langutngot ng pagngalot ng mga prayle ay maririnig, at sa pamamagitan ng mga ito'y tiyakang mapag-aalaman na kahit na ang pinakamatakaw sa mga prayle ay hindi kumakain nang higit pa sa limang subo sa buong maghapon.

— Kayhihirap at kaybabanal nitong mga paring ito! — ang bulalas sa Madrid ng mga makademokrasiya na nangabagbag ang loob.

— Kayhihirap at kaybabanal ng mga paring ito! ang ulit ng telepono sa Pilipinas, at ang papuring ito'y inilathala sa lahat ng dako, sa mga bahay-pari, sa mga simbahan, at sa iba't iba pang lunan.

Nang ang papuring ito'y marinig ng mga prayle, ay lalo nang binawasan ang kanilang subo sa takot na baka may sino mang indiyong nagugutom. Tinuturuang bumasa at sumulat ang mga bata, at pilit nilang tinuturuan ng wikang kastila, bagama't ang pagtuturong ito'y ikinapagtiis nila ng hindi kakaunting paglait at sampal ng mga magulang ng mga bata, dahil sa kapangahasang imulat ang mga mata ng mga batang yaon.

Purihin nawa ang Diyos! — ang itinutugon ng mga prayle kung sila'y sinasampal, sabay ng paghahandog ng kabilang pisngi.

Ang lahat nang ito'y maging alang-alang sa kapurihan nawa ng Diyos at ng inang Espanya!

At pagkaalis na pagkaalis ng naghahari-hariang indiyo ay ipinagpapatuloy ng mga prayle ang pagtuturo, hanggang ang pamahalaan, sa sulsol ng mga magulang, ay hindi sila tagan ng pagtuturo. Ang pagtuturo ay isang mabigat na kasalanan, sapagka't ito'y nagsasapanganib sa kabuuan ng inang-bayan.

— Ang Ministro ng mga Lupaing Sakop sa Ibayo ng Dagat, — ang tawag, isang araw, sa Maynila buhat sa Madrid sa telepono ng prokurador ng mga prayleng Agustino — ang Ministro de Ultramar, sa kahilingan ng mga indiyo ay naghahandog sa ating korporasyon ng isang asyenda upang ang mga pare ay huwag mamatay ng gutom at mabuhay nang may kaunting kaluwagan. Ano ang isasagot sa kanya?

Inihatid ito ng telepono sa kumbento ng mga prayleng Agustino.

— Hesus! Hesus! Banal na Diyos, Diyos na malakas, Diyos na walang kamatayan! Huwag mo kaming ipahintulot sa anumang tukso — ang bulalasan ng lahat ng prayle nang kanilang marinig ang balita, kasabay ng pagluhod at pagtatakip ng kanilang mga tainga.

— Panginoon, Panginoon — ang hibik ng Paring Probinsiyal, na dinadagukan ang kanyang dibdib. Ang kanyang pagdagok ay totohanan at hindi pakitang-tao lamang, gaya ng ginagawa ng isang nagtatangkang luminlang sa mga nananampalataya upang ang mga ito'y makunan ng ilang kuwalta. — Naipanganyaya ko ang kaluluwa ni Salvadorsito noong siya'y ipadala ko sa Madrid upang magprokurador. Siya'y lubhang mabait, lubhang mababa ang loob, totoong walang pagmamangyay, totoong tapat ang loob, totoong walang kibo, totoong malinis, totoong mapaniwalain noong siya'y naririto pa! Ngayon, siya'y napariwara! Magmungkahi sa amin ng ganyang mga panukala . . . na lubhang makasalanan! Naku, ay! naku! *Domine, quare dereliquisti eum*, Panginoon, bakit siya'y iyong pinabayaan?

At ang buong kumbento ng San Agustin ay naghihibikan, nagdaragukan sa dibdib at naghahampasan ang isa't isa upang makapagsisi ng kanilang kasalanan at mapabalik sa tuwid na landas ang kaluluwa ni Salvadorsito Font.

At sa Madrid ay naririnig (sa pamamagitan ng telepono) ang kaguluhan sa kumbento ng San Agustin. At ang mabait na si Salvadorsito Font, dala ng kanyang pagkapaniwalain ay nabulalas;

— Baka pa kaya ibinilanggo na ang lahat ng aking mga kapatid dahil sa pagtanggap nilang bumasa ng mga aklat na inilalathala ng mga indiyano laban sa kanila — mga aklat na umaalipusta sa kanila, nguni't may pahintulot naman ng mga may kapangyarihan sa simbahan! Kung aalagatain ang lahat, ay mabuti nga iyon! Sino бага ang nag-uutos sa kanilang sumagot at tumugon?

Kaming mga tagatulad at mga alagad ni Kristo, kung kami'y nilalait sa mga aklat, ay dapat kaming piling bumasa ng mga ito, lalo na kung pinagkalooban ng mga indulhensiya. Dapat din kaming pagbawalang sumagot o magtanggol sa aming sarili. Para sa bagay na ito'y may panata kami ng pagpapalalo . . . Ngayon din ay sasadyain ko ang Ministro upang mamahik sa kanyang iutos niyang ipahagupit ang sinumang pare sa aking relihiyon, na dahil sa kapalaluan ay hindi umaamen sa lahat ng bagay, at hindi gumagalang sa katotohanan. Sa ganitong paraan ay makikita nila, na bagama't ako'y hangal, ay hindi naman ako kinukulang ng pagmamahal sa Katarungan . . .

At hinanap niya ang kanyang mga sapatos na butas-butis, sapagka't ang nakasuot sa kanya ay walang suwelas. Dapat na maglakad ang mabait na Agustino hanggang sa tanggapan ng Ministro, sapagka't wala siya kahit na pambayad sa trambiya. At gayong siya'y nagpanata ng pagpapayaman!

— Salvadorsito, Salvadorsito! — ang sigaw buhat sa telepono.

Nakilala ni Salvadorsito ang tinig ng Prayle Probinsiyal, at siya'y nanginig. Si Salvadorsito ay lubhang masunurin.

— Mag-uutos po ang inyong pagkaama! — ang isinagot niya, at siya'y nanikluhod sa tabi ng telepono upang sa ganitong anyo ay lalo siyang maging mapitagan, bagama't ito'y ipinagbabawal sa kanya ng panata ng pagpapalalo.

— Bakit pinahintulutan mong ikaw ay tuksuhin ng kaaway ng kasamaan? Bakit mo ikinalugod, kahit na sa isang saglit lamang, ang panukalang tayo'y pagkalooban ng isang asyenda?

Bakit, anak ko? Hindi mo ba nakita na sa panukalang iyan ay natatago ang isang silong iniumang sa atin ng kaaway? Walang pagsalang ang panukalang iyon ay nagbuhat sa sinumpang si Rizal,

upang sa gayong paraan ay yumaman tayo, maging palalo, maka-pangyarihan at mahilig sa kalupaan. Hindi mo ba nalalaman na ang sawimpalad na taga-Kalambang iyan ay walang ibang minimiti hi kundi ang tayo'y tumupad sa ating mga panata na magpayaman, magpalalo, at magmahalay, na sa atin ay iniatang ng mga lapas-tangang nagtatag ng ating relihiyon? Kaya nga, huwag kang maki-kinig na muli sa ganyang mga handog. Naiintindihan mo ba?

Dito, kami'y hindi lamang gumagawa at nagtatayo ng mga simbahan sa tulong ng aming mga bisig. Hindi lamang kami nagtatanim at sumasaklo sa mga dukha. Ang kaunting sa amin ay ibinibigay ay ipinagkakaloob pa namin sa mga mayayaman at sa mga nagmamataas upang kami'y lalo nilang pagmalupitan, upang ang kanilang kasakima'y mag-ulol at kami'y kanilang pagsaman-talahan at paghiraping lalo't lalo, at upang kami'y ikulong nila sa mga bilanguan, ipatapon at iba pa . . . Sa ganitong paraan ay napalalaganap namin sa lahat ng dako ang kautusan ni Kristo at naipangangaral namin sa mga pulo na sa amin ay pinagtatapanun, at kumakapal ang tumutulad sa amin . . . Kaya naman wala ni isa mang igorote, wala ni isa mang hindi sumasampalataya kahit na sa mga bulubundukin, at lahat-lahat din ay nagsasaman-tala sa amin gaya nang kinamihasnan ng mga kristiyano.

Ang nararapat mong imungkahi sa Ministro upang magtagumpay ang ating aral ay ito: na nararapat nilang parisan ang mga "pretor" ng mga romano, at sila'y magpadala rito ng mga tagapamahalang malulupit, mahihilig sa dugo, mangagsisiyurak sa mga batas at mangag-uusig sa atin. Sa ganyang paraan ay magigising ang mga nahihimlay, magiging matibay ang mga nanghihina, at mapupukaw ang pansin ng mga nagwawalang bahala, na sadyang marami, napakarami ang bilang . . . Tandaan mo, na upang maipagwagi ang alin mang mithiin, ito'y nararapat na pag-usigin . . . Hayo na at kami'y iyong ipausig! Samantala ay ipinarurusa ko sa iyo, palibhasa'y hindi ka naman hambug o komedyante, na ikaw ay magparetrato sa iba-ibang katayuan, datapuwa't lagi na sa isang lagay na parang ikaw ay nagninilay-nilay at sumusulat ng isang pangaral, may tangang panulat at nasa tabi ng isang ilawan. Huwag mong limuting ikaw ay dapat magsalamin sa mata kahit na hindi malabo ang iyong mga mata. Naiintindihan mo ba? Ipakikita mo ang mga retrato sa madla, upang ang lahat ng tao ay magwika, kahit na hindi nila pinaniniwalaan: "Lubhang palaisip siya! nararapat na maging isang dakilang mananalumpati itong si Salvadorsito Font! Lagi na siyang sumusulat ng

mga pangaral! Halos wala na siyang panahon upang magpakuha ng larawan! Ang bagay na iyan ay magpapasakit sa iyo, sapagka't kahit na ikaw ay may panatang magpayaman, magpalalo, at magmahalay, ay hindi mo pinapansin ang mga yaon . . . Huwag mong limuting magpakuha ng larawan sa katayuang nagninilaynilay at parang komedyante, hane! Patnubayan ka nawa ng Diyos!

— Sundin ang loob ninyo! — ang naihibik ni Salvadorsito na lubos ang pagsang-ayon, at ang buong bahay niya'y napuno ng paghihimutok.

Totoong napakababa ng loob ni Salvadorsito, na kanyang ikinahahapis ang kaisipang siya'y humarap sa tao kahit na sa pamamagitan lamang ng larawan. Dahil din sa kanyang kababaang loob, kung kinakailangang siya'y mangaral, ang tinig niya'y pinalalaki't pinalalalim upang matakot ang mga nakikinig at mangag-alisan.

— Salvadorsito, Salvadorsito! — ang sigaw na muli buhat sa telepono.

— Mag-utos po ang inyong pagkaama! — ang tugon ng mabait na prokurador. Ngayon ay dumapa siya upang lalong mapitang mapakinggan ang kanyang probinsiyal.

— Isamo mo sa Ministro na huwag gawing Obispo si Pray Rodriguez. Sabihin mo sa kanya na si Pray Rodriguez ay abalang-abala sa paghahanap at pagbuo ng mga salitang hango sa salitang "Kalamba", gaya baga ng *Kalambano*, *Kalambaino*, *Kalaino*, *Kalainos*, Kung makikita mo lamang kung gaano ang tinitiiis niyang hirap upang maisagawa ang bagay na ito! Para bagang ikinalulugod niyang tutoong pagpawisan. Wala siyang panahon upang mag-obispo, bagama't siya'y magiging magaling na obispo, sapagka't pinarusahan siya ng ating Amang si San Agustin na maging hangal sa buo niyang buhay. Alang-alang sa Diyos, ay huwag nawa siyang gawing obispo!

— Hindi po ang Ministro ang nagtatangkang pag-obispuhin siya. Ang nagtatangka po niyaon ay ang mga paring dominiko na nagnanais iwasan ang tungkulin, sa udyok ng kanilang diwang mapagpalalo! — ani Salvadorsito.

— Kung gayon, ay sabihin mo sa Ministro, na kung sa pag-obispo ay wala nang tatalo sa mga prayleng dominiko. Dito'y may nakikilala akong isang prayleng dominiko na lubhang kai-

bigan ng mga indiyo at lubha ring kaaway ng ating banal na pananampalataya. Ayaw siyang makilahok ang mga insik sa mga seremonya, gayong alam niya na pag-alis na pag-alis ng insik sa bansa, ay tinatalikdan ang pagkakristiyano, palibhasa'y ang insik ay nagkikristiyano lamang sa udyok ng sariling kapakanan. Ang mga kristiyano, habang sila'y lalong sumasama ay lalong mabuti. Ito'y nababatid ng mga prayleng dominiko, at kahit na pagkalooban at handugan sila ng salapi ng mga insik ay hindi nila tinatanggap. Ba! hindi po!

Sinisikap ng mga prayleng dominiko na ang mga indiyo ay huwag makipag-alitan sa mga mestiso, ni ang mestiso sa mga insik, at ito'y nalalabag sa maliwanag na kautusan ni Hesukristo na *paghati-hatim upang makapaghari*. Dahil sa pagsuway nilang ito'y nararapat na sila ang gawing mga obispo. Dapat itanim sa kanilang ulo ang isang mitra bilang tanda ng kapalaluan, at sa ganito'y matutulad sila sa mga paring asiryo at persa na nangkasuot ng mitra. Sinusunod ng mga dominiko si Maquiavelo, ang sinumpang si Maquiavelo, na nagsabing karapatang ipangaral ang kapayapaan at pagkakasundo. Tungod sa pagkakasundo, alam mo ba, Salvadorsito, na dumalaw si Pari Baldomero at isa pang pari sa Colegio de la Concordia; baka sakaling nalimutan mo na, . . . ang kolehiyong ito'y para sa mga dalagang bagong-sibol na nangag-aaral; gaya ng mahihintay, hindi sila pumasok sa mga silid-tulugan samantalang nangagbibihis o nangagpapalit ng damit ang mga dalaga. Hindi rin nila kinausap ang lalong magaganda sa mga dalaga, at sa ilang pagkakataong sila'y nakipag-usap sa mga kolehiyala, ang pakikipag-usap na ito'y hindi sa dilim, hindi sa likod ng mga pinto, at hindi malayo sa mga kasamahan . . . Ay! kay tindi ng pasakit na kanilang tiniis . . . Ay! sila'y totoong malinis, totoong banal, at totoong matimpi ang kanilang kalooban! At ang mga madre naman ay totoong mahihigpit, hindi marunong magpairog, at hindi marunong magpaumanhin! Sa buong panahong naroon sila sa kolehiyo ay walang napag-usapan kundi ang Diyos! at namalagi silang halos maiyak at nangagdadalamhati!

— Aray! naku! aray!

— Ano ang nangyayari sa iyo, Salvadorsito?

— Alisin na po ninyo ako sa pagka-prokurador, sapagka't dito'y tinitii ko rin ang katulad ng tiniis nina Baldomero at ng kasama niyang pari sa kolehiyo ng mga dalaga. Kay daming mga ma-

gagandang dalagita at mga dalaga! Aray! Gusto ko na pong bumalik sa Maynila! Ang Madrid ay napariwara!

— Datapuwa't dito'y ibibilanggo ka ng mga indiyo at ikaw ay ipatatapon kahit na walang sumbong laban sa iyo! Sukat ang sumulat ng isang lihim na pabatid ay . . .

— Kahit na po!

— Ikaw ay mamamatay ng gutom at hindi ka makasasakay sa karwahe!

— Dito'y naglalakad lamang po ako.

— Dapat mong malaman na dito ay dapat kang magpugay sa mga indiyo at kung hindi ay uusigin ka at ipatatapon.

— Kahit na po! Minamabuti ko po ang lahat nang iyan kaysa mabuhay sa piling ng mga babaing . . . magaganda.

— Dapat mong malaman na kung hindi ka magbibigay-loob sa lahat ng bagay na manais ng gubernadorsilyo ay pararatangan kang kalaban ng mga kastila.

— Tututol po ako, sasabihin kong minamahal ko ang Espanya.

— Hindi ka paniniwalaan, sapagka't ang mga indiyo ay totoong mayayaman at nangaglalathala ng mga aklat na pinagtitibay ng mga maykapangyarihan laban sa mga prayle . . .

— Kung gayon po, ay ano ang nararapat kong gawin? Ano po ang gagawin ko?

— Mamalagi ka riyon sa pagka-prokurador!

— Ay!

— Magregalo ka ng mga bagay-bagay na galing sa Tsina at sa Hapon sa mga Ministro, sa mga Kinatawan, at sa mga Senador upang matamo ang ating mga layon.

— Opo! iyan nga! tulad ng ginagawa ng mga insik! at ano pa po?

— Hintayin mong gawin kang obispo!

— Ay! Ay!

— At pagkatapos ay Kardenal!

— Naku! naku! naku po!

— Datapuwa't, sa ngayon ay dapat mong sikaping magkaloob ang pamahalaan ng mga kurus, mga asyenda, at mga tungkulin sa ating mga kaaway . . .

— At kung sandatahan po nila ang isang paghihimagsik, at sabihin nilang tayo ang may gawa niyaon, sapagka't tayo'y mga *bistirupelo*?

Katahimikan.

— Ano po ang sasabihin ko tungkol sa *bistirupelismo*? — ang tanong ni Salvadorsito.

Katahimikan.

— Pari Probinsiyal? Ano po ang tungkol sa *bistirupelismo*?

— Al ang *bistirupelismo*? — ang sa wakas ay isinagot ng isang tinig. — Sabihin mo sa Ministro na wala ng bagay na iyan, datapuwa't kung nais niyang magkaroon, ay sukat nang siya'y maniwalang mayroon at magkakaroon. Sabihin mo sa kanya na marami na tayong tiniis, tinitiiis, at titiisin pa. Datapuwa't palibhasa sa buhay na ito'y walang anumang bagay na walang katapuhan ay magkakaroon din ng hangga balang araw, ang ating mga pagtitiis, at ang araw na iya'y dili iba kundi kung tayo'y mapapaniwala na ang pamahalaan ay kumakatig sa ating mga kaaway.

11 — SI MARIANG MAKILING*

Sa aking bayan ay may iniingatang isang alamat, ang alamat ni Mariang Makiling.

Siya'y isang dalagang naninirahan sa magandang bundok na naghiiwalay sa mga lalawigan ng Laguna at Tayabas¹. Kailanma'y hindi napag-alaman ang tiyak na pook na kanyang tinitirhan, sapagka't yaong mga nagkapalad na makasumpong sa kanya, pagkapaglalagala nila nang mahabang panahon, tulad ng mga naliligaw sa mga kagubatan, ay hindi na nangakabalik, ni hindi na nagkantututong tumunton sa daan, at hindi rin nagkakaisa sa pook at sa paglalarawan nito. Samantalang may mangilan-ngilang nag-sasabing ang kanyang tirahan ay isang magandang palasyo, na kumikinang na tulad ng isang gintong relikaryo at naliligid ng mga halaman at nagdirilagang liwasan, ang iba naman ay nagpapatunay na wala silang nasumpungan maliban sa isang hamak na dampa, na ang bubong ay tagpi-tagpi, at ang mga dinding ay sawali. Ang ganitong pagkakasalungatan ay maaaring ikapaniwala na ang mga nagbabalita, maging ang mga nauna at maging ang mga nahuli, ay magaling na magsinungaling; datapuwa't maaari rin naman na ang sanhi ng pagkakaiba-iba ng kanilang mga pagsasalaysay ay dahil sa si Mariang Makiling ay may dalawang tahanan, gaya ng maraming taong may-kaya.

Sang-ayon sa mga saksing nakakita, siya'y isang dalagang matangkad at mainam ang tindig, may mga matang malalaki't ma-iitim, at may buhok na mahaba't malago. Ang kulay niya'y kayumangging-kaligatan, gaya ng tinatawag ng mga tagalog; ang kanyang mga kamay at mga paa ay maliliit at makikinis, at ang bukas ng kanyang mukha'y nagpapahayag ng katimpian at katapatan. Siya'y isang nilalang na parang likha ng guni-guni, kalahating nimpa at kalahating silpide, na isinilang sa mga sinag ng buwan sa Pilipinas, sa hiwaga ng kanyang kagalang-galang na kagubatan at sa ugong ng mga alon ng kanugnog na lawa. Sang-ayon sa paniwala ng madla, at laban sa kabantugang iniuukol sa mga diwata

* Ang lathalang ito ay lumabas sa **La Solidaridad** nang ika-31 ng Disyembre, 1890 sa ilalim ng pangkalahatang pamagat na **SINING AT PANITIK**.

1 Ngayon ay lalawigan na ng Quezon ang dating tinatawag na lalawigan ng Tayabas, na pinalitan sa karangalan ng mabunying lider ng bayang pilipino, na si G. Manuel L. Quezon, naging unang Pangulo ng Komonwels ng Pilipinas.

at sa mga diyus-diyusan, si Mariang Makiling ay nanatiling birhen, walang karangyaan at mahiwaga, gaya ng hilagyo o diwa ng kabundukan. Pinatotohanan sa akin ng isang matandang babaing naging katulong namin — ang babaing ito'y napakalaki at nagtanggol sa kanyang bahay laban sa mga tulisan, at isa sa mga ito'y napatay niya sa isang saksak ng sibat — na noong siya'y bata pa, ay nakita niya buhat sa malayo si Mariang Makiling. Ito'y nagdaraan noon sa ibabaw ng mga kugunan at lubhang mabilis at napakagaan na parang may sa-hangin, at hindi man lamang nababaluktot ang malalambot na dahon ng kugon. Sinasabing kung gabi ng Biyernes Santo, kapag ang mga mangangaso ay nangagsisiga upang akitin ang mga usa sa pamamagitan ng amoy ng abo, na totoong kinawiwilihan nila, si Mariang Makiling ay naaaninag sa malayo, walang kakilus-kilos sa gilid ng mga lalong mapanganib na bangin, binabayaang iwasi-wasiwas ng hangin ang mahaba niyang buhok na nagniningning sa liwanag ng buwan. Sinasabi ring manaka-naka'y minamarapat niyang lumapit sa mga tao, at sa gayo'y nagpupugay nang buong paggalang, nagdaraan at nawawala sa lilim ng mga kanugnog na kakahuyan. Ayon sa iba pang sabi-sabi, siya'y kinalulugdan at pinagpipitaganan ng lahat, at walang sinumang makapangahas na magtanong, sumunod, o magmanman sa kanya. Siya'y namataan ding nakaupo nang mahahabang oras sa isang batong-buhay, sa pasigan ng isang ilog, na wari'y nanunuod sa mabagal na daloy ng tubig. Hindi rin nawalan ng isang matandang mangangaso na nagpapatunay na si Mariang Makiling ay kanyang namataang naliligo, isang hating-gabi, sa isang liblib na bukal, noong pati mga kuliglig ay nangahihimlay, noong ang buwan ay naghahari sa gitna ng katahimikan at walang anumang nakagagambala sa mga panghalina ng ilang. Sa mga ganyan ding oras at sa gitna ng ganyan ding kalagayan, ay noon niya ipinaririnig ang mahiwaga't malungkot na himig ng kanyang alpa. Ang mga nakakaulinig niyaon ay nagsisitigil, sapagka't ang himig ay lumalayo at napaparam kapag tinangkang tuntunin ang kanyang pinanggagalingan.

Ang totoong ikinalulugod niyang pamamasyal, ayon sa balibalita ay kung makaraan ang sigwa. Noon ay nakikita siyang naglilibot sa mga parang at bawa't maraanan ay pinanunumbalikan ng buhay, kaayusan, at katahimikan; muling itinutuwid ng mga punung-kahoy ang kanilang hapong puno; muling nagkukulong ang mga ilog sa dati nilang dinadaluyan at napapawi ang mga bakas ng mga nakawalang lakas ng kalikasan.

Kapag ang mga dukhang taong bukid na naninirahan sa mga libis ng Makiling² ay nangangailangan ng damit o hiyas para sa anumang pista o pagdiriwang, ang mga ito'y ipinahihiram sa kani-la ni Mariang Makiling nguni't nangangako silang isasauli ang ipinahiram at isa pa'y magkakaloob sila ng isang manok na sim-puti ng gatas, at kailanma'y hindi pa nakapangingitlog; sa ibang sabi'y isang dumalaga. Lubhang mapagbigay at maganda ang kalooban niya. Makailan niyang tulungan ang mga maralita't matatandang babae na napasasa-gubat upang mangahoy o mamitas ng mga bungang-kahoy. Upang ang pagtulong na ito'y maisagawa ay nag-aanyo siyang karaniwang magbubukid at inaabután sila ng mga butil ng ginto, salapi, relikaryo, at hiyas.

Isang araw ay tinutugis ng isang mangangaso ang isang baboy-ramo sa malawak na kugunan at malago't marawag na kakahuyan. Kaginsa-ginsa'y nasumpungan niya ang dampang pinagtaguan ng hayop. Biglang-biglang lumabas ang isang magandang dalaga, na panatag ang loob na nagwika sa kanya:

— Akin ang baboy-ramo at hindi tumpak ang inyong ginawang pagtugis sa kanya. Nguni't nakikita ko kayong hapung-hapo at nagdudurugo ang inyong mga bisig at mga binti. Magtuloy nga kayo, kumain kayo, at pagkatapos ay saka magpatuloy sa inyong paroroonan.

Ang mangangaso ay nagitla at natilihan. Nabighani siya sa karikitan ng dalaga; nagtuloy at nagmamadaling kumain ng lahat ng inihain sa kanya, na hindi nakapagsalita kahit isang kataga. Bago siya umalis ay inabután siya ng dalaga ng ilang putol na luya at ipinagbiling ibigay iyon sa kanyang maybahay upang mai-sangkap sa paggigisa. Ang mga putol ng luya ay inilagay ng mangangaso sa baat ng kanyang salakot at matapos makapagpasalamat ay umuwing tahimik na tahimik ang kalooban. Sa kalagitnaan ng daan ay naramdaman niyang bumibigat ang kanyang salakot. Dinukot niya ang ilang putol at kanyang itinapon. Datapu-wa't gaano kalaki ng kanyang pagkamangha at pagdaramdam, nang sa kinabukusan ay makita ng kanyang maybahay na yaong inaakala niyang luya ay buu-buong ginto pala at nagniningning na parang kapilas ng araw.

2 Ito ang pangalan ng bundok na nasa pagitan ng Laguna at Quezon, at di mapag-aalinlanganang siyang pinagkunan ng pangalan ni Mariang Makiling, pagka't doon tumatahan ito, sang-ayon sa alamat.

Datapuwa't si Mariang Makiling ay hindi naman lagi nang mapagbigay at mairugin sa mga nangangaso. Naghihiganti rin siya, bagama't ang kanyang paghihiganti'y hindi naging malupit kailanman. Lagi nang naghahari sa kanya ang malambot na pu-song babae.

Bumababa sa bundok, isang hapon, ang dalawang balitang mangangaso na pasan-pasan ang ilang baboy-ramo at usa na kanilang nabaril sa buong maghapon. May nasalubong silang isang matandang babae. Ito'y namanhik na siya'y hatian nila ng tig-iisang ulo ng kanilang nahuli. Inakala nilang labis naman ang hinihingi ng matanda at ito'y kanilang tinanggihan. Umalis ang matanda at nagsabing magbibigay-alam siya sa *babaing may-ari* ng mga hayop. Ang bantang ito'y ikinahalakhak ng mga mangangaso.

Nang lumalalim na ang gabi at nalalapit na ang dalawang mangangaso sa kapatagan ay nakarinig sila ng isang hiyaw na galang sa malayo, lubhang malayo, na para bagang nagbuhat sa taluktok ng bundok. Mahiwaga ang sigaw at nagsasaad ng:

— Huyaa . . . huyo!

At tumugon ang isa pang hiyaw na lalo pang malayo:

— Huyaa . . . huyo!

Ikinagitla ng dalawang mangangaso ang hiyawang iyon na hindi nila malaman kung saan nanggagaling. Nang marinig ng kanilang mga aso ang hiyawan ay tumayo ang kanilang mga tainga, bahagyang nagsiungol at nangagsiksik sa kanilang mga panginoon.

Hindi pa halos nakalilipas ang ilang saglit nang umalingawngaw na muli ang hiyawan, nguni't ngayo'y parang nagbubuhay na sa libis ng bundok. Nang marinig iyon ng mga aso ay ibinahag ang kanilang mga buntot, nangagsiksik na muli sa kanilang mga panginoon na para bagang napasasaklolo. Ang mga panginoon naman ay natitilihang nagkatinginan, isang kataga man ay wala silang masabi, at nagtatanungan sila, sa pamamagitan ng tingin. Ikinamangha nila kung paano nalakad ng mga naghihiyawan sa loob ng ilang saglit lamang ang gayon kalayong agwat.

Nang dumating sila sa kapatagan ay muling dumagundong ang nakapangingilabot na hiyaw, na ngayo'y lubhang malinaw na at maliwanag. Hindi man kinukusa ng mga mangangaso ay kapuwa sila napalingon sa likod. Noon, sa liwanag ng buwan ay nabanaa-

gan nila ang dalawang pagkalaki-laki at kakatwang anyo na bumababa buhat sa bundok.³ Ang lalong matapang sa mangangaso ay nagtangkang huminto at lagyan ng punlo ang kanyang baril, datapuwa't hinaltak siya ng kanyang kasama at kapuwa sila nagpanakbuan nang buong bilis na maaaring itulot ng bigat ng kanilang pasan-pasan. Datapuwa't palapit nang palapit ang mga kakatwang nilikhang iyon at naririnig na ang kanilang mga yabag. Kaya't nang dumating ang mga mangangaso sa isang Bukal ay inihagis nila ang kanilang pasan-pasan, nangagsiakyat sa isang punong-kahoy at buhat doo'y hinintay nilang nakaakma ang mga baril. Ang mga aso naman, nang makitang sila'y napag-iwan ay sinagilahan ng kakila-kilabot na sindak, kumarimot ng takbong patungo sa bayan, na hindi man tumatahol kahit bahagya.

Dumating ang mga halimaw, at nang sila'y makita ng mga mangangaso ay kapuwa pinanlamigan ng dugo sa mga ugat. Ang sa aki'y nagsaysay ng pangyayaring ito, na pamangkin ng isa sa mga mangangasong iyon ay hindi nakapaglarawan kailanman sa akin ng hugis ng mga kakatwang nilikhang iyon. Ang tanging naibalita niya sa akin ay ang kanilang mga pangil na mahabangmahaba at kumikislap kung tamaan ng liwanag ng buwan: ito lamang ang tanging naririnig niya sa kanyang amain. Sa loob ng ilang sandali lamang ay nilamon ng mga halimaw ang mga baboyramo at mga usa na kanilang natagpuan sa lupa, at pagkakain ay nagsitungo uli sa bundok. Noon lamang pinagsaulan ng ulirat ang mga mangangaso, at bagaman ang lalong matapang ay nagpapatok, nguni't ang punlo ay hindi lumabas, at biglang nawala ang mga halimaw.

Kailanma'y hindi napag-alaman kung si Mariang Makiling ay may mga magulang, mga kapatid o kamag-anak; ang ganyang mga nilikha'y tumutubo sa kalikasan katulad ng mga batong tinatawag na *mutya* ng mga tagalog. Hindi rin napag-alaman ang tunay niyang pangalan; tinatawag siyang Maria upang mabigyan lamang ng isang pangalan. Kailanma'y hindi siya namataang pumasok sa kabayanan o nakilahok sa anumang pagdiriwang na nauukol sa relihiyon. Siya'y namalaging gaya rin ng dati, at ang lima o anim na salin ng lahing nakakilala sa kanya ay nagpapatunay na siya'y laging bata, sariwa, maliksi at wagas.

3 Tinutukoy rito ang dalawang halimaw o anumang kasindaksindak na lamang-lupang ang sigaw ay narinig ng dalawang mangangaso. Hindi malayong ito ang higanting ipinamalas ni Mariang Makiling sa dalawang mangangasong nagsitanging magbigay ng isang ulo ng usa sa isang matandang babaing di-malayong siya ring Mariang Makiling na nagmata-matandaan lamang.

Datapuwa't marami nang taon ngayon na hindi siya namamataan sa Makiling. Ang kanyang parang asó o anag-ag na anyo ay hindi na naglilibot sa malalalim na lambak o libis, ni bumabagtas sa mga talon ng tubig kung ang gabi'y tahimik at maliwanag ang buwan. Hindi na siya nagpaparinig ng malulungkot na himig ng kanyang mahiwagang alpa, at ngayon, ang mga magkasi ay ikinakasal nang walang tinatanggap na mga hiyas o kaloob na galing sa kanya. Nawala si Mariang Makiling, o kung hindi man siya nawala ay nilalayuan na niya ang pakikitungo sa mga tao.

Sa bagay na ito'y sinisisi ng ilan ang mga mamamayan sa isang bayan, na hindi lamang nangagsitangging magkaloob ng nakaugaliang puting dumalaga kundi hindi rin nangagsauli ng mga kagayakang ipinahiram sa kanila. Ang bintang na ito'y mahigpit nilang tinatanggihan at sinasabi nilang hinamak si Mariang Makiling sapagka't ninanasa ng mga prayleng dominiko na agawan si Maria ng kanyang mga ari-arian, dahil sa inaangkin ng mga dominiko ang kalahati ng bundok.⁴ Nguni't ang isang mangangahoy na gumugol ng animnapu't lima sa pitumpung taong gulang niya sa pagbubuwal sa lalong nagtatandaang mga punong-kahoy, ay nagbigay sa akin ng ibang salaysay, na bagama't hindi lubhang laganap ay may kahigitan naman sa pagkamaaring maging totoo.

Malapit sa talon ng tubig na nasa-bundok ay may isang binata umano, na ang ikinabubuhay ay ang paglinang ng isang makitid na lupa. Siya ang tumutustos sa kanyang mga ubanin at masasaktang magulang. Kasiya-siya ang kanyang pagmumukha; siya'y makisig, matipuno at masipag. May puso siyang dakila at walang pagmamarangya, bagama't siya'y may bahagyang pagkamalungkutin at pagka-walang-kibo. Ang mga pananim niya'y siyang lalong matataba at lalong mabuti ang pag-aalaga, hindi ito dinarapuan ng mga balang at tila pati ng mga bagyo ay nagpapakundangan; hindi rin ito pinangangalirang ng pagkatuyot. Hindi nabubulok ang mga binhi ng binata kahit na umaapaw sa unos ng ulan ang mga kanugnog na parang. Kailanma'y hindi dinapuan ng salot ang

4 Dito'y ipinakilalala ni Rizal na sa mula't mula pa'y sadyang may paniniwala na ang mga taong-bayan at pati na mga taga-bundok, na ang mga prayle ay sadyang nangangamkam ng hindi kanila, gaya ng hinalang kung kaya patuluyan nang nawala si Mariang Makiling sa bundok ng Makiling ay sanhi sa sama ng loob sa pagkuha o pagkamkam ng mga prayle sa kalahati ng bundok na iyong kanyang tinatahanan. Ang mga huling pangyayari sa kasaysayan ng lalawigan ng Laguna ay nagpapatunay sa pagiging Asyenda ng mga prayle ng bayan ng Kalamba, na halos nasa-paanan na ng bundok ng Makiling.

kanyang mga inaalagaang hayop, at kung sa mga ito'y may maligaw kung araw ay tiyak na bumabalik pagdadapit-hapon, na para bagang sa kanila'y may umaakay na kamay na hindi nakikita. Ang ganito kaligayang kapalaran ay ibinubuhay ng ilang tao sa ilang uri ng mutya at mga anting-anting; ang ilan naman ay sa pag-aadya ng isang santo at ang iba pa ay sa langit na nagtatangkakal at gumagantimpala sa mga anak na mababait. Gayunman, ay may sapat na kahiwagaan ang asal ng binatang ito. Ginugugol niya ang mga sandali ng pamamahinga sa paglilibot sa bundok, manaka-naka'y umuupo sa tabi ng isang batisan, o nagsasalita nang wala namang kausap o sa wari'y nakikinig sa mga balintunang tinig.

Dumating ang panahong nararapat na siyang makipagbunutan kung sino ang sa bawa't limang katao'y magiging kintos o magiging kawal. Nababatid ng Diyos kung gaano kinatatakutan ng mga binata ang pagiging kintos, at lalo't higit ng mga ina. Kabataan, tahanan, angkan, mga dakilang damdamin, hiya, at kung minsang karangalan, paalam! Ang pito o walong taong pamumuhay sa kuwartel, na ipinagiging hayop at nakapagtuturo ng mga bisyo, na ang malalaswang salitang pabulas ay nagpapakilalang walang kinikilalang batas na umiiral sa hukbo na hangga ngayo'y nasasandatahan pa ng panghagupit, ay pawang nalalahad sa gunita ng binata na tila isang gabing mahaba; na nakalalanta sa lalong malusog at maganda sa kanyang buhay; na ang tao'y natutulog na may mga luha sa mata at nananaginip ng kakila-kilabot na bagay; upang magising na matanda na, walang kabuluhan, masama ang kaasalan, mahilig sa dugo, at malupit. Dahil dito'y may mga nakikitang binatang sadyang pumuputol ng dalawa nilang daliri upang maiwasan ang paglilingkod sa hukbo; ang iba nama'y kusang ipinabubunot ang kanilang ngipin noong panahong kinakailangan pang kagatin ang kartutso; ang iba pa ay namumundok at nanunulisan at hindi kakaunti ang nangagpapatiwakal. Subali't ang lalong mabuting pangangalaga laban sa kapahamakang ito'y ang pag-aasawa, kaya nga ipinasiya ng mga magulang ng ating binata na pakasal siya sa isang babaing maganda at masipag na ang tinitirhan ay hindi kalayuan sa bundok ding iyon. Ang binata, bagama't hindi nagpahalatang pinananabikan niya ang gayong panukala, ay sumang-ayon naman, una'y upang maiwasan ang palabunutan tungkol sa pagkakawal, at ikalawa, upang huwag mapabayaang ang kanyang matatandang magulang. Palibhasa'y wala siyang katutulutol ay inihanda sa loob ng madaling panahon ang kasalan, at itinakda ang kaarawan nito.

Datapuwa't habang nalalapit ang maligayang araw, ay lalo namang nag-uulol ang pagkamalungkutin at pagkawalang-kibo ng binata. Nawawala siya nang mahahabang oras, at sa kanyang pag-balik ay para siyang matamlay, at kadalasa'y hindi sumasagot kung siya'y kinakausap.

Sa kinagabihan ng araw na sinusundan ng kasal, pagkapang-galing sa bahay ng kanyang kasi, ay napakita sa kanya ang isang dalagang walang makakatulad sa kagandahan.

— Hindi ko na sana ibig na ako'y iyo pang makita, — anya, sa isang matamis na himig na may halong panghihinayang at pagkahabag, — nguni't ako'y kailangang parito upang dalhin sa iyo ang aking handog, ang kasuutan at ang mga hiyas ng iyong nakakaisang-dibdib. Kinalinga kita at inibig, sapagka't namalas kong ikaw ay mabait at masipag at inasam-asam kong itatalaga mo sa akin ang iyong sarili.⁵ Hayo na! Yamang kinakailangan mo ang isang pag-ibig na makalupa; yamang hindi ka nagkaroon ng lakas ng loob upang makibaka sa isang malupit na kapalaran, ni upang mai-pagtanggol ang iyong kalayaan at maging malaya sa sinapupunan nitong mga kabundukan; yamang hindi ka nagtiwala sa akin — sa aking tatangkilik sana sa iyo at sa iyong mga magulang — humayo ka na; ipinaubaya na kita sa iyong kapalaran; mamuhay ka't makipagbakang nag-iisa; mamuhay ka kung paano ka makapamumuhay.

Pagkawika nito'y umalis ang dalaga at nawala sa gitna ng dilim. Naiwan ang binata na walang kagalaw-galaw at wari'y naging bato. Makaraan ang ilang sandali ay humakbang ng makalawa o makaitlo, na para bagang susundan ang dalaga, datapuwa't ito'y nawala na. Walang kibong dinampot ang balutang iniwan ng dalaga sa kanyang paanan at tumuloy sa kanyang bahay. Hindi isinuot ng babaing ikakasal ang damit, ni iginayak ang mga hiyas, at sapul noon ay hindi na muling napakita si Mariang Makiling sa mga magbubukid.⁶

5 Ang pag-ibig ni Mariang Makiling sa binata ay di mapag-aalinlanganang isang pag-ibig na nasa-diwa't katuluwa lamang, hindi pag-ibig sa laman. Dahil sa pag-ibig na yaong udyok lamang ng diwa at ng banal na hangarin at hindi makalupa, na niwalang halaga o hindi naunawaan, marahil, ng binata, si Mariang Makiling ay nagtampo at nagpakalayu-layo.

6 Ang pagtatampo ni Mariang Makiling ay lalo nang sumidhi at nagtibay dahil sa hindi pagsusuot, marahil, ng napangasawa ng binata, ng handog niyang damit pangkasal at mga hiyas.

Hindi kailanman binanggit sa akin ng mangangahoy na nagsaysay ng kasaysayang ito kung sino ang bayaning iyon.

Kung ito'y tutoo o hindi ay hindi ko alam. Madalas akong nagpagala-gala sa mga paa ng Makiling, at sa halip na mamuksa ng mga kahabag-habag na kalapating nagsasalaysayan ng kanilang mga pag-ibig sa mataas na sanga ng mga punung-kahoy, kapag nagunita ko si Mariang Makiling, ay sinasambit ko siya. Taimtim akong nakikimatyang sa katahimikan ng kagubatan upang maulinigan ang mga himig ng kanyang mapanglaw na panugtog, at ako'y napapagulantang kung gabi upang manubok na baka sakaling maninag ko sa malayo ang kanyang kamithi-mithing anyo, na lumulutang sa hangin at bahagyang naliliwanagan ng sinag ng buwang naglalagos sa pagitan ng masinsing sanga. Walang anuman akong nakita; walang-anuman akong naulinig. Nang malaunan ay umakyat ako hanggang sa taluktok ng bundok (at ang napabalitang pag-akyat kong ito'y hinala ng mga prayle na isang panghihimagsik o pagka-pilibustero, bagama't may sumama sa aming isang opisyal at isang kawal ng Guwardiya Sibil na parang mga turista) at nakakita kami ng mga kaaya-ayang tanawin at nakahahalinang mga pook na karapat-dapat na maging tahanan ng mga diyus-diyusan. Nakakita kami ng mga nagtataasa't tuwid na mga punung-kahoy na nilulumot na. Sa pagitan ng mga sanga-sanga nitoy may magagandang engkaheng binurdahan ng mga bulaklak. Nakakita kami ng mga dapong lalong bihira, na may iba't ibang hugis, buhat sa mga may dahong malasulid hanggang sa mga naglalakihang dapong, lahat ng uring mga palmerang nagtataasan at naggagandahan, na nagkakadkad sa kalawakan ng kani-kanilang magsinsukat na mga dahon na bumubuo ng tila isang magandang katipunan ng mga balahibo ng ibon.⁷ Ang lahat nang ito at higit pa ryan ang nakita namin at hinangaan, at madalas kaming mapatigil sa paglakad upang kami'y mapatunganga sa paghanga. Datapuwa't hindi namin nabanaagan man lamang ni ang malikmatang palasyo ni ang abang dampa ni Mariang Makiling.

7 Marami sa mga nakarating sa mga panahong ito sa kaituktuktukan ng bundok Makiling ang nagpapatotoo na hangga ngayoy may mga nakikita pang mga katangi-tangi't di karaniwang dapong naggagandahan, dahil sa maririkit na mga bulaklak at mga dahong may iba't ibang hugis, at ayos. Sinasabing sadyang pambihira ang mga dapong naroroon, dangan na nga lamang at sa katagalan na ng panahon at sa pagdayo roon ng mga mahihiligin sa pagtitipon ng mga tangi, bihira at maririkit na dapong, ay di malayong umunti na't nandalang ngayon, na di gaya nang kapanahunang binabanggit ni Rizal sa kanyang alamat ng MARIANG MAKILING.

12. — MAKAMISA *

Tumigil ang tugtugan at natapos ang misa ni Pare Agaton.

Humugong ang simbahan sa bulongbulungan at sagadsaran ng mga tsinelas ng nangagsisilabas. Sagilsilan at pawisan sa init at antok, ang iba'y kukurap-kurap, ang iba'y naghihikab at kumukurus pa ay nagtutulakan sa pagdukwang sa benditang nakalagay sa dalawang mangkok na pingas, sa malapit sa pintuan. Sa pagkakagilgilan ay may batang umaatungal, matandang nagmumura at nagbububula ang labi, may dalagang naniniko, kunot ang noo't pairap sa kalapit na binata, na tila бага mauubusan ng tubig na maruming tila na putikang tirahan ng kitikiti. Gayon ang pag-aagawang maisawsaw ang daliri, malahid man lamang maikurus sa noo, batok, puso at iba't iba pang sangkap ng katawan. Taas ng mga lalaki ang hawak na salakot o sambalilo kaya, sa takot na madurog; pigil na magaling ng mga babae ang panyo sa uio at baka mahulog; may nakukusamot na damit, may napupunit na manipis na kayo, may nahuhulugan ng tsinelas at nagpupumilit magbalik at nang makuha, nguni't nadadala ng karamihang tulak ng mga punong bayang lumalabas na taas ang yantok, tanda ng kanilang kapangyarihan. Ano pa't sa isang hindi nakababatid ng ugali sa katagalugan, ang dagildilang ito't pag-aagawan sa tubig ay makakatakot at maiisip na nasusunog ang simbahan, kundangan lamang at may ilang nagpapatirang babaing may loob sa Diyos, na hindi lumalabas kundi nagdarasal ng pasigaw at naghihiyawan na tila бага ibig sabihin:

— Ay, tingnan ninyo at kami'y mga banal. Hindi pa kami busog sa haba ng misa.

Tila бага kung tatanungin ang karamihan kung bakit sila pangagaw sa tubig na yaon at ano ang kagalingan ay marami na manding makasagot ang lima sa isang daan. Ang siyam na pu at lima'y dumadawdaw sapagka't ugali. Salbahe ang lumabas na hindi nagkurus muna: mag-alkabalero ka na ay huwag ka lamang magkulang sa kaugalian.

* Ang orihinal nito'y sadyang sinulat ni Rizal sa wikang Tagalog. Maliban sa palatitikan na isinunod namin sa makabagong pamamaraan ngayon upang lalong lumutang ang kagandahan ng kuwento, ay wala kaming binago sa paghahanay at pagbuo ng mga pangungusap.

Napagkikilalang ang kuwentong ito'y hindi tapos—maaaring nawala ang karugtong sa aming pinagsipian o talagang hindi tinapos o natapos ni Rizal — gaya ng pinatutunayan ng pangyayaring ito'y wala ring lagda ni petsa ng pagkakasulat.

Nguni't kung sasalugsugin ang loob ng lahat ng araw ng linggong yaong, linggo de Pasyon, at itatanong sa marami kung ano kaya бага ang ipinagdudumali, kung ang takot na mainis at makuluom sa loob, o ang masarap kayang simoy ng hanging humi-hihip sa labas at gumagalaw sa madlang halaman at bulaklak sa patyo, ay marahil ay may iba pang masasabi. Sa mata ng lahat sa mga tinginan at kindatan pa sa loob ay mababasa ang isang lihim na pag-uusisa:

— Napaano kaya ang dating kura? — ang tanong na hindi mapigil ng isang matandang manang na ungab at hupyak ang pisngi, sa isang katabing kapuwa manang.

At nang matakpan ang kanyang pag-uusisa sa loob pa ng simbahan, ang matandang manang ay ga-kumurus-kurus na at nag-susmaryosep!

— Hindi man kami sinubuan ng pakinabang . . . Napaano po kaya?

— Napaano nga po kaya? Nagmisa nga po nang padabog, a! — ang sagot naman ng tinanong na isang manang na mataba na kumukurus-kurus din naman, bumiling pa, humarap pa sa altar at gayumukod pa nang kaunti. — Kulang na po lamang ipaghagisan ang mga kandila, a! Susmaryosep!

— Siguro po'y gutom na! — ang sabat naman ng isang napalapit na babaing mahusay ang bihis. — Tingnan nga po ninyo't hindi man lamang binendisyonan ang anak ng aking alila . . . aba! Di sa linggo pong darating ay iutang na naman sa akir ng ibabayad! Ikako'y hari na ngang maalisan ng empakto. Aba! Empaktado po! Marami na pong nababasag! Ako nga'y madali; ayoko nga po nang hindi binebendisyonanng lahat!

Ganito ang salitaan hanggang makalabas sila sa pintuan. Doon naman nagkakatipon ang mga lalaki sa pag-aabang ng mga dalagang nagsisilabas. Doon ang pulong-pulungan, doon nagmamasid at napamamasid, ang aglahian, tuksuhan at salitaan bagay sa mga nangyayari. Datapuwa't nang araw na iyon, ang hantungan ng salitaa'y hindi ang magagandang dalaga, hindi ang panahon at ang init kundi ang pagmamadali ng kura habang nagmimisa. Bahagya nang napuna ang paglabas ni Marcela, dalagang pangulo sa bayan, anak ni Kapitang Lucas, na nagbabaras ng mga araw na yaon. Ang Marcelang ito'y bagong kagagaling sa Maynila, sapagka't namatay ang aling nagpalaki, kapatid ng kanyang ama. Kaya nga luksa ang kanyang damit sapul sa panyong talukbong sa ulo hang-

gang sa medyas na balot ng maliit na paang nakikita sa mabini niyang paghakbang. Sa tuwid ng katawan, sa taas ng ulo at sa kilos at lakad ay napaghahalata ang ibukod na kapintasan, ang malaki niyang kapalaluan.

Bagama't marami ang nalibang sa sandaling sumunod sa kanya ng tingin, bagama't natigil na sumandali ang salitaan, ngunit hindi rin nakalimutan ang tanungan bagay sa kura.

— Napaano kaya si Agaton natin? — ang tanungan ng lahat.

Si Agaton natin ang tawag na palayaw sa balitang pare.

— Hindi man naantay matapus ang kantores a!

— Kung ipagtulakan ang misal . . .

— Padagis na ang *dominus pabiskum* . . .

— Totoong lintik na naman ang ating si Aton; totoong ginagawa na ang asal!

— Baka kaya nagpupurga!

— Ilan pan araw at tayo'y tutuwaran na lamang . . .

Hindi ko na sasalaysayin ang lahat ng mga kuru-kuro ng mga lalaki at mga aglahiang may kagaspangang labis. Ano nga kaya ang nangyari sa mabunying pare, na mabining kikilos at iikit na tila aral sa salamin, na magaling magpapadipa-dipa at magkiling ng ulo kung magmisa? Ano't hinarus-haros ang misa at umungol-ungol lamang gayong kung tura'y datihang magaling aawit at magpapakatal ng boses kung nag-ooremus? Winalangbahala ang lahat, misa, kantores, pakinabang, oremus at iba pang palabas at nagmamadaling tila di inuupahan. Nagsisimba pa naman ang bunying si Marcela, ang dalagang sapol nang dumating ay dinadalaw gabi-gabi ng Kura. Napaano nga kaya si P. Agaton at di sinubuan ang tanang gutom sa laman ng Diyos, gayong kung tura'y totoo siyang masiyasat sa pakumpisal at pakinabang?

Samantalang ito ang usapan ng nangagtayo sa pintuan, ang mga kaginoohan nama'y nagtitipon dahil sa pag-akyat sa kumbento at paghalik sa kamay ng Kura alinsunod sa kaugalian. Kung gulo ang isip ng taong bayan sa balang kilos ng Kura at walang pinagtatalunan kundi ang kadahilanan, gulo rin naman ang loob ng mga maginoo, at napapagkilalang tunay sapagka't bahagya nang mangakakibo, lalong lalo na ang Kapitan, ang bunying si Kapitan Lucas na totoong natitigilan. Kaiba mandin sa lahat ang umagang

yaon. Ang masalita at matapang na Kapitan Lucas ay hindi maka-imik. Titikhim-tikhim, patingin-tingin, at tila mandin di makapangahas lumakad at magpaunang para nang dati. Ang sapantaha ng nakapupuna ay takot siya ngayon at baka may ginawang kasalanan. Balita nga sa tapang at balitang lalaki si Kapitan Lucas lalong lalo na kung ang kausap ay nasasaklawan at daig, nguni't kapag ang kaharap ay pare, kastila o alin mang may katungkulan, ay bali na ang matigas na leeg, tungo ang malisik na tingin at pabulong-bulong lamang ang masigawing boses.

Hindi nga makapangahas pumanhik si Kapitan Lucas sa kumbento at baka mabulas ni P. Agaton. Tunay nga't magaling ang kanyang panunuyo, walang kilos, walang ngiti, walang tingin ang pare na hindi niya nalilining dala ng pagkaibig maglingkod at nang makapagkapitang muli. Habang nagmimisa'y inusig ni Kap. Lucas ang sariling isip; sagana siya sa pamisa, magagaling ang libing, halik siyang palagi sa kamay ng among; kahapon lamang ay kinatuwaan pa siyang kinutusan ng pare at hinaplos sa batok dahil sa kanyang alay na dalawang kapong samsam sa isang tagabukid.

Sumaloob sa kanya na baka kaya nakararating sa tainga ng pare ang balitang siya'y nakabasa ng librong bawal, diaryo at iba't iba pang may pangahas na isipan, at pinasukan ng takot. Nguni't bakit doon magpapahalata ng galit sa misa? Baka kaya nakapagsumbong ang kanyang datihang katalo, ang mayamang si Kap. Tibong kapangagaw niya sa pagbabarar? Walang iba kundi ito, kaya nang kanyang sulyapan ay masaya ang mukha ni Kap. Tibo at tila uumis-umis pa. Pinangulangan nga, humiging sa kanyang tainga ang bulas na mabagsik, ang sigaw at mura. Nakinikinita niyang Kapitan na si Kap. Tibo at siya'y wala nang katungkulan; pinagpawisan ng malamig at tumingin ng mahinuhod sa upuan ng kanyang kaaway.

Malungkot ngang lubha nang matapos ang misa at lumabas siyang parang nananaginip. Nanulak sa pagsasagilsilan, sumaw-saw ng bendita at nagkurus nang wala sa loob, palibhasa'y malayo ang kanyang isipan. Nakaragdag pa ng kanyang takot ang mga usapan ng tao at ang mga kuru-kuro at akala sa ikinagagalit ng kura.

Para ng isang nadadala ng baha na walang makapitan si Kap. Lucas ay lumingap-lingap at humahanap ng abuloy. Kintal sa mukha ng lahat ang may libak na tawa, ang ngising masakit

sapagka't poot sa kanya ang lahat niyang sakop at sawang-sawa na sa kanya ang bayan. Sa mukha lamang ng isang tagasulat tila niya nasiglawan ang awa, sa mukha ni Isagani, nguni't awang walang kibo, awang walang kabuluhan, paris ng awang nakaguhit sa mukha ng isang larawan.

Upang mailihim ang pangamba at takot, ay nagtapang-tapangan at naggalit-galitan. Nagmasid sa paligid at naalaala ang utos ng kura tungkol sa 'susunod na linggo de Ramos. Pinagwikaan nga ang mga kabisa at inuusig sa kanila ang kawayan at haliging gamit sa maligay. Tinamaan silang lahat ng lintik at ang ibig nila'y makagalitan ng kura. Palibhasa'y hindi sila ang mananagot. Ano ang ginagawa ng mga kinulugan at hindi nagpahakot ng kawayan? Itatali ba nila sa langit ang tolda? Ipahampas niya silang lahat ng tig-iisang kaban kapag siya'y nakagalitan ng kura sa kagagawan nila . . .

Iba't iba pa ang sinabi at sa paggagalit-galita'y nang matapos ay tunay na ngang galit. Ang sagot ng mga kabisa'y may panahon pang labis, sapagka't kung ipapuputol agad ang kawayan at haligi'y matatalaksan lamang, siyang ikagagalit ng among at baka sila'y hagarin ng palo, paris na nga ng Kandelariyang nagdaan.

Sa ngalan ng kura, hindi na nakaimik si Kap. Lucas, lalonglalo na nang mabanggit ang panghahagad ng palo. Nakinikinita niya sa likod ang kalabog ng garroteng pamalo. Nanglambot at nag-akalang umuwi't magdahilang maysakit, nguni't sumilid sa loob niyang baka lalong magalit ang pare dahil sa di niya paghalik sa kamay. Maurong-masulong ang kanyang kalooban, kunot ang noo, ang dalawang daling noong kaloob sa kanya ng Diyos! nagtatalo ang loob niya sa dalawang takot, sa bulas ng kura na kaharap ang lahat, at sa galit ng kurang hindi siya papagkapi-taning muli.

Siya ngang pagdating ng isang alila ng paring nagdudumali.

— Dali na po kayo — ang sabi sa Kapitan — at kayo po ay inaanatay. Totoo pong mainit ang ulo ngayon!

— Ha, inaanatay ba kami — ang sagot na baliw ni Kap. Lucas, na matulig-tulig — Oy! dali na kayo — ang sabi sa mga kabisa — narinig na ninyo: tayo raw ang inaanatay . . .

— Aba, kayo ang inaanatay namin, ang sagot ng mga kabisa — kanina pa po kaming . . .

— Kayo ang hindi kukulangin ng sagot . . .

Dali-daling lumakad sila, tahak ang patyo at tungo sa kombento. Ang kaugalian ng dati'y pagkamisa, ang mga kaginoohan ay umaakyat sa kombentong ang daan ay sa sakristiya. Nguni't binago ni P. Agaton ang ugaling ito. Sa kaibigan niyang matanghal ng lahat ang paggalang sa kanya ng bayan, ipinag-utos na lalabas muna ng simbahan at doon magdaraan sa patyo, hanay na mahinusay ang mga kaginoohan.

Lumakad na nga ang mga puno, nangunguna ang Kapitan, sa kaliwa ang tenyente mayor, Tenyenteng Tato, sa kanan ang Juez de Paz na si Don Segundo. Magalang na nagsisitabi ang mga taong bayan, pugay ang takip sa ulo ng mga tagabukid na napaatingin, puno ng takot at kababaan sa gayong mga karangalan. Tinunton nila ang malinis na lansangang tuloy sa pintuan ng kombento. Tanim sa magkabilang tabi ang sari-saring halamang pang-alihw sa mata at pang-amoy ng balang nagdaraan. Ang mapupulang bulaklak ng gumamelang pinatitingkad ng madilim na murang dahon, salitan ng maliliit na sampagang naggapang sa lupa, nagkikislapan sa masayang sikat ng araw. Katabi ng walang kilos na kalachuche na hubad sa dahon at masagana sa bulaklak ay wawagawagayway ang adelpang taglay ang masamyong amoy; ang dilaw na haluan ng San Francisco, ang dahong mapula ng depaskuwa'y kalugud-lugod kung malasin sa . . .

Nguni't ang lahat na ito'y hindi napupuna ng mga maginoo, sa pagtingin nila sa bintana ng kombentong paroroonan. Bukas na lahat ang mga dungawan, at tanaw sa daan ang loob na maalihalas. Sapagka't sa kaibigan ni P. Agatong ipatanghal ang pagpapahalik niya ng kamay ay pinabubuksan kung araw ng linggo ang lahat ng bintanang lapat na palagi kung alangang araw. Kaya nga't malimit pang lumapit siya sa bintana at doon umupo habang nagpapahalik, samantalang kunwari'y nagmamasid-masid sa mga dalagang lumalabas sa simbahan.

Natanawan nila sa malayo ang mahagway na tindig ng pare na palakad-lakad ng matulin, talikod-kamay at tila бага may malaking ikinagagalit. Pabalik-balik sa loob ng salas at minsan-minsang tumitingin sa daan, at nasisiglawan ang kintab ng taglay na salamin. Nang makita mandin ang pagdating ng mga maginoo'y tila natigilan, napahinto sa pagpapasiyal at lumapit at dumungaw. Ga-tumango ng tangong inip, at saka itinuon ang dalawang kamay sa babahan. Nagpugay agad si Kap. Lucas. Nagdumali ngang

tinulinan ang lakad. Sumikdo-sikdo ang loob at dumalangin sa lahat ng santong pintakasi at nangako pang magpapamisa, huwag lamang siyang makagalitan.

Nang makaakyat sa hagdanan ay sinalubong sila ng isang ali-lang nagsabi ng marahan.

— Kayo raw po ay magsiuwi na, ang wika ng among.

— At bakit? — ang tanong, sa mangha ni Kap. Lucas.

— Galit pong galit . . . Kanina pa po kayo inaantay. Sabihin ko raw sa inyong siya'y hindi bihasang mag-antay sa kanino man.

Namutla si Kap. Lucas at kaunti nang himatayin nang ito'y marinig. Nautal at hindi nakasagot kapagkaraka, nagpahid ng noo, at sumalig sa bunsuran.

— Galit ba. . . ano ba ang ikinagalit?

— Ewan po! — ang bulong ng alila. — wala pong makalapit. Ini-hagis po sa kosinero ang tasa ng tsokolate.

Nagpahid na muli ng noo si Kap. Lucas, at hindi rakaimik.

— Si aleng Anday . . . nariyan ba? — ang naitanong na marahan.

— Narito po, nguni't nakagalitan pati — ang sagot ng alila. At idinugtong na marahang-marahan:

— Sinampal po!

Napanganga si Kap. Lucas at nawalan ng ulirat. Sinampal si aleng Anday! Pinutukan man siya sa tabi ng lintik ay hindi gaanong nagulat paris ng marinig ang gayong balita. Sinampal si aleng Anday, gayong si aleng Anday lamang ang sinusukuan ng kura.

May tumikhim sa loob.

— Kayo po'y umuwi na at baka kayo marinig ng pare ay kayo'y hagarin! — ang idinugtong ng alila.

Hindi na ipinaulit ni Kap. Lucas ang hatol ng alila; nanaog na dali-daling kasunod ang lahat na maginoo sa takot na baka siya labasin ni P. Agaton na dala ang garrote.

Nang makalabas na ay nag-isip-isip upanding pagsaulan ng loob. Nagpahid uli ng mukha at nang may masabi sa kanyang mga kasama'y nagwika:

— Napaano kaya si P. Agaton?

— Napaano kaya? — ang sagot ng tenyente mayor.

— Siyanga, napaano kaya! — ang tanong ng Juez de Paz.

At nagtuloy silang lahat sa Tribunal.

Tunay nga't hindi biru-biru lamang ang galit ni P. Agaton

Nang makamisa at matapos magalbot ang lahat na isinoot, nakayat sa kombentong dali-dali umupo at mag-aalmusal, at nang mapaso ng tsokolate ay inihagis sa kosinero ang tasa.

Si aleng Anday, na bagong kagagaling sa misa, at suot ang magagaling na hiyas ay sinagupa ng mura at sampal na kaunti nang nagkahulog-hulog. Kaya nga't dali-daling nanaog at umuwi sa bahay. Walang makaalam sa buong kombento ng dahilang sukat ikagalit nk gura. Malamig pa ang ulo noong bago magmisa, umumis pa sa sabing marami ang naipagbiling kandila, at kaya nga binigyan pa ng isang salapi ang sakristang mayor. Ano ang namalas habang nagmimisa na hindi niya minagaling? Puno ang simbahan ng tao; ang lalong magagandang dalaga'y nangagluhod na malapit sa altar at si Marcela'y bagaman malayo ay tanaw din ng tanaw sa malayo, katabi ni aleng Anday sa luhuran. Ang sakristan mayor ay walang sukat masabi.

Hindi man ugali ni P. Agaton ang daanan ng sumpung na para ng ibang pare. Karaniwa'y mahusay, masaya at matuwain, lalo na kung marami ang pamisa, magagaling ang libing at nasusunod ang lahat niyang utos. May sampung taon nang kura sa bayan ng Tulig; dumating na bata pa, dalawampu't walo lamang ang tanda, at sa panahong ito'y nakasundo niyang totoo ang bayan.

Tunay at mainit nang kaunti ang ulo, magaling mamalo kapag nagagalit at may ilang mahirap, na ipinatapon sa malayo at ipinabilanggo nang taunan; nguni't ang lahat nang ito'y maliliit na bahid kung matatabi sa mabubuti niyang kaugalian. Siya ang takbuhan ng tao sa bayan sa anumang kailangan sa kabesera; siya ang sinusuyo ng sinumang ibig magbaras o may usapin kayang ibig na ipanalo. Siya ang puno, siya ang tanggulan, siya halos ang kala-sag ng bayan sa anomang marahas na pita ng ibang pinuno. Tunay

nga't may kalikutan ng kaunti sa babae, lalong-lalo na noong kabataang bagong kadarating, nguni't wala namang sukat na masabi sa kanya ang bayan; ipakasal na mahinusay, pinabahayan at binigyan ng puhunan ang lahat niyang ginalaw, alin na kaya sa ibang binata na nakasira't hindi nakabuo, at saka ang isa pa'y tumahimik nang lubos sapul ng makakilala si aleng Anday, ngayon na nga lamang na umuwi ang Marcela na galing sa Maynila, ngayon na nga lamang tila nagugulong panibago, malimit ang pagdalaw sa bahay, ugali't maganda ang dalaga, kaibigan ang ama at wala pa namang sukat na masabing higit sa karaniwan. Tunay ngang dumaraing ang ibang mahirap at tumatangis sa kamahalan ng libing, binyag at ibang pang upa sa simbahan datapuwa't talastas ng marami na kailan ma'y madaraingin ang mahirap at sa katunayan nga'y ang mayayama'y busog sa kanilang kura at tila pa mandin nagpapalaluan ng pagbabayad ng mahal sa kanilang pare.

Mutya nga halos ng bayan ang buning kura kaya nga't walang alaala ang tanan kundi pag-aralan ang lahat niyang nasa at pangunahang tuparin ang lahat niyang utos. Agawan ang lahat ng paglilingkod sa kanya, palaluan ng alay at sa katunayan ay saganang palagi ang kusina't despensa sa kombento; sa kura ang maputi at bagong bigas, sa kura ang matabang manok, ang malalamang baka, ang baboy at usang nahuli sa bating, ang ibong nabaril, ang malaking isdang nahuli sa dagatan, ang matabang ulang at ang mga masasarap at mabubuting bunga ng kahoy. Bukod pa sa mga handog na ito ng mayayaman, na ikinabubuhay ng pare na walang gasta at ng kanyang mga alila ay sunud-sunod pang dumating ang mga panyong habi, ang mga talaksang kahoy ng tagabukid na walang sukat maialay, ang lahat na panunuyo ng nagkakailangan, sa napabilanggong ama, sa hinuling kapatid, sa sinamsam na hayop ng Guwardiya Sibil, sa ipalalakad na kamag-anak sa Kabesera na hindi maalaman ang dahil. Sa lahat nang ito'y isang sulat lamang, isang pasabi o isang salita kaya ng kura'y nakaliligtas ang napiit, nakauwi ang hinuli, nasasauli ang hayop at napapanatag ang natitigatig na bahay.

Wala namang sukat masabi ang tao sa kay aleng Anday, subali't puri pa at galang ang kinakamtan niya. Sapagka't sa totoong mahihigpit na bagay, sa mga nakawan o harangan kaya, si aleng Anday ang takbuhan ng mga mahihirap at sa pamamagitan niyang mabisa'y walang napapahamak, walang natitimba, walang naruruhagi. Kaya nga't ang tingin kay aleng Anday ay parang isang may pusod na Birhen, maawain at murá-murá pa sa ibang Birheng kahoy na sinasampalayanan.

Di sukat ngang pagtakhan kung magulo ang Tulig sa naramdamang galit ang kura. Kung, biglang mag-itim ang masanting na araw, matuyo kaya ang masaganang batis at magiaginitan ang mga kabundukan, sino ang di mababalisa at papasukan ng takot? Sa mga taga Tulig si P. Agaton ay mistulang araw na maselang, matamis na batis, masamyong amihan, masaganang kabundukan at bukod sa rito'y ama pa ng kaluluwa.

Hindi man lamang sumagimsim sa loob ng sinumang baka si P. Agaton ay nauulol. Masisira muna ang ulo ng lahat bago ang isipan ni P. Agaton; susumpungin ang lahat. Kaya nga't sa tribunal, makatapos ang misa'y walang ibang pinagusapan at pinagpulangan ang mga kaginoohan kundi ang dahilang ikinagalit ng kura. Magtalo man at maghimutukan ay wala silang sukat na matuklasang dahilan, walang sukat masabi kundi ang ating kura ay galit. Sapagka't nabalitang nasampal si aleng Anday ay wala mandin silang . . .

13. — DONYA GERONIMA (ANG ENKANTADA)

Sa pagitan ng *San Pedro Makati at Malapad-na-bato*, sa bay-baying kanan ng ilog Pasig, ay may isang kuweba o yungib na ang pasukang pinto na parang isang ganap na balantok, ay nag-papakilala ng sanay na kamay ng tao at isinaayos ng kalikasan at ng panahon, at napapalamutihan ng isang magandang engkahe ng mga halamang dapo at baging. Ang pinto'y tinapyas at ang kuweba'y napapalayo nang napapalayo sa ilog, o sa lalong tumpak na turing ay nalalayo nang nalalayo sa kanya ang ilog, pagka't nang taong 1868, ang aming bangkang dumaraan sa tabi niyon ay halos nakikiskis sa kanyang pasukan. Noo'y narinig ko ang sumusunod na alamat tungkol sa kuwebang ito at gayundin sa kaluluwang doo'y nagparaan ng kanyang mga araw:

Isang Arsobispo sa Maynila ang nang panahon ng kanyang kabataa'y nakipag-ibigan sa isang dalagang pinangakuan niyang pakasalan. Ang pagiging mataas na pinuno ng Relihiyon, ay maddaling ikinalimot marahil sa kanyang pangako, kaya't unti-unting pumasok sa isang seminaryo hanggang sa siya'y maging pari; nguni't hindi nagkagayon ang dalaga: ito'y namalaging matapat at namarati sa paghihintay sa pagbabalik ng malilimuting kasintahan. Lumipas ang mga ilang taon at sa mga pandinig ng kahabag-habag na dalaga'y dumating ang balita na ang kasintahan niya'y humantong sa pagiging Arsobispo ng Maynila. Ang dalaga'y nagbihis ng kasuutang panglalaki, sinuong ang libu-libong kapanganiban sa paglalakbay nang mga panahong iyon, mga paglalakbay na tumagal din naman ng mga anim o pitong buwan, at pagdating sa Maynila'y humarap sa kanyang taksil na kasuyo upang maningil dito ng pautang. Sinasabing ang dalaga'y maayos na tinanggap ng Arsobispo at ito'y humingi ng paumanhin sa abot ng kanyang kaya, at naghandog ng isang tahananng dili iba kundi ang kuwebang itong hangga ngayo'y nakikita pa. Pinaningning ng dilidili ng mga pilipino ang alamat ng sawimpalad na kasintahang dalagang ito sa pagpapalagay na siya'y engkantada; sinasabing siya'y isang babaing napakataba, na sa pagpasok sa kanyang kuweba ay kailangang patagilid, pagka't ang luwang ng pintuan ay di maaaring pasukan nang paharap. Nguni't ang lalong nakatatawag ng pansin ng mga pilipino ay ang ugali niyong pagtatapon sa ilog, matapos kumain, ng

kanyang mga plato at iba pang kasangkapang yari sa pilak, upang muling kunin ang mga iyon kapag kakailanganin na. (Dito nagmumula ang kabantugan niya sa pagiging engkantada: marahil ay may isang lambat sa ilog, na parang *salambaw*, na siyang ginagamit sa gawaing ito, isang matalinong kaparaanan at madali sa paglilinis ng mga kagamitan niyang kasangkapan.)

JOSE RIZAL

14. — ANG PAGONG AT ANG MATSING

Minsa'y nakakita ang pagong at ang matsing ng isang puno ng saging na lulutang-lutang sa mga alon ng isang ilog. Ang punong lito'y malaki at mataba, malalapad ang mga luntiing dahon, at ang mga ugat ay walang kapinsalaang animo'y ganap na kabubunot pa lamang sa lupa ng isang malakas na sigwa. Kinuha nilang dalawa ang puno at inilagay sa pampang.

— Paghatian natin ito — ang sabi ng pagong — at itanim ng bawa't isa ang kanyang makakaparti.

Pinutol nila ang punong saging sa kalagitnaan, at kinuha agad ng matsing, dahil sa kanyang kalakasan, ang dakong dulo o itaas ng katawan sa pag-asang yao'y lalong madaling tutubo pagka't mayroon nang mga dahon. Ang pagong, dahil sa kahinaan, ay nagkasya na lamang sa pinakapuno o dakong ibaba na para nang patay bagama't may sakwang tinutubuan ng mga ugat. Pagkalipas ng mga ilang araw ay muli silang nagkatagpo.

— Magandang araw po, ginoong matsing — bati ng pagong — Ano ang nangyari sa inyong puno ng saging?

— Ay! — ang tugon ng matsing, — malaon nang namatay! At ang sa inyo, binibining pagong?

— Ang sa akin? mabuti po, talagang mabuti! May mga dahon na't may bunga pa. Nguni't hindi ko matiba sapagka't hindi ako makaakyat.

— Huwag kayong mabahala, sa gayon, — ang pakli ng mapag-imbót na matsing; — ako ang aakyat; titibain ko para sa inyo.

— Ipinagpapauna ko ang pasasalamat, ginoong matsing — sambot ng pagong na kumikilala ng utang na loob.

Tinungo ng dalawa ang tahanan ng pagong.

Hindi pa halos napagsisiyang mabuti ng matsing ang magandang buwig ng saging, ang makintab-kintab na kulay dilaw sa pagitan ng malalapad na luntiing dahon, ay sinalakay nang akyatin agad sa isang kaliksihang hindi madalum at sinimulang kaniing namumutsi ang magkabilang pisngi samantalang tumatawa pang nagkakangiwi ngiwi ang bibig.

— Nguni't bigyan naman ninyo ako ng ilan, — pakiusap ng pagong nang makitang hindi na siya inaalaala munti man ng matsing.

— Ni balat ay hindi kita bibigyan — tugon ng matsing na nagkakanlilintog na ang dalawang pisngi.

Nag-isip na maghiganti ang pagong. Tinungo ang ilog, namulot ng mga ilang — (walang nakasulat na anuman sa pinagkunang orihinal nito), at itinusok sa paligid-ligid ng punung saging at pagkatapos ay nagtago sa ilalim ng isang bao. Nang manaog ang matsing ay nasugatan nang gayon na lamang at nagsimulang dumugo ang mga sugat.

Hinanap niya ang pagong, at nahirapan siya sa paghanap bago nakita.

— Ikaw, hamak na nilalang, nakita rin kita rito, sa wakas — anang matsing sa pagong — Pagbabayaran mong lahat ang ginawa mo; dapat kang mamatay. Subali't dahil sa aking pagkamaawain, ay ipaubaya ko sa iyo ang pamimili sa dalawang paraan ng kamatayan mo: ano ang ibig mo? Bayuhin kita't durugin sa lusong o itapon kita sa tubig?

— Sa lusong, durugin mo na ako sa lusong! — pahinagpis na samo ng pagong — takot na takot akong malunod!

— Aha! — anang matsing na natatawa pa — samakatuwid natatakot kang malunod? Kung gayon, ay lulunurin kita.

At dinala ng matsing ang pagong sa tabi ng ilog at doo'y buong lakas na nihagis siya. Datapuwa't lumitaw agad ang pagong na nanunudyo pa sa nadaya at napamulagat na matsing.

15. — MGA GUNITA NG ISANG MANOK

Ang kauna-unahang nakita ko'y hindi ang liwanag kundi ang gabi sa silong ng isang bahay. Ang sinilangan ko'y isang kaing na kawayan, puno ng dayami, na kinaroroonan din ng maraming sisiw na gaya ko, sa pagitan ng mga balat ng itlog na pinagpisanan. Sa gitna namin ay naroroon ang aming ina, na ang init ay nakapangangalaga nang bahagya sa amin laban sa lamig, sapagka't ang maiikling balahibo namin ay halos hindi makapagsangalang sa amin sa karahasan ng panahon. Masayang-masaya ako, datapuwa't hindi ko nababatid kung bakit, marahil din naman ay dahil sa pagkakatagpo ng gayon karaming kapatid na nakakalaro o sa pagkakaramdam ng mainit-init na singaw sa pagkakadaiti ng aming ina. Ang nangyari'y napakasaya ko at pumipiyok-piyok akong paminsan-minsan na taglay ang malabis na kaligayahan; napapaligon tuloy sa akin ang aking ina upang masdan akong parang namamangha sa kaligayahang nakalalasing sa akin. Sinubok kong gamitin ang aking maliliit na mga paa, hinakbang-hakhabangan ang ibang sisiw at nakipag-usap sa kanila, at pumipiyok ako na parang nagbibigay sa kanila ng maligayang bati; labing-isa kaming lahat, matataba, bilugan ang katawan, may maliliit na tuka at ang ulo'y may kalakhan; pumipiyok kami at ang lahat ay inaalihan ng isang katuwaan at kasiyahang sariling-sarili ng mga manok.

— Mga bata! anang aming ina, huwag kayong mag-ingay na lubha. Mahina lamang kung kayo'y pipiyok sapagka't nagkakatulog sila sa itaas. Tumigil kami, bagaman hindi namin nalalaman kung sinu-sino ang mga tinutukoy na nagkakatulog pa raw.

Namamangha kayo, marahil, na pagkalabas na pagkalabas namin sa itlog ay marunong na kaming magsalita at nagkakaunawaan na kami. Kayo'y tao at may katuwiran nga kayong mag-alinlangan, sapagka't ang tao'y ipinanganganak nang kulang sa lahat ng bagay at mangmang, palibhasa'y tumatanggap sila ng lahat ng pagkakalinga ng kanilang mga magulang at iba pang kamag-anak at nabubuhay sila nang mahabang panahon; dahil dito'y may mahabang panahon silang ikatututo ng isang wika at ng iba pang gawa at gawi. Nguni't kaming mga sisiw, kaming wala kundi iisang ina at kaming mga anak ay napakarami! isang inang napakadukha at naghihikahos, na gaya naming walang sukat mapagdagisunan. Ano ang mangyayari sa amin kung sa maikling panahon ng buhay na ipinagkaloob sa amin ng tao ay kailangan pa naming mag-aral magsalita at bawa't kataga'y isa-isa pang ituturo sa amin? Na-

pag-alaman kong ang mga anak ng tao'y tumatagal ng tatlo, apat o higit pang taon bago makapagsalita at makapagsaysay nang patal-utal; kung kinakailangan pang kami'y mag-aral, kaming walang sapat na utak at pantanda, ay mamamatay na kami bago makapagpahayag ng isang nais. Samakatuwid ang kalikasang mapanangkilik at makatuwiran ay nagkaloob sa amin ng maraming bagay na ipinagkait sa inyo sa simula, bagaman pagkatapos ay inyong napagiging ganap at maayos sa isang anyong halos di mapaniwalaan.

Sinasalita nga namin ang aming wika, na marahil ay maraming kapintasan, datapuwa't sadyang makahulugan naman. At samantalang kaming mga sisiw ay nag-iisip-isip kung sinu-sino kaya iyong mga nagkakatulog pa sa itaas, at abalang-abala sa mga panghuhula, ang aming ina'y nagsalita ng ganito:

— Mga anak: humigit-kumulang sa kalahating oras na dahil sa katutuka ko ay nabasag din ang balat na naglilingid sa inyo sa daigdig, kaya't napakamusmos pa kayo upang makaunawa ng ilang bagay. Ang masasabi ko ngayon sa inyo'y kayo at ako mang ito ay pawang pag-aari ng isang taong nagpapakain sa atin at siya ring magpapasiya sa inyong buhay at sa akin man — at isang buntung-hininga ang pinapulas matapos ang mga huling salitang ito.

Hindi ko natatap na mabuti ang halaga ng buntung-hininga at sa udyok lamang ng pagkamausisa ay tinanong ko ang aking ina.

— Ano po ba iyong tinatawag ninyong tao?

— Anak ko, ang tao . . . tao, hintay ka, paano ko bang isaysaysay sa iyo? Ah, ganito, ang tao'y isang manok na lalong malaki kaysa inyong lahat, napakamakapangyarihan at napakalákás.

— Lalo pa bang malaki at lalo pang makapangyarihan kaysa inyo?

— Oo, malaking-malaki pa.

Kaming lahat ay paraparang nagulumihanan! Anu-anong mga hula ang aming ginawa at anu-anong mga haka-haka! Ano kaya iyong manok na lalong malaki at lalong makapangyarihan kaysa aking ina?

Nag-iisip-isip pa kami nang marinig namin ang isang malakas na tilaok, mataginting, mahaba, awit na tila nanggaling sa kaligayahan, kayabangan, pagmamataas at kahambugan.

16. — ISANG PAGDALAW NI HESUS SA PILIPINAS

Nalimot nang lubos ng mga naninirahan sa lupa, marami nang dantaong tinalikdan ng Diyos Ama ang mga bagay-bagay sa daigdig na ito. Ang pamamahala sa lupa'y ipinaubaya niya sa mga santo at iba pang kilalang diyus-diyusang sinasamba ng mga tao dahil sa kabaliwan nila. Pinagkakaabalahan niya ang ibang mga araw at buntala (planeta), na lalo pang kaaya-aya't malalaki kay-sa atin, sapagka't sa mga yao'y hinahandugan ng isang pagsambang wagas at walang dingal ang Walang-hanggang Lumalang. Tuwing tumatama ang kanyang makapangyarihang paningin sa ating maliit na bolang nababalot ng ulap na umiikit sa walang katapusang alangaang, ang kanyang tingi'y batbat ng sama ng loob na inilalayo roon na walang iniwan sa isang amang nagagalit sa pagkakamalas sa isang anak na walang utang na loob at namumuhay nang di-mabuti. Sa gayon, ang lupang ipinaubaya sa mga diyus-diyusan ay nabatbat ng karalitaan at ng sakit; ang karimlan ay bumaba sa ibabaw niya at sa kanyang sinapupunan ay umaangal ang nagngangalit na simbuyong anaki'y mga ahas na nakulong sa kanilang mga lungga. At ang mga pananaghoy ng mga sawimpalad at mga hinaing ng mga napariwara'y pumupuno sa kalawakan, naglalagos sa mga ulap at pumapailanlang hanggang sa luklukan ng Nakapangyayari sa lahat.

Sa wakas ay nahabag ang Walang Hanggan, at isang araw, matapos ilagay ang kanyang salamin sa mata, ay nagwika sa sarili:

— Tingnan, tingnan natin kung ano ang nangyayari sa mga taong tunggak na naninirahan sa parang suha nilang kabilugan.

Tumingin ang Diyos sa dakong lupa at niloob ng pagkakataong ang kanyang tingin ay tumama sa isang lipon ng mga pulong ang karamiha'y mga bulubundukin, naliligiran ng mga sinisigwang dagat at niyayanig ng malakas na lindol na anaki'y isang maysakit na nakakain ng asoge. At nakita ng Diyos ang mga lalaking may iba't ibang lahi at kulay, ang ilan ay nakasaya, ang iba'y nakapantalón, may mga ulong inahitan sa tuktok at may naiwang buhok sa paligid ng dakong ibaba ng ulo, samantalang ang iba'y pabaligtad naman, na anupa't inahitan ang dakong ibaba ng ulo't sa gitna'y may isang tungkos ng buhok na mahaba, gaya ng sa bae. At ang isa't isa'y nagsisiindak at nagsasabi ng maraming kahangalang ipinatutungkol sa Kanya, sa Amang Walang Hanggan; ang ilan pa'y gumagawa ng lalong maraming pag-indak at lalo pang maraming kahangalan sa paniniwalang ang gayo'y makalulugod sa

Kanya. Akala ng Amang Walang Hangga'y nakakakita siya ng mga pangitain, inayos na mabuti ang kanyang salamin sa mata at pinagbuting lalo ang pagmamatyag.

Namasdan niyang may mangilan-ngilang nabubuhay nang walang anumang ginagawa, umaapi't umaalipin sa iba, dumudukit sa mga mata, sumisipsip ng utak, at hindi pa yata nasisiyahan sa mga ito'y kanila pang nilalait at dinudusta. Datapuwa't ang lalong ipinagtaka ng Amang Walang Hanggan ay nang makita niyang ang lahat ay pawang di nasisiyahan, at sa katunayan, ang mga nang-aapi ay lalo pang hindi nasisiyahan kaysa mga inaapi.

— Lintik, lintik! — ang bulong na kasabay ang malakas na pag-iling ng ulo at paghaplos sa kanyang balbas — tila masama ang nangyayari sa mga pulong iyon. Hoy! ikaw, halika! — ang idinugtong sa isang malakas na tinig at tinawag si arkanghel Gabriel na nagdaraan sa malapit doon.

Lumapit si Gabriel!

— Nalalaman mo ba kung ano ang ngalan ng mga lunti-ang pulong iyon sa ibaba, na may mga di-karaniwang naninirahan at may mga ugaling lalo pang di-karaniwan?

Tinanaw ni Gabriel ang itinuturo sa kanya.

— Bakit po hindi ko malalaman! — ang isinagot niya — sa doo'y nagkaroon ako noong araw ng isang templo at isang liwasan!

— Ikaw, Abeng, diyata't ikaw ay nagkaroon doon ng isang templo't isang liwasan! — ang bulalas na natitilihan ng Amang Walang Hanggan. — Pinahihintulutan mo ba ang gayong mga kalabisan?

— Ba, yao'y binawi na po sa akin. Ibinigay nila sa isang prayle. Doon, ang lahat ay humahantong sa kamay ng mga prayle!

— Mga prayle ba ang sabi mo? Anong uri ng kulisap ang mga iyan?

— Iyan po'y . . . ang isang prayle, ang isang prayle'y isang bagay na napakahirap pong ipaliwanag — ang tugon ni Gabriel na nalilito. Isang prayle . . . nariyan ang *quid*, iyan ang kahirapan. Ako ma'y hindi ko nauunawa kung ano ang isang prayle.

— At ano ang ngalan ng mga pulong iyan? — ang tanong ng Diyos na buong pag-uusisang tumingin sa lupa.

— E, ano pa po kundi ang Sangkapuluang Pilipinas!

— Aha! iyan pala ang bantog na Sangkalupaang Pilipinas. ang bansang pinagbubuhatan ng maraming . . . Datapuwa't ang akala ko'y . . . Nguni't sabihin mo nga sa akin: bakit nag-aangkin ng ngalang tunog kastila gayong alinsunod sa aking naririnig ang mga naninirahan doo'y hindi naman nagsasalita ng wikang iyan?

— Iya'y isa pang *quid* na hindi ko maunawa, Amang Walang Hanggan — ani Gabriel na tutoong nawili sa katagang *quid* noong siya'y nasa Pilipinas pa; — ang mga naninirahan sa mga pulong iya'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga kastila!

— Nasa ilalim, Gabriel, nasa ilalim ba ang sabi mo? Nilikha kong malaya ang mga tao; ipinanganganak na malaya ang mga tao . . . pantay-pantay ang lahat ng mga tao . . . !

— Iyan pa nga ang isang *quid*?

— Tumigil ka na sa *ka-qui-quid-quid*, Gabriel, at magpaliwanag ka nang lalong mahusay.

— Aba! Kung ipaliliwanag ko sa Inyong Maharlikang Kadiyusan ang mga bagay na nangyayari diyan sa ibaba, ay hindi tayo magkakaunawaan kahit na sa loob ng pitong araw . . .

— Datapuwa't ipaliwanag mo man lamang sa akin, kung bakit gayong nilikha ko ang lupa para sa tao, para sa taong nagbungkal niyaon, at gayong nilikha kong malaya at pantay-pantay ang lahat ng tao, ay kung bakit ang mga naninirahan sa mga pulong iyo'y namamanginon sa mga kastila?

— Sapagka't . . . isang taong tinatawag na Alejandro VI,¹ na sa ngalan ng Inyong Maharlikang Kadiyusan . . .

— Ano, ano, sa aking ngalan? Aba! — ang putol ng Amang Walang Hanggan na hindi na makapagpigil — sino ba ang Alejandro VI na iyan?

— A! iya'y isa pang *quid* . . . — ang itinugon ni Gabriel na hindi makalimot sa masama niyang nakagawian — iyang si Alejandro VI na naghahangad mamahala sa daigdig sa ngalan ng Inyong Maharlikang Kadiyusan, ay isang taong tampalasan na lumason sa marami, gumawa ng mga kahalayan sa anak niyang babae. . .

¹ Ang ngalang ito'y ipinamagat sa isang daan sa purok ng Sampalok, Maynila. Ngayon ay pinalitan na ng pangalang Mariano de los Santos, pangulo ng "University of Manila" na natatayo sa nasabing daan.

— Hesus, Maria! — ang putol ng Amang nagkurus— Hesus, Maria! at ang buhong na iyo'y namamahala sa aking ngalan! *Sanctus Deus*, banal na Diyos!

— Sa dahilang ang Inyong Maharlikang Kadiyusan ay hindi na nakikialam sa lupa . . . Kapag natutulog ang panginoo'y nagdiriwang at nagsasaya naman ang mga utusa't magnanakaw! — ang sagot na may himig pagsisi ni Gabriel. — Ang buong daigdig ay nakaaalam na ang Alejandrang iyan ay isang tampalasang mapanlinlang, kaya't siya'y sinumpa't itinakwil ng lahat ng taong marangal, ng buong Europa't Amerikang bihasa at ang ngalan niya'y naging singkahulugan ng mga salitang mahalay, mamamatay-tao, manlalason, mapaggawa ng salita, mapang-apid sa malalapit na kadugo . . . Bukod-tangi at diyan lamang sa mga pulong iyan dinarakila siya: diya'y itinalaga sa kanya ang isang buong lansangan na pinamagatan ng kanyang pangalan!

— Totoo ba iyan? Nasisiraan na ba ng bait ang bansang iyan? Nguni't magpatuloy ka: sinabi mong ang tampalasang iyon, sa pagmamalabis sa aking ngalan . . .

— Ibinigay niya ang mga pulong iyan sa mga portuges!

— Sa mga portuges? Nguni't hindi mo ba sinasabing ang mga pulong iya'y nasa ilalim ng kapangyarihan ng mga kastila? Ano, kung gayon ang kinahinatnan ng aking ngalan at puri?

— Iya'y isa pang . . . ibig kong sabihi'y magpapaliwanag ako: sa pagsasamantala sa pagpapabaya ng Inyong Maharlikang Kadiyusan ay hinati ni Alejandro VI sa mga kastila't mga portuges ang buong lupa . . .

— Nguni't sino ang nagbigay sa kanya ng kapangyarihang makahati sa lupang hindi naman niya pag-aari?

— Aba, ba! Napagkikilalang matagal nang panahong hindi nalalaman ng Inyong Maharlikang Kadiyusan ang nangyari sa lupa; sapagka't ni hindi nakapipigil sa mga papa ng pagsasaalang-alang sa mga bagay na iyan! Pati na ang langit ay naari nilang pakialaman, ang kaharian ng Inyong Maharlikang Kadiyusan at sampu ng Inyo na ring Maharlikang Kadiyusan.

— Pinakikialaman nila ako, pinakikialaman ang langit, ano ang iyong sinasabi? — ang naibulalas ng Diyos Ama na napatindig.

— Uy, uy! — ani Gabriel, at hindi lamang ang mga papa, na sa anu't anoma'y nagpapahalaga at nag-aangkin ng kapitapitagang anyo, kundi pati ng kahuli-hulihang prayle, ang kahuli-hulihang unggoy, gaya ng sinasabi namin sa Maynila, ay nangangahas na mag-utos sa inyo, at kayo'y ginagawa nilang parang isang tagaganap ng mga nais nila. Uy, uy, uy!

— Hesus, Maria, sus Maria! iyan ba'y maaaring mangyari? — ang sigaw ng Amang sabay sa pagtukop ng dalawang kamay sa ulo; — *o tempora! o mores!* “O mga panahon, O mga kaugalian!” . . . Datapuwa't magpatuloy ka, magpatuloy ka: sinasabi mong hinati niya sa mga kastila't mga portuges ang lupa . . .

— Ang mga pulong natatanaw ng Inyong Maharlikang Kadiyusan ay naukol sa Portugal.

— Hindi po, Panginoon, bagkus pa nga'y kabaligtaran ang nangyari. Isang portuges na may mga kaibigan sa Espanya, ang siyang sumakop niyaon para sa mga kastila . . .

— Isang portuges, ang wika mo? Samakatuwid ba'y gumawa siya ng isang pagkakanulo sa kanyang inang-bayan? Hindi kita maunawaan.

— Siyanga po, Ama, siya'y nagtaksil sa kanyang inang-bayan, nguni't siya'y nagdahilan sa pagsasabing ang hari niya'y ayaw magdagdag ng upa sa kanya.

— At sa dahilang iya'y nagtaksil siya sa kanyang hari't inang-bayan? Ano ang ginawa pagkatapos sa taong iyon?

— Sa karangalan niya'y nagtayo ng isang bantayog sa Pilipinas at isang lansangan ang bininyagan ng katulad ng kanyang ngalan,⁽²⁾ gaya rin ng ginawa kay Alejandro VI.

— Isa pa! Ito ba'y dahil sa doo'y pinararangalan ang lahat ng mga pilyo?

Tiniklop ng arkanghel Gabriel ang kanyang pakpak. — Alamin ninyong ako'y wala nang templo roon, — ang bulong niya.

² Tinutukoy si Magallanes, na nagkaroon ng isang daang may pangalan niya sa Intramuros, at ng isang bantayog sa Paseo de Magallanes, sa likuran ng Intendencia na kinadoroonan ngayon ng “Central Bank”. Hindi malaman kung saan naroon ngayon ang bantayog na ito.

—Datapuwa't ang Portugal, ano ang ginawa nang magkagayon, — itinanong ng Amang lalong nananabik dahil sa kagusutan.

— Tumutol siya, at nang makilala ni Carlos, na hari ng mga kastila, ang mga matuwid na pinanghahawakan, at dahil sa isang malaking halaga ng salapi, na noo'y kanyang kinakailangan, ay ibinigay ni Carlos sa Portugal ang mga karapatang maaaring naging kanya hinggil sa pulong yaon.

— At yao'y kinuha ng Portugal, kung gayon?

— Hindi po, Ama: si Carlos ay nagpadalang muli ng mga pandarayuhan upang sakupin ang pulong iyon, nguni't ito'y hindi naman nila natamo hanggang, sa wakas, ang anak niya'y siyang nakalupig niyaon sa pamamagitan ng mga kasunduan, ang isang bahagi'y sa pamamagitan ng katusuhan, ang isa'y sa pamamagitan ng pakikirigma, at ang isa pang bahagi'y sa pamamagitan ng mga matatamis na pangako.

— At ang Carlos na iyan at ang kanyang anak, ay may mga bantayog din ba sa Pilipinas?

— Wala pa po, nguni't magkakaroon din sila pagdating ng panahon — ani Gabriel.

— At ano ang ginawa ni Alejandro nang makita niyang hindi tinupad ang kanyang mga pasiya, nagsikap ba siyang gumawa ng pag-aayos?

— Hindi po, namatay na siya, pagka't siya'y nilason. Nguni't hindi niya diniribdib ang kanyang mga kapasiyahan!

— At ang mga tao, ano ang kanilang sinasabi kapag nakikita nilang napapalungi ang aking kabanal-banalang ngalan sa ganyang mga pagkakasundo?

—Ano pa ang sasabihin nila, Walang Hanggang Ama, kundi alin sa dalawa: o walang Diyos, o kung kayo ma'y nabubuhay, sila'y inyong pinabayaan?

Nagtakip ng mukha ang matandang Diyos, at pagkatapos, taglay ang kalungkutan sa mukha'y nagwika:

— Tingnan natin, Gabriel: yamang ikaw ay nakarating na sa mga pulong yaon at tila nakikilala mong mabuti, ano ang inaakala mong nababagay gawin upang malunasan ang mga kasamaan doon?

— Itinatanong po ba ng Amang Walang Hanggan kung ano ang aking palagay?

— Oo, anak ko, sapagka't hanggang sa akin ay nakarating ang mga tinig at ninanais kong bigyan ng wakas ang gayon kalaking kasaliwaang-palad.

— Kung ako, ay dudurugin ko ang lahat ng pulo . . . at si Gabriel ay nagpamalas ng isang anyong nagpapakilalang parang may dinudurog sa kanyang mga daliri.

— Ganito, Amang Walang Hanggan, ganito, at ako'y gagawa ng mga bagong pulong may mga bagong naninirahan. Ganito, ganito nga!

— Aba, aba, — anang matandang Diyos sa isang makaamang tinig, — napagkikilalang ikaw ay bata at hindi ka pa nahihirating makakita ng mga kadiyabluhan. Marahil ay masakit pa ang iyong loob dahil sa inalisan ka ng iyong templo at ng liwasan upang ma-ibigay sa isang . . . ano ang tawag mo sa kanya?

— Prayle!

— Iyan nga, prayle! Anong pangalang napakakakatwa, hindi ko natatandaang lumikha ako ng ganyang bagay! Datapuwa't hindi nararapat maging mapaghiganti; tularan mo ako. Alalahanin mong ako'y tinatawag na Diyos ng mga paghihiganti, gayong ako ay puno ng awa! Ako'y siyang nagkaloob sa kanila ng lahat, at ako'y wala roon kahit isang templo; binigyan ko ng kalayaan ang lahat, at ang aking ngala'y pinagmamalabisan upang sirain ang aking nilikha. At gayon man, ako'y hindi lamang hindi naghihiganti kundi nagnanasa pa rin ngayon na sila'y paligayahin.

— Mabuti po, kung gayon — isinagot ni Gabriel — kung ang Inyong Maharlikang Kadiyusan ay ayaw sumunod sa aking palagay, ay humingi Kayo sa ibang nag-aankin ng malaking kaban-tugan sa Pilipinas. Haya't nagdaraan si San Andres, ang pintakasi ng Maynila, na ang kapistaha'y ipinagdiriwang taun-taon nang buong dingal at gara, may mga watawat, mga prusisyon, mga tambol, mga tagahatol, mga alguwasil mga nakabalatkayo, mga kabayong patpatin, at iba pang matatandang bagay-bagay!

At ang arkanghel, pagkatapos na makapagpugay, ay lumayo.

— Hoy, Andres, ano ang nalalaman mo hinggil sa Pilipinas? — Ang tanong ng Diyos Ama sa isang matandang nagdaraan na may daladalang isang kurus nang umugong ang ngalan ng Pilipinas.

— Hala, ano ang ipinapayo mo sa akin upang mailagay sa kayusan ang Maynila? — ang dugtong ng Ama sa isang matamis na tinig nang makitang si Andres ay nauumid.

Napangiwi si San Andres nang marinig ang mga salitang *kayusan* at *Maynila* at tinawagan ang lahat ng mga santo.

— Hala, magsalita ka! ano ang iyong ipinapayo?

— Ako, Panginoon, ako, wala, talagang wala! — sa wakas ay nasabi ng Apostoles — wala akong pakialam sa bansang iyan, ayokong makitungo sa mga taong iyan, ako'y isang santong mahilig sa katahimikan at bahagya nang magsalita, isa pa'y hindi ako nakauunawa ng mga kasulatan. Pabayaan nila ako sa kapayapaan, napakarami nang sama ng loob ang ibinigay nila sa akin!

— Nguni't, hindi ba ikaw ang pintakasi ng Maynila?

— Hindi po, hindi . . . hindi . . . Ama . . . opo . . . Ama, ang ibig kong sabihi'y . . . opo . . . nguni't hindi po . . . hindi . . . hindi . . .

— Nguni't, tao ka nga pala, magpaliwanag ka.

Hinaplos ni San Andres ang kanyang batok, pinaypayan ang sarili ng laylayan ng kanyang balabal sa dahilang nararamdaman niyang siya'y nasa kagipitan gaya noong siya'y ipako sa krus; at matapos makagawa ng isang pagpupumilit ay nakapagsabi rin sa wakas:

— Tingnan ninyo Maharlikang Kadiyusan, ako'y walang kasalanan. Ang kasaysaya'y ito. Maraming taon pagkatapos na masakop ng mga kastila ang mga pulong iyon ay dumating doon ang maraming insik na nagtangka ring sumakop sa mga nasabing pulo. Doo'y naglabanan sila, nagpatayan at ako'y hindi nakialam sa anumang bagay; paano ko po ba magagawa iyon? Datapuwa't ang mga nanalo, upang papagtibayin ang kanilang pananakop ay nagkunwang palitawing tumpak ang kanilang ginawa at ako'y isinangkot at iniukol sa aking panghihimasok ang kanilang pananalo; iligtas nawa ako ng Diyos! dahil daw sa ang paglalaban ay nangyayari sa aking kaarawan, na para bang ako'y may kinalaman sa lahat ng bagay na ginagawa sa araw na iyon. Nguni't ang laalong kakatwa sa pangyayari'y hindi ko naman kaarawan iyon,

sapagka't ang mga kastila, dahil sa naglakbay sila nang sunod sa takbo ng araw ay nagkamali tungkol sa araw ng talaarawan. Diya'y makikita ng Inyong Maharlikang Kadiyusan na ako'y tala-gang walang kasala-sala sa ginawa nilang pagkakapatungkol na iyon.

— At kanino nauukol ang araw ng kanilang paglalabanan?

— Ano po ang malay ko sa bagay na iyan, Walang Hanggang Ama? — ang sagot ni San Andres na nag-astang aalis na. Tila po sa isang nagnangalang Prokulo, o sa isang Evasio. Maraming santo ang nakalagay sa talaarawan, at sila ang siyang nararapat papanagutin!

Ipinahanap ang mga santong binanggit, datapuwa't hindi sila nakikilala ng mga anghel, at ang Amang Walang Hanggan, na hindi nauubusan ng pagtitiis, ay nagtanong:

— Nguni't tingnan nga natin, ano bang relihiyon ang sinusunod sa Pilipinas?

Nagtinginan ang mga pinagpala, nagtanungan ang mga anghel sa pamamagitan ng kanilang tingin na walang iniwan sa mga batang nag-aaral na hindi nakaaalam ng takdang aralin, hanggang ang isang lalong malikot at pangahas kaysa iba, isang tunay na *enfant terrible*, ay sumagot:

— Ang relihiyon kristiyano po!

— Sino ang nagsabing ang aking relihiyon ay siyang umiiral sa mga pulong yaon? — ang tanong ng isang tinig lalaki, maliwanag at tumataginting,—sino ang nangangahas lumait sa aking relihiyon?

At isang taong matangkad, may pormal at mapanglaw na pag-mumukha, makisig ang tindig at kapita-pitagan ang lakad, ay napagitna sa mga lalong dakila sa mga nagtatag ng mga relihiyon. Ang anghel na matabil, na nanginginig ang buong katawan at nagugulumihan, ay nagkubli sa likod ng kanyang mga kasama, na nag-ukol sa kanya ng ganitong pagsisi:

— Aba, mabuti nga sa iyo!

— Anong relihiyon, kung gayon, ang sinusunod sa Pilipinas — ang muling tanong ng Amang Walang Hanggan na nakatingin sa lahat: — samakatuwid ba'y walang anumang relihiyon ang mga pulong iyon?

Si Hesus ay nanatiling lalong mabagsik at lalo't higit na mapanglaw; kaya't bagaman marami ang nakatingin sa kanya, ay walang nakapangahas magsalita. Sa wakas, isang lalong nakatatanda, may bikas insik, may bigote't balbas na makapal, kulay kayumanggi at mga matang singkit, pagkatapos ng maraming pasikut-sikot na anyo at pagyukod, ay sumagot, sa isang tinig na mapagpahiwatig at malumanay:

— Ang makatuwirang si Hesus ay nagsabi ng katotohanan; ang relihiyon niya'y hindi sinusunod sa Pilipinas, at halos mapanganghahasan kong sabihing ang kanyang aral ay hindi nakikilala roon. Nguni't ipahintulot sa kanyang di-karapat-dapat na alagad na si Kungsten na sabihin sa kanyang bagama't totoong ang mga kautusan niyang makadiyos ay hindi umiiral doon, sa kabilang dako nama'y pinagmamalabisan ang ngalan niya, at sa ngalan niya'y ginagawa ang mga pagkakasala't mga kasamaang hindi pa naririnig. Ito'y nalalaman ko sa dahilang ang bansa ko'y malapit sa Pilipinas, at maraming mga nagsisisamba sa mga anito sa amin ang nagkikristiyano doon dahil sa mga hangaring humigit-kumulang ay kasumpa-sumpa, humigit-kumulang ay mahalay!

Ang mga pangungusap ni Kungsten ay nag-aangkin ng malaking bigat sa mga kapulungan sa langit, kaya't si Hesus ay walang pagkagalit na sumagot ng ganito:

— Sumasang-ayon ako kay Kungsten, nguni't hindi ako maaaring panagutin sa mga pagmamalabis na ginawa sa aking ngalan ng ilang mapagkunwari, lahi ng mga ahas, mga ulupong, mga libingang pinintahan ng puti. Kung ang ngalan ng Ama'y pinagmamalabisan, ano ang hindi gagawin sa aking ngalan? Ang aral ko'y nasusulat, at bagama't binago ay naroroo't nagniningning, tumututol. Pinagmamalabisan ang aking ngalan sa dahilang ang mga tao'y nakalimot na sa akin, sa dahilang hindi nila nagugunitang akong nangaral ng pag-ibig at pagmamahalan, ay hindi ko maamin ang anumang paghahari-harian, ang anumang pang-aapi. Tinuruan ko silang mangatuwiran, sumuri, magsiyasat, bakit ipinipikit nila ang kanilang mga mata? Ano ang kasalanan ko kung may mga bulag at hangal sa lupa? Sa anong kalagayang katawa-tawa ibig nila akong pababain kapag sa paglimot nila sa aking aral, sa pinagbabatayang kagandahang asal ng aking gawa sa pinakadiwa ng aking pangangaral, sila'y nagpapatirapa ngayon sa pagsamba sa

mga bahagi lamang at loob ng aking katawan? Itinatakwil ko ang lahing iyan ng mga mapagkunwari at matagal na sanang panahong ako'y tumutol kung hindi ko lamang nababatid na sa pagkakagulo'y masasangkot ang aking ina.

— Ipagpaumanhin mo, anak; — ang salo ng isang mabait na babaing may pagmumukhang kaakit-akit at tinging maawain — ang aking ngalan ay pinagmalabisan nila nang higit ng pagmamalabis nila sa iyo, at kung ako'y hindi tumutol ay upang huwag kang bigyan ng sama ng loob. Tingnan mo, doo'y kinakalakal ako, ang aking pag-ibig, ang aking damdamin; ang aking ngalan ay kinakasangkapan upang kunin ang kahuli-hulihang kuwalta ng dukha, upang ipanganyaya ang mga babaing may asawa, upang ilugso ang puri ng mga dalaga, upang ilugmok ang buu-buong angkan sa kamangmangan at sa kaabaan. Ako'y inilalarawan kung minsang maitim, kung minsa'y kayumanggi, at kung minsan pa'y maputi. Akong lagi nang nabuhay sa aking paggawa at kailanma'y hindi nanghingi ng limos kaninuman, ngayo'y kailangang maglakbay sa bayan-bayan, sa bahay-bahay, at nagpapalimos upang sandatin sa ginto ang mga nabubuhay sa mga kasayahan at kasaganaan; ako'y ginagawang panakip o sangkalan ng mga gawang nakaririmarim at ng mga pagliligawan, tagapagtinda ng mga rosaryo, kalmen at sintas, at kung sakaling maisipan nilang ako'y bihisang mabuti, ang hangad nila'y makapagkamal ng lalong maraming salapi gaya ng ginagawa nila sa isang mananayaw sa sirko. At hindi pa yata sila nasisiyahan sa mga ito, ay ipinakikilala nilang ako'y may mga pangangailangan at may mga kahinaan, ako'y ipinalalagay na mapaghiganti, masakim, matigas ang puso, at maminsan-minsa'y ipinakikipagkagalit nila ako, ipinakikipagbalitaktakan at ginagawang kaaway ng akin na ring sarili; ako'y pinaliligo, pinasasayaw, bini-bihisan ng mga kakatuwang damit at ginagawa sa akin ang lahat ng uri ng kalapastangana't kadiyabluhan. Ngayong nalalaman mo na, isinasamo ko sa iyo, anak ko, na ako'y alisin mo sa mga pulong yaon sapagka't hindi ko na kayang bathin pa ang mga iyon. Iwan mo roon ang mga santo, at bahala na silang makipagkasundo sa kanila, nariyan sina Agustin, Domingo, Ignacio...

— *Nequaquam*, sa anumang paraa'y hindi maaari — ang tutol ni San Agustin — doo'y masama ang aking kinahinatnan. Ang aking mga anak, kung hindi mga manunulat na hangal ay mga mangangaral namang matatabil: ang pinakamabuti sa kanila'y isang komediyante. Sila'y ibinibigay ko na sa iyo, Francisco.

— Ang mga anak ko ay labis-labis sa katabaan — ang tugong malungkot ng patpating si San Francisco — minamabuti ko nang makipag-unawaan sa aking mga maliliit na hayop. Ang nararapat paghablinan ng mga iyan ay si Ignacio, na siyang lalong mahiman at masipag.

— Sa matibay na pananampalataya't kalooban marahil ay may magagawa ako, — ang pakling may kasabay na mabining ngiti ni Ignacio de Loyola — ang aking mga anak ay naaralang mabuti at sumusunod sa mga alituntunin, nguni't ang iyong mga anak, minamahal kong Domingo, sa kabila ng lahat ng aking pagpapaunlak sa kanila, ay nagtatangkang maglagay ng sagabal sa lahat ng aking gawain, nagtatangkang itapon ako... Kung ikaw sana'y maaaring mamagitan . . .

— Sino? mamagitan ako? — tanong ni Domingo — oh, kailanman! Una, ako'y ginagalit nila dahil sa aking kalmen at mga bituing yari sa mga batong huwad. Sila'y nakahandang alisan ng hanapbuhay. Bahalang magtuwid sa kanila ang Nunsiyó at si San Pedro!

— Sino ang nagsasalita tungkol sa akin? — ang tanong ng isang tinig na gumagaralgal gaya ng sa isang matandang tagapagingat ng pinto.

Siya'y si San Pedrong dumarating, upaw ang ulo at ang mga kamay ay puno ng tinta.

— Sinasabi namin — ang sagot ni Santo Domingo — na nararapat ninyong ayusin ang mga bagay-bagay sa Pilipinas yamang kayo'y may isang Papa...

— Ipinakikiusap ko sa inyong huwag banggitin sa akin ang Papa, para na ninyong awa; — ang putol ni San Pedro — tingnan ninyo kung gaano kapuno ng tinta ang aking mga kamay dahil sa pagtatala ng mga indulhensiya. Lumalaki ang aking ulo! At walang iba kayong ninanais kundi ayusin ang Pilipinas! At kung ako'y bitayin? Nababagay bang ako ang mag-ayos ng isang bansang pinaglilingkuran ng aking mga anak na parang mga utusan lamang o mga koadhutor, samantalang sumisipsip sa kanya ang iyong mga anak? Kayo ang siyang mag ayos at kung hindi naman, bahala na silang mag-ayos sa kanilang sarili.

At pagkasabi nito'y umalis, pagka't narinig niyang may kumakatok sa pinto.

- Siyanga, sila ang bahalang mag-ayos sa kanilang sarili!
- Kanin nilang kasama ng kanilang tinapay!
- Manalangin sa Diyos na kasabay ng paggawa!
- Bawa't bansa'y nagkakaroon ng kapalarang nararapat sa kanya.

— Ang mga naghahari-haria'y nabubuhay sapagka't pinahihintulutan sila ng mga pinaghaharian!

- Ang sinumang pumapayag sa lahat ay nararapat magdusa.

Ito't iba't iba pang bagay ang sinasabi ng mga santo sa takot nilang paroon sa Pilipinas. Nang silang lahat ay mamalas na pangawang umiiwas sa panganib, ay hindi malaman ng Amang Walang Hanggan kung ano ang gagawin.

— Datapuwa't tingnan natin, alamin muna natin kung ano ang nangyayari sa Pilipinas... Sino ba sa inyo ang nakaaalam? Walang sinuman? Lintik! nguni't wala bang sinumang pilipino diyan . . .

— Mayroon po, Amang Walang Hanggan, marami rin po — ang sagot ni San Juan na maydala ng mga talaan ng langit, nguni't sila'y napakabihira at napaka...

— Kahit na, paparituhin sila, tayo na ang bahalang kumuha sa kanila ng kahit kaunting balita. Kinuha ko ang lahat ng bagay buhat sa wala!

— Mga pilipino, hoy! Mga pilipino. Kayong mga nakapanirahan sa Pilipinas! — ang pahayag ng mga anghel sa buong niluwang-luwang ng kalangitan.

III

Napansin ang isang di-karaniwang nagpapayao't dito sa mga pulu-pulutong ng mga naninirahan sa kalangitan. Marami sa mga pilipino'y natutulog, nagtatago ang ilan dahil sa inaakala nilang sila'y kakapakan, hihingan ng sedula ng pagkamamamayan, o pagagawin nang walang bayad sa mga gawaing bayan at iba pa, gaya ng pinagkahiratihan nila sa lupa. Ang mga anghelito, pagkakita sa kanila, ay nagkindatan at sila'y itinuturo, ang mga birhen ay nagpipigil ng ngiti, tinatakpan ang kanilang mukha ng pamaypay upang

makapag-anasan ng ilang pangungusap, ang mga matatanda'y naglagay ng salamin sa mata upang lalong makakita, at ang mga arkanghel, kerubin at serapin na hindi maaaring makalimot sa kaniyang kadakilaa'y nagsisikuhan at nag-uubuhan.

Kapagkaraka'y lumakad ang isang hanay na ang mahabang dulo'y nawawala sa kalayuan, at sa bawa't sandali'y nararagdagan. Nasa unahan ang lalong mga tanyag, ang lalong matatanda'y ayaw makihalo sa mga binata.

Ipinakilala ni San Juan Evangelista ang kauna-unahan at inaisa ang mga karapatan at mga katangian nito. Siya'y isang taga-Espanya, matigas ang balbas nguni't lalo pang matigas ang tingin. Siya'y namatay sa Pilipinas sa sakit na iti.

— Ang kamahal-mahalang Ginoong Policarpio Rodriguez Mendes de la Villaencina, dakilang pantas sa mga bagay-bagay na may kinalaman sa mga pilipino, nakakikilala sa buong bansa, at ayon sa kanya'y nakapaglakbay sa lahat ng pulo, nakaunawang lubos sa indiyo at nakaaalam kung bakit, paano at sa anong paraan hindi umuunlad ang Sangkapuluang Pilipinas!

— *A la bonne — heure!* Magaling! ang sigaw ng Diyos Amang ibinuka ang mga bisig, — hala, magsalita kayo; kami'y liwanagan ninyo, kami'y pukawin ninyo!

Ang buong kalangita'y tumahimik at pati ng mga malilikot na anghel at mga walang bait na birhen ay nagsitigil ng pagkikindatan at pagngingitian.

Si Ginoong Policarpio at iba pa ay umubo nang makalawa o makaitlo, lumingus-lingos sa kaliwa't kanan nang may malaking pagpalibhasa, lumura't ibinuga nang napakalakas ang laway sa kalagitnaan pa naman ng inahit na tuktok ni Santo Domingo. Hindi man lamang humingi ng paumanhin ay muling umubo at nagsimula ng pagsasalita sa isang tinig na gumagaralgal:

— Tantuin ninyo, alamin ninyong nakikilala kong mabuti ang bansa at nagkaroon ako ng isang karanasan na . . . naku! Kayong lahat na naririto'y mananaghili at nanasain ninyong nagkaroon sana ng gayon; at hindi ko sinasaklaw ang Inyong Maharlikang Kadiyusan . . . na . . . nakauunawa na sa sinasabi ko. Kaya nga, huwag

akong pagmayabangan ng iba, pagka't tinatawag kong tinapay ang tinapay. at alak ang alak, sa dahilang ako'y sadyang gayon at magustuhin ako sa liwanag, sa tiyakang pagsasabi! Nasabi ko na, iyan nga!

At muling lumurang pinalakas sa kabilang sulok ng bibig, na pumatak ngayon ang laway sa tainga ng mabait na si San Francisco.

Ang Amang Walang Hanggang sumusubaybay nang buong pagmamatyag sa talumpati ni Ginoong Policarpio'y nanatiling naka-tunganga.

— Datapuwa't, ang bakit, ang paano, at sa anong paraan...?

— Tantuin ninyo, alamin ninyong nakikilala kong mabuti ang bansa at mayroon akong isang karanasang ...

— Tumigil na kayo, tao pala kayo, tumigil na kayo — ang putol ng isang taong nasa likuran niya — hindi ninyo nalalaman ang inyong sinasabi, dito'y wala tayo sa Maynila kundi sa Kaharian ng Langit.

Ang nagsabi ng gayo'y isang ginoong makisig na may mga kilos na katangi-tangi.

— Hala! — anang Ama sa ikalawang tao — tila lalo kayong nakakikilala sa Pilipinas, liwanagan ninyo kami.

Ang tinukoy ay nag-ayos ng kanyang bigote, tumingin sa lahat nang may matiwasay na ngiti at sa pagkagunita sa katipunan ng mga birhen ay nag-unat ng tayo, at sa isang tinig na matamis at tumataginting ay nagwika:

— Napakabanal na Maharlikang Kadiyusan, ang kahinhinang lagi ko nang ikinatangi sa lahat ng mga pagtitipong bayang naging kapalaran kong daluhan — pinanguluhan kong manaka-naka ang mga ito, buhat sa mga karaniwang miting na pambayan hanggang sa mga kapita-pitagang pagpupulong ng mga kapulungan ng aking tinubuang lupa ...

— Sa butil agad, tao ka, sa butil — ang sabad ni Ginoong Policarpio.

— Tao naman kayo, huwag sana kayong bastos! Bayaan ninyo akong magsalita!

— Tumahimik kayo, hoy!

Nagkainitan sila sa pagtatagisan ng salita, at magsusuntukan na sana kung di namagitan si San Miguel, ang pinuno ng kaayusan doon sa itaas, na pumayapa sa kanila. Inutusan silang umalis ng Amang Walang Hanggan. Sinikap na pigilin ng mga anghel at mga birhen ang ngiti nila.

Sumunod ang isang manang na nagkakangbubukot sa dala-dalang kalmen, mga kandila, mga aklat sa pagsisiyam, mga sintas at iba't iba pang kulukuti.

— Ito po'y si Ginang Antonia, tubo sa Pilipinas — ani San Juan. Inaksaya ang lahat niyang kayamanan sa pagbili ng mga kulukuting ito at inubos ang walumpung taon sa pagngata ng mga dasal!

— Urong! — anang Amang Walang Hanggan — ito, ano ang maaaring malaman nito tungkol sa Pilipinas?

— Ito naman — ani San Juan — ay isang ulo ng balangay na namatay sa bilangguan dahil sa utang.

— At ano ang nalalaman niya tungkol sa bansa? — ang tanong ng Amang Walang Hanggan.

— Ang kura, Panginoon, ang mga talaan ng mga mamamayan, Panginoon, ang kura, ang mga talaan ng mga mamamayan, ang talaan ng mga mamamayan, ang kura, . . . — ang pautal-utal na wika ng sawimpalad.

— Ilayo siya — ang wika niyang nagbubuntung-hininga.

— Ito'y isang manananggol na naghawak ng mataas na tungkulin sa bansa, dahil sa siya'y naglingkod na mabuti sa mga prayle.

— Tingnan natin, magsalita ang manananggol!

Ang manananggol ay isang lalaking pandak at malaki ang tiyan; nagsimulang lumakad na ang bigat ng katawan ay ibinubunto sa isang paa at pagkatapos ay sa kabila, umubu-ubo nang hindi makabigkas kahit isang kataga at sa wakas ay nagdidighay. Hindi na nakapagpigil ang mga birhen at mga anghelito at ibinulalas ang napakataginting na halakhakan.

— Katahimikan — anang Amang Walang Hanggan — tayo na, magsalita kayo, dito'y nasa piling kayo ng mga kaibigan, magtiwala kayo.

Nang marinig ng lalaki ang magigiliw na pangungusap na ito, siya'y nagsimulang umiyak at dahil dito'y pinaurong siya. Madalas na hinaplos-haplos ng Amang Walang Hanggan ang kanyang balbas.

— Ang sumusunod ay may kabantugan sa pagiging pinakamatalas ang isip noong kapanahunan niya, lagi na siyang nanungkulan, naging hukom, gobernador, patnugot at iba pa.

— Hala, tayo na, magsabi ka sa amin tungkol sa Pilipinas sapagka't ninanais kong ako'y maliwanagan.

— A! ninanais ba ng Inyong Maharlikang Kadiyusan na kayo'y maliwanagan? Kung gayo'y tumungo kayo sa mga prayle, sumangguni kayo sa mga prayle, kumapit kayo sa mga prayle, maglangis kayo sa mga prayle, pumanig kayo sa lapian ng mga prayle, magbigay katuwiran kayo sa mga prayle ...

— Kung gayo'y pabalikin siya sa mga prayle — ang utos ng Kanyang Maharlikang Kadiyusan na nag-anyong galit.

Ang lalaki'y sinunggaban ni San Miguel, sinipa sa isang bahagi ng katawan, at parang lumilipad na patungo sa lupa at pagdating dito ay naging isang bangang luwad at humantong sa silid ng mga maysakit ng isang kumbento.

— Bakit pinabayaang makapasok ang ganyang mga nilikha sa aking kaharian nang hindi muna nalilinis? Ano ang ginagawa ni Pedro — anang Amang Walang Hanggang nagpamalas ng mga tanda ng matinding pagkayamot.

Iniharap ni San Juan ang isang matandang lalaking nagpauna nang buong kakisigan.

— Ito po'y isa sa mga ibong lalong matataba sa Pilipinas — ani San Juan — sa buong buhay niya'y naging prayle ...

— Aha! ito pala'y isang prayle! — ang ibinulalas ng Amang Walang Hanggan, na tumingin nang may pananabik sa matanda — tingnan nga natin kung paano magpaliwanag ang prayle. Hala, magsalita kayo.

— Kung gayon, Panginoon, dito, na inyong kinakikitaan sa akin — anang matanda — ako'y isang kababalaghan; pinaunlad ko ang bansa sa pagsisikap na makuha ko ang lahat ng salaping ma-

kukuha ko. Pinabahaan ko ang lupa ng mga "pastoral" na hindi binasa; umawit ako ng mga "Te Deum", awit ng pasasalamat, sa paniniwalang natapos na ang mga lindol at ang mga lindol ay nag-simula uli; binatbat ko ng mga indulhensiya ang mga hangal na aklat upang ang mga ito'y maging lalong kagalang-galang, at ang baya'y lalo pang tumawa; nagpagawa ako ng mga sasakyang pandigma sa pamamagitan ng salapi ng bayan upang maipagsanggalang ang bansa laban sa mga di-binyagan at ang mga sasakyang pandigmang ito'y nasamsam ng mga di-binyagan at ang salapi'y hindi na nakita ninuman. Sa wakas ay pinaligaya ko ang Pilipinas, pinatawa ko siya, pinatawa't pinatawa at hanggang ngayo'y tumatawa pa marahil.

— Kung gayo'y hindi tunay ang karalitaang nakikita ko ...

— Ano bang tunay!, hindi, Panginoon, doo'y walang karalitaan!

Noong ako'y mamatay ay nakapag-iwan ako sa bawa't tagapagmana: dalawa o tatlo sa bawa't bayang kinaroonan ko! Karalitaan aba, wala po niyan, Panginoon. Itanong ng inyong Maharlikang Kadiyusan sa lahat ng mga prayleng ito; nakikita ba ninyo kung gaano sila katataba at kapupula? Mangyari'y kararating lamang nila buhat sa Pilipinas; nakita na ng Inyong Maharlikang Kadiyusan na ang lahat doon ay kasaganaan!

— Humayo kayo! umalis kayo sa aking harap! — ang sigaw ng Amang Walang Hanggan nang mamalas ang gayon kalaking kawalang-hiyaa't kahangalan; umalis kayo, at baka pumutok ang aking galit at papagbalikin ko kayo sa lupa at gawing mga hayop na karumal-duma!

Nagsiyaong nalilito ang mga pilipino; ang ilan ay malabis na nagdamdam, sa dahilang sa kanila'y may makapagsasaysay ng ilang bagay na matino at may kabuluhan tungkol sa Pilipinas. Datapuwat sa dahilang sila'y nasa dakong huli ay walang sinumang nakapag-akalang sila'y naroroon!

Pagkaraan ng ilang saglit na pagwawari-wari, ang Amang Walang Hanggan ay nagsalita, sa mabalasik na tinig, kay Hesus:

— Yamang sa iyong ngalan ay ginagawa roon sa lupa ang kapuot-poot na kawalang matuwid ay kinakailangang manaog ka, pag-aralan mo ang kasamaan at ipagbigay-alam mo sa akin kung ano ang nangyayari upang malunasan ko.

— Makikipiling akong muli sa mga pariseo? — ang tanong ni Hesus na namutla.

— Oo, sa piling nila uli! Kung iniwan mo sanang nakasulat ang mga batas at mga pangungusap mo, kung ikaw sana'y nagpahayag nang lalong maliwanag at tandisan, disiy hindi ka dinaya ng iyong mga mananalaysay, hindi sana binago ang kahulugan ng iyong mga aral at hindi sana pinagmalabisan ang iyong kapangyarihan! Gaanong mga pagtatalo, gaanong mga pagkakaalitan, gaanong mga digmaan at mga pag-uusig ang sana'y natipid mo sa sangkatauhan at kay bilis sana ng kanyang pagkakaunlad!

Iniyuko ni Hesus ang ulo at nagbulalas ng isang buntung-hininga.

— Nguni't wala kang dapat ikatakot — ang may katamisang dugtong ng Amang Walang Hanggan: — ngayon ay lalayo sa iyo ang kalis ng pasakit, sapagka't sa dahilang lalo kang magiging maingat ngayon sa pagkagunita sa nakaraan, ay sisikapin mong dumaan nang hindi napapansin at iiwasan mo hanggang maaari ang pagkakalapit sa mga pariseo at eskribas. Hindi na kakailanganing ipanganak ka ng isang inang birhen, bagay na mahirap mangyari doon, sapagka't ayon sa sabiy isang kasalanan daw ang magkait ng tungkulin sa asawa . . . Hindi na rin kailangang pugutan ng ulo ang labing-apat na libo, bagkus nararapat na dumating ka roon nang buo na ang pagkatao, may gulang na at ganap nang tao, sapagka't kung ikaw ay ipanganganak doon at doon ka mag-aaral ay lalaki kang mangmang, magiging timawa at mahihirapan ako nang gayon na lamang upang ikaw ay mapatino. Buong ingat na iwasan mo ang pakikipagtalo sa mga pantas sa kanilang batas, sa dahilang walang salang hindi ka nila pahihintulutang makaalis nang buhay, at ikaw ay tatawaging pilibustero; iadya ka nawa ng Diyos sa pagpapaalis sa templo sa mga nagtitinda't mga mangangalakal, sapagka't ikaw ay isusuplong at isasakdal, at higit sa lahat ay magpakaingat kang huwag tumawag ng ahas at lahi ng mga ulupong sa libu-libong pariseong matatagpuan mo roon. Hayo na, pumanaog ka na nga, — alang-alang sa pag-ibig sa sangkatauhan, alang-alang sa kabunyian ng iyong ngalan, at upang huwag makasama sa mga tao ang pagpapakahirap na tiniis mo, maging matiisin ka, maging mabait, ka, maging mapagmatyag ka!

At ang Walang Hanggan ay bumaling kay San Pedro, na karating lamang, at nagsabi sa kanya:

— At ikaw, sa dahilang pinabayaan mong makapasok sa kaharian ko ang napakaraming mga tulala at walang kaluluwa na nanga-

ngailangan muna ng mga dantaon ng paglilinis at pagdurusa dahil sa kasalanan, sa dahilang naging pabaya ka sa pagbabantay sa pintuan, ikaw ay babalik sa lupa.

Napasigaw si San Pedro at nanikluhod.

— Nguni't Panginoon, ako po'y abalang-abala sa pagtatala ng mga indulhensiya! — anyang pinagdaop ang mga palad.

— Babalik ka sa lupa at sasamahan mo si Hesus sa kanyang pangigingibang bayan — ang patuloy na nagmamatigas ng Walang Hanggan. — Pinahintulutan mong mag-iwan ng iyong mga kahalili sa lupa, na nangagpapanggap na mga kahalili ni Hesus; kaya nararapat, kung gayon, na ikaw ay paroong kasama niya sapagka't sa ngalan ninyo'y ginagawa roon ang lahat ng pagmamalabis!

Walang nagawa ang dalawa maliban sa itungo ang ulo at pagkatapos na matanggap ang bendisyong maka-ama, ay malungkot na nagsilayo.

— Panginoon — ani San Pedrong tumatangis kay Hesus — ngayo'y hindi na tayo makaliligtas! Wala kayong kaalaman kung paano inaayos ang mga bagay-bagay sa Pilipinas, ako po'y oo, may-roon akong balita. Kung bagaman si Pilato'y naghinaw pa ng kamay, datapuwa't sa Pilipinas, ang mga kamay ay sadyang dinurumhan. Nang kayo'y ipako ng mga hudiyo sa kurus, ay hindi nila inusig ni ang inyong ina, ni ang inyong mga kamag-anak, ni kahit na ang inyong mga alagad nguni't, Guro, sa Pilipinas, naku! sa Pilipinas . . . ! Doon sa Hudea, noong kayo'y nagpapasan na ng kurus'ay nagpamalas pa sa inyo ng habag ang mga babae, datapuwa't sa Pilipinas, hindi pa kayo isinusuplong ay itinatakwil na kayo upang sila'y huwag maging kahina-hinala! Sa aba ko! ay! ay!

— Tapang, Pedro, tapang! Tayo ang may sala. Iniwan mo ang mga susi roon sa lupa, at ako nama'y gumawa ng isang paglalaro ng mga salita tungkol sa iyong ngalan nang itatag ko ang aking iglesia, at ito'y magtuturo sa aking huwag gumamit ng anumang *calambours* (kamusmusan) kapag ang pinag-uusapa'y mabibigat at mahahalagang bagay!

IV.

Habang nalalapit sila sa lupa'y lalo't lalong nagiging malungkot at mapag-isip si Hesus. Ang kanyang pagmumukhang lalaki'y nababalot ng hapis at masasabing ang gabi'y bumababa sa kanyang mukha. Ang lupang yaong naging sanhi ng pagbububo ng kanyang dugo upang mapangaralan ng pag-ibig ay natagpuan niyang nagugumon sa gayon ding mga kasamaang asal na gaya ng dati at kailalapa'y lalo pang masahol; pagtangis, pagluluksa't kawalang-pag-asa sa isang dako; mga mapag-imbol na halakhak at masasayang panlalait sa kabilang dako; at saanmang dako, ang sangkatauhang kaaba-aba't walang kasiyahan na pinaghihirap ng di-matapos na damdamin. Gaya ng dati, ang maralita'y inaapi ng masalapi; ang mahina'y supil ng malakas; mga batas para sa mga dukha, mga tungkulin para sa mga taong nagdarahop; datapuwa't para sa mga mayayaman, para sa mga makapangyarihan, ay mga karapatan at mga tanging biyaya. Sa ibabaw ng karagatang ito ng kaabaan at luha ay nakita niyang lumilitaw na parang mga di-karaniwang pulo ang mangilang- ngilang mukhang nakangiti at tahimik, na buong pagkahapis na lilingus-lingos sa kanilang paligid, nguni't ang mga alon sa paligid-ligid ay umaangal na nangganggalit, nagpapatilamsik sa kanila ng mga bulang mapapait, sa kanila'y nagpaparusa, nanlalait, dumurusta at sa gitna ng pagsisigawan ay naririnig ni Hesus na sinasambit ang Kanyang pangalan.

— Kakila-kilabot! — ang sigaw ni Hesus na nagtakip ng kanyang mukha. — kakila-kilabot! Kay raming mga pagdurusang walang kabuluhan, kay raming pagpapakahirap na walang kasaysayan ... Lalo pa sanang naging kapaki-pakinabang kung ang sangkatauha'y pinabayaan kong tumubos sa kanyang sarili, sa pamamagitan ng paglinang ng kanyang mga katutubong lakas at ng mali-liwanag na titis na ipinagkaloob ng Walang Hanggan! Sapagka't kung nakaya ng taong tuklasin ang mga napakalalalim na lihim sa madilim na sinapununan ng kalikasan at ipahayag ang mga makadiyos na batas nito, sa anong dahilan at hindi niya matutuklasan at mapagniningning ang binhi ng mabuting kaasalang itinanim ng Diyos sa kanyang budhi at puso? Lalo pa bang madali ang pagsisiyasat sa mga kakanyahan ng metal na nakabaon sa pusod ng lupa kaysa mga kahingian ng budhing nakikipag-usap sa atin sa lahat ng oras? Ano ang kinahinatnan ng aking ginawa, ng aking pagpakasakit at kamatayan? Kaya ba ako nagtiis ay upang ang ngalan ko'y magpatibay sa kawalang matuwid, uminis sa mga budhi't magpadilim sa pang-unawa?

Halos di makasunod si San Pedro sa kanyang Guro.

— Panginoon — anya — tayo'y nalalapit na . . . nguni't ano ang nangyayari sa inyo, Guro, at ang inyong noo'y puno ng dugo? Tumatangis kayo at ang inyong mga luha'y dugo . . . Masasabing kayo'y muling nasa Hetsemani.

Malungkot na umiling si Hesus.

— Harinawang wala akong ibang damdamin kundi ang mga hinagpis ng kamatayan — ang kanyang tugon. — Makalilibo pang mamabutihin ko ang kamatayan, ang libu-libong Hetsemani kaysa pasakit na nagpapahirap sa akin ngayon. Kapag ang isa'y namamatay alang-alang sa pag-ibig o sa pananalig na sa kanyang pagkamatay ay makagagawa ng isang kabutihan, ang kamatayang iya'y nagiging isang kaligayahan. Datapuwa't kapag kasunod ng kamatayan, kasunod ng mga paghihirap ay dumarating ang pagkabigo . . . ay! na hindi ko magawang ako'y mauwi ngayon sa wala, magkaluray-luray ang aking sarili, mawasak ang aking budhi upang huwag nang makita ang mapanirang bunga ng aking ginawa. Naparito ako sa lupa na parang liwanag, at kinasangkapan ako ng tao upang yao'y balutin ng karimlan; Naparito ako upang aliwin ang mga dukha, at ang aking relihiyo'y may mga biyaya't pagtingin lamang sa mayayaman; Naparito ako upang iguho ang pamahiin at sa aking ngalan ay namulaklak ang pamahiin, namamayaning makapangyarihan at ganap; Naparito ako upang tumubos sa mga bayan at sa aking ngalan ay sinupil at inatasan ang mga lalawigan, kaharian, lupalop, at ang mga lipi'y inalipin at napawi. Naparito ako upang ipangaral ang pag-ibig, at sa aking ngalan, dahil sa walang kabuluhang pagtatangi-tangi, dahil sa pagdudunung-dunungan ng mga tamad, ang mga tao'y naglalaban-laban at pinuno ang lupa ng kamatayan at pagkakawasak, at pinapaging banal ang katampalasanan sa pamamagitan ng kabantugan ng kadiyusan! Kakila-kilabot, katawa-tawa, kamaliang walang kasinglaki, kagulat-gulat na paghamak!

At tumangis si Hesus nang buong pait at kadalamhatian.

— Kung matuwid — ang kanyang idinugtong — kung katungkulan kong tubusing muli ang sangkatauhan sa baging kinahulugan niya, at ako'y magtiis ng makalilibong kamatayang lalo pang

malupit kaysa naging kamatayan ko, hindi ako dapat matakot ... Lumayo ka sindak; sukat na ang pagkatakot; ngayo'y hindi ang pag-ibig lamang, kundi ang pag-ibig, ang tungkulin at ang katuwiran ang siyang magbubunsod sa akin sa pagpapakasakit . . . !

— Ano po, Panginoon, iniisip ba ninyong papakong muli sa kurus? — ang tanong ni Pedrong nanginginig.

Si Hesus, na walang hinaharap kundi ang kanyang pagninilay-nilay ay hindi sumagot. Malapit na sila sa Pilipinas, nababanaagan na nila ang matataas na bundok na nakaputong sa mga pulong namumukod sa ibabaw ng kumikinang na tubig, na kumikislap sa tama ng liwanag ng mga bituin; sa malayo'y natatanaw nila ang mamumula-mulang palong ng isang bulkan na parang isang bahid ng dugo sa ibabaw ng sawimpalad na lupang yaon. Sa dakong Silangan ay nagsisimula nang sumungaw ang banaag na tagapagpahiwatig ng buwang-liwayway.

Si San Pedro, na nababalisa sa hawig na tinutungo ng mga pasiya ng kanyang guro, ay nasisindak sa pagpasok sa Pilipinas, kaya't sinamantala ang pagkakataong dumaraan sila sa isang pulong hindi nauukol sa kapuluan, at nagsabi kay Hesus:

— Guro, tila nararapat na tumigil muna tayo sa pulong ito upang makapaghanda at tumalaga sa mapanganib na paglalakbay na ito. Kinakailangang malaman muna natin ang kalagayan ng labangang iyan, at gaya nang kayo'y mag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi bago makiharap sa mga hudiyo, ay magparaan muna tayo rito ng tatlong buwan sa dahilang para sa mga pilipino, ang lahat ng pag-iingat ay kakaunti.

Binalak ni San Pedrong libangin ang kanyang guro o maipagpaliban man lamang kaya ang pagpasok sa Pilipinas. Si Hesus, na ang buong pinagkakaabalaha'y ang kanyang pagninilay-nilay ay nagpabayang siya'y akayin ni San Pedro, na nagsamantala sa pagkakataong ito upang dalhin ang kanyang guro sa nasabing pulo at sila'y bumaba sa isang ilang na pook na di-lubhang malayo sa kabayanan. Gumuguhit na ang buwang liwayway at ang mga bagay-bagay ay nagsisimula nang mapagmalas-malas, mapuputi, parisukat na maraming durungawang parang mga bahay-kalapating pinagbaitang sa paa ng bundok na siyang bumubuo ng pulo.

Yamang kinakailangang hubdin nila ang mga kasuutang makalangit para sa paglalakbay na isasagawa, ginamit ni Hesus ang kanyang talino, upang ang kanyang balabal ay magawang isang ternong matingkad na bughaw, na may wastong tabas bagama't di naman sunod sa mga kautusan ng moda. Inahit ang kanyang balbas, pinutol ang buhok na mahaba, at upang magkaroon ng lalong pagkahawig pilipino, ay inihukot nang bahagya ang katawan na parang isang taong nahirati na sa pagsunod at pamamanginoon. Kung siya'y makikita sa gayong pagbabagong anyo ay masisinungalingan, kahit na ang di-pagkakamali ng papa, at ang pinakamabuting maaakala sa kanya'y isang pilipinong buhat sa isang mabuting angkan na naglalakbay upang magliwaliw.

Sa ganang kanya naman, inakala ni San Pedro na sa dahilang narinig niya sa langit na ang mga insik ay siyang lalong mabuti ang kabuhayan sa Pilipinas, ay inakala niyang lalong mabuti at kapaki-pakinabang na siya'y tumulad sa insik, at gayon nga ang hiniling niya sa Guro; nguni't naging napakasaliwa ang kanyang palad, sa dahilang siya'y upaw at mangilangilan lamang ang natitirang buhok na hindi matitirintas, kaya't siya'y nagmukhang insik na panot. Nag-iwan ng ilang buhok upang gawing bigote; ang kanyang balabal ay ginawang salawal na maluwang at ang kanyang balabal ay ginawang barong insik; sa ganito, ang asta niya'y naging lubhang kakatuwa, na kung di sa malabis na kapormalan ni Hesus ay napahalakhak na sana.

Pumasok sila sa lungsod na nagsisimula nang sumigla. Ang mga bagay ay nagigising na at ang mga lansangan ay napupuno na ng mga utusan, manggagawa, mamamangka, magdaragat na ang karamiha'y mga insik. Nabatid ni San Pedro, na dahil sa kanyang kasuutan at tirintas ay nagkaroon ng biyayang makapagsalita ng insik, na sila'y nasa isang daungang insik na tinatawag na Biktoriya dahil sa ito'y pinamamahalaan ng mga kampon ng reyna ng Inglatera.

— Masama ang ating binabaan — ani San Pedro — tayo'y nasa bansa ng mga insik, at bukod dito'y pinamamahalaan ng mga protestante.

At idinugtong pa sa kanyang sarili — Iniwasan namin ang ulan at kami'y lumagpak sa dagat.

At si San Pedro, na lubhang nahahapis at nababalisa hinggil sa kanyang kapalaran, ay lumalakad na sa kanyang loob ay tinutungyaw ang kanyang naisipang pagpanaog sa pulong yaon. Ang Pilipinas, bansa ng mga kristiyano, ay nakikilala na niya, at kahit na maging masama ay lalong mabuti na ito kaysa mabuting kikilalanin pa.

Si Hesus, na lumilingap-lingap sa lahat ng dako na parang may hinahanap, ay nakapansin ng ilang malalaking gusaling magkakawangis, iisang anyo ang pagkakayari, at inakala niyang ang mga yao'y mga pagamutan marahil o kaya'y isang gusaling bayan sa pagkakawang-gawa, datapuwa't sinabi ni San Pedro, na may masamang pagkakakilala sa mga ingles at insik, na marahil ay mga kuwartel iyon; inakala niyang hindi mangyayaring makagawa ng ibang bagay ang mga taong iyong walang pananampalataya. At upang malutas ang kanyang pag-aalinlangan, ay lumapit sila sa isang binata, na mukhang mestiso, at nagtanong:

— Sa mga *paleng* dominiko! — ang tugon ng binata.

— Sa mga paring dominiko! — ang namamanghang ulit ni San Pedro — Guro, ang mga bahay na ito'y pag-aari ng mga anak ni Domingo.

Nakatungangang pinanood nilang dalawa ang gayon karaming mga bahay, at namangha sila sa kainaman ng mga ito.

— Si Domingo, na nagpapaniwala sa ating ang mga anak niya'y may panata ng pagpapakarukha! — ang ulit ni San Pedro.

— Huwag kang magtaka, Pedro — ani Hesus — Kung ako'y hindi nagkakamali, sila'y may mga misyon sa Tsina; marahil, ang gawai'y napakalaki at kinakailangang tumira rito ang libu-libong misyonero upang mapapaging kristiyano ang mga tagarito.

Nagpatuloy sila ng paglakad, at nakita nila ang isa pang mahabang hanay ng mga bahay, na hindi man malalaki, ay mabuti naman ang pagkakayari.

— Walang salang ang mga ito'y siyang mga kuwartel — ang sabi sa sarili ni San Pedro, at nagtanong sa isang tao kung ang mga bahay na yao'y mga kuwartel nga.

— Sa mga *paleng* dominiko! — ang tugon ng pinagtanungan.

— Aba! — ang bulalas ni San Pedro — at yaong mga natatanaw ko sa dako roon, na ang kulay ay puti't pula?

— Sa mga *pali lin!* Lahat-lahat ito sa *pali* — ang isinagot ng taong nagkukumpas at itinuro ang maraming lansangan. — Mga *pali malaming bahay lito sa laang ito, sa laang yan at sa iba pang laang.*

— Aha! aha! kung gayo'y maraming dominiko rito.

— *Hini,* dalawa lang.

— Dalawa lamang? At sinu-sino ang tumitira sa mga bahay na iyan?

— Mga insik.

— Ang mga insik?, mga kristiyano sila, hindi ba?

— *Hini!*

— Paano? ang mga insik na hindi binyagan ay nakatira sa mga bahay na ipinatayo ng mga katolikong dominiko?

— *Oo, insik mayad-mayad mabuti sa mga paling dominiko, malaming pela at malaming milyon sa mga bangko at aksiyong . . .*

— At paano sila naging napakayaman? Masipag ba sila sa pag-gawa, nagbubungkal ba sila ng bukid? Sila ba'y nag-aabala sa industriya?

— *Hini!*

— At saan sila kumuha ng napakaraming salapi upang makapagpatayo ng napakaraming bahay?

— Sa Pilipinas. *Migay-migay sa kanila ang mga indiyong ng malaming salapi!*

— Kung gayo'y ang mga indiyong sa Pilipinas ay napakayaman?

— *Hini, tatabi pulubi! Tila sila sa mga maliit na kubo.*

— Pulubi, kung gayo'y hindi ko nauunawaan! At ang mga Dominiko'y nagpapatayo ng mga bahay para sa mga insik na hindi binyagan sa pamamagitan ng salapi ng Pilipinas, samantalang sa Pilipinas ang mga kristiyano'y nakatira sa mga abang kubo.

— *Oo.*

Lumapit si San Pedro sa kanyang Guro upang ipagbigay alam ang kanyang mga pag-aalinlangan, nguni't ito'y nakita niyang nag-ninilay-nilay nang napakalalim.

Natatanaw ni Hesus, buhat sa pook na kanyang kinaroroonan ang patyo ng isang malaking gusaling nasa malayo. Doo'y maraming taong nakabihis nang magkakaparis at ang kanilang ginagawa'y angatin at ilagpak sa lupa ang ilang bolang tila may kabigatan. Mayroong isang wari'y namamatnugot sa gayong gawain.

— Yao'y siyang bilangguan — ang wika sa ingles ng isang taong pinagtanungan ni Hesus. — Doon dinadala ang mga naparusahan, ang mga magnanakaw, mga manghuhuwad, mga mandarahas, mga mamamatay tao. Yaong nakita ninyo'y isa sa mga gawaing ipinarusa sa kanila; may ilan pang ibang gawain, gaya ng gawin ang himaymay ng abaka, paikutin ang isang gulong, at iba pa.

— At ang mga sawimpalad na iyo'y mga di-binyagan bang lahat?

— Hindi, sa kanila'y may mga kristiyano, mayroon ding mga ingles, sapagka't dito'y walang pagtatangi-tanging ginagawa sa mga salarin: doo'y may mga taong nagsipaghawak ng matataas na tungkulin sa mga bayang sakop natin.

— At ang inyong karangalan — ang tanong ni San Pedro — hindi ba kayo marunong mag-ingat ng inyong karangalan, gaya ng mga kastila sa Pilipinas?

— Ang aming karangalan ay wala sa aming pagmumukha kundi nasa aming tuntunin ng mabuting-asal — ang itinugon ng insik na hindi man lamang minarapat na tumingin kay San Pedrong nakabihis insik.

Sumang-ayon si San Pedro na sa anu't anuma'y maaaring magkaroon ng katuwiran ang ingles sa lalong pagpapahalaga sa karangalang nababatay sa kabutihang-asal kaysa kabunyang nababatay sa lahi, datapuwa't sinabi niyang lubhang ipinagmamayabang at lubhang ipinangalandakan ng ingles ang kanyang pamamaraan, at nararapat na iyo'y makilala nang lalong mabuti ng mga pilipino sa dahilang, una, ang mga ito'y mga katoliko at ikalawa, dahilang doo'y nagtatamasa siya ng sapat na kabunyian.

Nagpatuloy sila sa kanilang paglalakad at pagmamatyag at napansin ni San Pedro, sa malaki niyang pagtataka, na bagama't sila'y nasa bansa ng mga di-binyagan, ay maaaring makapaglakad nang walang panganib; walang mga karwaheng sumasagasa sa mga naglalakad; ang mga ingles ay hindi namamaslang sa mga insik; ang mga pulis ay hindi nagnanakaw sa mga maralita ni gumagambala sa mga ito, at kung may sinumang pagkayaman-yaman at pinagpipitaganan, na nagmalabis sa isang aba, siya'y dinadala sa mga hukuman, doo'y hinahatulan sa loob ng ilang sandali't walang maraming kasulatan, at hindi pinagugugol ang nagsusumbong, hindi siya pinagyayao't dito sa iba't ibang tanggapan, hindi pinag-aaksaya ng panahon upang ang kalabasan ay bukod pa sa paluin ay maging biktima pa ng mga kung anu-anong takda ng pangasiwaan. Kaya't si San Pedro, na tinatakan na ng kanyang pangamba, ay sumasang-ayon na sa pamamahala sa pulong iyon, at nagnanasang manirahan nang patuluyan doon kaysa paroon sa Pilipinas, at dahil dito'y maamo niyang iminungkahi kay Hesus na Panginoon natin.

— Guro, hindi ba lalong mabuting tayo'y manuluyan sa isang bahay dito upang kayo'y makapagparaan ng apatnapung araw na pag-aayuno?

— Bakit mag-aayuno? — ang itinugon ni Hesus na nakahula sa binabalak ni Pedro. — Kinakailangan ko ang lahat ng lakas ng aking katawan at kaluluwa, kinakailangan kong ang aking buong pagkatao'y mag-angkin ng ganap na kaayusan upang makipagbaka sa mga kahirapan ng ating layunin... Bakit mag-aayuno? Ang aking katawan, na ipinaglihi nang walang bahid na kasalanan, ay hindi kaaway ng aking kaluluwa upang siya'y aking panlupaypayin.

Naunawaan ni San Pedro ang pagkamakatuwiran ng tugon.

— Gayon pa man, Guro — ang pakli niya — hindi kalabisang tayo'y tumigil muna dito upang mapag-aralan ang kalagayan ng bansang dadalawin natin. Maaari tayong makitulong sa mga dominiko, na marami ang bahay, sapagka't sang-ayon sa aking nakikita, ang parang dito'y hindi maaaring tirhan.

Sumang-ayon si Hesus sa panukala ni San Pedro, at pagkatapos na maipagtanong kung saan nakatira ang mga dominiko, ay tumungo sila roon.

— Marikit na gusali! — ang bulalas ni San Pedro, nang makita niya ang kumbento o palasyong ginagamit na pinakatanggapan ng dalawang prayle — Natitiyak ko, Guro, na tayo'y patutuluyin dito nang walang bayad, at tayo'y pakikitunguhang parang mga kapatid.

Sa kasawiampalad ay dumating sila sa isang napakasamang pagkakataon. Ang prayleng prokurador ay natalo nang araw na iyon ng isang pilipino sa isang usaping ang naging sanhi'y isang maliit na suliranin tungkol sa sahod na ayaw bayaran ng dominiko; inakala nito na mapananaig ang kanyang nais kung kaka-sangkapanin niya ang kayamanan ng kanyang orden, at ang usapi'y nakarating sa matataas na huhuman ng bansa bagay na nagbigay ng malaking alingasngas. Datapuwa't hindi natakot ang mga hukom na ingles, at naggawad sila ng katarungan; at ang dakilang prayle'y hinatulang magbayad ng utang niya, ayon sa batas at sa karapatan.

Dahil dito'y may sumpung siya nang araw na iyon, at nang ipagbigay-alam sa kanya ng utusan ang mga dalaw at ang layunin ng mga ito, sa pag-aakalang ang mga dalaw ay mga pilipino, ay ipinagtabuyan sila nang buong paghamak, at sinabing ang tanggapan ng Prokurador ay hindi natatalaga para sa mga pulubi, at kung sila'y walang maibabayad sa isang bahay ay manatili sila sa lansangan. Hindi maparam kay San Pedro ang kanyang pagtataka; hindi mapag-aalinlanganang lahat ay lumalabas nang pabaligtad; inakala niyang masama ang lungsod at ito'y natagpuan niyang malaya; inakala niyang magandang loob sa pagtanggap sa nanunuluyan ang mga prayle at ito'y natagpuan niyang malulupit at maramot. Si Hesus naman ay nalulungkot lamang at lalong malalim ang pagbubulay-bulay.

Silang dalawa'y nagtungo sa isang otel at doon sila nanuluyan, at habang naghihintay ng isang sasakyang-dagat na patungo sa Pilipinas, sa halip na magparaan ng mga araw sa isang ilang o sa pag-iisa, at sa dahilang nararapat silang mamuhay sa gitna ng mga buhay at ng mga baya't lungsod, ang hinarap nila'y ang pag-aaral ng mga kaugalian sa lupa, at naglakad sila araw-araw sa mga lansangan at kumuha ng mga mahahalagang tala:

Nagkataong sa lungsod ng Biktoriya, ay napag-alamang may isang dayuhang mahiwaga, kaipala'y isang anak ng mga raha na naglalakbay nang di-napakikilala, na naroroon sa kabayanan at gumagawa ng isang pag-aaral at kumukuha ng mga tala, upang pagkatapos ay tumungo sa Kapuluang Pilipinas at pag-aralan ang

bayang iyon. Ang balita'y nakatawag ng kalooban ng mga naninirahan sa Biktoriya na may kinalaman sa Kapuluan, lalo na ng mga korporasyon ng mga prayleng may malalaking pag-aari roon at ninanais nilang mapanatili, anuman ang mangyari, ang kanilang mabuting pangalang pinag-aalinlanganan at sa maraming pang-yayari'y napanganyaya.

Sa gayon, ang nangyari isang umaga, samantalang si Hesus ay nagdidilidili sa kanyang silid sa otel ay tumanggap siya ng pagdalaw ng isang maginoong may mga kilos na lubhang malumanay, mga salitang napakatamis at magalangin sa bawa't hakbang.

— Ipagpaumanhin ninyo — ang sabi ng di-kilala — na ako'y humarap sa inyo sa ganitong ayos at marahil ay makagambala sa inyo, nguni't narinig kong binabalak ninyong pasa Pilipinas upang makapagwaliw... upang mapag-aralan iyon marahil ... sanhi marahil sa isang utos ng pamahalaan ... o marahil ay upang sumulat ng isang aklat . . .

At ang di-kilala'y ngumingiti, nguni't si Hesus ay nagpapailingiling ng kanyang ulo sa anyong alanganin, na anupa't hindi naaring maunawaan ng di-kilala ang bagay na binabalak gawin ng manlalakbay.

— Yamang nakikilala namin ang bansa — ang patuloy ng di-kilala at kami'y maraming kaibigan at kapanalig doon ... kami ay iyong kabutihan!

— At ikaw, o Maykapal, natalong Diyos ng aking mga ninunong mangmang, ikaw na tumakas dahil sa karuwagan nang dumating ang mga agustino't ibang prayle, ikaw ay pinasasalamat ko dahil sa mga matipunong kalamnang ipinagkaloob mo sa akin upang ipagdiwang ang mga kaiga-igayang bagay na nilikha ng Diyos ng mga malalakas, ang iyong panginoo't mananalò! Ang mga ninuno ko'y hindi naging matapat sa iyo, nguni't ngayon ay naihiganti ka na sa kanilang karuwaga't kapabayaan! Kung ikaw ay maaaring makakuha ng pasaporte at ninanasa mong dumalaw sa dati mong kaharian, iyan ay gawin mo at ikaw ay makakakita ng mga bagay na lubhang hindi pangkaraniwan. Ang Tikbalang at ang Tiyanak, ang mga dati mong kasama, ay naroroon pa at kami na rin ay hindi nakaunlad kahit na isang hakbang sa relihiyon; makikilala mo agad ang mga apo ng mga sumasamba sa iyo, at kung ikaw ay may bahagyang pagkatuso at ninanasa

mong gumawa ng mga kababalaghan, ay maaari mong matamong muli ang iyong kaharian. Maykapal, Maykapal, Diyos na walang kaya't walang kabuluhan, patigilin mo ang aking pagtawa, isauli mo sa akin ang pagtangis!

— Masama ang aking pagkasimula — ani San Pedro.

Sa dahilang ang karamihan ng mga bahay ay pag-aari ng mga dominiko, inakala nilang walang kabuluhang pagpapagod ang paghanap ng matitirhan at ipinasiya nilang sumakay na patungong Pilipinas.

Pumaroon sila sa tabing-dagat at doo'y napag-alaman nilang may isang sasakyang-dagat na tutulak sa loob ng ilang oras. Datapuwa't hiningan sila ng pasaporte ng Kapitan.

— Bakit mo kami hinihingan ng pasaporte? — ani Skunuk (Schuch)³ — ako'y isang Pilipino, at upang makabalik sa Pilipinas ay nangangailangan pa ba ako ng pasaporte? Kailan pa naging kailangang humingi ng kapahintulutan ang isang tao upang makapasok sa sarili niyang bahay?

Sinabi ng Kapitan na yao'y ipinag-uutos ng pamahalaan at kailangang humingi ng pasaporte ang ating mga manlalakbay: ang naging halaga nito kay Skunuk ay tatlong piso't isang salapi, at kay San Pedro, sa dahilang ito'y insik, ay labing-anim na piso. Hindi magkasiya sa galit si San Pedro.

— Guro, hindi ganito ang daigdig noong kapanahunan natin! Noon ay lalong maykalayaan, higit na pagkakapatiran sa mga bayan-bayan! Hindi ba sinabi ninyong silang lahat ay pawang anak ng iyong ama?

— Siyang tunay, Pedro, sinabi ko nga ang gayon nang paulit-ulit, at maanong hindi ko sinabi iyon kailanman! Yao'y inuulit ngayon ng ilan, nguni't ang lalong mabuti'y itangi ang iba.

— Masama ang simula ng ating paglalakbay, Guro, masamang pasimula! — ang bulong ni San Pedro habang sumasakay sa bapor.

Isang magandang umaga nang sila'y pumasok sa look ng Maynila.

³ Ito ang balatkayong pangalang ginamit ni Hesus nang siya'y naglalakbay nang hindi napakikilala.

Si San Pedrong nalula nang gayon na lamang sa paglalayag ay hindi magkasiya sa tuwa nang magunitang sa wakas ay aahon na sila buhat sa sasakyan. Ang dagat ng Tsina'y ibang iba sa nakita niya sa Galilea. Hindi minarapat ng kanyang Guro na gumawa ng anumang himala upang patahimikin ang mga alon.

Kaya nang mabanaagan ang lungsod buhat sa malayo ay naging matabil siya at kipkip ng isang bisig ang isang manok na tataliin ay ginagambala ang lahat sa kung anu-anong itinatamong.

— Anong gusali iyong natatanaw natin sa kaliwa, may dalawang tore na parang kuta, gaya ng sa mga kastilyo ng peudalismo, o ng taguan ng mga tulisan sa Samarya?

— Ang simbahan ng Santo Domingo! — ang tugon ng marino. Halos nabitiwan ni San Pedro ang kanyang manok.

— Simbahan! Santo Domingo! — ang ulit niyang namamangha — si Domingo'y nagsasa-panginoong peudal dito, at kami sa langit ay naniwala pa namang siya'y napaka ... Walang pag-aalalangang marami siyang kayamanang itinatago roon!

— Marami? ba, tao pala kayo! — ang itinugon ng marino — Sila'y hindi napakahangal na iiwan sa simbahan ang kanilang salapi. Itinatago nila iyan sa ibang pook.

— Nguni't paano sila nakapagkamal ng gayong napakaraming kayamanan? — ang usisa ni San Pedro. — Masipag ba sila sa paggawa? Nagbubungkal ba sila ng lupa? Sila ba'y may mga industriya? Dapat silang mamatay sa paggawa, sapagka't upang maging mayaman ... kung hindi ako namamali'y sinabi sa akin ni Domingo na ang mga anak niya'y may panatang magpakarukha!

Ang marino, na hindi nakaunawa sa sinabi sa kanya ay hindi kumibo.

— At ang habong na iyon, ang bubong na pabilog na iyon at malaki, na natatanaw natin sa dakong kanan, ano iyon?

— Ang katedral ni San Pedro!

— Ano? — ang naibulalas ni San Pedro — ano, anong ngalan ang sinabi mo?

— San Pedro!

— Ang aking katedral, akin, akin, pag-aari ko! At akin, na hindi ko man lamang nalalaman. Wala, walang sinasabi sa akin ang mga galawgaw na nanggaling sa lupa. Nguni't ako'y nagagalak, nagagalak ako!

At sa pagnanasang makaalis siya sa sasakyang-dagat at sa pagkalimot sa kanyang mga pag-iingat laban sa Pilipinas, ay gumayak na umahon. Datapuwa't siya'y pinaalalahanan ng isang marinero na nararapat munang maghintay ng pagdalaw, na sadyang ipinag-uutos at maghintay ng kapahintulutan ng mga maykapang-yarihan upang makaahon at makapasok.

— Nguni't may kapahintulutan na ako — itinugon ni San Pedro. — May pasaporte na akong binayaran ko ng labing-anim na piso.

— Walang kakabu-kabuluhan iyan!

— Bakit wala? Nang kami'y dumating sa Biktoriya, na isang bayang sakop, ay hindi kami nangailangan ng mga kapahintulutan ni ng pasaporte, gayong yao'y isang bansa ng mga insik at di-bin-yagan!

— Iyang-iyang din nga ang dahilan, nguni't ito'y isang bansa ng mga katoliko!

— Dahil din diyan; ang lahat ay tinatawag na kapatid ng mga katoliko!

— A! — ang naibulalas ni San Pedro, at bagama't hindi niya nauunawaan ay napahinuhod na siya.

Pagkaraan ng dalawang oras na paghihintay, sa dahilang ang dadalaw ay nakikipagmasarapan pa sa pakikipagsatsatan sa kanyang mga kaibigan, ay dumating ang lantsa ng Kapitanya, upang ipagbigay-alam sa kanila na sila'y ikukuwarant sa Maribeles.

— Ano? Bakit kami ikukuwarant? — ang nagngangalit na tutol ni San Pedro.

— Oo, sapagka't tayo'y nanggaling sa isang pook na marumi.

— Nguni't hindi ba sinabi mo sa akin nang tayo'y naglalayag na lalong malinis ang maraming lansangan sa Biktoriya kaysa mga lansangan sa Maynila?

— Hindi iyan ang pinag-uusapan — ang tugon ng marino — ang dahila'y may kolera sa Biktoriya.

— A, gayon pala!; datapuwa't hindi ba sinabi mo rin sa akin na may kolera sa Maynila; at iyon ang ikinamatay ng iyong asawa, at hindi siya ipinalibing ng mga kura sa dahilang namatay nang hindi nagkumpisal? Kung gayo'y bakit pipigilin ang ating pag-pasok?

— Sapagka't kailangang tumupad sa mga kautusan. Dito'y mahigpit na ipinatutupad ang mga kautusan, nauunawaan mo ba?

— A!. — ang muling naibulalas ni San Pedro, nang hindi nauunawa ngayon nang higit sa nakaraan.

— At sabihin mo nga sa akin, titigil ba kayo, kung gayon, ng apatnapung araw sa Maribeles?

— Hindi, tao pala kayo, tatlong araw lamang.

— Kung gayo'y bakit sinasabing *kuwarantena* — apatnapu?

— Sapagka't ang *kuwarantena* ay nangangahulugan ng isa, dalawa, o tatlong araw!

— A! Datapuwa't ang aking pasaporte, ano ang kabuluhan nito? Hihingin kong isauli sa akin ang labing-anim na pisong ibinayad ko, ako'y tututol!

— Sst! ang mga insik ay hindi nagsisitutol.

Naalaala ni San Pedro na ang mga insik ay hindi nagsisitutol, at nagbubutong-hiningang namanhik sa kanyang Guro na siya'y gawing ibang naninirahan sa lupa.

— Datapuwa't Pedro, at ang iyong pasaporte? Natatandaan mong ipinagbilin sa atin ng Amang Walang Hanggan na iwasan ang lahat ng pakikipag-usapin sa mga maykapangyarihan dito.

Sinumpa ni San Pedro ang sandaling ikinapag-isip niyang magsainsik at pagkaraan ng tatlong araw na pagkakakuwarantenas sa Maribeles, ay ipinagbigay-alam sa kanilang maaari nang pumasok sila sa Maynila. Nguni't ang lahat ng mga bungang-kahoy niya'y nabulok at ang kanyang kalakal ay napanganyaya.

— Ba! ang sabi niya sa sarili — ipagbibili natin ang mga pangyong seda.

Datapuwa't ang kabo ng mga guwardiya'y hindi pumayag na si San Pedro'y makababa nang hindi muna nasisiyasat ang maleta nito at nang makita ng kabo ang mga panyo'y dumampot ng dalawa. Pinabayasaan siya ni San Pedro upang pagaanin ang loob ng kabo at nang ito'y magbigay ng "guia", yamang kung wala nito ay sinabi sa kanyang hindi siya makaaaahon.

Si Hesus ay lumalakad nang walang napapansin at nag-iisip-isip, samantalang si San Pedro'y nakasimangot at nagtutungyaw sa pagtutol sa gayon karaming mga paghihigpit.

— Makikita ninyong pagdating ko sa aking katedral ay makikilala nila ako roon! — ang sabi sa sarili.

Isang karabinerong nakakita sa kanya ang naghinalang may dala siyang kontrabando kaya't siya'y kinapkapan buhat sa paa hanggang ulo. Tumutol nang buong higpit si San Pedro, at kung daladala lamang niya ang kanyang tabak ay tinapyas na sana niya ang tainga ng karabinero.

— Huli, huli! — ang sigaw nang buong galak ng karabinero, na nakatuklas ng isang bilot ng pisong mehikano — Huli!

— Nguni't iya'y akin, iya'y akin — ang sigaw ni San Pedro.

— Iyan nga ang dahilan! — ang itinugon ng karabinero.

Akala ni San Pedro'y nasisiraan na siya ng bait: ang bansang yao'y talagang hindi maaaring maunawaan. Nang makita siya ni Hesus sa gayong kagipitan at maalaala ang tagubilin ng Amang Walang Hanggan, ay nagtangkang maghiganti sa inasal sa kanya ni Pedro noong siya'y itatwa nito sa Herusalem, sa pamamagitan ng pagtatatwa naman niya ngayon kay Pedro. Ngunit nanaig ang puso niyang dakila't mabuti at siya'y sumunod sa dalawa.

Si San Pedro'y dinala ng karabinero sa isang malapit at maliit na kuwartel na kinaroroonan ng isang opisyal na kastila at maraming karabinero.

Sinamsam nila ang lahat ng mamisong dala-dala ni San Pedro, hiningan ito ng tanong, at nang makita ni Hesus na isasakdal ang kanyang alagad, ay nagtangkang mamagitan.

Sa himig na ginamit niya nang may labingwalong dantaon na ang nakaraan, noong siya'y makikipag-usap sa mga pariseong nagtanong sa kanya kung nararapat ba o hindi magbayad ng buwis kay Sesar, ay sinabi ni Hesus sa opisyal na europeo:

— Ipakita mo sa akin ang isang piso ninyo!

Ang opisyal, na kailanma'y hindi nakabasa ng bibliya, ay walang kahina-hinala sa silong inihanda sa kanya. Dumukot sa kanyang bulsa ng isang pisong mehikano, na katulad na katulad ng mga piso ni San Pedro.

— Ang piso bang ito'y inyo at ito ba'y ginagasta ninyo sa bansang ito?

— E ano pa kundi gayon, sa iya'y bahagi ng ipinasahod sa akin. Ang salaping iyan ang ipinambabayad ng pamahalaan.

— Datapuwa't kung ang mga salaping to'y pinahihintulutan sa bansa at ginagamit ng pamahalaan, bakit sinasamsam ninyo ang daladala nitong insik na ito? At kung siya'y inyong isusuplong, bakit hindi ninyo isuplong ang inyo ring pamahalaan?

Hindi malaman agad ng opisyal kung ano ang isasagot; siya'y nalilito.

— Sa dahilang ayaw kami rito ng mga pisong mehikano — ang ipinakli niyang nagngangalit.

— Kung gayo'y bakit hindi ninyo itapon sa ilog ang mga pisong pag-aari ninyo?

— Hindi; sa mga piso lamang na nasa amin ay mayroon nang sapat!

— Kayo ba'y gumawa ng panata ng pagpapakarukha?

— Aba! anong panata ng pagpapakarukha ang sinasabi mo?— ang tugon ng karabinero. Kami'y mayayaman na sana kung kami'y gumawa ng panata ng pagpapakarukha.

Inakala ng opisyal na siya'y binibiru-biro ni Hesus at sa dahilang wala siyang mahagilap na matuwid upang ilaban sa mga tanong, siya'y nagalit at tinawag si Hesus na mapagbago at kaaway ng kastila. Bilang pinakabunga nito, ay iniutos niyang si Hesus ay kapkapang mabuti ng dalawang kawal.

Kinapkapan ang lahat ng mga bulsa ni Hesus at nakuha nila ang aklat ng mga alaala na sinulat ni Hesus upang ihandog sa Amang Walang Hanggan. Nang mabasa ng opisyal ang mga puna ni Hesus tungkol sa kuwentenas, nagliwanag ang kanyang pagmumukha sa isang ngiting makaimpiyerno!

— Aha! naaamoy ko na nga bang ikaw ay pilibustero! ang sigaw niya na humarap kay Hesus. — A! walang hiya! A, Pilibustero. Tinutuligsa mo ang mga bagay-bagay na nakatatag, pinahihintulutan mo ang iyong sariling sumulat ng mga puna, inaa-kala mong dapat pintasan at kakatwa ang ginagawa doon, at pinupulaan mo ang kuwarentenas. Dalhin siya sa bilangguan at ngayon di'y isakdal siya.

Si San Pedro, nang makita niyang sumasama ang lakad ng mga bagay-bagay, ay nagsamantala sa kaguluhan at nagsimulang lumayo nang unti-unti; at nang marinig niyang panganlang pilibustero ang kanyang guro, ay nahulog na muli sa masama niyang kaugalian, lumabas sa kuwartel at tumakas nang buong bilis. Sa kasamaang palad, noon ay katanghaliang tapat at wala ni isa mang tandang na tumilaok. Mayroon siyang isang malabong kaalaman tungkol sa tawag na pilibustero na narinig niya sa isang tao sa langit, at sa di pag-aalaala sa anuman at walang sumasaisip kundi ang panganiib, ay nilisan at pinabayaan ang kanyang guro.

17. SI MALIGAYA AT SI MARIA SINAG-TALA

I

Noon ay buwan ng Setyembre ng taong 1635, animnapu't apat na taon buhat nang dumating ang mga Kastila sa Maynila, at sandaa't labing-apat na taon buhat nang gawin ang mga kauna-unahang kasunduan ng pakikipagkaibigan sa mga naninirahan sa Kapuluang Pilipinas.

Itinataguyod noon ng Espanya ang walang puknut na pakikidigma laban sa mga Olandes at sa mga naninirahan sa Timog,¹ at sa mga digmaang ito'y mga Pilipino ang nagpapasan ng bahaging lalong mabigat at mahirap. Sa loob ay sinusubaybayan ng pamahalaan ang mga insik, at madalas na sinusugpo, sa pamamagitan ng kamay na bakal, bagaman lagi nang kaakibat ng kasanayan, ang pahina nang pahinang pagsisikap ng ilang lalawigan upang ibagsak ang pamatok. Ang katolisismo, sa kabila ng pagsusumakit ng mga misyonero, ay hindi pa namamayani sa lahat ng mga lalawigan sumuko sa bisa ng diplomasiya ng baril o ng mga pangaral at mga pangako. Maraming indiyo, mga buo-buong mag-aanak, mga bayan at hanggang malalawak na mga pook ang nananatiling tapat pa sa lumipas, at naglalagay ng isang matibay na hadlang sa mga prayle, na sa pamamagitan ng kababaang loob at pagsasabog ng mga alay at pangako ng langit at ng kawalang-hanggan, ay nangagsisi-pangaral at nangagtuturo, at kadalasa'y sinasamahan sila ng maraming uri ng mga baril, bilang matuwid na *ad hominem* o naaangkop sa tao o upang gamitin sa pagtatanggol sa sarili, at nangagtatayong unti-unti ng mga simbahang bagay lamang sa parang ang pagkakayari sa pagitan ng mga sagitsit ng mga punlo at mga awit ng pananalangin katoliko, mga bagay itong sumusugat at nakatulong sa pag-iisip ng mga naninirahan sa Pilipinas.

Iningatan pa rin, bagaman may kahirapan na sa maraming pook, ang mga dating alamat at mga gawa noong sila'y nagsasarili pa, bilang pagtutol o kaya'y paghamon, o dahil sa pinagkagawian o sa matibay na pananalig at katigasan ng ulo.

¹ Tinutukoy ang mga mamamayan sa Mindanaw at sa mga Pulo ng Sulu, na ang pinananampalatayanan ay ang relihiyon ni Mahoma.

Yaon ang panahong nagsisimula nang magkahalo ang dalawang bayan: ang isa'y kabilang sa mga lalong maliit at bata sa dako ng Asiya, na nahirati sa isang kapayapaang hindi lubós, dahil sa kalagayan at kasaysayan nila, at ang isa nama'y ang pangunahing kapangyarihan sa Europa, nasa sukduhan na ng kanyang karingalan, at bagaman patungo na sa pagbaba, ay nag-iingat pa rin ng lalong malalaking lakas at hiningang mapanlupig, kaakibat ng isang alaalang buhay ng isang nakaraang ipinaging pangunahing bansang mandirigma nang panahong iyon, anupa't nasa ilalim ng pagpapasiya niya ang mga bisig, ang mga kayamanan at ang mga sasakyang-dagat na nagpasuko sa apat na ikalimang bahagi ng Daigdig, sa dahilang nang panahong iyon, ang araw ay hindi pa lumulubog sa mga bayang sakop ng Espanya.

Namamahala sa Kapalaran ng Kapuluang Pilipinas, bilang Kapitán Heneral, Si Ginoong Sebastian Hurtado de Corcuera,² at ang prayleng si Hernando Guerrero ay siyang arsobispong pinakapuno ng mga samahan ng mga prayle.

Mag-iikotlo ng hapon. Ang langit, na may mga ulap na nagbabanta ng malakas na unos ay nagbabala ng ulang nalalapit. Ang mga kawayanan sa mga dalampasigan ng Pasig, na ang ngalan noon ay Ilog ng Maynila, ay nagpapasiway ng makukunat at maki-kisig niyang puno at usbong sa ibabaw ng umaapaw na tubig ng ilog, nagpapaypay sa ibabaw ng tubig ng ilang dahong tuyo't nalalagas sa mga sanga at sumasalipadpad at nagiging laruan ng hanging, umiikot sandali sa alangaang upang gumuhit ng mga kaakit-akit na Iikong wari'y nag-uurong-sulong, hanggang sa lumagpak upang maging tanda ng takbo ng mga pag-aalun-alon at ng mga ikot ng uli-uling dumaraan sa mga punong kahoy at masisinsing sukal, na para bagang umiiwas sa masasayang bahay ng mga enkomen-dero at mayayamang mangangalakal sa Maynila, na doo'y may mga matulaing tirahang naliligid ng mga gulayan at halamanan. Isang taong naglalakad, patungo sa Malapad-na-Bato, isang batong-buhay na nang panahong iyon ay ibayo ang taas at lalong malaki kaysa ngayon, at sa paana'y lumiliko at nagngangalit na nag-uuli-uli ang tubig sa ulunan, bilang bunga ng matalim na pag-

² Siya ang Gobernador Heneral sa Pilipinas buhat nang ika-25 ng Hunyo, 1635 hanggang ika-11 ng Agosto, 1644.

likong napipilitan nilang iguhit, at sa ganito'y nagdudulot ng napakalaking panganib sa mga maliliit na sasakyan, kaya't iginagalang ng mga mamamayan at nag-iiwan doon ng mga alay sa diwang ipinalalagay nilang tumitira sa malaking batong iyon.

Ang taong pumili ng kasukalan sa maaliwalas na landas na ini-hahandog ng daan, kung mamalasin ay tila buhat sa malayo, isang lalaking nasa kalakasan ng kanyang gulang; napakatatag ng paghahakbang at napakalakas ng bisig, na upang huwag ibaluktot at iyuko ang ulo, ay hinahawi at binabali ang lalong makapal na sangang nakahahadlang sa kanyang daraanan, na parang bumabali ng mga sanga lamang ng sampaga. Gayunman, kung mamalasin nang matandang may pitumpu hanggang pitumpu't limang taong gulang na, matangkad at tuwid ang tindig, buhay at malalalim ang mga mata, mukhang mainam ang bukas at matigas.

Ang damit na suot ay katulad ng ginagamit ng mga mamamayan sa Luzon, may isang panyong nakapugong sa paligid ng ulo, at binabayaang nakalaylay sa mga balikat niya, sa gitna ng makapal at mahabang puting buhok ang dalawang dulo ng kanyang napakaganda ang pagkakaburda. Ang pugong, gaya ng maikling baro at mahal na balabal na bumabalot sa kanya buhat sa baywang hanggang sa tuhod at pinaraan sa pagitan ng mga binti at maraming magagandang lupi, ay yari sa sedang itim na may guhit na ginto. Ang mga hiyas niya ay kadena, pulseras, mga hikaw at mga sining na yari sa ginto't mahahalagang bato; at sa lahat, maging sa kanyang ayos at sa kanyang paglakad ay makikilalang isa sa mga labi ng dating kamaginoohang tagalog, na unti-unting nawawala at tumatakas sa malalayong sulok ng mga lalawigan.

Ang matanda'y walang sandatang dala; matagal nang panahong ipinagbawal ang paggamit niyaon sa mga Pilipino, at sa mga mangangahoy at magbubukid lamang ipinahihintulot, gaya ngayon, ang pagdadala ng isang mapuro na gulok o ng isang itak na maikli ang talim at mahaba ang puluhan.

Pagkaraan ng ilang paghihirap ay dumating din siya sa ituktok, na ang layo sa dulo ng batong-buhay ay mga dalawampung hakbang, at doo'y bumulaga sa mga mata niya ang isang malungkot na panoorin. Yao'y isang abang libing, kung ang pagbabatayan ay ang apat o limang taong nakikipaglibing, na halos hubad at gulanit ang pananamit, at ang abang kalandra o langkayan ay yari sa kawayang kinaroroonan ng isang abang banig na kinababalan ng bangkay ng isang taong may apatnapu o apatnapu't limang taon.

Sa mga naroroon ay nakatatawag ng pansin at tunay na namumukod ang isang batang lalaking ang suot ay kalahating pili-pino at kalahating kastila, sa liig ay may isang rosariyong bilang tanda ng pagkakristiyano niya, at isang matandang lalaki, na ang bihis ay katulad ng bihis ng mga naninirahan sa Terrenate o Ternate,³ salawal na putot, maluwang na baro at may pamigkis sa baywang. Hindi inalis ng batang lalaki ang pugong, nakatindig siya at tila nakipaglibing dahil lamang sa pananabik at hindi sa pagmamahal, samantalang ang matandang lalaki'y nakalupasay sa lupa, nakasubsob sa dako ng bangkay sa isang ayos na tunay na nanlulupaypay, nagsasalitang ang tinig ay nanginginig at iisang himig na parang inaabot ng malaking pagkahibang.

Ang ibang mga kasama, na parang mga taong bukid, ay halos hubad at nangakatayong tila hindi nababagabag.

Ang pagdating ng matandang nakasuot ng luksa, ay nakatawag ng pansin ng lahat, tangi sa taong nakabihis ng ayon sa pinagkawian sa Ternate, na nagpatuloy sa pagsasaad ng mga pariralang walang kaugnayan at hindi iniaalis ang mga mata sa mukha ng bangkay.

Ang kararating, na hindi nakapansin sa damdaming ibinunga ng pagsipot niya, ay nagpugay, nag-alis ng pugong at nagtungo ng ulong natatakpan ng malagong buhok na puti, at nag-anyong nag-ninilay-nilay.

Ang kilos na ito'y waring ipinamumukha sa binatang kristiyanong naroroon, na nag-alis din ng takip sa ulo bagaman hindi nawawalay ang anyong nananabik.

Ang bangkay na iyon ay kay Prinsipe Tagulima, anak at tagapagmana ni Zaide, Sultan ng Ternate, na kasama ng mga pangunahing *kachules* ay dinalang mga bilanggo sa Maynila noong 1606, sa pananalig sa mga pangako ng mga hesuwita at sa baligtaring pahintulot na ipinadala sa kanya ng Gobernador Pedro de Acuña. Nalimot ni Acuña ang kagandahang-loob at ang katarungan at ang tanging nagunita'y dapat na makuha ang isa sa lalong mayayamang pulo sa mga pinanggagalingan ng mga sangkap na pampasarap ng luto, at makamkam yaon sa pamamagitan ng pagbihag sa angkan ng hari.

3 Ito'y isang pulo sa Molukas.

Ang prayleng si Fernando de los Rios, prokurador ng Kapuluang Pilipinas, na pagtukoy sa Sultang ito ay nagsabi kay Felipe III ng ganito:

“Si Acuña, dahil sa nagkulang sa kanyang pangako sa Hari ng Ternate, ay siyang naging dahilan kung bakit ang lahat ng tao sa Molukas ay naging kaaway ng mga kastila . . . Tunay ngang habang nabubuhay si Acuña ay pinakitunguhan ang hari nang buong pitagan at pagsasaalang-alang, datapuwa't sa panahon ni Don Juan de Silva, ay nakita ko ang hari na nakatira sa isang silid, na binabahaan ng ulang tumutulo sa buong katawan niya at doo'y pinapatay siya sa gutom. Nang magsadya ako, isang araw, upang makita siya, ay nanikluhod sa harap ko't isinamo sa aking ipamanhik ko sa Gobernador na ilagay siya sa isang lugal na hindi niya ikababasa at bigyan siya ng pagkain, pagka't siya'y mamamatay sa gutom, at madalas siyang napipilitang magpalimos pagka't kung hindi'y wala siyang makakain. Ipagbibigay-alam ko ang bagay na ito sa Inyong Kamaharlikaan, alang-alang sa inyong mabuting ngalan sa gitna ng mga bansang iyong maaaring mag-akalang kayo ang may utos na gayon ang gawing pakikitungo sa isang Prinsipeng noong una'y nakapagpangatal sa takot sa lahat ng pulo sa mga karagatang iyon.

Mahigit na sampung taon ang naging kalagayang iyon ni Sultan Zaide bago siya namatay; ang mga *Kachiles* na kasama niya ay nangamatay ring isa-isa, matangi si Kachil Ampara, na dating tagapag-alaga kay Prinsipe Tagulima. Ang katandaan at ang malaking pagbabago ng kapalaran ay nakapagpaiba nang di kakaunti sa pag-iisip ng matandang Kachil, na ngayo'y nakikipaglibing sa anak ng kanyang panginoon.

Bumulong-bulong si Gachil Ampara sa tinig na di nagbabago ng himig:

— Nang ipanganak ka ay nagkaroon ng mga pagdiriwang, mga piging, mga sayawan . . . pinalaya namin ang mga alipin; ipinanganak ang isang prinsipe; ang isang prinsipe'y isinilang na lalo pang maganda kaysa araw . . . Tinuruan kita ng wika ng mga bulaklak, tinuruan kitang ipahayag ang iyong mga kaisipan sa pamamagitan ng mga iyon; tinuruan kita ng paggamit ng kampilan, ng maliit na kampilan mo, mahabang parang isang punyal . . . Datapuwa't ang lahat ay nalimutan natin dito . . . ang lahat ay natapos . . . ang Ternate'y napalalayo na at walang sinumang nakagugunita sa atin.

Ang matandang Kachil ay humudyat sa mga lalaki at ibinaba ng mga ito ang bangkay sa hukay.

— Hintay kayo! — ani Kachil Ampara. Dumampot ito ng ilang dahong tuyo na maaabot niya at sinimulang ihagis sa buhay sa ibabaw ng bangkay, samantalang nagsasalita sa iisang himig na tinig.

— Ibigay mo sa iyong ama, sa ngalan ko, ang mga bulaklak na ito, oh Tagulima: hindi ang mga ito ang aking ipinadala sa kanya nang ikaw ay isilang upang ibalita ang kanyang kaligayahan! Ito'y ibang mga bulaklak, mga bulaklak ito ng Pilipinas! Mababatid niya kung ano ang kahulugan nila — Ngayon, *salam!*⁴ Huwag kang humingi sa ibabaw ng iyong libingan ng mga sandata na mga naagaw sa digmaan . . . gaya ng buwang nagtatago sa gitna ng gabi kapag ang lahat ay nahihimbing sa katahimikan walang buntung-hininga ang nananambitan sa paglubog niya, walang tumatangis sa liwanag niyang lumalamlam . . . Tagulima, *salam!* *salam!*

At ang Kachil na rin, na ang mga kamay ay nanginginig ay siyang nagsimulang magbudbod ng lupa sa ibabaw ng bangkay.

Sa sandaling ang iba'y gumayak na sa pagtatabon sa puntod, ang matipunong matanda, na hanggan noon ay patuloy sa pagninilaynilay, ay humakbang sa gilid ng libingan, hinubad ang kuwintas na yari sa tiniping ginto at inihulog ito sa hukay na nagsasaad sa mahinang tinig:

— Ingatan nawa ng espiritung naninirahan sa batong-buhay na ito ang iyong libingan; dalhin nawa ng Maykapal ang anino mo sa pook na kinaroroonan ng iyong mga magulang upang buhat doo'y pagsumakitan mo ang kapalaran ng bayan ninyo, sa paraang lalo pang mabuti kaysa noong kayo'y nabubuhay sa lupa!

At pagkasabi nito'y dumampot ng isang dakot na lupa at ibinudbod sa ibabaw ng bangkay. Sa gayon ay sinimulaang tabunan ng mga lalaki ang hukay sa gitna ng lubos na katahimikan.

Matatapos nang tabunan ang libingan at nangagsisialis na ang mga nakaligid, nang maulinigan ang mga nagdudumaling yabag, at isang paring bata, isang hesuwita, ang lumitaw na mukhang

⁴ Ang salitang Salam, ay siyang magalang na pagbating ginagamit ng mga taga-Silanganan.

galit, sa hinalang doo'y may ginagawang pagsamba sa mga anito.

Nang panahong iyon ay may mga hesuwita at maraming mag-aaral na mga nobisyo sa malapit sa Kolehiyo ng Nobisiyado na nasa Buenavista, San Pedro Makati o San Pedro ng mga Bundok (*San Pedro de los Montes*) gaya ng tawag noon.

Ang binatang kristiyano'y namutla nang mamalas ang hesuwita, ang mga tagapaglibing ay humanda sa pag-alis, datapuwa't sila'y tumigil nang mamalas na ang matanda'y nagpaunang naka-halukipkip ang mga bisig. Tumigil ang hesuwita at sila'y nagtiti-gan buhat sa paa hanggang ulo.

Natanto ng hesuwita na ang kaharap niya'y hindi katulad ng mga taong pinakikitunguhan niya sa araw-araw; yaon ang kauna-unahang pagkakamalas niya sa matandang iyon, na ang anyo'y na-kapanaig sa kanya kahit hindi niya nais na magkagayon.

— Ano ang ikinaparito ninyo, ginoo? — ang tanong ng ma-tanda sa isang tinig na matatag at banayad sa wikang tagalog, sa-pagka't siya ang unang nagsalita:

— Ang relihiyon ng Kaisa-isang Diyos. — ang tugon ng he-suwitang humanda upang dumukot ng isang krus. — At kayo na-man, bakit kayo naririto? — ang tanong naman niya.

— Ang kaisa-isang Diyos din, ang dakilang Maykapal! — ang sagot ng matanda.

Sa pagkasambitla ng ngalang ito'y nagngalit ang hesuwita at nagising ang bulag na pananampalataya ng misyonero.

— Maykapal, Maykapal! — ang uit niya — kayo pala'y pu-marito upang sumamba sa inyong Diyos! Maykapal, ang ngalang iyan ay sa isang Diyos na hindi tutoo; iyan ay hindi ngalan ng tunay na Diyos.

At siya'y lumingus-lingos sa lahat ng dako na parang nagha-hanap ng mga labing alay ng di-binyagan.

— Binata — anang matanda bilang pampalubag-loob sa kanya — huwag mangahas ang tao sa pagbibigay ng ngalan sa Dakilang Lumalang na iyon . . . Tinatawag namin siyang Lumikha, at ang Lumikha ng lahat ng bagay ay hindi maaaring maging Diyos na hindi tutoo.

— Hindi tutoo, hindi tutoo, hindi tutoo — ang ulit ng hesuwita na inilabas ang krusipiho — wala kundi isang Diyos na tutoo, ang sa amin; ang sa inyo'y isang bulaang Diyos; hindi siya nabubuhay; at ang patutoo nito ay kaming nagsisisunod sa banal na kautusan niya; malasin ninyo kung paano kami tinutulungan; malasin ninyo kung paano kami nananalo sa lahat ng mga labanan, ang aming mga kawal ay nananalo sa lahat ng mga bulag na sumasamba kay Satanas; ang Diyos namin, ang Diyos ng mga hukbo ay siyang tanging tutoo at makapangyayari at si Hesukristo.

Nangangat-labi ang matanda at sumagot nang may himig na galit at may halong paglibak:

— Nananalo kayo sa dahilang kayo'y may mga sandatang lalong mabubuti; datapuwa't si Maykapal ay si Maykapal. Dakilang Kapangyarihang lumilikha, at hindi sumisira. Ang relihiyon ninyo'y nananaig ngayon — dahil sa lakas . . . darating ang araw na lakas din ang mananaig sa inyong relihiyon.

Ang pagkasabi nito'y lumayo ang matanda.

— *Vade, retro, Satana, vade retro!* (Hayo sa likod, Satanas, hayo sa likod!) — ang sinimulang pagbubulalas ng binatang hesuwita at sa pamamagitan ng Krusipiho ay gumuhit ng mga kurus sa hangin, samantalang ang matanda'y nawala sa pagbagtas sa mga kawayanan.

At nagsialis na ang ibang indiyo, naiwan ang binatang kristiyano, ang matandang Kachil, at ang Hesuwita.

Namatyagan ng hesuwita ang rosariyong nakasuot sa leeg ng binatang kristiyano, at hinawakan ito sa bisig at tinanong:

— Kristiyano ka ba?

— Opo, padre — ang tugong uтал-utal.

— Sino ang matandang iyon?

— Hindi ko alam, Padre, walang nakakikilala sa kanya.

— Ano ang ginagawa mo ritong kasama ng mga di-binyagan?

— Pumarito ako upang manood lamang, bilang pag-uusisa.

— Pag-uusisa, ang pag-uusisa ay ina ng lahat ng kasalanan: at ang *katalona*?⁵

⁵ Ang *Katalona* ay siyang pamagat sa mga babaing saserdote o paring babae.

— Wala po niyan, Padre.

— Ano bang wala? Sino ang matandang lalaking ito?

Ipinaliwanag, nang magkagayon, ng binata na doo'y walang ibang ginawa maliban sa paglilibing ng isang bangkay ng isang taong sinasabing si Prinsipe Tagulima.

Sinuri ng misyonero ang libingan, na sa tabi'y patuloy na na-kaupo ang matandang Kachil, hindi tumitinag na para bagang walang anumang nangyayari sa piling niya.

Ang misyonero, sa gayon, upang maipakilala ang katotohanan ng kanyang kabutihang Kristiyano at ang katapangan ng kanyang pananampalataya sa mga matang di-binyagan ay nagsimulang kumalkal, sa pamamagitan ng paa, ng sariwang libingang kanyang niyurakan at taglay ang paglibak na isinabog ang lupa.

Itinaas ng matandang Kachil ang kanyang ulo, isang mabangis na anyo ang nagpangunot sa pagmumukha niya, sa mga mata'y nungaw ang mga lintik, tumindig at dumaluhong sa binatang nobisyo upang ito'y sakalin. Napasigaw ang misyonero.

Sandali silang naglaban. Kapuwa nagumon sa lupa. Sa gayon, ang binata'y nagtangkang mamagitan upang ipagtanggol ang pari, datapuwa't ang gayo'y wala nang kabuluhan; ginamit ng matandang Kachil sa paglalabang iyon ang lahat ng nalalabi niyang lakas. Ang paring bata ay nakaramdam na nanghihina ang mga bisig ng kaaway, umigtad siya upang makakawala sa mga iyon, nagbangon at buong panghihilakbot na namalas niyang sa kanyang paanan ay may isang bangkay na dilat ang mga mata at nakatikom ng mga daliri.

Nagkurus siya at tumatakpong lumayo sa pook na iyon, na ipinalalagay niyang sinumpa. Sinundan siya ng binata.

Sa sandaling iyon ay nagkukubli na ang araw at nagsisimulang pumatak ang ulan.

Kinagabihan, sa kolehiyo ng Nobisiyado ay ipinaliliwanag ang pangyayari sa isang paraang makababalaghan. Ang paring si Pedro de S . . . ay nakasumpong sa ingkantadong batong-buhay ng Malapad na Bato ng mga di-binyagang sumasamba kay Satanas. Ang demonyong humarap sa kanya na nag-anyong isang

matandang lalaking mahal ang kasuotan ay naitaboy niya sa pamamagitan ng tanda ng kurus; at isang saserdote, na ang buhay ay iniingatan ng diyablo, ay biglang namatay sa pagkadaiti sa sotana ng pari. Na ang matandang lalaking iyong nawala, na parang isang kababalaghan ay hindi mapag-aalinlanganang siyang diyablo; mahal ang suot niyang damit, walang nakakikilala sa kanya roon, walang nakakita sa kanya bago nangyari iyon, at sa ibabaw ng lahat ay nagbibigay ng mga tugong maaaring manggaling lamang sa matalinong diwa ng mga karimlan. Ang pangyayari'y pinag-ukulan ng maraming kuru-kuro, itinala ng mga mananalaysay sa kanilang mga sulat-kamay nang gabi ring iyon.

Tingnan natin ngayon kung ang matandang lalaking nawala ay tutoo ngang isang diyablo.

SI SINAGTALA AT SI MARIA MALIGAYA

Sa *Maalat* o Malate, gaya ng tawag ngayon ng mga kastila ay doon nakatira ang mga labi ng dating dugong mahal na tagalog sa Maynila. Nang panahong iyon, ang pook ay isang kaakit-akit na kabayanan, may mga bukiring maganda ang kulay, mga gulayan at halamanang puno ng bulaklak, may maliliit na bahay na yari sa bato, tabla o kawayan, naliligid ng mga balkong maluluwag, at halos natatakpan ng isang bubong ng mga halamanang binubuo ng mga baging na napapalamutihan ng mga bulaklak na may iba't ibang kulay. Ang Malate noon ay siyang pook na pinagpaparaanan kung araw ng linggo ng mga mayayaman sa Maynila dahil sa magagara't masasayang pistang idinaraos, kung minsa'y sa paliligo sa dagat sa kanugnog na dalampasigan, kung minsa'y sa mga gubat-gubatan, sa mga halamanan, sa lilim ng mga puno ng niyog at bunga, ng mga puno ng saging at mga kawayan, sa saliw ng tugtog ng mga gitara, ang matamis na halinghing ng dagat at awit ng mga ibong hindi gaanong tinutugis nang panahong iyon. Katulad ng sinabi ng makatang pilipinong si Alaejos:

“Doo'y kinukulot ng hihip ng hangin
ang along tahimik,

Na may malumanay na ibinubulong
sa buhanging pikpik.”

Ang kamaharlikaang pilipino, na sinamsaman ng mga dating pamamahay sa Maynila at sa Tundo, ay pinagkalooban doon ng bagong tirahan, pook na di masama ang pagkakapili sa dalampasigan ng dagat at higit sa lahat ay naaabot ng mga kanyon ng kuta ni San Andres, sakaling may mangyaring anuman.

Nang itakda para sa kanila ang *Maalat* upang maging bayan nila, ang gobernador, sa hawig ng isang parang nagkakaloob pa ng biyaya, ay nagsabi:

— Sa ganitong paraan ay lagi na kayong sasailalim ng makapangyarihan ng sandata ng Espanya, at minsan pang mananalig kayong kapaki-pakinabang sa inyo ang pakikipagkaibigan sa kanya, sa dahilang laging maipagtataggol nang may katiningang loob, ang inyong kapanatagan at inyong mga tahanan laban sa sinumang kaaway, sanhi sa lakas ng bisig niyang walang kapaguran at ng mga punlo ng kanyang makapangyarihang mga kanyon.

Hindi ninais ng Tadhana na dumating kailanman ang pagkaka-taong ito. Makalawang lumunsad doon ang mga hukbo ni Limahong,⁶ nagkaroon ng isang panahong ang mga tulisang-dagat na galing sa Timog ay nangahas na paratingin ang kanilang panunulisan hanggang sa look ng Maynila at binihag nila ang mga nanihirahan sa Maalat na pawang walang sandata; ang ingles ay umagaw ng simbahan nila at buhat dito'y nagpaulan ng mga bomba sa ibabaw ng Maynila at gumawa ng mga kasiraan; at ninais din ng Tadhana na huwag magpapatok ang mga Kastila ng kahit isang kanyon upang ipagtanggol ang mga naninirahan doon, sa dahilang kung magkakagayon ay sino ang nakaaalam kung ang bunga ay maging baligtad?

Datapuwa't laktawan natin ito at pagbalikan ang mga naling walang kaya ng kamaginoohang tagalog.

Sa panahon ng ating kasaysayan ay namamalas pa roon ang bahay ng mga inapo ni Rahang Matanda o Lakandula, naroroon pa ang hagdang yari sa tabla, na kinahulugan nito, nang walang malay tao, ng sawimpalad na matanda, nang marinig ang balita ng pagkamatay ng anak niya, si Rahang Bago, na di pa natatagalang pinagsalinan niya ng pagkapanginoon sa Tundo; si Rahang Bago ay kakila-kilabot na pinutlan ng ulo sa bilangguan, isang sinawi ng maling paghihinala. Naniwala ang mga kastila na ang hukbong-dagat ni Limahong ay hukbong-dagat na galing sa Borneo at pinaparito ng mga di-nasisiyahang ipinalagay na pinangunuluhan ni Rahang Bago ng maginoong Numanatay⁷, at upang ang mga ito'y huwag makatakas at matiyak na di-makapaghihiganti ay dinakip silang dalawa, at sa loob lamang ng isang oras ay natagpuan silang wala nang ulo. Sinasabing hindi napag-alaman kung sino o sinu-sino ang maykagagawan; ang bilangguan ay hindi tinitanuran at nakapapasok ang lahat ng ibig pumasok, maging mga kawal at maging mga mamamatay-tao; at sa isang oras ay maaaring nakapasok ang napakarami sa mga ito, bagay na di maaaring

6 Si Limahong ay isang tulisang-dagat na insik na noong 1574 ay sumalakay at umagaw sa Maynila, at siyang pumatay sa "Maestro de campo" na si Martin de Goiti, nguni't pagkatapos ay napalayas sa Maynila salamat sa pagsaklolo ni Kapitan Juan Salcedo na nagbuhat sa Bigan. Sa tulong ni Raha Soliman at ng mga kampon nitong kasama ng mga Bisaya at mga taga-Mindanaw, ay naitaboy ng hukbo ni Salcedo si Limahong hanggang sa pinagtaguan nito sa Look ng Lingayen. at doo'y sinunog ang mga sasakyang pandigma ng tulisang insik. Pagkatapos ay tumakas sa Lingayen na lulan ng ibang mga sasakyan.

7 Ang binabanggit na Maginoo o Prinsipal Numanatay, ay hindi matiyak kung isang tauhang gawa-gawa lamang o sadyang makasaysayan.

matuklasan ni Labazarri o Lavezares⁸, kung sino ang may kagagawan ng gayong napakalaking kasalanan. Hindi nga nararapat ibintang ang kakila-kilabot na kasalanang ito sa mga tagapamahala, kundi sa mga nasawi na rin, sa dahilang gayong maaari silang makatakas ay hindi nangagsitakas upang samantalain ang kalagayan ng bilangguan, na nakakawangis ng isang yungib ng mga masasamang loob, na mahirap na katuklasan ng may kagagawan ng dalawang pagpatay na ginawa sa loob ng isang oras. Hindi rin nawalan nang panahong iyon ng lubos na pananampalataya ng nagbintang na ang pagpatay ay gawa ng mga duwende at malikmata at iba pa. Sa anu't anuman ang kamatayan ng dalawang maginoong ito'y labis nang nabayaran sa pagkakaloob ni Labazarri sa matandang Lakandula ng isang mahal na kasuutang yari sa seda at isang kuwintas na ginto, bagay na nagpakilala ng hindi pagkaligalig ng kanyang budhi at dahil dito'y ng kawalang sala ni Labazarri, sa dahilang ang gayong mga handog nang panahong iyon ay mga bagay na walang gaanong halaga; noon, ang mga damit na yari sa seda ay pangkaraniwan at ang lalong mahirap ang buhay ay may kuwintas na ginto, kung paniniwalaan natin ang mga mananalaysay na nangabuhay nang mapapalad na panahong iyon.

Hindi malayo sa bahay na ito'y naroon ang bahay ng kaanak ni Raha Soliman, may maliit na tore at ayon sa nagkasalin-saling sabi'y ang inagawan ng pag-aaring Raha, sa mga araw ng kanyang katandaan, ay nagpapalipas ng buong oras na walang imik at walang kakilus-kilos buhat sa mga durungawan noon, nakapako sa dakong Maynila, na dating kaharian niya.

Sa pagitan ng dalawang bahay na ito ay mayroon pang isa, na hindi kasinlaki ni kasimbantog ng mga kapit-bahay, datapuwa't may isang halamanang lalong mabuti ang pag-aalaga at natataman ng magagandang bulaklak. Sa lilim ng mga palmerang may iba't ibang uri, gaya ng niyog, buli, bunga, sa lilim ng ilang-ilang at ng mga nahuhutok at kumakaluskos na kawayan ay gumagapang sa bakod ang mga sanga ng sampagang may mapuputing bulaklak, ang lupa'y natatabunan ng malagong kamantigi, at nangakatayong parang tumutubo sa mga batong sadyang — itinambak ang nahuhutok na usbong ng asusena, mga pulutong ng liryong may kulay ang mga bulaklak na nangakaungos sa magulang na luntiing kulay ng mga dahon. Parang isinabog nang walang ayos, maging sa

8 Tinutukoy dito ang Gobernador Heneral Lavezares.

ibabaw ng lupa, maging sa ibabaw ng mga bato, ay ang malalaking *taklobo*⁹ na nababalot ng lumot at tumitipon sa kanyang kaputian ng tubig ng ulán, samantalang sa ibabaw ng latag ng dâmong kawad-kawaran, parang napakalalaking bulaklak ay mamamalas ang mga *madreporo* at *polipero* na doon at dito'y nakakalat, at nginalanan ng mga tagalog na *bulaklak* ng bato dahil sa pinagmulan niyang anyong halaman at harapang parang bulaklak.

Kung gaano ang kagandahan at pagkakaalaga ng halamanan ay siya namang kalumaan at kapabayaang sa bahay. Ilang bahagi ng bahay ay lalagpak na halos dahil sa pagkasira, salamat na lamang at natatakpan ng mga kalabasa't mga bawat na gumagapang doon. Sa pagmamalas sa gayong pagkakaiba, ay masasabing sa bahay ay walang tumitira kung di maririnig na paminsan-minsang lumulusot sa mga durungawan ang mga taginting ng isang gitara o kudyapi at ang isang uri ng awit na malungkot at mapanglaw na katamtaman ang lakás, na nagbubuhay sa tinig ng isang babae; kung hahatulan sa ayos ng pag-awit ay masasabing parang nagsasanay ng isang bagong awitin.

Ang tinig na iyon ay kilalang-kilala ng mga kapit-bahay; yao'y kay Maligaya kakambal na kapatid ni Maria Sinag-tala, dalawang dalagang dahil sa kagandahan at sa angkang pinagmulan ay lubhang kilala sa kabayanan.

Sa panig ng ama'y apo sila ni Numanatay, ang maginoong pinugutan ng ulong kasama ng anak na lalaki ni Lakandula; ang ina nila'y apo ni Lakandula at nanggangalang Isabela. Ang ama, na nanggangalang Maambun ay di-binyagang gaya ng lahat ng mga nuno nila, at napilitan lamang na pabinyág upang mapakasal kay Isabela, na kanyang iniibig. Datapuwa't isang buwan pagkatapos na makasal, nang siya'y talampakin ng kanyang ama, ang kasindak-sindak na si Kamandagan, ay nagpahayag sa harap ng buong angkan na siya'y nananatili sa dating pananampalataya at siya'y walang ibang ngalan maliban sa Maambun.

— At ang pagkakabinyag sa iyo! — ang tanong nila sa kanya.

⁹ Ang tinatawag na *taklobo* ay isang malaking kontsa sa dagat, na karaniwang gamiting lalagyan ng tubig, katulad ng ginagamit na lalagyan ng *bendita* sa mga simbahan.

— Sumingaw na ang tubig, at halos hindi nakabasa sa balat ng ulo ko — ang tugon niya nang buong kalamigan ng loob. — At ano naman ang pakialam ninyo sa bagay na iyan? Hindi ba't ako'y naliligo araw-araw, kumakain ako ng asin, at naglalangis sa buhok ko?

— At ang mga salitang binigkas ng paring kastila sa ibabaw ng iyong ulo? — ang tutol ng asawa niyang nagugulumihan.

— Hindi ko naunawaan kahit na isang salita niya — ang tungong sabay ng pagkikibit ng balikat — at bagaman nagsalita siya nang mahabang oras ay hindi rin siya naunawaan ng mga sakristan, gayong sinasagot siya ng mga ito. Ano ba ang magagawa at ano ang kabuluhan ng mga salita kung hindi nauunawaan?

— Kung gayo'y bakit ka napabinyag? — ang usisa ng isang amain ni Isabel.

—Ano pa kundi upang ako'y makasal: sinabi ko sa aking sarili; ang kaunting tubig ay hindi makapagpapabago sa dugo ni Maambun. Nasumpungan ng mga dayuhang iyon na basain ang ulo ng lahat, ay yamang ang di-karaniwang kabaliwang ito'y nakahawa sa mga kamag-anak ng magiging asawa ko ay, pinagbigyan natin sila. Hindi iyan, hindi nga iyan ang lalong mahirap, kundi ang pag-aaral at pagsasaulo ng mga bagay na iyong napaka-di-karaniwan na tatlo o apat na iisa, na Inang isang Birhen o ng amang hindi naman ama at aywan ko kung ano pa, sa dahilang nalimutan ko na; iyo'y mga kasaysayang napakagusot at kahalak-halak, na gaya ng lahat ng itinuturo nila. Kaya huwag ninyong ibalita ito sa pare at baka manghimasok pa at papaghiwalayin kami; ang lalong mahalaga ay maging mabuti akong asawa ni Isabel, gaya ng pagiging mabuti ng lahat ng ingkong ko at ng inyo, na kailanma'y hindi napabinyag, at bayaan ninyo akong sumampalataya sa itinuro sa akin ng mga magulang ko at hindi sa mga sinasabi ng mga dayuhang iyan.

Hindi naging tutoong mahirap na ipatanggap ang bagong kasunduang ito sa kamag-anak, na ang pagkakristiyano ng karamihan ay gaya rin ng kay Maambun; at upang makapamuhay sila sa lilim ng kapayapaan, ay hinikayat sila ni Kamandagan, na siyang ama ni Maambun, upang manirahan sa Mainit o Los Banyos, isang dukhang bisita na ipinagkaloob kamakailan lamang sa mga Prayleng Pransiskano ng mga Prayleng Agustino. Humigit kumulang, ang Mainit ay katulad din ngayon sa karalitaan, bagaman nang panahong yao'y mayroon nang isang pagamutang walang tao, kasing

ilang na gaya rin ngayon, at gaya rin nito ay itinayo sa gugol ng mga indiyo sa bayan. Sa abang sulok na ito, si Kamandagan ay may ari-ariang dinadalaw nang manakanaka kapag umuuwi siyang galing sa mahahaba't di-napag-aalamang mga paglalakbay. Doo'y tumungo upang manirahan sina Maambun at Isabel at doon kumita ng liwanag ang dalawang kambal na anak na babae.

Sa pagsunod sa mga kaugalian ng mga tagalog, nang ipanganak ang kambal, ang una'y isinunod sa katayuan ng ama at nginalang nang Maligaya; ang ikalawa'y nginalang Maria Sinag-tala.

Doon lumaki at tinuruan ang dalawang magkapatid na babae. Si Sinag-tala, bagaman bininyagan, ay namuhay at lumaking parang isang di-binyagan, at ang buong relihiyon niya'y nauwi sa pagparoon sa gayon o ganitong araw ng linggo sa Bay upang makinig ng misa, manood ng ganito o gayong prusisiyon at wala nang iba pa. Tutoo rin naman na maging ang ina niya'y hindi rin gumagawa ng higit pa sa roon.

Paminsan-minsang dumadalaw roon ang matandang Kamandagan, at sinisikap nitong ang mga apo niya'y mag-angkin ng poot sa mga bagong panginoon at sa relihiyon nito, sa pamamagitan ng pagsasaysay ng mga pangyayaring nakaraan, mga pangyayaring ang isa't isa'y lagi nang lumilitaw sa ilalim ng maiitim na kulay. Nguni't hindi tumatagal ito sa dahilang si Kamandagan ay muling nawawala nang mahabang panahon.

Sa katunayan, ang anak na ito ni Numanatay ay sumumpa ng isang walang hanggang pakikipagkagalit sa mga taong inaakala niyang siyang nagsipatay sa ama niya, at bilang indiyo nang mga panahong iyon, ay lalong banal sa kanya ang isang sumpa ng paghihiganti. Nang taong 1585 ay pinaghinalaan na siyang kalahok sa paghihimagsik na sinasabing binalak ng Kapampangan, Maynila at ng mga taga-Borneo, paghihimagsik na nabigo dahil sa pagkakasumbong na ginawa ng isang babaing indiyong asawa ng isang kawal. Tutoo man o hindi ang alingawngaw na ito, ang nangyari'y marami ang binitay at binaril at ang binatang si Kamandagan ay muntik nang hindi makaligtas at salamat sa pagtakas niya sa Hilaga ng Luzon. Marami ang nagpapalagay na siya'y lumahok din sa paghihimagsik sa Kagayan noong 1589, na ang naging dahilan ay ang pabuwis at mga kahigpitan ng mga enkomendero; hindi nawalan ng nagpalagay na siya'y isang diwang pagkalipas ng apat na taon ay lumitaw sa Bohol at pinapaghimagsik ang mga naninirahan doon, nakipaglaban sa tatlong mainit na sagupaan, at naka-

takas buhat doon sa pamamagitan ng isang kababalaghan, upang sa sumunod na taon ay magpasiklab sa digmaan sa Leyte at Kagayan. Kung tutoo man o hindi ang mga alingawngaw na ito, ay walang makapagsabi noon, gaya rin ngayon; ang mga paghihinala at mga bulaang bulung-bulungan ay karaniwan noon, at hindi bihira ang mga walang malay na pinaratangan o pinaghinalaan na nagwawakas, gaya rin ngayon, sa pagtungo sa hindi maabot ng batas upang maligtas sa mga panliligalig at pagpapahirap na siyang lagi nang buntot ng gayong mga paratang. Gayunman, alang-alang sa katotohanan ay sasabihin naming si Kamandagan ay wala sa Maynila nang mangyari ang mga kaguluhang nabanggit.

Bilang bunga ng pananalakay sa Pormosa noong 1629 ay napilitan si Maambun na lisanin ang angkan niya at makisama sa mga kawal na nandayuhan, nguni't siya'y napatay sa pagsalakay sa Tanchuy. Sa dahilang ang mga apo ni Kamandagan ay ulila na sa ama, siya'y napilitang tumigil sa mga mahiwagang paglalakbay at tumira sa piling ng mga iyon, na maglalabing-isang taong gulang lamang.

Gayon sila namuhay ng tatlo o apat na taon at ang magkapatid na babae'y nagsilaking napakakaganda at napakakaakit-akit, kaya't nakatawag sila ng pansin, hindi lamang ng Kura sa Baykundi ng Enkomendero rin naman, na nag-utos na dalhin sa kanya ang mga dalaga. Gaya ng sukat asahan ay hindi pumayag si Kamandagan at ang mga utusan, sa gayon, ay nangagtangkang gumamit ng lakas, datapuwa't sa masamang pagkakataon ay napatay ng matandang Kamandagan, sa pamamagitan ng isang tulos na binunot sa bakod, ang dalawa sa kanila, at binayaang tumakas ang iba upang makapagbalita sa enkomendero at nang ito'y siya nang tumungo roon, sang-ayon sa sabi niya. Walang anumang pagkaligalig o pagmamadali ay isinakay ang ina at ang dalawang magkapatid sa isang paraw upang tumungo sa Maynila at nang doon sila maghintay sa kanya.

Ang enkomendero sa Bay ay hindi pumaroon; datapuwa't pinaghanap si Kamandagan, na buhat noo'y nawala na.

Nanirahan sila sa matandang bahay ng kanilang mga magulang at yao'y naratnan nilang halos giba-giba na. Pagkaraan ng ilang buwan ay namatay ang kanilang ina, at sa sandaling nagsisimula ang ating kasaysayan ay matatagpuan pa nating nakaluksa ang dalawang magkapatid na babae.

Si Maria Sinag-tala ay nagbuburda at si Maligaya'y tumutug-tog ng gitara.

Sila'y dalawang dalagang ang pagkakawangis ay ipagkakamali ng mga matang di-sanay; lalong malakas at lalong mapag-mataas si Sinag-tala, samantalang sa mukha ni Maligaya'y nababasa ang higit na katamisan at lalong katapatan. Gayunma'y iisa ang pagkahugis-itlog ng kanilang mukha, magkapis ang noo, magkatulad ang ilong, at magkaisa ang buka ng bibig at ang gilit ng mga mata; magkaisa ang maliliit na kamay pati ng mahahaba't hubog kandi-lang mga daliri.

— Kagabi'y nanaginip ako — ani Maligayang tumigil kapag-daka ng pag-awit.

— At ano ang napanaginip mo, ate? — ang usisa ni Sinag-tala nang hindi iniangat ang mga mata sa ginagawa niya.

Tinatawag niyang ate, bilang kapatid na babaing nakatatanda sa kanya dahil sa siyang unang ipinanganak, si Maligaya.

— Napanaginip kong ang ingkong ay dumating . . . at dumating siyang may dalang kumot na yari sa Ilokos at sedang galing sa Tsina.

Itinaas ni Sinag-tala ang tingin at sumagot nang banayad.

— Kung ang ingkong ay patay na, iyon ay mangangahulugan, ayon sa pari, na siya'y humihingi ng misa at limos upang makaahon ang kaluluwa niya sa Purgatoryo na pinagpapahirapan sa kanya, datapuwa't . . .

— Datapuwa't ano?

— Ayon sa *babaylang* ⁽¹⁰⁾ Katipunla iyo'y nangangahulugan — ang sagot na inihina ang tinig — na ang kaluluwa ng ingkong ay nagbabantay sa atin at hindi tayo pinababayaan.

— At sino, sa akala mo, ang may katuwiran? — ang tanong ni Maligaya.

10 Ang tinatawag na babaylan ay pamagat na ikinakapit sa isang paring babae, katulad din ng katalona.

At ito'y itinatanong niya, sapagka't bagaman nakatatanda siya ay ipinaiilalim ang kanyang palagay kay Sinag-tala na kinikilala niyang higit sa katalinuhan at katibayan ng loob.

— Sino ang may katuwiran? — ang biglang ulit ni Sinag-tala na nagmasid sa dagat na natatanaw buhat sa durungawan — Sino ang makapagsasabi niyan? Ang mga paring puti ay bumabasa ng maraming aklat at nagsasabing nakaalam sila ng maraming bagay . . . datapuwa't sa pagpili ng paniniwalaan kung ang ingkong ko'y nagtatanod sa akin o sinasangag sa apoy ang ingkong na napakabait. Gayunman, sa dahilang ikaw ay hindi kristiyano, ay dapat kang maniwala sa *babaylan*, samantalang ako, sa dahilang ako'y bininyagan . . .

— Siyanga; hindi ka naniniwala sa lahat ng sinasabi ng Pari. Hindi sumagot si Sinag-tala.

— Kung ako sana'y kristiyano — ang dugtong ni Maligaya.

— Kung ikaw sana'y kristiyano ay ano?

— Maniniwala ako — ang sagot ni Maligayang itinungo ang ulo at kumalabit ng ilang bagting ng gitara niya.

Nangunot ang kilay ni Sinag-tala, at sandaling lumingon sa kanyang kapatid, na patuloy sa pagkakatungo ng ulo.

— Nguni't ako'y naniniwala sa sinasabi ng ingkong — ang tugon niyang tuyot ang tinig — at kung hindi lamang alang-alang sa ating ina na ang kanyang katayua'y dapat kong sundin, ay hindi sana ako paroroon kailanman sa simbahan, ni makikinig ng mga pangaral na iyon, na gaya ng sinasabi ng ingkong ay walang ibang pakay kundi ang abain tayo sa harap ng ating mga mata, upang hamakin ang ating sarili at nang madali tayong magawang mga alipin; nang ako'y binyagan ay batang maliit pa ako, at kung ako sana'y tinanong muna, disi'y hindi ako pumayag kailanman. Hindi ako makapaniwala, ito'y hindi ko kasalanan; tumatangi ang katuwiran ko, nguni't ano ang aking magagawa? Labis-labis na ang ginagawa ko sa pagparoon sa simbahan, lumuhod, magdasal, at makinig ng pangaral, ano pa ba ang mahihingi nila sa akin?

Nakikinig na nakatunganga si Maligayang kapatid niya.

— Huwag kang magalit, kapatid ko, hindi ko sinasabi iyon sa iyo upang ikaw ay sumbatan — ang tugon ni Maligaya; —sinasabi ko lamang iyon upang

— Upang ano?

— Aywan ko ba — ang sagot ng dalagang namula at muling tumugtog sa gitara ng ilang himig na tugtugin; sa gayo'y nakalipas ang ilang sandaling hindi nag-uusap ang dalawang magkapatid.

— Si Martin ay nababalam! — ani Sinag-talang sinamantala ang pagtigil ng kapatid niya.

Sa pamamagitan ng mga salitang ito'y ipinakilalang nakalipas na ang kanyang sama ng loob. Si Martin, na isang mang-aawit sa simbahan ng San Agustin, ay tagahanga ni Maligaya.

— Tunay nga, — ang walang-bahalang sagot.

Alam ko na ngayon — ang biglang bulalas ni Sinag-tala na may kahina-hinalang himig — kung bakit sinabi mo sa aking maniniwala ka sa sinasabi ng mga pari kung ikaw ay kristiyano: nahuhulaan ko na.

At tumindig na nakangiti upang yapusin ang kakambal niyang kapatid.

— At ano ang nahulaan mo? — ang usisa ni Maligayang may bahagyang pananabik at parang nagnanasang makabasa ng nasa isip ng kapatid sa mga mata nito.

— Nahulaan ko na — ang dugtong na tatawa-tawa — na ibig mong maging kristiyano; aba, nahulaan ko na.

Nangagat-labi si Maligaya at tunitig sa kapatid, angkin ang tinig at mga matang nababalisa.

— At bakit nais kong maging kristiyano? — ang tanong sa isang tinig na basag, kahit na nakangiti at ng himig na mataginting.

— Sa dahilang si Martin ay kristiyano — ang sagot ni Sinag-talang nakangiti.

Nang marinig ang gayon, si Maligaya'y nagbulalas ng isang masaya't matapat na halakhak na ikinalito ng kanyang kapatid. Ang pagkabalisa'y naparam na sa mukha niya at humalakhak na rin siya nang buong saya.

Sa gayon, si Sinag-tala naman ang nabalisa at pormal na sumagot:

— Bakit ka ba tumatawa nang ganyan?

— Dahil sa sinabi mong ako'y maging kristiyano upang mapakasal ako kay Martin, sa kahabag-habag na si Martin!

At ang malupit na dalaga'y nagsimulang gumaya sa lakad at mga gawing pagka-kaliwete ng sawimpalad na nangingibig.

— Kung hindi mo siya iniibig, — ang walang birong tugon ni Sinag-tala — bakit hindi mo sabihin sa kanya nang talampakan ang gayon?

— Sinabi ko na sa kanya; datapuwa't ano ang magagawa ko kung siya'y nagmamatigas ng ulo sa pagparito?

— Sa dahilang binibigyan mo siya ng pag-asa, napatuturo ka ng gitara, kinakausap mo siya, tinatanong mo siya ng maraming bagay tungkol sa buhay niya, sa simbahan niya, sa mga bagay-bagay tungkol sa mga banal, na para bang kinasasabikan mo ang lahat ng nauukol sa kanya o kaya'y nais mong maging kristiyano upang mapakasal ka, balang araw, sa isang kristiyano, na inaakala niyang siya nga.

— Ikinalulungkot ko nga iyon — ang tugon ni Maligayang nag-iisip-isip — datapuwa't ano ang magagawa ko? Wala akong tapang upang tularan ka; labis kong dinaramdam ang magmalupit sa mga taong nagmamahal sa akin iya'y hindi ko maaaring lunasan; at hindi ako makapagsasabi kay Martin ng mga parunggit, gaya ng mga sinabi mo sa mga binatang nakikipag-usap sa iyo kahapon sa halamanan.

— Sinu-sino? Iyon bang mga tagasulat at mga utusang naglilingkod sa mga palasyo sa Maynila?

— Sila'y mga anak ng mga maginoo.

— Lalo pang masama kung gayon! Ang kanilang karangala'y ibinabang parang alipin, at hindi nakukutya ni napopoot kapag sila'y naglilingkod na parang mga utusan sa pook ding iyon na ang mga naging panginoon ay mga magulang nila. Sila ba? Na walang ibang hangarin kundi ang nahahabag na ngiti ng panginongong kastila, walang ibang kaligayahan maliban sa isang gawain o

tungkuling nagtutulot sa kanilang makapamuhay sa gugol ng iba, mababang-loob sa mga kastila at mapaghari-harian sa mga kabayan nila; ano ang nalalabi sa dating pagkamaginoo nila?

Itinungo ni Maligaya ang ulo at hindi sumagot.

— Sa tapatang sabi, — ang patuloy ni Sinag-tala sa himig na lalong malungkot, — minamabuti ko pang mamatay na dalaga kaysa pakasal at iasa ang aking kapalaran sa mga kamay ng isang alipin.

— At kung mamatay ka, — ang tanong ni Maligaya — sino ang aakay sa iyo upang makaraan ka sa makitid na tulay na patungo sa kaluwalhatian? Sinasabi ni Katipunlang iyon ang siyang kapalaran ng mga namamatay na dalaga, sa dahilang hindi sila pinakinabangan ng daigdig, sa anumang bagay. Ang babae — anya — ay isang bulaklak na hindi nararapat maging baog bagkus nararapat magbigay ng bunga!

— Oo, iyon ang iniaaral ng ating dating pananampalataya, datapuwa't lalong minamabuti ng mga Paring puti ang kabanalan ng kalinisan sa kabaitan ng pagiging ina. Kaya nga, pinupuri nilang lagi ang mga dalagang nangagkukulong sa kumbentong iyon sa Maynila, na tinatawag na Santa Clara!

— Iyon ba ang sinasabi nila? — ang namamanghang tanong ni Maligaya.

— Siyang tunay, sang-ayon sa kanila ay halos isang kasalanan ang manganak. Tila ang Diyos nila'y lumikha ng lalaki at ng babae upang maghabulan lamang sa isang marikit na halamanang tinatawag na paraiso. Datapuwa't tinukso sila ng demonyo upang magkasala at ipinanganak ang tao.

— Kung gayo'y ipinanganak ang mga tao sa kagagawan ng demonyo at hindi ng Diyos?

— Marahil, ayon sa kanila.

— Napakakakatwa naman iyon! At sino ang paniniwalaan mo, si Katipunla ba o ang mga pari?

— Ano ba ang malay ko? Datapuwa

— Datapuwa't ano?

— Kailangan ko bang sabihin sa iyo ang lahat ng iniisip ko?
— ang tanong niyang matamang tinititigan ang kapatid.

— At ano ang iniisip mo?

— Na mabuti na sa ating maniwala sa mga sinasabi ng mga paring puti. Isang kakila-kilabot na kasalanan ang pagbibigay ng buhay sa mga taong nalalaman nating magiging sawimpalad na alipin. Datapuwa't, iwan natin ang ganitong mga suliranin at tayo na ng magdilig ng mga bulaklak natin.

— Hindi kailangan, — ang tugon ni Maligaya na lumingon sa dako ng halamanan, — umuulan na.

Tiniklop ni Sinag-tala ang binuburdahan niya at nagsimulang mag-ayos ng bahay.

Samantala'y dumirilim na, ang batingaw sa Simbahan ng Maalat ay tumugtog ng orasyon. Nang marinig ito ni Sinag-tala, ay itinigil ang mga ginagawa at nagdasal ng itinuro sa kanya ng ina niya, samantalang sinisindihan ni Maligaya ang mga ilaw. Samantala'y hindi dumarating ang matandang utusan.

— Hindi na darating si Martin, — ani Maligayang binitiwang ang gitara.

— Narito't dumarating na; pakinggan mo ang mga yabag niya.

Sa katotohana'y naulinigan nga ang mga hakbang na hindi magkakaparis, na lalong lumalakas habang nalalapit; yaon nga ang mga yabag ni Martin na umiika nang kaunti. Pumanhik ito sa hagdanan sa batalan, pagkatapos ay narinig ang buhos ng tubig, sa dahilang si Martin, gaya ng lahat ng mga indiyos nang panahong iyon, ay hindi pumapasok sa alinmang bahay nang hindi naghuhugas muna ng paa; at dahil sa bagay na ito'y lagi nang may tubig na nakahanda sa pasukan ng mga bahay.

Sinalubong siya upang patuluyin ni Maligaya.

IV

Si Martin ay isang binatang may dalawampu hanggang dalawampu't dalawang taong gulang, payat at patpatin ang katawan, may pagmumukhang kawili-wili at kaakit-akit, na tinatakan ng isang ngiting malungkot at matiisin. Mapaglingkod, mahinahon at

mapag-alaala sa lahat, nagsasalita siyang lagi sa mahinang tinig; ang mga nakakikilala sa kanya'y nagsasabing ang buong nalalaman niya'y ang musika at si Maligaya ang tangi niyang pag-ibig.

Nagdarala siya ng kahit ano para sa dalawang magkapatid na kambal, kung hindi mga bulaklak ay isang bagay na nauukol sa pagsamba sa dahilang si Martin ay totoong madasalin. Nang hapong iyon ay may dala siyang isang kandila para kay Sinag-tala at isang papel ng musika para kay Maligaya.

— Ano ang nangyari? — ang tanong ng dalawang magkapatid, na nababahala at nananabik, sa dahilang nababasa pa sa mukha ng binata ang takot na hindi pa lubusang napaparam.

— Natatandaan ba ninyo yaong artilyerong narito noong taong nagdaan at humahanap sa ingkong ninyo?

— Sino? Iyon bang ibig matulog dito sa pagdadahilang ang ingkong daw ay nagtatago at darating? At upang umalis lamang ay kinailangang ibigay ko sa kanya ang aking kuwintas na ginto?

— Iyon nga!

— Eh ano? binabalak ba niyang pumarito uli? — ang tanong ni Maligayang natatakot.

— Bah! — ang tugon ng binatang nagtangkang ngumiti — Susmaryosep! Patawarin siya ng Diyos.

— At ano? — ang tanong ni Sinag-talang inip na inip na.

— Siya'y itinatago namin sa Kumbento, datapuwa't sa wakas ay narakip din.

— At marahil ay bibitayin siya, hindi ba?

— Sa wakas ay napag-alaman din ng bagong gobernador ang mga kalupitan at mga gawa niya.

— Eh ngayon?

— Natatandaan ba ninyong siya'y may isang marilag na ali-ping babae, na minamahal niyang mabuti, nguni't sinasaktan kapag siya'y lasing.

— Oo, eh ano?

— Pinilit siya ng Arsobispo na pakasalan iyon o kaya'y ipagbili sa iba; ninais niyang pakasalan, datapuwa't minabuti ng aliping babae, na hindi na makatiis sa kanya, na siya'y ipagbili kaysa pakasal sa dating nananakit sa kanya.

— Eh ano? Ano ang nangyari?

— Natagpuan ang aliping babae ng artilyero kaninang hapon sa daang real ng palasyo at pinatay siya sa saksak.

Nanginig si Maligaya.

— At pagkatapos, ang artilyero'y nagtago sa simbahan namin upang makaligtas sa katarungan. Nababatid ninyo na sa mga kristiyano, ang salaring nagkasala ng lalong mabigat na kasalanan, minsang makapagtago sa simbahan ay hindi na siya maaabot ng katarungan. Sa dahilang iyan, maraming pumipili sa mga paligid-ligid ng mga simbahan upang gumawa ng kasalanan at sinasabing ang artilyerong ito ay pumili sa simbahan namin para sa paggawa ng kasalanan iyon. Walang bagay na lalo pang banal kaysa sa isang simbahan, at ang simbahan ng San Agustin ay isa sa lalong banal, gayong sinasabing ang pook na kinatatayuan ng simbahan ay pinag-aalagaan ng mga baboy ng aking mga magulang, sa dahilang ang bahay namin ay dating nakatayo sa pook na kinaroronan ngayon ng sakristiya.

At nagbuntung-hininga si Martin at ngumiti.

— At bakit sinasabi mong siya'y bibitayin kung ang simbahan ay banal.

— Iyan nga ang dahilan ng alingasngas, kaya ginabi ako ng pagparito. Ang Gobernador, na ayon sa mga pari, ay bahagya lamang ang pagka-kristiyano sanhi sa nahawa sa mga kasamaan ng mga erehe sa Flandes, bansa ng mga kaaway na olandes, ay nag-utos na kubkubin ang kumbento at simbahan nang walang pahihintulutang makalabas; sa palagay ng mga pari ang utos na iyon ay hindi lamang isang kawalang pitagan kundi isang maliwanag na katampalasanan laban sa Diyos.

— At ano ang nangyari?

— Na ako'y hindi makalabas. Nang una'y nagtangkang lumban ang mga pari at hindi nawalan ng nagmungkahing ipagtanggol, sa pamamagitan ng sandata, ang mga pinto, at sinasabi pa nilang hindi mangangahas ang mga kawal na salangin man lamang

kung gabi o kaya'y napatitigil iyon, gaya ni San Jose na nagpatigil sa araw nang tatlong araw at tatlong gabi, ayon sa sinasaysay ng Uldog na Pransiskano.

— Kung gayo'y ibang-iba ang dating Arsobispo — ang pakli ni Maligaya. — Nakita namin siya nang araw ding dumating kaming buhat sa Los Banyos: siya'y nakikipagprusisyong nakayapak, nasa-sabugan ng abo ang ulo at may isang lubid na nakatali sa liig; nahahawig siya sa matandang lasing sa Bay na pinarusahan ng Kura, na lumakad sa gayong anyo dahil sa pumasok sa simbahan nang hindi nag-alis ng pugong sa ulo.

— Sapagka't hindi pinarusahan ninuman ng Arsobispo kundi kusang-loob niyang ginawa iyon, upang matuklasan ang nagnakaw ng Santisimo.

— Upang matuklasan ang magnanakaw: kakatuwang paraan. Ang kura sa Bay, gaya rin ng enkomendero, kapag sila'y ninakawan, ang mga magnanakaw ay hinahanap nila sa pamamagitan ng hagupit at pagpalo sa mga utusan at mga alipin at ng hindi pagbibigay sa kanila ng pagkain; totoong kakatwa ang mga kastila! At sabihin mo nga, natuklasan ba ang magnanakaw?

— Hindi — ang tugon ni Martin na nagsikap na mag-anyong nalulungkot — hindi natamo iyon ng banal na arsobispo, datapuwa't ikamamatay ko sa lungkot ang paggunitang ninakaw nila ang Diyos, bagay na isang malaking kapahamakan.

— Datapuwa't maaari bang manakaw ang Diyos ng mga kristiyano?

— Mangyari pa — ang tugon ni Martin — iyan nga ang kahilanan ng relihiyon namin; ang isang maliit na bahagi ng tinapay ay maaaring gawin naming tutoong Diyos na may katawan, kaluluwa at dugo, ang Diyos na nakapangyayari sa lahat na lumikha ng mga langit, ng lupa at ng lahat ng namamalas mo . . .

Natilihan at nag-isip si Maligaya.

— At kung ipinagbili ang Diyos na ninakaw upang ito'y gawing alipin? — ang tanong niyang lubos na nananabik.

— Iyan nga ang ikinatatakot ng arsobispo, na baka ipinagbili sa mga insik, mga moro o di-binyagan, na nalalaman ninyong mga kaaway ng Diyos namin; at iyan ang dahilang ikinahahapis niyang tutoo. Ang mga aklat ay tumutukoy sa isang babaing nakinabang upang ipagbili ang Diyos sa isang hudiyo, na sa dahilang ito'y isang

kaaway, ang Diyos ay inilagay niya sa kumukulong langis, datapuwa't ang Diyos, na nag-anyong isang napakakaakit-akit na bata ay tumalun-talon at hindi nasunog. Ito ang ikinatatakot na mangyari ng arsobispo. Datapuwa't tila ayon sa ikinumpisal ng magnanakaw pagkatapos, sa isang pari, ang Diyos ay ipinakain sa isang sanggol, na ang gulang ay dalawang buwan, at ang ipinagbili lamang ay ang mga bato at ang ginto, bagay na kung hindi nalaman ng arsobispo ay namatay siya disin sa pagdaramdam.

Si Maligaya'y nag-iisip-isip.

— Sabihin mo sa akin, Martin, sumusunod ba ang mga kastila sa lahat ng ninanasa ng Diyos nila.

— Sumusunod sa kanya ang mga mababait, datapuwa't ang masasama ay hindi.

Natigil pang sandali, at sa wakas, si Maligaya, na parang nakabuo na ng pasiya, ay nagsabi kay Martin.

— Martin hihingi ako sa iyo ng isang utang na loob.

— Mag-utos ka.

— Dalhin mo sa akin, isang araw, ang Diyos mo. Tumingala si Martin.

— Huwag kang matakot, ang sabi niyang nakangiti, hindi ko siya gagawan ng anuman, ipaghahanda ko siya ng mga bulaklak, pulot-pukyutan at isang kahong yari sa sutlang may pabango. Tutugtugan ko siya ng mga sonata kong lalong magaganda.

Nagkurus si Martin at tuminging nahihintakutan kay Maligaya sa pag-aakalang hindi iyon ang Maligayang madalas makipag-usap sa kanya, kundi ang demonyong nagbihis ng kanyang anyo upang siya'y tukuhin, at dahil dito, sa pagkagunita sa madalas na sabihin sa kanya ng mga prayle, ay gumawa sa pamamagitan ng mga daliring tanda ng kurus at iniharap kay Maligaya.

Datapuwa't sinusubaybayan siya ng tingin ng dalagang may mga matang parang natatanong kung ano ang kahulugan ng lahat ng iyon. Nang makapaniwala si Martin na si Maligaya ay hindi demonyo, ang nangingibig ng isang bulag na pag-ibig sa dalaga'y muling matahimik na unti-unti at hindi malaman ang isasagot; at pahihinuhod na sana sa pananalig sa mga pangako at sa mabuting kalooban ng dalagang walang kayang gumawa ng anumang kasalanan at walang ibang kapintasan liban sa hindi pagiging kristiyano

Sino ang nakaaalam, ang iniisip niya, kung sa paraang ito'y mahimok ang kalooban ng babae at ang Diyos ay gumawa ng isang kabalaghan sa pamamagitan ng pagdating niya, at humikayat sa puso noon? Malalakas na yabag na kanilang narinig ang nagpabago sa kaisipan ng lahat. Ang dalawang magkapatid ay nagsitindig na gulat na gulat at nagkatinginan.

— Ang ingkong — ani Sinag-tala na biglang namutla.

Nakikilala ni Sinag-tala ang lakad ng lahat ng mga kamag-anak at mga kaibigan niya.

Nakapako ang kanyang tingin sa pintuan.

Ang mga yabag ay naulinigang muli at sa loob ng isang sandali'y lumitaw ang isang matandang lalaki, iyon ding nakita natin sa batong-buhay ng Malapad-na-bato, na dumalo sa libing ni Prinsipe Tagulima.

Nang mamalas ng dalawang magkapatid na babae na siya'y lumalapit na nakangiti at matahimik ang kilos, at nang matiyak nilang siya'y hindi isang multo, ay inabot agad ang mga kamay upang haggan, datapuwa't sila'y hinaltak niya at niyapos.

Hindi napigilan ng dalawang dalaga ang mga luha at tumangis sila sa kaligayahan.

— Sino ang binatang ito? — ang tanong ng matandang lalaki, sabay turo kay Martin.

Siya'y isang apo ni Gad Sindana,¹¹ — ang sagot ni Sinag-tala, at tinuturuan niyang tumugtog ng kudyapi si Maligaya.

— Ah! — ang bulalas ng matandang lalaki at magiliw na nagpugay kay Martin — si Gad Sindana ay anak ni Gad Tandul na nakilala ko nang siya'y bata pa: siya ang lalong matapang nang kanyang kapanahunan at namatay na puno ng kaluwalhatian at mga karangalan bago dumating ang mga kastila. Maligaya siya!

¹¹ Ang Gad o Gat ay isang titulong pangkarangalan o pangkamahalan, katulad ng Kagalang-galang o Maginoo, at siyang pamagat ng ginagamit ng mga maharlikang taga rito nang panahong bago pa umahon dito ang mga kastila.

Ang bahay ng inyong mga magulang ay nakatayo sa pook na nga-yo'y kinatatayuan ng Simbahan ng mga Agustino. Sino ba ang makapagpapaniwala niyaon kay Gad Tandul? Ang mga inapo niya'y hindi na babalik sa lupa ng mga nuno nila!

— Dahil nga po riyan — ang pasang-ayong tugon ni Martin — kung kaya nag-mang-aawit at nagsakristan ako sa simbahan, upang makatira man lamang sa mga pook ding iyong maluwalhating tinirhan ng aking mga ingkong.

— At ikaw pala'y isang kristiyano!

— Ang mga magulang ko'y mga kristiyano rin po; ang mga ingkong ko'y hindi nagnasa kailan, ang pabinyag.

— At upang makapanirahan sa bakuran ng inyong mga magulang ay nagmang-aawit at nagsakristan kayo; alalaong baga'y upang umawit ng mga papuri at maglingkod sa Diyos na iyong sa ngalan niya'y inagawan kayo ng inyong pamamahay; bahay at libingan sa loob ng mga dantaon ng lahat ninyong mga puno? Na ang mga abo nila'y hindi iginalang, upang itayo ang matataas na templo sila Ay, Gad Tandul!

At isang mapait na ngiti ang nungaw sa mga labi ni Kamandagan.

Nasaktan si Martin at tumugon.

— Hindi ako ang may sala; ang mga magulang ko ang may sala at yaong mga kapanahon niyang hindi natutong magtanggol ni sa tahanan ni sa kalayaan nila. Sila'y ipinanganak na malalaya samantalang ako'y kumita ng liwanag sa bayang ito at ako'y tinuruan sa pagsunod. Naglilingkod ako, tunay, datapuwa't sa Diyos ako naglilingkod at hindi sa mga tao, gaya ng ibang mga binatang mga anak din ng mga maginoo.

— May katuwiran kayo, binata — ang tugon ni Kamandagang taglay ang katiningang-loob — datapuwa't ang isang anak na mabait ay hindi nararapat sumisi sa kanyang mga magulang kundi magbigay lunas sa mga kamaliang ginawa o maaaring nagawa nila. Nguni't huwag kayong magdamdam, hindi rin kasalanan ninyo ang gayon. Sa mga binata ngayon, lalo na sa mga kristiyano, ay buong kadalubhasang iniaaral sa inyo ang pagpapawalang-halaga sa nakaraan, sa inyong lahi, sa mga paniniwala't mga alamat, upang sa pagmamalas sa inyong sariling lagi nang inaaba at sa

pagkakatambad sa inyong mga mata ng inyong kaabaan ay iyuko ninyong lalong masunurin ang inyong leeg sa pamatok at nang kayo'y maturuan sa pagiging alipin. Binata, hindi inyo, ang kasalanan, sa inyo ay may nalalabi pang kahit kaunti: ang pag-ibig sa tahanan ng inyong mga magulang.

At sa pamamagitan ng pinatamis na himig ng tinig ay nagpatuloy ang matanda:

— Sumalo kayo sa hapunan namin ngayong gabi, binata; magtagal nang wala ako rito at kayo'y pinasasalamat ko sa pakikipagkaibigang ipinamamalas ninyo sa mga apo kong babae. Huwag kayong tumanggi, sapagka't sa dahilang nababasa ko sa mga mata ng mga apo ko na wala silang nakahanda, ay maaaring ipalagay nilang ayaw kayong makihati sa karukhaan namin.

(Iwan natin silang nag-uusap tungkol sa mga bagay-bagay na nauukol sa angkan na maaaring mahulaan na ng bumabasa, at tumungo tayo sa Maynila, ang lunsod na panginoon ng Silanganan, mayaman at pinagpipitaganan ng mga kalapit bayan nang panahong iyon.)

V

Ang Kanyang Kadakilaan, si Ginoong Prayle Hernando Guerero, ay nasa tanggapan niya, sabbibi ng lalong malaking pagkasindak dahil sa nangyari sa San Agustin.

Naroroon, upang punuin siyang lalo ng pagkalito, ang dalawang prayleng agustino, isa sa kanila'y ang Probinsiyal at ang kanyang bantog at itinatanging Probisor na si G. Pedro Monroy. Naghanda ng isang talumpati ang Probinsiyal ng mga agustino.

— Isaalang-alang ng Inyong Kadakilaan — ang wika ng Probinsiyal — ang kalapastanganang ginawa, hindi lamang sa Orden ninyo, hindi lamang sa banal na pagkukupkop ng Kumbento, na minsang pinagparaanan ninyo ng mga tahimik na oras, at ngayo'y hindi na maaari dahil sa ang banal niyang kalinisan ay ginahasa; isaalang-alang ng Inyong Kadakilaan, hindi lamang ang pagkapalibhasa sa kaligtasan ng mga maka-simbahan, haligi ng pananampalataya, batayang ng lipunan, at dahil din diya'y makapangyarihang kalangan ng daigdig, kundi rin naman ang pagkakalait sa Kamaharlikaang maka-Diyos, sa dahilang, Kadakidakilang Ginoo, ang paglailait na ito'y hindi Sa Kumbento, hindi sa kaligtasang maka-simbahan; hindi sa tagapagkukupkop kundi sa Diyos din; isaalang-alang ng In-

yong Kadakilaan ang katuusang maaaring hingin sa inyo ng Kamaharlikaan ng Diyos dahil sa pagkakapabaya ninyo sa mga karpapatan niya; isaalang-alang ng Inyong Kadakilaan, hindi sa iyo, kundi sa akin; sinabi ng Diyos kay Samuel, hindi sa Tao kundi sa Diyos nauukol ang pag-alimura.

Ang Arsobispo na kinilabutan, dahil sa talumpating ito ay nag-yuko ng ulo at nagdaop ng mga kamay sa anyong nagmamakaawa.

— Ano ang nararapat kong gawin? — ang hibik ng butihing arsobispo.

— Iyong sinasabi namin sa inyo, — ang tugon ng Probisor na sumuntok sa mesa — nararapat hinging, nang buong lakas ng Inyong Kadakilaan sa Gobernador na ipabalik nito ang bilanggo sa pinagtaguan, sa ilalim ng parusang *eskomunyon latae sententiae*, (naigawad na) gumawa ng pagsisisi at magpahayag....

— Datapuwa't hindi ba ninyo namamalas — ang sagot ng arsobispo — na hindi gagawin ng gobernador ang anumang sabihin sa kanya, na walang halaga sa kanya, ang mga pagbabala?

— Tutoo, kung mga bala ay hindi tinutupad!

— Ano, mangangahas ba siyang sumalansang sa mga lintik ng Iglesiya?

— Hindi niya kinatatakutan ang mga iyon — sabi ng arsobispo — sapagka't nasa kanyang panig ang mga hesuwita na kumampi sa atin, tumulong sa iglesiya. Ang Inyong Kadakilaan ang siyang arsobispo at may mga sapat kayong kapangyarihan upang sila'y pilitin.

— Ang mga hesuwita ay dapat gumawa ng ginagawa ng apat na Korporasyon ng mga prayle — ang dugtong ng Probinsiyal — hindi sila makapangangahas kailanman na kumalaban sa atin.

Ang abang matanda'y umiling.

— Walang kinatatakutan ang mga hesuwita; hindi ba't sila'y tumuligsa sa lahat hinggil sa suliranin ng bilangguan sa Sambuwanga? Ano ang napala ng mga prayle sa pagbaka sa kanila, ano ang nagawa nila sa pagsira sa tungkuling iyon, sa pagsusulsol sa di kasiyahan ng mga indiyong ang buwis ay dinagdagan upang matustusan ang nabanggit na bilangguan? Wala, patuloy, ang bilangguan, sa mga kaaway nila! ah! ang mga hesuwita ay mga tuso.

Nangagat-labi ang Probinsiyal at tumadyak sa sahig ang Pro-
bisor.

— Datapuwa't tingnan natin, Kadaki-dakilang Ginoo — ang
sabi ng agustinong nagsikap na magpigil — tungkulin ng Inyong
Kadakilang ipagtanggol ang inyong pangkatin bilang isang buti-
hing pastol, tutoo o hindi?

— Mangyari pang iya'y aking tungkulin — ang tugon ng sawim-
palad na Arsobispo.

— Ang banal na orden ng mga Agustino, na kayo'y anak na
itinuturing, ay isang haligi ng iglesiya, ang pinakamatibay na ha-
ligi, totoo ba o hindi?

— Gayon ang pagkaalam ng lahat.

— Maaari bang ang gusali ng Kakristiyanuhan ay manatili
nang walang panganib kung ang pinakamatibay na haligi niya'y ga-
gawin ninyong mabuhay sa mga hampas ng kaaway na nakasisira,
oo o hindi?

— Datapuwa't ano ang tinutungo, Pari Probinsiyal, ng lahat
ng tanong na iyan? — ang tanong ng arsobispo sa himig na pagtutol.
Ako ang siyang kauna-unahang kumikilala sa mataas na katuturan
ng ating orden at harinawang hindi ko nilisan kailanman ang ka-
tahimikan ng klaustro. Napakasaya noon ng aking buhay...

At pinahid ng likod ng kamay ang isang patak na luha.

— Kung gayon — ang dugtong ng hindi mapalubay na Pro-
binsiyal — nararapat ninyong ipagtanggol nang buong lakas ang
kaligtasan ng kublihan, hindi lamang bilang kublihang makasimba-
han, kundi bilang kublihan ng inyong kumbento.

— Datapuwa't hindi ba makakatagpo ang kahinahunan ng ibang
paraan ng paglutas?

— Kapag ang natataya ay ang pagtatanggol sa isang karapa-
tan, ay kinakailangang humanap ng mga salitang kaagpang, Ka-
daki-dakilang Ginoo; ang Diyos na siyang katotohanan ay nararapat
magtanggol ng mga karapatan niya nang walang makalupang pag-
papakundangan. Una muna ang mga karapatan ng Diyos at pag-
katapos ay magulo na ang daigdig!

— Datapuwa't isaalang-alang ninyong si Don Sebastian ay isang
kusang-loob.

— Kung gayo'y higit tayo! At tingnan natin kung sino ang makapananaig sa atin. Siya'y hindi maaaring tumigil dito nang hihigit sa siyam na taon; samantalang ang Inyong Kadakilaan ay mananatili rito habang buhay, at kami, ang mga korporasyon ng mga prayle, ay magpasawalang-hanggan. Kung si Ginoong Sebastian Hurtado de Corcuera ay isang dakilang pulitiko, gaya ng ipinangangalandakan niya, ay magsisikap siyang huwag magkaroon ng anumang pakikipagkaalitan sa atin, sa dahilang dito'y maaaring mawala ang buong kabantugan niya. Wala, Kadakidakilang Ginoo, sa mga suliraning ito ay kailangang magpamalas ng katinginan ng loob, sa dahilang ang magpakilalang sumusuko ay nararapat makabatid na hindi na niya mababawi kailanman ang lupang nawala. Samakatuwid ay nararapat hingin ng Inyong Kadakilaang isauli sa ating ang bilanggo sa ilalim ng parusang *latae sententiae* (naigawad na) gaya ng ipinapayo ni Ginoong Purrier, upang pasiyahan ng hukumang makasimbahan ang pangyayari, bilang isang usaping simbahan at pagkatapos, siya'y isasauli o hindi sang-ayon sa inaakala ninyong marapat, datapuwa't ang kailangang mamalas ng buong daigdig ay nararapat igalang ang pinakamaliit na karapatang tinatamasa ng mga prayle. Ganyan ang gawin ninyo, Kadaki-dakilang Ginoo, at umasa kayong kami'y lagi nang sasa-inyong panig at kakampi sa inyo sa lahat ng bagay; sa kabilang dako, kapag namalas ng mga prayleng sila'y pinababayaan ng Obispo nila sa paghahabol sa mga karapatan nila, sino ang nakaaalam kung pagkatapos ay pababayaan din ng mga relihiyoso ang Obispo nila? Nalalaman ng Inyong Kadakilaang may mga pagkakasamaan ng loob na namamagitan sa Inyong Kadakilaan at sa gubernador, at kinakailangang siya'y magkaroon ng mga kakampi, at sa dahilang tila nanghahamon ang kaaway ay dapat sagutin siya nang may pagmamataas upang huwag tumapang.

Ang mga huling pagmamatuwid na ito, ay nakapagpaisip-isip sa arsobispo, na ang tanging naisagot ay isang buntong-hininga.

— At huwag limutin, tangi sa rito, ng Inyong Kadakilaan, na nararapat iligtas ang Francisco Navang iyan sa kamatayan — ang tikis na dugtong ng Probisor na nakatatalos ng kahinaan ng Arsobispo — sapagka't ang Inyong Kadakilaan ang dahilan halos ng kapahamakan at kasalanan niya.

— Bakit? — ang tanong ng Arsobispong kinilabutan.

— Sa dahilang ang Inyong Kadakilaan ang siyang pumilit na siya'y humiwalay sa babaing iyon.

— Datapuwa't iyo'y tungkulin ko!

— Walang pag-aalinlangan; datapuwa't ang pangyayari'y sinasabi ni Francisco Nava na siya lamang ang pinilit na humiwalay sa babae niya, sa dahilang siya'y isang sawimpalad; at kung siya'y naging iba ay hindi sana nagkagayon. At pagkatapos na humiwalay ay sinabi pa umano niya: Managot ang arsobispo sa mga kasalanang magagawa ko.

Dito, ang mabait na matanda ay ganap na nawalan ng pagdidili-dili at sumuko sa Probisor at sa Probinsiyal. Ang mabait na matanda ay naniniwalang siya ang dahilan, sa isang paraan, ng gayong kapahamakan, at sinisisi niya ang sarili dahil sa kahinaang ipinamalas na pagwawala-walaan sa kagagawan ng iba, kabiláng na nito ang ilang prayle.

— Tama na, tama na, patawarin ako ng Diyos! — ang sagot — gawin ng inyong Kamahalan ang inaakala ninyong marapat gawin. Iligtas ang sawimpalad na iyon.

— Kung gayon, ang unang dapat gawin ay magpadala ng isang patalastas sa gobernador na kumuha ng bilanggo sa kublihan.

— Oo . . . datapuwa't nararapat ninyong palumayin ang mga pangungusap, alam na ninyong si Don Sebastian ay matigas.

Inimpit ng Probisor ang isang ngiti at sumulat sa isang dahong papel ng sumusunod:

“Ginoong Gobernador: Si Francisco Nava, artilyero, ay kinuha, sa pamamagitan ng lakas, sa Kublihang inihahandog sa kanya ng Kaligtasang makasimbahan sa kagalang-galang na kumbento ng mga paring agustino; at dahil dito, bilang arobispo'y iniutos ko sa Inyong Kadakilaang tumupad, bilang isang masunuring anak ng simbahan, at isauli dito agad ang nagkasalang nauukol sa kanya, upang sa ganito'y makapagbigay kayo ng halimbawa ng kababaang loob at ng pagka-mabuting kristiyano, sa dahilang kung kayo'y hindi tutupad ay mahuhulog kayo sa napakabibigat na parusa na sa huli'y inyong itatangis.

‘Buhat sa bahay, ngayon, araw ng lunes.’”

— Napakabuti, — ang sabi ng mabait na matanda at kinuha ang papel — datapuwa't hindi ba ninyo mapapalitan nang bahagya ang pangungusap na *bilang arsobispo ay iniutos ko*; si Ginoong

Corcuera ay totoong napakaingat sa mga karapatan niya sa pagka-gubernador at ito'y maaaring ikagalit niya; ilagay ninyong (*ipinamamankik*) ko sa inyo; gayon din ang sinasabi ko tungkol sa mga pagbabala sa dakong huli.

— Nguni't kung hindi kayo magbabala, ay magiging walang katuturan — ang kiming sagot.

— Opo, Kagalang-galang na Ginoo, datapuwa't kapag kayo'y nakakaharap ng isang kaasalang katulad ng sa Gobernador ay hindi nararapat magmatamis ng pangungusap; kapag ang pinupukpok ay bakal ay ginagamitan ng martilyo at apoy.

Ang mabait na arsobispo'y yumuko at sumagot:

— Mabuti, datapuwa't kaltasin ninyo iyong *bilang arsobispo*. Samantalang sinisipi nang matamis ng Probisor ang sulat, ay sinabi ng Probinsiyal sa arsobispo upang maaliw ito:


— Makikita ng inyong Kadakilaan kung ano ang ibubunga ng sulat sa Gobernador, makikita ninyo kung paano mapapawi ang kanyang mga usok.

At kumindat na taglay ang masamang hangad.

Nang matapos at malagdaan ang sulat ay tinawag ang pinakatuso sa mga utusan upang siyang magbigay ng sulat sa Gobernador, at upang pakiramdaman kung ano ang ibubunga sa kanya ng nasabing sulat.

Nangako ang utusang gagawin ang gayon.¹²

¹² Sa malas, ang kasaysayang ito'y hindi tapos. Alin sa dalawa: o ang orihinal na pinagsipian ay sadyang kulang o kaya'y nawala. At maaari rin namang hindi tinapos o natapos ni Dr. Rizal sanhi sa anumang kadahilanan.



H
B